

***Dapat Akong  
Magpatawad,  
Pero...***

**ni Dr. Chuck Lynch**

**KALAYAAN  
BUHAT SA  
PAGKAALIPIN  
NG GALIT AT  
KAPAITAN**

***Paunang Salita ni Gary Smalley***

Tagalog  
ISFB 9-14-10

*“Dapat Akong Magpatawad, Pero ...”*

**LIVING FOUNDATION MINISTRIES**

611 R.D. Mize Road  
Blue Springs, MO 64014

Word Publishing, Nashville, Tennessee

Karapatan sa Paglalathala ©1998 ni Dr. Charles M. Lynch. Lahat ng karapatan ay sa may akda. Walang anumang bahagi ng aklat na ito ang maaaring kopyahin, itago sa isang *retrieval system*, o ipamahagi sa anumang paraan—elektronik, mekanikal, xerox, *recording*, atbp.—maliban sa maiikling bahagi para ilimbag, nang walang paunang permiso ng naglimbag.

Maliban kung hindi binabanggit, ang mga talata sa Biblia ay mula sa *Magandang Balita para sa Ating Panahon*. Karapatan sa paglalathala ©1980 ng Philippine Bible Society.

Ang ibang saling ginamit ay mula sa *Ang Biblia Bagong Salin sa Pilipino* (New Pilipino Version). Karapatan sa paglalathala ©1986 ng Manila International Bible Society.

*Isinalin sa Tagalog ni Norma M. Gaston  
Davao City, Philippines*

*Iniaalay sa*  
*isang inang mapanalanginin at*  
*isang amang pinatawad*

# Nilalaman

Paunang Salita

Pagkilala

Panimula

- 1 “Dapat Akong Magpatawad, Pero ...”
- 2 “Hindi Ako Nagagalit!”
- 3 “Hindi Ako Makalimot!”
- 4 “May Dapat Managot!”
- 5 “Hindi Nila Nauunawaan!”
- 6 “Hindi Nga Nila Inaamin ang Ginawa Nila!”
- 7 “Nabubuhay Akong Dala ang mga Alaala!”
- 8 “Hindi Ko Mapatawad ang Aking Sarili!”
- 9 “Hindi Ko Mapatawad ang Dios!”
- 10 “Hindi Ako Madaling Magpatawad!”
- 11 “Hindi Ko Ito Mapapalagpas!”

## Paunang Salita

Ilang buwan na ang nakakaraan, dumanas ako ng isang sitwasyong labis na nakasakit ng aking damdamin. Hinila ako ng isang kaibigan habang nasa isang pagtitipon at ipinamukha sa akin ang isang malaking pagkakamaling nagawa ko sa isa pang kaibigan. Nagulat ako. Namula ako. Gusto kong sumuot sa lungga. Malinis ang aking hangarin pero sa sitwasyong iyon, alam kong hindi ko maipagtatanggol ang aking nagawa nang hindi palalalain ang pangyayari. Kaya nagpakumbaba ako. Tinanggap ko ang kanyang pagsaway pero gustong-gusto kong sumagot. Subalit nalalaman ko ring kung magsisimula akong magsalita kaya kong pasamain pang lalo ang sitwasyon.

Nasaktan ako at nadama ko ang pagdadalamhati sa loob ng ilang linggo. Makalipas ang ilang panahon, nakita ko kung paanong unti-unting humupa ang sakit ng aking damdamin. Alam kong ang mga ganitong uri ng sitwasyon, bagamat napakasakit ay talagang kalakip ng buhay. Bilang mga Cristiano, maaaring hindi natin ipagbayad ng buwis ang ating mga kaloob, pero hindi tayo makakaiwas sa mga pagsubok sa buhay. Bawat mananampalataya ay masasaktang emosiyonal o maging pisikal man. Ang pagiging manunulat at tagapagsalita ay hindi makapipigil sa aking makasakit ng iba o masaktan ng iba. Maaari akong masaktan, mabigo, at matakot na muli. Subalit ang Dios na nagpagaling sa akin sa pagkakataong iyon ay Siya ring magpapatibay at magpapagaling na muli sa aking puso.

Sa loob ng maraming taon, kinaugalian ko nang “ihsan” ang aking emosiyon araw-araw bago lumubog ang araw. Tuwing makakaranas ako ng sakit, pagkabigo, pagkagalit, o pag-aalinlangan sa kapwa, pinipili kong magpatawad. Tatlong bagay ang gumaganyak sa aking gawin ito.

Una, ang hindi pagpapatawad ay nagsasadlak sa akin sa kadilimang humahadlang sa aking paglakad kasama ng Dios sa Kanyang liwanag (I Juan 1:5-7). At mayroon pang ibang nangyayari: may mga barikadang nailalagay sa pagitan ng aking sarili at ng aking kapwa. Personal kong naobserbahan sa libu-libong mga buhay sa buong mundo na ang pader ay kasing taas ng galit sa kanilang puso. Panghuli, kung hindi ko ihsan ang aking galit sa pamamagitan ng pagpapatawad, maipagwawalang-bahala ko ang pagsisikap ng aking kapwang mahalina ako. Katunayan, maaaring masumpungan ko ang aking sarili na sumasabotahe sa mga pinakamahahalagang relasyon ko sa aking asawang si Norma at sa aking mga anak.

Inuugali kong bigyan ng relagong pagpapatawad araw-araw ang aking sariling pamilya at mga katrabaho sa *Today's Family* para patuloy kaming makapagministeryo habang kami'y lumalakad sa liwanag ng Dios. Pero hindi ito madali. Mahirap magpatawad. Maraming malalalim na dahilan kung bakit hinahadlangan ang pagpapatawad. Kaya ako tuwang-tuwa nang

mabasa ko ang isinulat ni Chuck na pinamagatang “*Dapat Akong Magpatawad, Pero ...*”. Tinugon niya ang sampu sa pinakamadalas na nagiging hadlang sa pagpapatawad. Habang binabasa ko ito, may mga pangalan ng mga kaibiga’t kamag-anak na sumasagi sa aking isipan—mga taong nalalaman kong makikinabang nang malaki kung mapagtatagumpayan nila ang mga hadlang sa kalayaan. Maraming kopya na ng aklat na ito ang aking naipadala sa mga kaibigan at mga nasa pamunuan.

Matapos kong mabasa ang manuskrito nito, tinawagan ko si Chuck sa kanilang bahay kahit araw ng Bagong Taon. Iisa lamang ang tanong ko: Papayagan ba niya akong turuan siya sa proseso ng pagpapalimbag? Tunay na malaking personal na kagalakang makita ang aklat na ito. Nagagalak akong irekomenda sa inyo ang isang praktikal na aklat at isang tunay na kapani-paniwalang manunulat. Nagkasama kami ni Chuck sa isang ministryong nasyonal. Nakita ko ang bunga ng kanyang buhay, ng kanyang ministryo at ng kanyang pamilya sa kanilang paglago sa mahigit na dalawampu’t limang taon.

-- Gary Smalley

## Mga Pagkilala

Hindi maipahayag ng mga salita ang malaking pasasalamat ko sa suporta ng mga kasamahan ko sa Living Foundation Ministries na nagtiyagang ikompyuter ang tila kinalahig ng manok kong sulat-kamay.

Sinimulan nina Diana Robertson at Betty Barlow ang malahiganteng trabahong ito maraming taon na ang nakalilipas. Sinakloloohan ako ni Melissa Luppens sa panahon ng kapaskuhan. Malaki ang naitulong ni Nadine Kenney sa pagrerebisa ng daan-daang mga pahina ng manuskrito. Si Patricia Maxfield ang gumawa ng mga huling pagwawasto.

Si Sylvia Stone na kilalang manunulat at editor ng pangunahing palimbagan ng isang denominasyon ay nagboluntaryong isaayos ang manuskrito.

Paano ko sisimulan ang pasasalamat sa aking asawang si Linda para sa kanyang walang pagod na pagpu-*proofread* at pagsuporta para maging katuparan ang aklat na ito?

Habambuhay kong pasasalamatan si Gary Smalley para sa kanyang masiglang pagganyak at pagpapakilala sa akin kay Sealy M. Yates, isa sa pinakamagaling na ahenteng maaaring makuha ng isang manunulat. At buong pusong pasasalamat din sa katulong ni Sealy na si Tom Thompson, na siyang gumabay sa akin sa maraming detalyeng legal at pangnegosyo kaugnay ng proyektong ito.

Paano ko pasasalamatan si Lee Gessner, Pangalawang Pangulo at Pangalawang Pinunong Tagalimbag ng Word Publishing para sa kanyang malaking pananampalataya sa pagtanggap ng proyektong ito para mailimbag? Malaki rin ang nagawa ni Ami McConnell, Pinunong Editor, para turuan ako sa bawat detalye ng paglilimbag.

Hindi magiging posible ang isang proyektong ganito kalaki kung wala sina Conrad at Eda Graham. Nagtiwala sila sa amin at ang kanilang suportang pinansyal ang nagtaguyod sa amin habang sinusulat ko ang aklat na ito.

Panghuli, gusto kong parangalan ang lahat ng mga matatapang na babae't lalaking nagbigay ng pahintulot para maisalaysay ang kanilang mga makabagbag-damdaming karanasan kung paano nila nagawa ang sa simula'y tila imposible. Buong tapang silang lumipat buhat sa "*Dapat akong magpatawad, pero ...*" tungo sa *nagpatawad ako at ako'y pinagpala*.



## Panimula

Bumagsak ang martilyo sa sementadong sahig habang mabilis kong hinawakan ang napukpok kong hinlalaki. Ang sakit! Sumala sa pako ang pukpok at hinlalaki ko ang tinamaan. Makalipas ang ilang sandali, humupa ang kirot pero tumitibuk-tibok pa rin sa sakit ang daliri.

Ilang araw pa ang lumipas, tanging ang nangingitim na hinlalaki na lamang ang nagpapaalala sa akin ng naranasan kong matinding sakit noon. Gumaling na ang aking daliri. Maigi na ang aking pakiramdam. Nagagamit ko nang muli ang aking nasaktang kamay. Maaari na akong maingat na bumalik sa aking pagkukumpuni ng bahay.

Humuhupa ang sakit na pisikal habang nagpapagaling sa kanyang sarili ang ating katawan. Pero may isang uri ng sakit na hindi napapagaling ng panahon: ang sakit na emosiyonal, lalo na ang pait na dulot ng pagtatakwil, pagtalikod, pagkakanulo, pang-aabuso at marami pang ibang malalalim na sugat ng emosiyon.

Ang numero unong sigaw ng isang pusong sugatan ay matapos na sana ang sakit. Ang iyak ng puso, “Ayoko na! Gusto kong matigil na ang sakit! Gusto kong makalaya! Gusto kong tapusin na ito.”

Pagsasara. Pagtatapos ng problema. Ayos na. Pagkakasundo. Ayon sa kasabihan, ililibing na ang lahat sa limot! Pero ang ganitong uri ng kapayapaan ay nangangailangan ng pagpapatawad. Bagamat nalalaman natin ito, may naghuhumiyaw sa ating kalooban, *Oo, alam kong dapat akong magpatawad, pero ...*

“Anong gagawin ko sa aking galit?”

“Paano kung hindi ako makapagpatawad at makalimot?”

“Hindi ba dapat nilang pagbayaran ang kanilang ginawa?”

“Ayaw nga nilang amining may nagawa silang mali!”

“Paano ako mabubuhay araw-araw na napakalaki ng nawala sa akin?”

“Hindi ko ito basta mapapalagpas.”

“Natatakot ako. Baka ulitin nila ito.”

O maaaring ang katanungan ay, “Saan ako magsisimula?” O di kaya’y, “Paano ako makakatulong sa ibang tao na kailangan ding magpatawad?”

## **Aklat na may Dalawang Layunin**

Nang ipabasa ko ang unang sipi ng “*Dapat Akong Magpatawad, Pero ...*” sa mga propesyonal at di propesyonal na tagapayo, ang madalas na itinatanong nila sa akin ay “Ito ba’y isinulat para sa mga tumutulong sa kapwa para matutunan nila kung paanong gagabayan ang iba sa pagpapatawad, o ito ba’y para sa mga nangangailangang magpatawad mismo?”

Ang sagot ko sa dalawang katanungan ay parehong oo. Hayaan ninyong ipaliwanag ko. Bilang pastor-tagapayo, hindi ko itinutuon ang aking pansin sa paglutas ng problema ng mga tao. Sa halip ako ay tagapagturo at tagapagbahagi ng mga kagamitang biblikal (mga katotohanan) na makatutulong sa mga tao sa pagharap ng kanilang sariling problema. Maaaring kailangang pagsanayan ang paggamit ng mga ito sa aking opisina mismo. Kung ang isang mag-asawa ay hindi sanay magsabi, “Nagkamali ako,” ipinasasabi ko ito sa kanila sa tamang panahon. Kung hindi pa sila nakakaranas magsabi ng, “Pinatatawad na kita,” pinababaling ko sila sa isa’t isa para sabihin sa asawang umaaming nagkamali, “Pinatatawad na kita.” Kamangha-manghang wala pa namang namamatay sa mga pinagawa ko nito bagamat bihira o hindi pa kailanman sila nakapagsabi nito sa isa’t isa.

May mga taong nagsabi sa akin na ipupusta nila ang kanilang daliri kung masasabi sa kanila ng kanilang asawa na siya ay nagkamali. May mga nagsabi ring mas gugustuhin pa nilang mamatay kaysa sabihin ito. Sa kabila ng mga bantang ito, ang pagsisisi’t pagpapatawad ay palaging naghahatid ng panibagong buhay sa isang relasyon sa halip na kamatayan.

Bakit ko binibigyang-diin ang pagbabahagi ng mga kagamitan (*tools*) sa halip na pagbibigay ng madaling “pag-aayos” sa mga humihingi ng payo? Simple lang. Kung lulutasin ko ang kanilang problema para sa kanila, kailangang bumalik sila sa aking opisina tuwing magkakaroon ng problema. Samantalang kung bibigyan ko sila ng mga kagamitang kinakailangan, makagagawa’t makapananatili sila ng isang relasyong hindi nangangailangan ng tulong mula sa akin. Hindi lamang iyon, ang mga kagamitan ay maaaring gamiting paulit-ulit. Kung paanong ang mga kagamitang ginamit sa paggawa ng isang mesa ay maaaring gamiting muli sa paggawa ng isang silya, gayon din naman ang mga kagamitang biblikal. Parehong maibabahagi sa iba at mailalapat sa maraming aspeto ng buhay ang mga ito.

Maraming mga tao ang nagbigay sa akin ng katiyakang mas gusto nila ang ganitong pamamaraan. Bakit? Kung mabigyan sila ng mga kagamitang kailangan nila sa pagharap sa mga problema sa buhay, nasa kanila na ang kanilang kailangan para sa kanilang sarili at pati na rin sa ibang tao. Inihahatid tayo nito sa ikalawang dahilan ng pagtuturo ng mga kagamitang magagamit sa pamumuhay. Hindi ko tinitingnan ang mga tao bilang mga nararapat payuhan, kundi mga taong sasanayin. Bagamat walang lumalapit sa tagapayo na may ganitong pananaw, sinasabi namin sa kanila sa simula pa lamang na ang nais namin ay ibahagi nila sa iba ang matututunan nila dito. Hindi bago ang kaisipang ito. Ipinaliwanag ni apostol Pablo, “Inaaliw niya tayo sa ating mga kapighatian upang sa pamamagitan ng kaaliwang ito na tinanggap natin sa kanya ay maaliw natin ang mga taong binabagabag ng anumang problema” (2 Cor. 1:4).

Walang sakit na pisikal o emosiyonal ang nangyayari ng walang layunin. Isa sa mga layunin ay ihanda tayong tumulong sa iba. May isang pastor na humiling sa aking payuhan ko ang isang mag-asawang miyembro niya sa iglesia. Ayon sa kanya hindi niya kaya ang kasong ito. Matapos akong pumayag, inanyayahan ko ang pastor na sumama sa aming mga sesyon dahil nagpahayag siyang gusto niyang maging mas epektibong pastor-tagapayo. Kahit malaki ang kanyang iglesia at punung-punong ang iskedyul, ginawa niya ito.

Habang tinutulungan ko ang mag-asawa, may mga pagkakataong babaling ako kay Pastor Rex para ipaliwanag sa harap nila kung bakit ko itinanong ang itinanong ko at bakit ganoon ang kanilang kasagutan. Ganito mismo ang gagawin natin. Sasama ka sa mga sesyon ng aking pagtulong sa mga taong nangangailangan. Madalas akong magbibigay ng mga komentaryo kaugnay ng aking ginagawa at kung bakit ko ginagawa ang mga ito. Sa pamamagitan nito inaasahan kong matututunan mo ang dalawang bagay: Una, matututunan mo kung paano haharapin ang mahihirap na isyu ng pagpapatawad at pagtanggap ng kapatawaran. Tutukuyin natin ang mga hadlang sa pagpapatawad at sasagutin natin ang katanungang paano natin aalisin ang mga ito. Ikalawa, matututunan mo kung paanong tutulungan ang ibang gumawa rin nito.

Ang ministryo ng pagpapayo ay isang mahalagang kaloob mula sa Dios. Ito'y isang mahalagang kagamitan sa pagpapalago ng mga pamilya sa katawan ni Cristo. Lubos kong ikinararangal na makapaglingkod sa Panginoon sa pamamagitan nito at labis kong ikinatutuwa na makasama ka sa paglalakbay na ito.

--Chuck Lynch

# *Kabanata 1*

## *“Dapat Akong Magpatawad, Pero ...”*

*Kiriring ng kiriring ang telepono.* Mabilis akong tumakbo patungo sa mesa at sinagot ito: “Living Foundation Ministries, si Chuck ito.”

“Chuck?”

Nagulat ang tumatawag nang marinig ang boses ko sa kabilang linya. Ang akala niya’y ang resepsiyonista ang sasagot.

“Hindi ako makapaniwalang direktso kitang makakausap! Hindi ko na alam ang gagawin ko, Chuck.”

Ang pamilyar na boses ng tumatawag na ngayo’y nakikilala ko na ay nagbago mula sa pagkagulat tungo sa tila kawalang pag-asa.

“Si Clay ba ito?” tanong ko.

“Oo. At hindi ko na talaga alam kung anong gagawin ko rito, Chuck.”

Si Clay ay isang batang pastor na bago pa lamang nagtapos sa kolehiyo ng Biblia. Siya ay maraming talento at nagpapastor sa isang maliit na iglesia sa Gitnang Kanluran. Ang iglesia’y puno ng mabibigat na problema na pangkaraniwan sa mga iglesia sa isang malaking siyudad. Isa ako sa kanyang mga guro sa mga nakaraang taon at madalas niya akong tinatawagan para humingi ng payo kaugnay ng mga mahihirap na problema.

“Halos magpatayan na itong mag-asawang pinapayuhan ko. Binanggit ko lang ang salitang pagpapatawad, at para akong nagbuhos ng gaas sa isang siga—parehong biglang sumiklab! Grabe! Akala mo napakalaking bagay ang hinihingi ko. Para bang sinabi kong putulin nila ang tig-isa nilang kamay! Katunayan, sa palagay ko’y mas gugustuhin pa nga nilang putulin ang kanilang mga kamay kaysa magpatawad. Nalalaman nilang dapat silang magpatawad pero ... matigas silang tumanggi. Bakit napakahirap para sa mga taong magpatawad? Hindi ko maintindihan!”

Walang pastor, magulang o Cristianong tagapayo na hindi nakasagupa sa tila walang kalutasang problema ng di pagpapatawad. Ang masaklap nito, ang mga taong tinutukoy natin dito ay hindi iyong mga walang nalalaman o karanasang pangrelihiyon. Katunayan, ang pinag-uusapan natin ay mga taong may malinaw na pagkaunawa ng kahulugan ng pagpapatawad ng Dios sa kanilang kasalanan. Sa kasamaang palad, dito rin ito nagtatapos. Para sa kanila, iba ang pagpapatawad ng Dios. At ang magpatawad ng taong labis na nakasakit sa kanila ay kaiba rin! Alam nilang dapat silang magpatawad pero buong pait na tumatanggi.

Isang kaibigang misyonero ang bumanggit ng maikling tulang ito na madalas kong naririnig:

“Ang mabuhay kasama ng kapatirang minamahal,

O, anong luwalhati!

Pero ang mabuhay kasama ng kapatirang kilala ko,

Iya'y kaibang kuwento.”

Pagpapatawad ang naglalalatag ng pangunahing pundasyon sa anumang nagpapatuloy na relasyon. Sinasabi sa atin ng Banal na Kasulatan na lahat tayo'y nakakasakit ng damdamin ng kapwa (Santiago 3:2)—mangyayari't mangyayari iyan. Gayunpaman ibang usapan na kapag pagpapatawad ng nakasakit sa atin ang pag-uusapan. Isa ito sa pinakamahirap na gawin para mapanatiling maganda ang relasyon.

Ang pagpapatawad ay dapat maagang matutunan. Ang mga munting batang sina Billy at Tommy ay nagtulakan. Sinuntok ni Billy si Tommy. Dahil sa lakas ng iyak ni Tommy, mabilis na lumabas ang abalang ina para tingnan kung anong nangyari. Parehong mali ang dalawang bata. Dahil mapagmahal sa kapayapaan ang ina, lumuhod ito't mariing pinagsasabi si Billy ng, “Sori.” Bilang tugon dapat sabihin si Tommy, “Sige, pinatatawad na kita.” Tapos si Tommy naman ang magsasabi ng “Sori din,” at si Billy ang sasagot ng, “Pinatatawad din kita.” Bagamat kaya niyang ipasabi sa dalawang bata ang mga salitang ito, ang totoo'y maaaring tumagal ng ilang oras bago tunay na magkasundo ang dalawa. Sa mundo ng matatanda, maaari itong tumagal ng ilang araw o buwan. Para sa iba, maaari pa nang taon ang lumipas.

Ang hirap sa pagpapatawad ay maaaring malipat sa mga salinlahi. Ang pagtanda ay hindi nagangahulugang mas madali ang magpatawad. Sa totoo lang, maaaring ito'y mas mahirap. Bakit? Una, dahil mas madaling gawin sa pagtanda kung anong nakita nating ginagawa noong tayo'y mga bata pa. Kung nakikita't naririnig ng mga bata ang kanilang ama't inang humihingi ng tawad at nagpapatawad, iisipin ng mga batang ito ay normal. Kung bihira o hindi kailanman ito nakita, walang tutularan ang mga bata. Ikalawa, bagamat matigas ang ulo ng mga bata, hindi pa sila gaanong mapagmataas. Mayroon silang inosenteng pagpapakumbaba. Kaya tinukoy ni Jesus ang mga bata bilang modelo ng kababaang-loob nang ituro Niyang hindi makakapunta sa Kaharian ang mga matatanda malibang magkaroon sila ng puso at damdaming tulad ng mga bata (Lucas 18:16-17).

Bilang propesor sa kolehiyo, ang numero unong reklamo ng mga estudyante patungkol sa kanilang tahanan ay bihira nilang marinig ang kanilang mga Cristianong magulang na magsabi, “Nagkamali ako,” “Humihingi ako ng paumanhin,” o “Maaari mo ba akong patawarin?” Sa halip, pagtatakpan nila ang kanilang damdaming malayo sa pagiging tulad ni Cristo sa pamamagitan ng pagbubunton ng galit sa anak na nakagawa ng mali o iba pa. Bilang resulta, dala rin ng mga anak ang ugaling ito hanggang sa pagtanda. Ang galit at pagtatanim ng sama ng loob ay naipapasa sa susunod na salinlahi.

Pagkalipas ng tatlumpu't limang taon ng pagtulong sa mga tao sa pagharap sa kanilang mga problema ayon sa pananaw ng Biblia, ang opinyon ko'y galit at pagtatanim ng sama ng loob ang kontrabida sa likod ng walumpu't limang porsyento ng lahat ng mahihirap na haraping isyu sa araw-araw. Pero ang nakakagulat ay mabibilang ko sa aking daliri sa dalawang kamay (at may di pa masasamang daliri!) ang bilang ng mga taong lumalapit sa akin na di nakakaalam na dapat silang magpatawad. Alam nilang lahat na dapat silang magpatawad pero hindi nila ito magawa. Katulad ng mag-asawang tinutulungan ni Pastor Clay, sa simula pa lang ay alam na nilang kailangan nilang patawarin ang isa't isa. Kung

gayon, bakit di nila magawa? Bakit parang napakaimposible para sa kanila? Ano ang mga hadlang?

Araw-araw ay hinaharap ko ang potensiyal na pagkabigo sa larangang ito. Hindi sa pagpapaliwanag ng mga prinsipyo mula sa Biblia kundi sa paglalapat nito. Tumatanggi ang mga taong ilapat ito sa kanilang buhay bilang pagsunod sa Salita ng Dios. Ang pinakamahirap ipagawa kaninuman—walang paltos—ay magpatawad.

Nakita ko ang halimbawa nito nang ang isang babaeng nagngangalang Betty ay nagbukas ng kanyang puso para ilahad ang di pantay na pagtingin ng kanilang ama sa kanya at sa kanyang kapatid na lalaki. Siya ay tila pinagtitiyagaan lamang at hindi pinahahalagahan, pinupuri o binibigyang-pagkilala. Alam kong kailangan naming harapin ang kanyang kapaitan at ang pangangailangan niyang magpatawad. Dahil batid kong maaaring alam na niyang dapat siyang magpatawad, nilaktawan ko na ang tanong na “dapat ba o hindi”. Bagkus nagtanong ako ng akademikong katanungan: “Kapag sumasagi sa iyong isipan ang pagpapatawad, anong naiisip mo?” Hindi ito komplikadong katanungan. Tila madali siyang sagutin. Pero hindi ko mapigilang hindi mamangha sa mga kasagutan sa tanong na ito. Hindi kaiba ang sagot ni Betty. Nakagawa ako ng konklusyon na kalakip ng konsepto ng pagpapatawad ay napakaraming di kinakailangang pabigat. Alam ng mga taong dapat silang magpatawad pero nahihirapan silang gawin ito—kung di man itinuturing na imposible ito.

Sa loob ng maraming taon gumawa ako ng personal na paglalakbay para kausapin ang daan-daang mga tao’t mag-asawa patungkol sa relasyon ng kanilang mga kapaitan at kakayahang magpatawad. Kakaunti lamang ang oras na ginugol ko sa pagpapaliwanag ng pangangailangang magpatawad. Kapag may lumapit sa akin, kadalasa’y alam na nilang dapat silang magpatawad. Hindi iyon ang isyu. Ang problema ay hindi nila alam kung ano ang tunay na kalakip ng pagpapatawad at paano gawin ito.

Sa aking pagmamasid sa maraming kasong kaugnay ng pagpapatawad, dumating ako sa konklusyon na ang numero unong hadlang ay hindi katigasan ng ulo, gaya ng tila malinaw na nakikita, kundi ang pagiging *ignorante*—ignorante ang mga tao sa dalawang bagay: Una, bawat isa’y nakarinig na sa salitang *pagpapatawad*, pero kakaunti lamang ang nakakaalam ng tunay na kahulugan nito. Marahil ang pinakamalaking kaguluhan ay sa pagkaunawa kung ano ang kahulugan ng pagpapatawad at ano ang resulta kapag ginawa ito.

Halimbawa, may mga nagsasabing ang kahulugan ng pagpapatawad ay “Kaya ko na ngayong makisalamuha sa taong nakasakit sa akin.” Para sa kanila, iyon ang *kahulugan* ng pagpapatawad. Pero ang “kakayahang makisalamuha sa taong nakasakit sa iyo” ay *resulta* ng pagpapatawad.

Isa pang naririnig kong “kahulugan” ay “Hindi na ako nagagalit kapag naiisip ko sila.” Pero ito ay epekto ng pagpapatawad. Ito’y isa pang resulta o pakinabang na natatanggap *matapos* magpatawad.

Ang kalituhan kaugnay ng *aksyon* ng pagpapatawad at *resulta* ng pagpapatawad ang isa sa mga dahilan kung bakit nagiging mahirap ang magpatawad. Ang ikalawang dahilan ay maaaring may mga “nakapaligid” na isyu na siyang nakakahadlang. Ito ang nararanasan ni Pastor Clay sa mag-asawang kanyang pinapayuhan. Kadalasan may mga isyung nakahahadlang bagamat *hindi direktang* kaugnay sa dapat patawarin. Ang pagiging *ignorante* patungkol sa mga isyu at paano lutasin ang mga ito ang nagpapahirap kundi man nagpapaging imposibleng magpatawad.

Sa kalaunan, makikilala ninyo si Sally. Hindi siya makapagpatawad dahil hindi niya kinikilala ang galit na naghuhudyat na siya’y nasaktan. Kapag nakilala ninyo si Andres, magugulat kayo, tulad ko kung bakit hindi niya mapakawalan ang kapaitan sa kanyang amang doktor. Alam niyang dapat niyang patawarin ang kanyang ama pero hindi siya naging handang gawin ito hangga’t hindi ko muna tinalakay ang isang kaugnay na isyu. Para sa mga kaibigang ito, ang mga nakapaligid na isyu ang nagpapahirap sa pagpapatawad. “Nakapaligid?” Para sa akin di ito ganoon kahalaga pero para sa kanila, ito ay napakahalaga. Kadalasan ang hindi gaanong mahalagang isyu para sa akin ay pangunahing isyu para sa taong pinagkasalahan.

### **“MAGLINIS MUNA TAYO”**

Gusto ni Jesus na lubusang ituon ng mga alagad ang kanilang pansin sa Kaharian ng Dios at sa Kanyang katuwiran. Maaari naman sana Niyang ipag-utos ito. Sasabihin mo, “Ipinag-utos nga Niya. Di ba sabi Niya, ‘Hanapin muna ninyo ang kanyang kaharian at ang kanyang katuwiran’” (Mateo 6:33, NPV). Sumasang-ayon ako. Pero tingnan natin kung anong sinabi ng ating Panginoon bago Niya ibinigay ang mga direktang utos na ito.

Hinarap muna ni Jesus ang mga pag-aagam-agam ng mga alagad patungkol sa kanilang panghinaharap na kasiguruhan bago nila naituon ang kanilang pansin sa Kaharian. Sinabi Niya sa kanila, “Huwag kayong mabagabag tungkol sa pagkain [at inumin] na kailangan ninyo upang mabuhay, o tungkol sa damit na kailangan ng inyong katawan” (Mateo 6:25). Para maidiin ito sa kanila, ikinumpara Niya ang probisyon ng Amang nasa Langit para sa mga ibon at sa kanilang kahalagahan para sa Dios. Nagtapos Siya sa pagsasabing higit silang mahalaga kaysa mga ibon (Mateo 6:26). Ipinaalala Niya sa kanila, “... ang mga bagay na ito ang kinahuhumalingan ng mga taong wala pang pananalig sa Dios.” Pagkatapos tinalakay Niya ang kanilang pinakamalalim na kinatatakutan: “... Alam ng inyong Amang nasa langit na kailangan ninyo ang lahat ng ito” (Mateo 6:32). Ibig Niyang ipaalam sa kanila na kung nalalaman ng Amang nasa Langit ang kanilang mga kinakailangan, ibibigay Niya ang mga ito dahil sa Kanyang pag-ibig at pagkalingang personal. Patunay na ang mga ibon.

Matapos talakayin ang mga dahilan ng kanilang pag-aagam-agam, hinamon ni Jesus ang Kanyang mga alagad na “Hanapin muna ninyo ang kanyang kaharian at ang kanyang katuwiran.” Nagtapos Siya sa pagpapaalala sa kanila, “... ipagkakaloob niya ang lahat ng kailangan ninyo” (Mateo 6:33). Kinailangan munang maalis ang takot bago Niya sila hinimok na ituon ang kanilang pansin sa Kaharian.

### **DAGLIANG PAGSUNOD**

Dinala tayo ni Jesus sa pinakabuod ng pag-ibig. “Kung iniibig ninyo ako,” sabi Niya, “tutuparin ninyo ang aking mga utos” (Juan 14:15). Kung hindi pa ito malinaw, sinabi Niya ang kabaligtaran nito: “Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad sa aking mga salita” (Juan 14:24). Ang gusto ng ating Panginoon ay magkaroon tayo ng mapagmahal at masunuring relasyon sa Kanya gaya ng sa Kanya at sa Ama. “Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, mananatili kayo sa aking pag-ibig; tulad ko, tinutupad ko ang mga utos ng aking Ama at ako’y nananatili sa kanyang pag-ibig” (Juan 15:10).

Gusto ng Dios ang daglian nating pagsunod. Ito ang nararapat. Subalit nagpahayag si Haring David ng pananaw patungkol sa ating kalikasan kaya malaking tulong sa marami sa atin ang kanyang isinulat: “Alam niya na alabok, yaong ating pinagmulan, alam niyang

babalik din sa alabok kung mamatay” (Awit 103:4). Alam ng Dios na may malaking distansya sa pagitan ng utos at pagsunod. Maaaring may mga isyu ng takot, pagtitiwala at kasiguruhan na kailangang harapin bago magaganap ang pagsunod.

Hinarap ng mga punong saserdote’t matatanda sa iglesia ang ating Panginoon. Tahasan nilang hinamon ang otoridad Niyang haguipiting palabas ng templo ang mga nagpapalit ng pera at iba pang mga negosyante. Nang gawin nila ito, ibinaling Niya sa kanila ang usapan at tinalakay ang isyung pinag-uusapan natin ngayon—ang pagsunod. Ikinuwento Niya sa kanila ang tungkol sa isang taong may dalawang anak na lalaki. Isinugo ng ama ang unang anak para magtrabaho sa kanilang ubasan. Mariing tumugon ang anak at nagsabi, “Ayoko po.” At idinagdag ni Jesus, “Ngunit nagbago ang kanyang isip at siya’y naparoon” (Mateo 21:29).

Nilapitan ng ama ang isa pang anak at ganoon din ang hiniling. Kaagad tinugon ng anak ang kahilingan ng ama sa pamamagitan ng tiyakang pagsasabi, “Opo.” Pagkatapos idinagdag ni Jesus ang ganitong komentaryo, “... ngunit hindi naman naparoon” (Mateo 21:30).

Nakakatuwang pansinin ang tanong na ipinukol ni Jesus sa mga relihiyoso: “Sino sa dalawa ang sumunod sa kalooban ng kanyang ama?” (Mateo 21:31). Hindi Siya nagtanong kung sino ang may pinakamabuting ugali o nagpakita ng higit na paggalang sa ama. Diretso Siya sa pinakamahalaga—sino ang masunurin?

Mahalaga ang puntos na ito. Alam kong gusto ng Dios na sumunod ang Kanyang mga anak—dapat sana ay kaagad-agad. Pero, dahil nalalaman Niya ang ating kahinaan, ipinakikita Niya ang Kanyang pasensya at habag hanggang sa tayo ay sumunod. Maaaring may mga hadlang tayong inilagay bago tayo sumunod na dapat munang ayusin. Ito mismo ang pangyayari sa kaso ng mga kaibigang makikilala mo sa aklat na ito. Gusto ng Dios na bawat isa sa kanila ay magpatawad o makatanggap ng pagpapatawad. At para sa kanilang sariling kapakinabangan, mas maaga, mas mabuti. Pero gaya ng unang anak sa kuwento ng ating Panginoon, may mga kailangan pang iproseso na mauuna sa pagsunod.

Ito ang dahilan kung bakit tinuruan ni Pablo ang batang pastor na si Timoteo na “ipangaral mo ang salita ng Dios, napapanahon man o hindi; hikayatin mo, pagsabihan, at patatagin ang loob ng mga tao sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo” (2 Tim. 4:2). Pansinin ang dalawang mahahalagang salita: *matiyaga*, na tumutukoy sa oras, at *pagtuturo*, na tumutukoy sa nilalaman. Parehong mahalaga ang mga ito. Kailangang gumugol ng oras para magkaroon ng pagbabago ang puso at pag-uugali. At sa panahong iyon, maaaring may mga impormasyong kailangang maibahagi bago maabot ang katapusang layunin ng pagsunod.

## PAGGAWA NG LISTAHAN

Habang paulit-ulit kong naririnig ang sinasabi ng mga tao kung bakit hindi o bakit ayaw nilang magpatawad, nagsimula akong maglista ng mga dahilang ibinibigay nila. Anong gulat ko nang makita kong hindi ganoon kahaba ang listahan. Habang tinitipon ko ang mga katugunan buhat sa Biblia para sa bawat dahilan, natuwa ako nang aking makita na walumpu’t limang porsiyento ng mga taong nasaktan ay nakagawa ng pinakamahirap na bagay na ginawa nila sa kanilang buong buhay. Nasumpungan nila ang pinakamahalagang susi sa kanilang kaligayahan sa kinabukasan. Nabuksan nila ang nakakandadong pagpapatawad at nakalakad sila sa bukas na pintuan tungo sa kalayaan.



Isang halimbawa ay si Nancy na umabot sa isang malaking hadlang. Paulit-ulit niyang sinasabi sa akin maaaring kaya hindi siya makapagpatawad ay dahil hindi niya makalimutan ang kasalanang ginawa sa kanya. Hindi niya napagtanto na ang pagpapatawad at paglimot ay dalawang magkahiwalay na isyu. Para sa kanya, ang mga ito ay iisa.

Hindi makapagpatawad si Fred dahil naniniwala siyang dapat parusahan ang kanyang amang lasinggero sa kanyang ginawa. Mayroong dapat managot. Tama siya. Ang tanong nga lang ay sino ang magbabayad at paano siya magbabayad?

Si Rochelle ay nabuhay na takut na takot makasama ang kanyang amang misyonero na gumahasa sa kanya. Alam niyang dapat niyang patawarin ang ama. Pero kung ang pagpapatawad ay mangangahulugang magkakasama silang muli at ilalagay niya sa panganib ang kanyang mga maliliit na anak, hindang-hindi pwede!

Si Dan ay nabubuhay araw-araw sa gitna ng maraming mapapait na alaalang emosiyonal dahil sa kanyang amang abusado. Paano niya mapapatawad ang isang taong labis na nagwasak sa kanyang emosiyon at ngayo’y halos di niya makayanan ang mabuhay sa gitna ng mga naging alaala nito sa araw-araw?

Ang kasalanan ni Shirley ay naghatid ng maraming kahihyan. Para itong maitim na ulap na sumusunod sa kanya. May isang kilalang tagapagsalita ang nagsabing kailangan niyang patawarin ang kanyang sarili. Bakit hindi niya magawa? Bakit hindi ito umuubra?

Kumatok si kamatayan sa tahanan ni Carol—kinuha ang kanyang nag-iisang anak na lalaki. Nasaan ang Dios nang mapatay ang kanyang anak? Bakit binigyan siya ng anak at pagkatapos ay kukunin din pala? “Sinaktan ako ng Dios. Galit ako sa Kanya at hindi ko Siya mapapatawad.” Ang pagkalito sa dalawang pangunahing katotohanan ang nagpako sa kanya, puno ng sakit at kapaitan.

Wala akong ibang nakilalang tulad ni Anne. Naranasan niya halos lahat ng nalalaman kong hadlang sa pagpapatawad. Sobrang hirap ito para sa kanya, pero nagawa niya! Paano? Gaya ng makikita mo, si Anne ay naging tularan ng kalayaan para sa marami.



Hindi maayos ang takbo ng buhay ni Sally. Diakono ang asawa niya sa iglesia. Galit siya pero ayaw niya itong aminin. Haharapin niya ang isa sa pinakamahirap na hakbang sa pagpapatawad.

## *Kabanata 2*

### *“Hindi Ako Galit!”*

“Pero hindi ako galit kay Carl,” pagtatanggol na sagot ni Sally habang umiiling-iling. “*Naiinis* lang ako. *Naiinis* ako sa kanya at sa mga bata, pero sino ba naman ang hindi *naiinis* paminsan-minsan?” Sumulyap siya sa sahig na para bang nagulat sa sarili niyang pagbubuhos ng damdamin. “Aaminin kong *naiinis* ako pero emosiyon lang ito. Hindi naman ako galit na galit talaga.”

Sandali akong huminto para mag-isip habang tinitingnan ko ang aking mga isinulat sa papel. Nakakabingi ang katahimikan. Dahan-dahan kong itinaas ang aking tingin para ibaling kay Sally. Gusto kong ipadama sa kanyang nauunawaan at tinatanggap ko siya. “Sally,” pasimula ko, “maaari ko bang ibahagi sa iyo kung anong maaaring makatulong sa iyo?”

Madalas ko itong sinasabi sa mga taong lumalapit para magpatulong sa kanilang problema dahil natuklasan kong bagamat dumulog sila sa akin, maaaring hindi nila gustong makita ang katotohanan o harapin ito. Kaya hinihingi ko ang permiso nila para makapagbahagi ng isang bagay sa kanila. Ang paghingi ng permiso para magbahagi ng pananaw ay nagbubukas ng pintuan ng pagkakaunawaan samantalang ang basta lang pagsasabi nito ay nagsasara dito. Simple lang ang dahilan nito. Mas gusto ng mga taong sila’y tinatanong kaysa pinagsasabihan. Ang pagtatanong ay nagbubukas din ng pintuan ng kanilang kyuryusidad. Maging si Jesus ay nagtanong bago magbahagi ng katotohanan o magbigay ng katuruan (Lucas 9:18-20).

“Sally,” marahan kong simula, “alam mo bang bawat tao, Cristiano man o hindi, ay nakararanas ng emosiyonal at pisikal na sakit?” Tumingin siya sa itaas at para bang sinasabi, “oo na, tapusin na natin ito.”

Kinilala ito ni Jesus sa Kanyang mga alagad nang sabihin Niyang mayroon silang kapayapaan sa Kanya, pero habang nabubuhay sila dito sa mundo, magkakaroon sila ng mga kapighatian (Juan 16:33). Si apostol Pablo ay nagpahayag din, “At lahat ng may nais mamuhay nang matuwid bilang tagasunod ni Cristo ay daranas ng pag-uusig” (2 Tim. 3:12). Si Pedro ay nagpapaalala din sa atin na ang mga Cristiano sa sadyang pinili ng Dios para “magtiis” (1 Pedro 2:20-21).

Nakatitig si Sally sa akin at nagpakita ng kanyang pagkabagot sa aking sinasabi. “Alam ko na ‘yan!”

Nagpatuloy ako. “Maraming mga tao ang nakakabatid ng kanilang mga tinitiiis na sakit pero hindi nila kinikilala na ang galit ang otomatikong emosiyon bilang tugon sa mga sakit na iyon. Totoo ito Cristiano ka man o hindi.”

“Paanong mangyayari iyon? Ang pagkagalit ay gawain ng laman (Gal. 5:19-20). Kasalanan magalit at hindi dapat magkasala ang mga Cristiano kung tunay silang nagmamahal sa Panginoon!”

Pinaikot niya ang kanyang pangangatuwiran tulad ng isinaulong katekismo.

Oo, ang pagkagalit ay nakalista bilang isa sa mga gawain ng laman (Gal. 5:20). Pero ito ay kasalanan lamang kung ito’y hinaharap ayon sa laman. Mahalagang alalahanin na ang galit ay isa ring otomatikong emosiyon na kailangang kilalanin at harapin ng tama at maagap. Ganito ang pahayag ni Pablo: “Kung magagalit man kayo, iwasan ninyong kayo’y magkasala. Agad ninyong pawiin sa kalooban ang galit” (Efeso 4:26). Ibig sabihin, kung kayo’y magagalit, huwag kayong magkasala sa pamamagitan ng pagkimkim nito ng ilang araw. Iproseso ito kaagad, bago pa lumubog ang araw. Pansinin na ang ipinagbabawal dito ay hindi ang presensya ng galit kundi ang pagkabigong harapin ang pagkagalit sa biblikal na paraan at sa tamang panahon. Nilinaw ito ni Pablo nang kanyang sabihin, “Alisin na ninyo ang lahat ng sama ng loob, galit at poot” (Efeso 4:31). Bakit? Dahil madali kang matutukso ng diyablo kapag ikaw ay nagagalit (4:27).

### ANG PULANG ILAW NG GALIT

Nang nakalipas na mga taon ang lahat ng kotse ay may mga instrumentong panukat sa *dashboard* sa halip na mga pulang ilaw. Ang mga instrumentong panukat na ito ay nagsasabi ng aktuwal na temperatura ng makina, dami ng langis, at daloy ng elektrisidad. Bagamat ang mga instrumentong panukat na ito ay nagbibigay ng mga napakahahalagang impormasyon, di pa natatagalang napagtanto ng mga gumagawa ng sasakyan ang tatlong bagay: 1) iilang tao lamang ang nagbabantay sa mga instrumentong panukat na ito, 2) lalong kakaunti ang nakakaalm kung ano ang ibig sabihin ng mga ito, at 3) napaliit na bilang ng mga nagmamaneho ang nakakaunawa kung anong nararapat gawin sa impormasyong bigay nito.

Solusyon? Palitan ang mga instrumentong panukat ng mga ilaw—mga pulang ilaw. Ang mga pulang ilaw na ito ay kinagiliwang tawaging “idiot lights.” Bakit? Dahil kahit gaano kabobo ang isang tao, dapat niyang malaman na kapag sumindi ang pulang ilaw, ibig sabihin may kailangan ang sasakyan. Ang mga pulang ilaw ay “tagahudyat.” Hinuhudyatan nila ang tsuper na mayroong kinakailangang gawin sa ilalim ng *hood*.

Ang galit ang “pulang ilaw” na ginagamit ng Dios upang ihudyat na mayroong pangangailangan sa ating buhay. Hindi ito ginawa para magpahiya, kundi maghudyat ng pangangailangan. Oo, mayroon akong mga kaibigang nagmamaneho. Nakasindi ang pulang ilaw pero di nila ito pinapansin. Ang ilan sa kanila’y kinailangang magpalit ng makina dahil binalewala ang mga pulang ilaw. Mayroon namang tinakpan ng teyp ang pulang ilaw. May isang tao pang nagsabi sa aking itinaas niya ang kanyang paa sa *dashboard* para takpan ang ilaw! Magagawa mo ito. Pero ito’y makakasama sa iyong sasakyan at sa iyong kalusugan kapag ipinagpatuloy mo ang paggawa nito.

Ganito rin naman sa iyong buhat espirituwal at kalusugang emosiyonal. Balewalain mo ang hudyat ng galit at may mahal na singil ito sa iyo—hindi lamang sa espirituwal kundi sa mental at pisikal din naman. Naninindigan si Dr. C. Everett Koop, dating Pinunong Siruhano sa Estados Unidos na 80 porsiyento ng lahat ng karamdamang medical ay ikinukunsulta sa klinika ay sanhi ng kabigatang emosiyonal—halimbawa, galit—o pinalalala ng mga kabigatang emosiyonal tulad ng galit. Sa espirituwal, ang kasunod na kapaitan ay

nakakasama hindi lamang sa nakakadama nito. Nakakasira rin ito ng buhay ng ibang mga tao (Heb. 12:15). Tandaan mo, walang emosiyon na maaaring ilibing na parang patay. Hahanap ito ng ibang lalabasan—at kadalasan nakakasama ito sa kalusugan. Pinatutunayan ito ng modernong sikolohiya. Karamihan sa mga sikolohista ay kumbinsidong ang galit na binalewala o kinimkim ang dahilan ng 95 porsiyentong depresyong sikolohikal.

Mayroon ka pang matutuklasan kapag sinimulan mong suriin ang pagkakaroon ng galit—ang pagkabalisa. Ang takot na matuklasan o kilalanin ang galit ay isang pangunahing dahilan ng pagkabalisa.

Para sa mga nangingiming harapin ang kanilang galit, ipinaliliwanag ko na kung hindi natin kikilalanin ang galit at ang kasalanan, hindi natin ito mapapatawad. Sa gayon uulitin natin ito sa ating sariling buhay at tatawagin natin itong normal. Kung mabigo tayong harapin ang nakakasakit na gawain ng ating kapwa at tawagin ito sa nararapat na tawag dito—kasalanan—hindi natin ito mapapatawad at uulitin natin ito sa ating sariling pamumuhay. Tatawagin natin itong “normal” na pag-uugali. Pero sa pamamagitan ng pagkilala, pagpapatawad at pagpapakawala dito, mas maliit ang posibilidad na maulit ito sa iyong buhay. Kung pagbibigyan mo ito sa ibang tao, bibigyang katuwiran mo rin ito sa iyong sariling buhay. Gagayahin ito ng iyong mga anak at uulitin din nila sa kanilang pamumuhay. Magpapasalin-salin ito sa susunod na mga henerasyon.

“Sally,” pagpapatuloy ko, “pagdating sa galit, binibigyan ka ng permiso ng Dios na gawin ang dalawang bagay: Una, may permiso kang magkaroon ng normal na katugunang emosiyonal sa kasalanan laban sa iyo (halimbawa, magalit) pero ikalawa, mayroon kang pahintulot—katunayan, isang obligasyon—na harapin ito ayon sa sinasabi ng Biblia sa pamamagitan ng pagpapatawad. Ninanais ng Dios na gamitin mo ang mga kagamitang biblikal (tulad ng pagpapatawad) na ipinagkaloob Niya para maharap mo ang iyong galit tungo sa iyong ikabubuti at sa Kanyang kaluwalhatian (Mateo 5:16). Gayun pa man kung hindi mo kikilalanin ang mas malalim na sakit na ipinahahayag ng galit (gaya ng pangangailangang magpatawad), hindi mo makikita ang oportunidad na gamitin ang Kanyang Salita sa isang paraang nakakatulong at nakapagpapagaling.” Napakahirap—kung di man imposible—ang magpatawad kung hindi mo kikilalanin at aalamin ang kasalananang sanhi ng emosiyong ito. Hindi ka makapagpapatawad sa hindi mo kinikilala.

Hindi nag-iisa si Sally sa kanyang pagkalito kaugnay ng nararapat na lugar ng galit. Maraming sinserong mananampalataya ang naniniwalang mali ang magkaroon ng emosiyon ng pagkagalit. Para sa iba, ang galit ay katumbas ng “walang habas” na pagkamuhi. Ang hindi nauunawaan ng maraming Cristiano ay may iba’t ibang “antas” at “bilis” ang pagkagalit. Ipinaliwanag ko ito kay Sally.

“Sally, nabanggit mo na ‘naiinis’ ka. Di mo ba alam na kapag naiinis ka, nagagalit ka na? Oo, maaaring ito’y galit na may bilis na 10 kilometro kada oras, pero galit na rin ito. Ang iba’y magsasabing sila’y “nasulsulan,” “nabwisit,” o “nabigo.” Sa totoo lang galit din ang mga ito! Alam mo, ang “nasulsulan” ay galit na mga 15 kilometro kada oras. Ang “pagkabwisit” ay galit na tumatakbo ng mga 25 kilometro kada oras. Ang “pagkabigo” ay maaaring may bilis na 45 kilometro kada oras. Ang “init ng ulo” na nakikita sa pamamagitan ng pagsigaw, pagmumura at pagbabagsak ng pintuan ay mga 65 kilometro kada oras. At ang “walang habas na pagkamuhi” ay may tulin na 80+ kilometro kada oras. Ang mga emosiyong ito ay maaaring ipinahahayag sa pamamagitan ng iba’t ibang paraan at bilis pero iisa ang motor ng galit na nagpapakatakbong sa mga ito.

Pinagbalikan ni Sally ang madalas sinasabi ng kanyang ina: “Hindi ako galit, naiinis lang ako!” Isinalin ni Sally ang pangungusap ng kanyang ina sa dalawang paniniwala: 1) Hindi mainam na amining may galit ka na may bilis na 65 kilometro kada oras, pero 2) maaari mo itong ipakita ng mas mabagal at tawagin itong pagkainis o iba pang mas magandang pakinggan salita. Bakit? Dahil sa kalakip na kahihiyang o di magandang pakiramdam na maaaring lumutang. Kung kumbinsido kang ang emosiyon ng pagkagalit ay masama, ikakaila mo ito o bibigyan mo ng ibang pangalan. Ito ang paliwanag kung bakit mas gugustuhin pa ng isang mananampalatayang magsinungaling sa halip na aminin ang kanilang pagkagalit. Madalas kong marinig ang mga taong mariing nagsasabi at nagtatanggol sa sarili, “Pero hindi naman ako nagagalit.”

Ang galit ang emosiyon na nararanasan ng tao na laging itinatangi o ikinakaila. Nang sinimulan ni Sally ang paglalarawan sa kanyang relasyon sa kanyang asawa sa pamamagitan ng pagsasabing naiinis siya, sumabat ako, “Ibig mong sabihin, nagagalit ka?”

Pagkaraan ng ilan sa mga pagsabat kong ito, napagtanto niya ang katotohanan at nagsabi, “Oo, talagang nauubos na ang aking pasensiya! Oo, galit na galit na ako. Maraming taon na akong nagagalit—inaamin ko! Masyado na akong nasaktan...” Humagulgol siya ng iyak. Naputol ang pagkakaila at nagsimula ang proseso ng pagpapagaling sa pagkilala niya sa kanyang matinding sakit na nararamdaman. Naalis ang unang hadlang sa pagpapatawad—kinilala niya ang kanyang pagkagalit. Di nagtagal nailista niya ang mga kasalanan laban sa kanya at naumpisan niya ang proseso ng pagpapatawad ayon sa Biblia. Kung ang pagkagalit ang unang dahilan ng pagkawasak ng mga relasyon, ang tunay na pagpapatawad naman ang unang gamit sa pagpapanauli ng kaugnayan.

## **ANG PULANG BANDERA NG PAGPAPATAWAD**

Walang pasyenteng papayag na sementuhin ng doctor ang kanyang braso kung hindi siya naniniwalang nabali ito. Pero kung ang paunang sinabi ng doctor ay sinundan ng isang x-ray na malinaw na nagpapakita ng nabaling buto, buong pusong sasailalim sa pagpapasemento ang pasyente. Ang kahandaan sa proseso o pagharap sa sitwasyon ay hindi siyang laging nangyayari kaugnay ng galit.

Sa wakas ay inamin ni Sally ang malalim na sakit at kinuyom na galit pero hindi siya otomatikong handa sa pagharap dito at sa pinagmumulan nito. Kadalasan kapag binanggit ko ang salitang *pagpapatawad* sa isang kaibigang labis na nasaktan, nagbabago ang kanyang hitsura na nagpapakita ng matinding pagkontra. Halos tulad ito ng pagwagayway ng pulang bandera sa harapan ng isang baka. Susugurin ka nito—handa ang dalawang sungay na sumuwag sa anumang madadaan nito—ang isang sungay ay nagtatanggol sa kanyang galit at ang isa’y naninisi sa nakasakit sa kanya.

Ang pagsalungat na ito sa proseso ng pagpapatawad ay kadalasang may apat na pinagmumulan. Una, ayaw nilang muling maramdaman ang dating sakit. Kung ganito ang kaso, binibigyang diin ko na ang Dios ng lahat ng pag-aaliw ang nangangako ng kaaliwan sa pamamagitan ng pagbibigay ng pag-asa at kalakasan habang pinagdaraan nila ang emosiyonal na sakit tungo sa pagpapatawad (2 Cor. 1:3-4). Siya’y tulad ng isang mapagkalingang ina na nakatayo sa tabi ng upuan ng dentista, hawak ang kamay ng anak habang isinasagawa sa anak ang isang masakit na gamutan. Hindi Niya pinipigilan ang sakit pero ginagawa Niya itong mas kayang-kayang tiisin.

Ikalawa, naroon ang damdaming walang makakaunawa sa kanya. Sa ganitong sitwasyon, nasumpungan kong nakatutulong ang personal na pagkilala ng katotohanan ng sakit na nadarama ng tinutulungan habang ibinabahagi niya ang kanyang kasaysayan. Ang buong simpatyang pagkilala sa lalim ng kanyang sakit at pagbalido sa kaangkupan ng sakit at ng kanyang naging tugon dito ay nagbibigay laya sa pag-amin o pagtanggap ng kanyang mga damdamin. Ang pagtanggap na ito ang nagsisilbing punlaan ng pagharap sa kanyang galit patungo sa pagpapatawad. Sa pamamagitan ng pag-amin sa reyalidad ng kanyang galit sa halip na pagkakaila dito, nagkakaroon ng mainam na sitwasyon para mas mainam niyang makita ang kasalanan at nagkasala sa kanya. Pagkatapos malinaw din niyang makikita kung paano niya ilalapat ang biblikal na proseso ng pagpapatawad.

Ang mga prosesong biblikal ang instrumentong ibinigay ng Dios para magtatag at magpanatili ng mga relasyon. Pero ang kalituhan patungkol sa mga instrumentong ito ang kadalasan ay nagbibigay ng maling konsepto ng tunay na pagpapatawad ayon sa Biblia. Ang kakulangan ng impormasyon o maling impormasyon ang naghahatid sa ikatlong pinagmumulan ng pagtanggap magpatawad; ito ay ang paniniwalang kasalanan ang magalit.

Paniwalang-paniwala si Sally na mali para sa kanyang dumanas ng emosiyon ng pagkagalit. Isa sa mga dahilan ay ang kanyang paniniwalang ang emosiyon ng pagkagalit ay hindi tama. Muli, ito ay kabalintunaan ng malinaw na itinuturo ng Kasulatan. Bagamat malinaw na ipinahayag ni apostol Pablo sa ilalim ng inspirasyon ng Banal ng Espiritu, “Kung magagalit man kayo, iwasan ninyong kayo’y magkasala,” (Efeso 4:26), ang narinig ni Sally sa loob ng maraming taon ng pagiging aktibo sa simbahan ay, “Huwag kang magkasala sa pamamagitan ng pagkagalit.” Hindi ito ang sinasabi ng Biblia. Ang aktuwal na sinasabi ng talatang ito ay: “Magalit ka *pero huwag mong ipahayag ito sa paraang magkakasala ka,*” (huwag kang gagawa ng kasalanan). Mayroon kang buong pahintulot ng Dios na harapin ang galit. Ang emosiyon ng pagkagalit mismo ay hindi kasalanan kundi maaaring ang paraan ng iyong pagharap sa iyong galit ang mali.

Ang maling paniniwala na ang pagkagalit ay otomatikong kasalanan ang humadlang kay Sally para kilalanin ang sakit na “inihuhudyat” ng kanyang galit. Kaya hindi niya mapatawad ang mga naging dahilan ng sakit. Ang kakulangan ng impormasyon o maling impormasyon patungkol sa pagkagalit at pagpapatawad ang pumipigil sa maraming matapat na mananampalatayang makabilanggo sa kanilang kapaitan. Ang kapaitan ang tahanang itinayo ng pagkagalit. Hindi ito bakasyunang kondominyum kundi bilangguan. Tanging kapag naunawaan natin ang katotohanan ng emosiyon ng tao at biblikal na pagpapatawad natin lubos na magagamit ang ating pagkilala sa pagkagalit bilang pintuang magpapalaya sa atin sa bilangguan ng kapaitan na pumipiit sa atin.

## ANG MGA DOKTRINA NG TAO

Kadalasan ang opinyon ng tao patungkol sa pagkagalit ay itinutumbas sa doktrinang biblikal samantalang ang katotohanan maaaring ang mga ito’y “doktrina ng demonyong” ginaganyak ni Satanas para lituhin tayo (2 Cor. 2:11). Kinompronta ni Jesus ang mga Pariseo kaugnay ng isyung ito ng paglalagay sa mga opinyon ng tao kapantay ng mga doktrina ng Dios. Ipinantay nila ang katuruan ng mga matatanda sa iglesia sa Kasulatan. Ipinaalala sa kanila ni Jesus na hindi na ito bagong gawain. Binanggit Niya ang sinabi ni propeta Isaias at inilapat ito sa kanila: “Pagpuri’t pagsambang ginagawa nila’y walang kabuluhan. Ang utos ng tao ay itinuturong utos ng Maykapal” (Marcos 7:7).

Sa linggo-linggong pag-upo ko sa aking opisina at habang tinutulungan ko ang mga taong lumaya sa mga nakaraan at kasalukuyang sakit ng damdamin, may nakita akong isang katotohanan. Natuklasan kong sa bawat kaso ng hirap sa pagpapatawad, may ugat ng isa o higit pang paniniwala na hindi ayon sa Biblia. Ang mga maling paniniwalang ito ay isinalin-salin sa loob ng maraming taon at itinuring na mula sa Dios gayong ang katotohanan, ang mga ito’y katuruan ng tao o maaari marahil doktrina ng demonyo (Mateo 15:9; 1 Tim. 4:1). Ang mga naniniwala sa mga maling katuruan, o sa tahasang pananalita ay kasinungalingang ito, ay sinsero pero masusumpungan nilang napakahirap, kung hindi man imposible, ang magpatawad. Gayunpaman sa mga taong lumipas marami na ang nakasumpong ng kalayaan buhat sa piitan ng pagkagalit at kapaitan. Pinalitan nila ng malinaw na katotohanan ng Kasultan ang mga opinyon ng tao. Tunay ngang tayo ay pinalalaya ng katotohanan ng Dios (Juan 8:32), at nagbibigay Siya ng biyaya para lamang sa katotohanan (Juan 1:14).

## HIYA

Ang ikaapat at huling hadlang sa proseso ng pagpapatawad ay ang malaking kahihyan o matinding sumbat ng budhi na kalakip ng pagkilala sa galit. Pinilit ni Sally na magpakita ng kasiguruhang emosiyonal sa pamamagitan ng pagtanggap siya’y nagagalit. Hindi naman ito dahil sa hindi niya alam na siya’y *may* galit kundi labis niyang ikinahihiya ang *pagkakaroon* nito.

Subalit anong kaugnayan ng hiya sa mga hadlang sa pagpapatawad? Simple lamang: sa likod ng emosyon ng kahihyan ay ang emosyon ng pagkatakot. Ang takot na ito ay may tatalong bahagi. Ang unang bahagi ay takot na madiskubre (hal., mayroon akong galit sa puso). Bakit natatakot si Sally na madiskubreng may galit sa puso? Ang sagot ay nasa ikalawang bahagi: takot na talikuran. Ang kanyang pinagsama-samang kinatatakutan ay” Kung malaman mo (madiskubre) ang tunay na pagkatao ko (may galit sa puso), hindi mo ako magugustuhan” (pagtalikod). Ito ang maghahatid sa atin sa huling aspeto ng takot – ang takot na iwanang mag-isa. Malinaw na alam ng Dios na ang pag-iisa ay may mga negatibong epekto. Tingnan mo ang kasaysayan sa Kasulatan ng paglikha ng Dios sa sanlibutan (Gen. 1 at 2). Tuwing may matapos likhain ang Dios, Siya’y nasiyahan. Pero nang makita Niyang nag-iisa ang lalaki, sinabi Niya, “Hindi mainam na mag-isa ang tao.” Ang isyung ito lamang ang may nabanggit na negatibo patungkol sa orihinal na paglikha ng Dios. Pagkatapos ay sinabi ng Dios, “... bibigyan ko siya ng makakasma at makakatulong” (Gen. 2:18).

Ang sistema ng takot na ito na may tatlong bahagi ay nagsimula sa Halamanan ng Eden matapos magkasala sina Adan at Eva nang kainin nila ang ipinagbawal na bunga (Gen. 3:6). Ang unang naitalang emosyon, ayon dito, ay hiya. Bilang resulta ng kanilang kahihyan, itinago nila ang kanilang kahubaran sa isa’t isa (Gen. 3:7).

Ang ikalawang emosyon ay takot. Nang marinig nilang lumalakad ang Panginoong Dios sa halamanan, nataranta sila at nagtago sa presensiya ng Dios. Bakit? Maaaring naisip nila na kapag nalaman (nadiskubre) Niya ang kanilang ginawa, hindi na sila magugustuhan at tatalikuran na sila ng Dios. Nang tanungin ng Dios kung nasaan sila, hindi ang kinalalagyan nila ang kanilang isinagot kundi kung ano at ang dahilan ng kanilang ginawa: “Natakot po ako nang marinig ko kayong nasa hardin; nagtago po ako sapagkat ako’y hubad” (Gen. 3:10). Kataka-taka dahil wala pa silang nakalipas na karanasan ng kasalanan, hiya, pagkadiskubre o maiwan ng iba. Ang lahat ng ito ay malinaw na kasama ng unang pagkakasala. Ang hiya at takot na iwanan ay nagpasalin-salin sa mga henerasyon dahil sa kasalanan. Ang takot na

maiwang nag-iisa ang isa sa pinakamalaking takot na nararanasan ng sangkatauhan. Sa pamamagitan ng pagkakaila sa kanyang galit, iniwasan ni Sally ang kahihyan at posibleng pagtalikod ng ibang tao sa kanya.

May mga magulang na naringgan kong hinihiya ang kanilang mga anak kapag nagpakita ang mga ito ng galit kahit na ito’y karapatdapat naman. Sinasabihan silang mayroon silang “problema sa kanilang pag-uugali” at kailangan nilang “talikuran” ang masamang gawaing ito. Sa paggawa nito, bigo ang mga magulang na alamin ang lehitimong dahilan ng pagkagalit ng kanilang anak. Mahalagang malaman din natin na kapag ang galit ay itinumbas sa masamang “pag-uugali,” ang aktuwal na naririnig ng bata ay masama siya at may problema sa kanya dahil mayroon siyang emosiyon. Sa kanyang pagtanda, kapag mayroon siyang natural na emosiyong nadarama, “sinisikil” o pinipigilan niya ito dahil ayaw niyang mapahiya dahil masama ang kanyang ginagawa. Dahil dito nahahadlangan siya sa paggamit ng kagamitang biblikal ng pagpapatawad.

Dapat maging malaya ang batang magsabi sa kanyang mga magulang na siya’y nagagalit—hindi sa pamamagitan ng pagsigaw, pagbulyaw, o pagbabagsak ng pintuan—kundi matapat na pagsasabing siya’y nasaktan ang kung ano ang kanyang ikinagagalit. Kadalasan, ang batang nagagalit ay “sumasabog” dahil wala siyang mapaghingahan ng kanyang galit sa tamang paraan. Maraming Cristiano ang tumatakas sa kahihyan ng pagkagalit sa pamamagitan ng pagtawag dito ng ibang pangalan. Sa halip na harapin ang kanilang galit, sinasabi nilang, “Naiinis ako,” “nabubuwisit,” “naaasar” o “naiirita.” Ang mga salitang ito’y waring mas katanggap-tanggap. Pero kadalasan ay inililigaw nila ang tamang pagharap sa galit, at bilang resulta, nahahadlangan ang proseso ng pagpapatawad.

Kung minsan ang mga anak at asawa ay may lehitimong inirereklamo. Kung hindi mabigyang pansin ang mga ito, lalalim ang sakit ng damdamin at ang galit ay lalabas sa agresibo o marahas na paraan—tulad ng pagsigaw, pagbabagsak ng pintuan, o pagbato ng mga bagay. O maaari ding lumitaw ito sa mas tagong pamamaraan—tulad ng panlalait, kawalang-paniniwala sa magandang katangian ng iba, o pamimintas. Ang hiya na inilakip sa tamang pagkagalit ang nagtutulak sa emosiyon at sa taong nakakadama nito sa isang taguang emosiyonal. Ang bunga nito ay mga pusong hindi napapagaling at mga relasyong hindi na kailanman mapananauli sa pamamagitan ng pagpapatawad. Subalit kung ang tao ay makapagbabahagi ng kanyang totoong emosiyon kalakip ng pag-ibig—lalo na ang normal na emosiyon ng galit—“nakakalabas siya sa taguan” at nagiging malayang gawin ang unang hakbang ng pagpapanumbalik sa nasirang relasyon.

Tumingin sa akin sa Sally, bahagyang nakakiling ang ulo. Ang ekspresyon ng kanyang mukha ay ang madalas kong makita kapag ang isang tao’y binigyan ng pahintulot na magalit at patuloy pa ring maging katanggap-tanggap. Ito ay ekspresyong nagsasabi, “Totoo ba ito?” Kadalasan dala ng galit ang tao ay nakapagsasalita o nakagagawa ng hindi tama. Kasalanan din ang mga ito at dapat ikumpisal (1 Juan 1:9). Subalit sa maraming pagkakataon ang mga maling nagagawa ng tao ay bunga ng hindi pagkakaroon ng pahintulot na kilalanin ang galit (“magalit ka”) at harapin ito sa paraang tulad ng pagharap dito ni Cristo (“huwag kang magkasala”). Ang pagbibigay ng pahintulot na magalit habang bata pa ay makatutulong para maiwasan ang maraming sakit ng damdamin sa pagtanda. Ang pagbibigay ng pahintulot kay Sally na madama ang kanyang lehitimong galit ang nag-alis ng harang sa kanyang pagpapatawad at naghawan sa daang tatahakin niya upang masimulan ang kanyang paglalakbay tungo sa kagalingan.



\* \* \* \* \*

Para kay Nancy, ang buhay na alaala ng pang-aabuso ng kanyang amang pastor ay patuloy na dumadaklot sa kanyang isipan. Ito'y lalo lamang nagpalalim sa kanyang kalituhan at ginawa nitong napakahirap ang magpatawad.

## *Kabanata 3*

### *"Hindi Ako Makalimot!"*

Hindi ang emosiyon ng galit ang nagpahirap kay Nancy, tulad ng nangyari kay Sally, kundi ang mga alaala ng pang-aabuso ng kanyang ama. “Hangga’t naaalala ko pa ang ginawa ng aking ama,” katuwiran niya, “hindi ko pa siya napapatawad.” Para kay Nancy ang pilosopiya ng pagpapatawad-at-paglimot ay hindi umuubra.

Bunso si Nancy sa tatlong magkakapatid na babae sa tahanan ng isang pastor. Ang mga tanging alaala ng kanyang kabataan ay pawang mapapait. Walang pagmamahal na ipinakita sa kanya. Nabuhay siya na laging may takot na makagawa ng anumang magiging dahilan ng pagsabog ng matatalim na salita buhat sa kanilang ama. Kailanman ay hindi siya pinayagang magpahayag ng anumang sariling kaisipan o emosiyon.

Habang lumalaki si Nancy, nakita niya kung paanong binabati at pinalalakas ng kanyang ama ang mga tao sa kanyang kongregasyon sa pamamagitan ng mga papuri at pagpapatibay sa kanilang ginagawa. Gayon na lamang ang kanyang pagnanais na sana’y isa siya sa kanila sa halip na anak ng kanyang ama para makatanggap din ng tulad noong pagmamahal at pagpapatibay. May mga taong nagsasabi sa kanya, “Ay, ang sarap sigurong maging anak ni Pastor. Kahanga-hanga siyang talaga.” Halos masuka siya pero ngumingiti na lamang siya’t sumasagot ng “oo nga.” Maaga niyang natutunan ang pag-iilusyon ng isang huwarang pamilya.

Ang ama ni Nancy ang may pinakamataas na otoridad sa lahat ng bagay at walang makapagpapabago sa kanya. Hindi kailanman ito sinalungat at laging pinangangalagaan ng kanyang ina. Tinitiyak niyang walang sinuman sa mga anak ang makapagpapagalit sa asawa.

May isang pagkakataon na nagsinungaling si Nancy sa kanyang ama at karapatdapat itama. Subalit ang “pagtatama” ay nauwi sa matinding pananakit na nag-iwan ng mga pasa at latay. Pagkatapos ng pananakit na ito, tinanong niya ang kanyang ina kung bakit hindi niya inawat ang ama. Ang sagot ng kanyang ina, “Kung hindi ka nagsinungaling, hindi ka niya kinailangang parusahan.” Pakiramdam ni Nancy lubusan siyang tinalikuran at walang maaasahang magprotekta sa kanya.

#### **MALING LOHIKA**

Habang tinitingnan ko si Nancy sa kanyang patuloy na paglalahad ng masakit na nakaraan sa kanyang pamilya, nakita ko sa kanyang mukha ang mga naglalabang emosiyon. Ang damdaming, “Mahal ko ang aking mga magulang,” ay sumasalungat sa pag-iisip na “Labis akong sinaktan ng aking mga magulang.”

“Akala ko napatawad ko na ang aking ama, pero hindi pa siguro, kasi malinaw ko pang naaalala ang ginawa niya sa akin.”

Sandali akong huminto, pagkatapos ay malumanay na nagsabi kay Nancy, “Sana’y hindi mo kailanman malimutan kung anong ginawa sa iyo ng iyong mga magulang.”

“Anong sinasabi mo? Ministro ka ni Cristo tapos magsasabi ka sa akin ng ganyan? Hindi na naaalala ni Cristo ang ating mga kasalanan kapag ikinumpisal na natin ito. Dapat tayong maging tulad Niya, talikuran ang mga ito at huwag nang alalahanin pa!”

Nalilito si Nancy patungkol sa ilang pangunahing katotohanan sa Biblia. Hindi sinasadyang naihalo niya ang maraming bahagi ng katotohanan sa maraming opinyon ng tao. Tinanggap niya ang kadalasang maling paniniwala—ang kasinungalingang lohika ng “pagpapatawad-at-paglimot” na nagsasabi, “Kung tunay akong nagpatawad, malilimutan ko ang kasalasang nagawa sa akin.” Hindi lang nito ginagawang mahirap magpatawad kundi halos ginagawa niya itong imposible. Ito ang susi ng kanyang problema. Hindi siya makalimot, kaya ipinasiya niyang marahil ay hindi niya pa napapatawad ang kanyang ama. Hindi naunawaan ni Nancy na ang pagpapatawad at paglimot ay dalawang hiwalay na isyu.

Sinabi ko sa kanyang may dalawang dahilan kung bakit gusto ko sanang hindi niya malimutan kailanman ang ginawa sa kanya ng ama. Una, dahil sa paraan ng pagkalikha ng Dios sa ating isipan, halos talagang imposible para sa kanyang lubos na makalimot. Nalalaman kong magpapatuloy ang sakit ng kanyang damdamin hangga’t pinipilit niya ang kanyang sariling gumawa ng isang imposibleng bagay. Ikalawa, mayroong pansamantala at pang-eternal na layunin ang sakit na kanyang nadarama, at isasakatuparan Niya ito para sa ikabubuti ni Nancy at para sa Kanyang kaluwalhatian (Mateo 5:16).

### ANG KAMANGHA-MANGHANG UTAK NG TAO

Sandali kong ipinaliwanag kay Nancy ang ilan sa mga kamangha-manghang bagay patungkol sa ating utak kaugnay ng alaala o memorya. Lahat ng ating alaala ay nakaimbak sa utak sa pamamagitan ng mga *electronic impulses at chemical transference*. Ang mga mensahe ay sabay-sabay ipinadadala sa pamamagitan ng elektronik at kemikal buhat sa isang *nerve* patungo sa kasunod. Ang alaala ay hindi gawaing espirituwal—ito’y gawain ng katawan o bayolohikal. Ang ating utak ay makapag-iimbak ng di bababa sa 600 alaala sa bawat segundo. Kung pagsasama-samahin, ito’y aabot sa isa’t kalahating trilyong impormasyon kung mabubuhay tayo ng 75 taon. Kahanga-hanga ito lalo na kung naiisip kong di ko maalala kung anong kinain ko sa almusal kamakalawa. Ang asawa kong si Linda ay nakakatanda ng malinaw na detalye ng mga nangyari kahit ilang taon na ang nakaraan, pero ako’y halos wala nang maalala sa mga pangyayari.

Dahil ganito ang pagkakalikha sa ating utak, ang mga alaala ng nakaraang sakit ng damdaming ipinadanas kay Nancy ay permanente nang nakatala sa pamamagitan ng elektronik at kemikal na paraan. Ang pagpapatawad ay hindi makasisira sa normal na prosesong pisikal ng katawan na dinisenyo ng Dios. Hindi nagkakaiba ang paggalaw ng utak ng mga Cristiano at di Cristiano. Kung gayon, dapat alalahanin ng mga nagsusulong ng teolohiyang pagpapatawad-at-paglimot na ang alaala o memorya ng tao ay isang normal na pisikal na gawain, at hindi espirituwal na gawain.

Napatawad ko na ang aking sariling amang lasenggo. Iniwan niya kaming tatlong magkakapatid nang kami’y maliliit pa. Gayunpaman mayroon pa ring laging mga nagpapaalala sa akin ng mga mabagyong araw na iyon sa pamamagitan ng mga litrato ng aming pamilya kung saan siyempre wala siya.

Ang kaligtasan ay kumukumberti ng espiritu, hindi ng utak (Juan 3:6). Totoo, maraming pananaw ang nababago sa oras ng kaligtasan, pero hindi ang utak. Kailangan itong baguhin matapos ang kaligtasan (Rom. 12:2)

### **MGA KATANGIAN NG DIOS**

Hiniling ko si Nancy na lumaking nakakarinig ng maraming mga sermon, pagtuturo mula sa Biblia, at aralin sa Sunday school, na sabihin sa akin ang mga katangian ng Dios na natutunan niya. Nakita ko sa ekspresyon ng kanyang mukha ang tanong, “Anong kinalaman nito sa ating pinag-uusapan?” Pero sumagot din siya.

“Ahh, kaya Niya gawin ang anumang bagay.”

“Tama. Kaya tinatawag natin Siyang omnipotente o makapangyarihan sa lahat.”

“Siya ay nasa lahat ng dako.”

“Oo, Siya ay omnipresente o nasa lahat ng dako.”

“Alam din Niya ang lahat ng bagay.”

“Ang galing mo. Anong tawag natin sa katangiang ito?”

“Siya ay omnisiyente.”

“Ngayon, hayaan mong itanong ko ang simpleng katangunang ito. Puwede bang may makalimutan ang isang Dios na omnisiyente?”

“Hindi puwede. Kung mayroon Siyang makalimutan hindi na Niya alam ang lahat ng bagay. Kailangang alam Niya ang lahat ng bagay dahil ito ang Kanyang katangian.”

“Naniniwala ka bang nalilimutan ng omnisiyenteng Dios ang mga maling nagagawa natin?”

“Ahh, oo, kapag ikinumpisal natin ang ating mga kasalanan. Pinatatawad Niya tayo at hindi na Niya inaalala ang mga kasalanan natin. Sinasabi iyan kahit ng Biblia.”

“Sandali lang, Nancy. Isipin mong mabuti. Puwede bang makalimot ang Dios na nakakaalam ng lahat ng bagay? Hahayaan ba ng Kanyang pagiging omnisiyente na makalimutan Niya ang anumang bagay?”

“Hindi ko alam kung paano Niya ito ginagawa pero alam kong kinakalimutan Niya ang ating mga kasalanan dahil iyan ang sinasabi Niya sa Biblia.”

### **PROBLEMA SA MGA TALATA SA BIBLIA**

Humigit kumulang 45 taon nang nakikinig si Nancy sa mga pangangaral at pagtuturo. Alam na alam na niya ang Biblia. Ilan sa mga talatang binanggit niya ay:

Jeremias 31:34: “Hindi ko na gugunitain pa ang kanilang kasalanan.”

Awit 103:12: “Ang silangan at kanluran kung gaano ang distansya gayung-gayon ang pagtingin sa sinumang nagkasala.”

Mikas 7:19: “Muli kang mahahabag sa amin, lilimutin mo ang mga pagkakasala namin at ihahagis sa kalaliman ng dagat.”

Hebreo 10:17: “Hindi ko na aalalahanin pa ang kanilang mga kasalanan at mga kasamaan.”

Isa sa mga mahahalagang paraan ng pagbibigay-kahulugan sa Kasulatan ay ikumpara ito sa iba pang bahagi ng Kasulatan. Kapag nabigo tayong gawin ito, ihahatid tayo nito sa maraming maling interpretasyon at paniniwalang sinsero ngunit sa kasamaang palad ay mali. Ang mga maling paniniwala ang dahilan ng maraming kabigatang emosiyonal dahil inilalapat natin ang Salita ng Dios sa hindi nararapat paglapatan nito.

## SOLUSYONG BIBLIKAL

Karamihan sa mga problemadong paksa sa pananampalatang Cristiano, gaya ng pagpapatawad, ay maiuugnay natin sa kakulangan sa pagkaunawa kung sino ang Dios. Tama ang pagkakasabi ni A. W. Tozer, “Ang tamang konsepto patungkol sa Dios ay pangunahin hindi lamang sa sistematikong teolohiya kundi sa praktikal na pamumuhay Cristiano din...naniniwala akong ang mga pagkakamali sa doktrina o kabiguang ilapat ang tamang pamumuhay Cristiano ay dahil sa di perpekto at mangmang na kaisipan patungkol sa Dios.” (*The Knowledge of the Holy*, p. 2).

Ang dahilan ng isa sa mga problema ay ang kulang na pagkaunawa sa kung ano ang katotohanan tungkol sa mga katangian ng Dios. Ang dahilan ng suliranin ni Nancy ay ang pagiging omnisiyente ng Dios. Naniniwala siyang maaaring makalimot ang Dios. Kailangang maunawaan ni Nancy na hindi na perpekto ang Dios kapag Siya ay nakalimot. Ipapakahulugan nito na kailangang ipaalala sa Dios ang Kanyang mga nakalimutan. Kapantay ng katotohanang hindi maaaring magsinungaling ang Dios (Hebreo 6:18) ay ang reyalidad na hindi maaaring matuto ang Dios.

Nagtanong si Isaias ng mga mapanuring tanong para kumpirmahin ito, “Sino ang makapagsasabi ng dapat gawin ni Yahweh? May makapagtuturo ba o makapagpapayo sa kanya? At sino ang kanyang sinangguni para malaman ang dapat gawin sa alinmang bagay?” (Isaias 40:13-14).

Binanggit ni Apostol Pablo ang mga salita ring ito sa mga mananampalataya sa Roma nang kanyang ideklara, “Napakasagana ng kayamanan ng Dios! Di matarok ang kayamanan, karunungan at kaalaman ng Dios! Hindi malirip ang kanyang mga panukala at pamamaraan! (Roma 11:33).

Para makalimot ang Dios kailangang hindi perpekto ang Kanyang kaalaman. Kung gayon ang Dios na ito ay hindi ang Kataas-taasang Dios, ang May-akda at Manlilikha ng langit at lupa. Nang idiniin ang pagkaunawang ito kay Nancy, buong puso siyang sumang-ayon. Nang ang kanyang kaisipan ay maitugma sa mas malalim na pagkaunawa sa kung ano ang katotohanan patungkol sa Dios, nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanya na nag-alis sa balakid sa pagpapatawad. Paano natin pagtutugmain ang tila mga problemang talata sa Biblia kaugnay ng pagiging omnisiyente ng Dios? Dapat nating tandaan nang ang Dios ay gumagamit ng mga termino ng tao para ipaliwanag o ilarawan ang mga katotohanang makalangit. Ginawa ito ni Jesus kay Nicodemo nang ipaliwanag Niya ang tungkol sa bagong kapanganakan (Juan 3:1-13). Nang bigyang-diin ni Jesus na kailangang ang tao’y ipanganak na muli bago siya makapasok sa kaharian ng Dios, inakala ni Nicodemo na kailangan niyang pumasok na muli sa sinapupunan ng kanyang ina at isilang sa ikalawang pagkakataon. Nilinaw ni Jesus na ang tinutukoy Niya ay ang kapanganakang mula sa itaas sa pamamagitan

ng Banal na Espiritu. Nagpatuloy Siya sa paghahambing ng pangyayaring ito sa hangin. Dahil hindi talaga maunawaan ni Nicodemo, nasabi niya, “Paano pong mangyayari ito?” Hindi pa rin niya maunawaan na gumagamit si Jesus ng mga paglalarawang pangtao para ipaliwanag ang mga katotohanan pang Dios. Iyon lang iyon—*mga paglalarawan*.

“Nancy, nasaan ang silangan at kanluran para sa omnisiyenteng Dios? Ang sabi ni Haring David, ‘Saan ako magpupunta, upang ako’y makatakas? Sa Banal mong Espiritu’y hindi ako makaiwas. Kung langit ang puntahan ko, pihong ikaw’y naroroon. Sa Sheol ay naroon ka kung do’n ako mangangalong’ (Awit 139:8). Walang mapupuntahan si David saanman na ang Dios ay wala roon.”

Nakapagbigay si David ng tamang konsepto ng pagpapatawad sa Lumang Tipan nang sabihin niya, “Mapalad ang taong sa harap ni Yahweh ay di naparatangan” (Awit 32:2). Gayon din inilarawan ni Pablo ang konseptong ito. “Ang tao’y ibinibilang ng Dios na kanyang kaibigan sa pamamagitan ni Cristo” (2 Cor. 5:19).

Ang salitang Hebreo na isinalin sa Ingles na “impute” o sa Tagalog ay “itinuring” at ang salitang Griego na isinaling “ibinilang” ay may magkaparehong ideya. Ang mga ito’y salitang gamit sa pinansiyal na pagtutuos na nangangahulugang “ituring mong sa akin ang pagkakautang.” May pagkakautang, pero ito’y binayaran na; kung gayon wala nang balanseng dapat singilin pa. Ang mga salitang ito’y hindi nangangahulugang hindi nagkaroon ng pagkakautang. Ang sinasabi’y nabayaran na ito sa kabuuan. Pilit na kinumbinsi ni Pablo si Filemon na sa kanya singilin ang anumang pagkakautang ni Onesimo (Filemon 1:18). Hinihiling ni Pablo na payagan siyang bayaran ng buo ang “utang” ni Onesimo.

Ang konseptong ito ay ipinakita sa akin isang kapanahunan ng Pasko. Lumaki ako sa Katimugang California at nakagawian na naming magkaroon ng malaking ihaw-ihaw para sa hapunan sa araw ng Pasko. Dala ang magagandang alaalang ito isang Pasko, nagpasiya ang aking pamilya na mag-ihaw-ihaw nang kami’y nakatira na sa Lunsod ng Kansas. Pinala namin ang nieve sa aming patyo at sinindihan ang ihawang de gas.

Isang buwan makaraan ito pumasok sa bahay ang aming bunsong anak galing sa paglalaro sa labasan at sinabi sa aking natuklasan niyang hindi napatay ang ihawang de gas. Di nagtagal, dumating ang bil ng babayaran ko sa gas!

Ngayon, ipagpalagay nating personal kong dinala ang bil na nagkakahalaga ng \$150 sa kumpanya ng gas. Lumapit ako sa kahera at ipinakita ang aming bil. Tiningnan niya sa kompyuter ang aming bil at saka nagsabi, “Oo nga, Mr. Lynch. Ang bil ninyo ay \$150.” Nang susulatin ko na ang tseke para bayaran ang bil, lumapit ang manedyer. Nakita niyang ang laki ng aming bil. Dumukot siya sa bulsa ng tatlong tig-limampung dolyar, inilagay ito sa mesa, at inutusan ang kaherang ipataw ito sa aking bil. Sumunod ang kahera at lumabas akong gulat na gulat.

Ngayon, halimbawa isang linggo pagkatapos ng pangyayaring ito, nagmamaneho ako at bigla kong naisip na baka napanaginipan ko lang na bayad na ang aming bil sa gas. Mabilis akong nagbalik sa kumpanya ng gas at hiniling sa kaherang tingnan sa kompyuter ang aking listahan. Ginawa niya ito at nagsabi, “Mr. Lynch, nakatala dito na ang bil ninyo noong nakaraang buwan ay \$150 at bayad nang lahat. Mayroon pa ba kayong tanong?”

“Ah, wala,” nahimamasan kong sagot. “Sinisigurado ko lang. Salamat.” Tama bang makadama ako ng kalungkutan at galit dahil dati akong may pagkakautang na \$150, o dapat

akong magsaya na wala na akong pagkakautang at masiyahang may ibang taong nagbayad nito?

Ipagpalagay naman nating sinabi ni kahera, “Natatandaan kita, Mr. Lynch. Sa palagay ko’y hindi tamang binayaran ng aming manedyer ang iyong utang. Dapat bayaran mo rin itong bil ninyo.”

Ano sa palagay mo ang isasagot ko? “Ikinalulungkot kong ganyan ang iyong palagay pero di kailangang bayarang muli ang bil na iyan. Nabayaran na iyan nang buo.” Makikita nating muli ang isyung ito kay Fred.

### **DOBLE BAYAD**

Mayroong madalas na makaligtaan sa konsepto ng pagpapatawad. Maraming sinserong mananampalataya ang hindi nakakakita sa kapakinabangang mula sa mga alaala ng nakaraang pinatawad na kasalanan.

Halimbawa, kung gusto kong malaman kung nabayaran ko na ba ang aming koryente noong nakaraang buwan o hindi pa, titingnan ko lang ang aking mga kanseladong tseke at makukumpirma ko kung bayad na nga. Hindi ako kailanman malulungkot kung makita kong bayad na ang mga nakaraang bil. Kabaligtaran nito, sa tuwing maaalala natin ang kasalananang pinatawad na, madalas tayong nalulungkot, nadidiskurahe, at kung minsan ay muling ikukumpisal ang kasalanan ding iyon. Kung puwede lang sanang bigyan ako ng isang dolyar tuwing maririnig kong magsabi ang isang pinapayuhan, “Alam mo ikinumpisal ko ang kasalananang iyan noong nakaraang taon—isang libong ulit na.” Una, ang pagkukumpisal mo’y sobra ng 999 na ulit. Ikalawa, sa bawat pagkakataong ikinukumpisal muli ang isang kasalanan, sa halip na nakakagaan ay lalo nitong pinatitibay ang maling paniniwala na hindi pinatawad ang kasalananang ito. Ang doble o paulit-ulit na pagkukumpisal ay nagpapalalim sa kasinungalingang hindi tayo pinatawad.

### **DI PATAS NA BATAS SA PAKIKIPAGLABAN**

Mahalagang tandaan na ang pagpapatawad ay hindi kapareho ng paglimot. Kalakip sa paglimot ang tahasang layunin sa iyong puso na hindi na balikang muli ang kasalananang nagawa sa iyo at hindi na ito gamitin laban sa nagkasala. Tulad din ito ng isang negosyante na hindi muling maniningil ng nabayaran nang pagkakautang.

Kadalasan sa isang mainitang pagtatalo, nalalayo sa tunay na isyung pinag-uusapan ang talakayan. Sa halip, isa sa kanila ang huhukay sa nakaraang pagkakamali at gagamitin ito para tirahin ang kausap. Di ito patas na batas sa pakikipaglaban. Bawat mag-asawa ay may sariling batas sa pakikipaglaban, pinag-usapan man nila ito o hindi. Anupaman ito, hindi patas na batas sa pakikipaglaban ang balikan ang nakaraang pagkakamaling pinatawad na at gamitin itong sandata para manalo sa pakikipagtalo, parusahan o manipulahin ang kapwa. Hindi nito ipinamumuhay ang reyalidad ng tunay na pagpapatawad ayon sa pagkadisenyo ng Dios dito. Gayunpaman, sa ating pagpapatuloy mas lalinawin nating detalyado ang ilan sa mga natural na resulta ng kasalanan na hindi maaalis ng pagpapatawad.

Dapat ding tandaan na ang pagpapatawad at pagtitiwala ay dalawang hiwalay na isyu. Ang isang asawang babae ay maaaring magpatawad sa asawang nagtaksil, pero hindi ito nangangahulugang obligado siyang ibalik pagdaka ang kanyang pagtitiwala dito. Iginagawad

ang pagpapatawad; kailangang pagsikapang makamit ang pagtitiwala. Maraming asawang lalaki ang nabibigatang emosiyonal dahil patuloy na nahihirapan ang kanilang asawa dahil sa kanilang pagtataksil. Nadarama nila na ang paghihirap ng asawang babae ay palatandaang hindi pa sila pinatawad at marahil hindi na ito mangyayari kailanman. Hindi, ang pagpapatawad at muling pagbuo ng pagtitiwala ay dalawang magkahiwalay na isyu na dapat harapin sa magkaibang antas. Sa antas ng pag-iisip at bilang pagsunod sa nararapat gawin, maaaring magpatawad ang asawang babae. Subalit sa antas ng emosiyon, maaaring matagalan, kung minsan ay taon ang bibilangin, para maghilom ang kanyang nawasak na puso at mabuong muli ang pagtitiwala.

May mga nasirang pagsasama na nailigtas dahil ang asawang lalaki ay nakaunawa na ang dalawang ito’y magkahiwalay na antas. Natatandaan kong sinabi ko Ken na tandaan ang tatlong bagay kapag nagalit ang kanyang asawa at isinumbat ang kanyang nakaraang “pinatawad” na kataksilan. Una, huwag mong ipaaalala sa kanyang pinatawad ka na niya. Nagagalit siya at hindi ka maaaring makipagtalo sa emosiyon. Ikalawa, huwag mong ipagtatanggol ang nakalipas at ipaaalala sa kanya na malaki na ang iyong ipinagbago buhat nang nagsisi ka. Iyon ay pagdedepensa sa sarili at hindi pakikinig para unawain siya. Ikatlo, malumanay mo siyang pasalamat sa kanyang ipinagkaloob na pagpapatawad at pagbabahagi kung gaano katindi ang sakit na idinulot ng iyong kataksilan. Karamihan sa mga biktima ng kataksilan ay nagsusumamo ng pang-unawang emosiyonal. Ang sinserong pagkilala sa kanyang matinding kasawiang emosiyonal ay malaki ang maitutulong sa pagsasaayos ng relasyon.

### **PINATAWAD NGUNIT DI NAKALIMUTAN**

Nakikita ko sa ekspresiyon ng mukha ni Nancy na hindi siya lubos na kumbinsidong ang pagpapatawad ay hindi kapareho ng paglimot. Tinanong ko siya, “Si apostol Pablo ba ay karapatdapat na pamarisan natin? Hindi ba niya sinabi, ‘Kaya’t isinasamo ko sa iyo, tularan ninyo ang mga halimbawa ko’” (1 Cor. 4:16)?” Tumango siya bilang pagsang-ayon. Pagkatapos ay ipinaliwanag ko sa kanyang ang katotohanang madalas nalalaktawan ng mga sumusulat o nangangaral patungkol sa paksang ito.

### **ANG SAKIT NG DAMDAMIN NI PABLO**

Hindi nalimutan ni Pablo kailanman ang ginawa sa kanya. Labis siyang nasaktan ni Alejandro, ang panday-tanso (Gawa 19:33). Ikinuwento ni Pablo ang sama ng kanyang loob kay Timoteo, “Napakasama ng ginawa sa akin ni Alejandrang panday-tanso. Ang Panginoon ang magpaparusa sa kanya ayon sa kanyang ginawa” (2 Tim. 4:14).

Gayunpaman, pansinin ang ginawang pakikitungo ni Pablo kay Alejandro. Una, naalala niya ang ginawa sa kanya. Pagkatapos naalala niya kung anong “ginawa” niya sa ginawa sa kanya. Naalala niya pareho ang kasalanan sa kanya at kung anong ginawa niya sa kasalanan sa kanya; ano iyon? Pinatawad niya si Alejandro sa pamamagitan ng paglalagak sa kanya kay Cristo.

Naalala ko nang ako’y munting bata pa at bagong labas ang blak and wayt telebisyon. Isa sa mga pinakamadalas ipalabas ay mga pelikula tungkol sa mga koboy. Bawat bidang



koboy ay may dalawang baril, tig-isa sa magkabilang baywang. Di ko malaman kung bakit, pero ang mga kontra bida ay iisa lamang ang baril. Kapag makikipagbarilan na ang bida sa kontra bida, bubunutin niya nang sabay ang dalawang baril na simbilis ng kidlat.

Ipagpalagay natin sa sandaling ito na ang baril sa kaliwang kamay ay kumakatawan sa kasalanan at ang baril sa kanan ay ang kapatawaran ng kasalanang iyon. Sa tuwing bubunutin ang baril sa kanang kamay, ang baril sa kaliwa ay dapat ding bunutin. Mas mabuti kung pagtataliin natin ang dalawang baril para imposibleng bunutin ang isa nang hindi kasama ang isa. Pagsumikapan mo sa iyong puso na tuwing maaalala mo ang nakaraang kasalanan, maaalala mo rin ang kapatawaran tinanggap para sa kasalanang iyon.

May mga nagsasabi sa akin na pinayuhan sila ng iba na huwag isipin ang mga nakaraang sama ng loob o kasalanang ginawa laban sa kanila. Sa halip dapat ituon ang pansin sa hinaharap. Tuwing sasabihan ako nito, itinatanong ko, “Umubra ba ito sa iyo?” “E, parang hindi naman” ang kadalasang kagyat na pag-amin. Matapos patunayan ang kawalang bisa ng payong ito, itinatanong ko, “Alam mo ba kung bakit hindi ito umuubra?” Simple lang ang sagot—kalahati lamang ng proseso ang sinabi sa kanila. Totoong hindi tayo dapat manatili sa nakaraan pero dapat ituon din natin ang ating isipan sa kung anong ginawa natin sa nakaraan ayon sa pananaw na biblikal.

### **ANG KASALANAN NI PABLO**

Hindi nalimutan ni Pablo ang kanyang sariling nakaraang kasalanan bagamat alam niyang pinatawad na ito. Habang inilalarawan niya kay Timoteo kung paanong siya, si Pablo, ay isang halimbawa ng biyaya ng Dios, isinalaysay niya kung paanong dati siyang nagsalita laban sa Dios, taga-usig at marahas na manlalait (1 Tim. 1:13). Ipinahayag pa niya kay Timoteo na naparito sa sanlibutan si Jesus para iligtas ang mga makasalanan, “at ako ang pinakamasama sa lahat” (1 Tim. 1:15). Pangkasalukuyang pandiwa ang ginamit ni Pablo dito na nagsasabing maging sa sandaling ito siya pa rin ang pinakamasama sa lahat ng makasalanan. Tanong? Ginagawa pa ba ni Pablo ang pagtutungyaw, pang-uusig at pag-atake sa mga kapwa Cristiano? Siyempre hindi na! Sa kanyang isipan, naaalala pa rin niya ang kanyang ginawa. Pero inalala din niyang siya’y pinatawad at bakit: “Ngunit kinahabagan ako ng Dios upang sa nangyari sa akin (ang pinakamakasalanan sa lahat) ay ipakita ni Cristo Jesus kung gaano siya katiyaga, at maging halimbawa ito sa mga mananalig sa kanya at pagkakalooban ng buhay na walang hanggan” (1 Tim. 1:16). Matagumpay na nailakip ni Pablo ang kanyang pinatawad na nakaraan sa isang alaalang may layunin na naging basehan ng kanyang pangkasalukuya’t nagpapatuloy na ministryo. Nakita ni Pablo ang kanyang sarili bilang tropeyo ng biyaya na dapat ipakita at tularan, hindi tampulan ng kahihyan na dapat iwasan.

Hindi nalimutan kailanman ni Haring David ang kanyang pangangalunya kasama si Batsaba at ang sumunod na pagpapapatay niya sa asawa nitong si Urias. Pinatawad siya ng Dios nang ipamukha sa kanya ng propetang si Natan ang kanyang kasalanan (2 Sam. 12:13). Pero sa bandang huli ay isinulat pa rin ni David: “Ang pagsalangsang ko ay kinikilala, laging nasa isip ko at alaala” (Awit 51:3). Sa proseso ng muling pagbangon, alam ni David na sa pamamagitan nito, magagawa niyang: “Ang mga paraan mo’y aking ituturo sa mapagsalangsang at (bilang resulta) manunumbalik sa iyong piling ang makasalanan” (Awit 51:13, NPV).

Kung sinunod ni Pablo ang pangkaraniwang payo na kalimutan ang mga kasalanang pinatawad na, hindi sana tayo nakinabang sa isang sa mga pinakamalinaw na kapahayagan ng biyaya. Makikita natin ang tagumpay na ito na nakatungtong sa hayagang pag-amin ni Pablo sa kanyang personal na kawalang-karapatang maging apostol: “Sapagkat ako ang pinakahamak sa mga apostol; ako’y di karapat-dapat tawaging apostol.” Bakit? “Sapagkat inusig ko ang iglesya ng Dios.” Pagkatapos lumitaw ang reyalidad, “Ngunit dahil sa kagandahang-loob niya, ako’y naging apostol, at hindi naman nawalan ng kabuluhan ang kaloob niyang ito sa akin” (1 Cor. 15:9-11).

Ang pasasalamat ni Pablo sa biyaya ng Dios ay katumbas ng mga alaala ng kanyang pinatawad na nakaraan. Ito ang paliwanag kung bakit ang mga naniniwala sa pagpapatawad-at-paglimot ay madalas na may mas mababang pagkilala sa biyaya at higit na binibigyang-bigat ang mga legalistang gawain na nagreresulta sa kayabangan. Inaakala nilang naangkin nila ang kanilang pagiging “makadios”. Malinaw ang puntos ni Jesus sa talinghaga tungkol sa pariseo at maniningil ng buwis na isinalaysay Niya sa mga nagtitiwala sa kanilang sariling katuwiran at nangmamaliit ng kapwa (Lucas 18:9-14).

Hindi lamang isinaayos ng kanyang mga nakaraang alaala ang pananaw patungkol sa pagiging apostol ni Pablo, kundi pati rin ang kanyang kalagayan bilang isang hinirang. Nadama niyang siya ang pinakahamak sa lahat ng mga hinirang subalit sa pamamagitan ng biyaya naipangaral niya sa mga Hentil ang di malirip na pagpapalang nagbubuhay kay Cristo (Efeso 3:8).

Maaari mong sabihin, “Sige payag na ako diyan pero hindi niya ipinaalala sa iba ang kanilang mga nakaraang kasalanan.” Hindi ganon iyon. Nang balaan niya ang iglesya sa Corinto kung sino ang hindi makakapagmana sa kaharian ng Dios, inisa-isa niya ang kanilang mga dating kasalanan: “...nakikiapid, sumasamba sa dius-diosan, nangangalunya, nakikiapid sa kapwa lalaki o kapwa babae, ang mga magnanakaw, masasakim, mapaglasing, mapanglait, o magdaraya...” At, para kalusin ang mga may mas-banal-ako-kaysa-inyong ugali, ipinaalala niya, “Ganyan ang ilan sa inyo noon.” Pero huwag kang huminto dito. Ipagpatuloy mo ang pagbasa: “Subalit kayo’y nilinis na sa inyong mga kasalanan at itinalaga na kayo sa Dios. Kayo’y pinawalang-sala na sa pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo at ng Espiritu ng Dios” (1 Cor. 6:9-10).

Muli, pansinin mo ang pagkakasunud-sunod: naalala niya ang kanilang kasalanan, pero naalaala din niya ang kanilang ginawa sa kanilang kasalanan. Pinatawad ito, ngunit di nalimutan. Pero inalala ito sa konteksto kung anong ginawa dito. Ang mga alaala ay magsisilbing pahiwatig ng proseso ng pagpapatawad—hindi lamang ng pangnagdaang kasalanan, kundi pati na ang panghinaharap.

## **DI NAKALIMOT SI JOSE KAILANMAN**

Si Jose na anak ni Jacob ay madalas na ginagamit bilang tipo ni Cristo sa Lumang Tipan. Siya din naman ay isang mainam na halimbawa ng isang taong nagpatawad ng matinding sakit ng damdaming personal pero hindi kailanman lumimot sa nangyari.

Si Jose ay kinidnap, ibinenta sa mga negosyanteng Ismaelita, at humantong sa pagiging alipin sa Egipto (Gen. 37:28,36). Kalaunan ay nagkaroon ng pakikipagkasundo sa kanyang mga kapatid (Gen. 45:5-8), pero inakala ng kanyang mga kapatid na hindi naghiganti si Jose

dahil nabubuhay pa ang kanilang ama. Nang mamatay ang kanilang ama, nataranta sila. Lumapit sila kay Jose upang hilinging huwag silang papatayin (Gen. 50:15-17)

Bilang tugon, bumigkas si Jose ng dalawang malalalim na pangungusap: “Masama nga ang inyong ginawa sa akin [ang kanilang kasalanan], subalit ipinahintulot iyon ng Dios para sa kabutihan, at dahil doo’y naligtas ang marami [layunin ng Dios]” (Gen. 50:20). Hindi nakalimutan ni Jose kailanman ang masamang ginawa sa kanya ng kaniyang mga kapatid pero pinatawad niya sila at pagkatapos ay tiningnan ang kanilang kasalanan laban sa kanya buhat sa pananaw ng Dios. Hindi niya kailanman binigyang-katuwiran ang kanilang kasalanan pero pinatawad niya ito at nilapatan ito ng bagong kahulugan na natutunan din naman niya buhat sa Dios.

“Oo nga,” sabat ni Nancy, “pero natatandaan kong ginamit din ng aking ama bilang halimbawa si Jose kung paanong tinulungan siya ng Dios para kalimutan ang lahat ng kanyang paghihirap sa tahanan ng kanyang ama” (Gen. 41:51). Hindi sinasadyang naibigay ni Nancy ang isa pang dahilan kung bakit mahirap para sa ilang tao ang magpatawad. Ipinaalala ko kay Nancy ang isang bagay na alam na alam na niya. Ito ay ang paggamit ng talata sa Kasulatan para bigyang-kahulugan ang isa pang talata. Sa kabanata ring iyon kung saan pinangalanan ni Jose ng Manases (na ang ibig sabihin ay “makalimot”) nakatala na nagsimula rin si Jose sa isang napakahirap at napakabigat na gawain.

Sa edad na tatlumpu, sinimulan ni Jose ang kanyang paglilingkod sa harap ng Faraon. Inumpisan niya ang pitong taong programa ng pagsusubi ng pagkain sa pamamagitan ng masinsinang paglilibot sa lupain (tal. 46). Sa loob ng pitong taon personal niyang pinamahalaan ang pagtitipon ng mga pagkaing iiimbak bilang paghahanda sa napipintong ihinulang taggutom. Ang mga imbakan ay dapat ilagay sa bawat lunsod malapit sa mga bukirin (tal. 48). Sobrang dami ang natipong trigo kaya sa bandang huli ay hindi na nila sinusukat ito dahil di na kayang sukatin pa (tal. 49).

Isinilang ni Asenat, asawa ni Jose, si Manases sa ika-anim na taon ng napakabigat na proyektong ito. Sa pagbibigay sa bata ng pangalang Manases sinisikap ni Jose na ipaalala sa kanyang sarili ng nalimutan na niya ang lahat ng kanyang paghihirap sa pamilya (tal. 51). Bagamat sinasabi niyang ang Dios ang nagpalimot sa lahat ng kanyang sama ng loob sa pamilya, ang reyalidad ay hinayaan siya ng Dios na maging napakaabala sa kanyang gawain wala na siyang oras para alalahanin ang pait ng nakaraan.

Nang unang makita ni Jose ang kanyang mga pagkaraan ng labing-apat na tao, sinabi ng Kasulatan, “Naalaala niya ang kanyang mga panaginip tungkol sa kanila” (Gen. 42:9). Dagdag pa rito, makaraan ang tatlong araw, di sinasadyang narinig ni Jose ang pagkilala ng kanyang mga kapatid na ang lahat ng kanilang paghihirap ay dahil ibinenta siya ng mga ito para maging alipin. Tumalikod si Jose at humagulgol ng iyak. Bakit? Matagal niyang kinimkim ang emosiyonal na sakit at ngayon ay bigla itonh naibulalas.

Talaga bang nalimutan ni Jose ang kasalanan ng kanyang mga kapatid laban sa kanya? Hindi. Wala na ba ang sakit ng kanyang damdamin? Malinaw na hindi. Pero ang mahalagang puntos ay nalimutan niya ang mga ito dahil hinayaan siya ng Dios na maging abala.

Ang pagiging abala ay tila drogang pinipili ng maraming mga taong may masaklap na lumipas. Marami ang nagpapakaabala at pinupuno ng maraming gawain ang kanilang sarili para pigilan ang pag-alaala sa mga nakaraang sama ng loob. Tulad ng marami, nagtagumpay

si Jose sa pagkakaila, pagtatago, pagpipigil o pag-iisang tabi sa mga nakaraang sama ng loob sa pamamagitan ng sobrang trabaho. Kung gaano kasigasig ang pagsisikap ng isang taong magpakaabala para maiwasan ang mga masasakit na alaala at ang emosiyong bunga nito, lalong mahirap ang pagpapatawad pagdating ng panahon. Hindi totoo ang sinasabi ng marami na nagpapagaling ng sakit ng loob ang panahon. Ipinagpapaliban lamang nito ang proseso ng pagpapagaling. Wala pang nakapagsabi sa akin na mas madaling magpatawad ngayon kaysa noong mga nakaraang taon kung kalian nangyari ang masaklap na karanasan. Katunayan, natuklasan ko sa aking sarili na mas mahirap magpatawad pagkalipas ng mahabang panahon.

Personal akong naniniwala na ang panahon ng Dios ay laging mas maaga kaysa ating kahandaan. Binibigyan Niya tayo ng kulang sa labindalawang oras—bago lumubog ang araw. Gayunpaman para sa marami, ang mga araw ay nagiging mga taon, at nasa dapit-hapon na sila ng kanilang buhay bago sila makikipagkasundo sa kanilang nakalipas sa pamamagitan ng makadios na kaloob ng pagpapatawad. Sa kasamaang palad, hangga't tumatagal, lalo itong nagiging mahirap, at mas malaki ang tsansang hindi na ito magaganap kailanman.

Hindi kailanman lubusang nalimutan ni Jose ang ginawa ng kanyang mga kapatid. Ang maikling panahon para paghandaan ang taggutom at ang malahiganteng programa ng pag-iimbak ng pagkain ay pansumandaling nagbaling ng kanyang pansin. Pero dumating din ang panahon na kinailangan niyang harapin ito. Ginawa niya ito at ang kanyang buong pamilya ay nagkasundo sa pamamagitan ng pagpapatawaran at pagtingin sa layunin ng Dios sa kabila ng mga masasakit na ginawa laban sa kanya.

Sa puntong ito, naging maliwanag na kay Nancy na malinaw ang sinasabi ng Kasulatan patungkol sa isyu ng pagpapatawad-at-paglimot. Pero mayroon pang isang pag-aalinlangang nananatili sa kanyang isipan: “Sina Pablo at Jose ay nagpatawad pero patuloy pa ring nakakaalala. Lahat ng mga talatang binanggit mo ay tungkol sa mga tao at hindi sa Dios.” Saan sa Biblia nakalagay na ang Dios ay nagpapatawad ngunit di nakakalimot?

## **SI JESUS AT ANG BABAENG MAKASALANAN**

Binuksan ko ang aking Biblia sa Lucas kapitulo 7 at ipinabasa sa kanya ang kasaysayan ni Jesus at ng babaeng makasalanan. Pinagbalikan ni Nancy ang kuwento ng kung paanong ang pinatawad na babaeng ito ay sumalisi sa salu-salong inihanda ni Simon at lumuhod sa paanan ni Jesus. Hinugasan niya ng luha ng pagpapasalamat ang paa ni Jesus at pinahiran ng kanyang buhok. Tahasan kong tinanong si Nancy kung Dios ba si Jesus sa mga sandaling iyon na Siya’y nasa lupa. Mabilis siyang sumagot ng isang tumpak at teolohikal na oo. Pagkatapos itinuon ko ang kanyang pansin sa talatang 47. Sinabi ni Jesus sa nag-imbata sa kanyang Pariseo na si Simon, habang nakatingin sa babaeng makasalanan, “Kaya’t sinasabi ko sa iyo, ang malaking pagmamahal na ipinamalas niya ang nagpapatunay na ipinatawad na ang marami niyang kasalanan.” Magandang pansinin na ang salitang Griyego na isinaling “ipinatawad na” ay nasa pangkasalukuyan. Ibig sabihin nito ang aksiyon (pagpapatawad) ay nangyari sa nakaraan subalit nagpapatuloy ang resulta hanggang sa kasalukuyan at magpapatuloy pa sa hinaharap. Maaaring sa nakaraang panahon, nakita ni Jesus ang babaeng ito at pinatawad ang kanyang imoralidad. Hindi lamang Niya sinabing “ang kanyang mga kasalanan” kundi idinagdag Niya, “marami niyang kasalanan.” Alam niya ang kabuuan ng kanyang karumaldumal na kahapon.

“Ngayon,” muli kong paghahamon kay Nancy, “Dios ba si Jesus?”

“Oo.”

“Pinatawad ba Niya ang babae?”

“Oo.”

“Nalimutan ba Niya ang kanyang ginawa?”

“Hindi.”

Narito ang Dios na nagkatawang-tao, nagpatawad ng mga kasalanan, subalit patuloy na nakakaalala sa mga ito. Hindi Siya nagkaroon ng amnesia at nagtaka kung bakit hinuhugasan ng babaeng ito ng luha at pinupunasan ng buhok ang Kanyang paa. Naalala Niya ang lawak ng kasalanang ipinatawad Niya sa kanya! Katunayan, hindi Niya malilimutan magpakailan pa man, maging sa walang hanggang eternidad, ang ginawa ng babae at pati na rin ang ginawa natin sa Kanya. Mahigit dalawampu’t limang ulit tinukoy si Jesus bilang Kordero sa aklat ng Pahayag. Anong uri ng Kordero? Pinatay na Kordero (Pahayag 5:6-8). Bakit Siya pinatay? Paliwanag ni apostol Juan, “Pinatay ka, at sa pamamagitan ng iyong kamatayan ay tinubos mo para sa Dios ang mga tao, mula sa bawat lipi, wika, bayan, at bansa” (Pahayag 5:9). Mabubuhay si Jesus sa buong eternidad—hindi nagpapatawad at lumilimot—kundi nagpapatawad at pinupuri ng mga pinatawad Niya. At sasamahan natin ang sangkalangitan na magsasabi sa malakas na tinig, “Ang Korderong pinatay ay karapat-dapat na tumanggap ng kapangyarihan, kayamanan, karunungan, at kalakasan, papuri, paggalang at pagdakila” (Pahayag 5:12). Bakit? Dahil hindi Niya malilimutan kailanman ang utang na binayaran Niya para sa atin. Purihin ang Dios!

Sinamantala ni Jesus ang pagkakataon sa harap ni Simon at ng babaeng makasalanan para ibigay ang isa sa pinakamahalagang dahilan kung bakit hindi natin dapat kalimutan kung ano ang ipinatawad sa atin. Malumanay Niyang ipinahayag na ginawa ito ng babae dahil sa kanyang “malaking pagmamahal.” Ang pinatawad niyang nakaraan ang batayan ng kanyang kasalukuyang malaking pagmamahal para sa Panginoon. Bakit? Dahil “ang pinatawad ng kaunti ay kaunti lang ang pagmamahal na ipinamamalas.” O sa ibang salita, ang nakakaalala ng malaking pagpapatawad, ay may malaki ring pagmamahal. Ang pagkaunawa kung paanong ang ating Panginoon ay nagpapatawad ngunit di nakalilimot ang naging susi sa kalayaan ni Laura.

## PINALAYANG INA

Katatapos ng ika-apat na sesyon ng *Single Parents Retreat*. Bawat dumalong ina o ama ay patungo sa magandang ampitiyeter kung saan matatanaw ang malaking lawa na pinupuno ng isang bukal. Ang temperature sa kapaligiran ng North Platte, Nebraska ay bumaba na sa kumportableng lamig ng gabing iyon. Oras na para sa pagbabahagi ng mga papuri’t patotoo.

Bago dinala ng *camp staff* ang mga bata sa ampitiyeter para sumama sa kanilang mga magulang, sinamantala ni Laura ang pagkakataon para ibahagi ang kanyang bagong natuklasang kalayaan ng kalooban. Maraming magulang na ang nakapagpasalamat sa katangi-tanging lugar, pagkain, maayos na programa para sa mga bata, at mga mensahe. Pagdating ng sandaling pahinga, lumapit si Laura sa akin at nagsabi, “Gusto kong magpasalamat sa sinabi mo kanina. Hindi mo lang alam kung anong kaginhawahan ang idinulot nito sa akin.” Nagsimulang pumatak ang kanyang mga luha. “Sa loob ng maraming

taon pinaniwalaan ko ang isang kasinungalingang kumontrol sa aking pag-iisip patungkol sa Dios at sa aking sarili.”

Naalala ni Laura ang payong tinanggap niya buhat sa isang sinserong pastor ng kabataan maraming taon na ang nakalipas: “magpatawad at kalimutan ang lahat.” Ang payong ito sana ang dapat maging susi sa kapayapaan laban sa kanyang mga nakaraang sama ng loob at kagalingan sa anumang di magandang pakiramdam bunga nito. Sa kasamaang palad, naging hadlang ang kanyang pagiging tao. Walang kaginsa-ginsa, nagbabalik sa kanyang isipan ang nakaraan at tila multo sa kasalukuyan. Ipinasiya ni Laura ang dalawang bagay ayon sa lohika: una, hindi siya marahil tunay na pinatawad dahil mayroon pa ring mga nagmumultong alaala, at ikalawa, ito rin ang dahilan kung bakit siya hindi mapapatawad. Ang ikalawang kaisipan ay nagsira ng kanyang paniniwala patungkol sa Dios. Katuwiran niya, “Tuwing maaalala ko ang aking nakaraang kasalanan, naiisip kong maaaring hindi pa ako pinatawad ng Dios. Kung napatawad na Niya ako, bakit di ako makalimot?” Naghuhumiyaw ang mga alaala ni Laura, “Hindi ka pa pinatawad at hindi ka patatawarin ng Dios.”

Pagkatapos ibahagi ni Laura kung ano ang nagpalaya sa kanya. “Chuck, nang sabihin mong hindi nalilimutan ng Dios ang ating mga kasalanan at ang ating utak ay dinisenyo para hindi makalimot, hindi ako makapaniwala. Pero tama ka. Ang omnisiyenteng Dios ay hindi makakalimot pero pinipili Niyang hindi gamitin laban sa atin ang mga pinatawad nang kasalanan. Pagkatapos, nang sabihin mong ang mga nalalabing alaala ay dinisenyo para maging bukal ng pagpupuri, pasasalamat at pagdakila (Lucas 7:47), lalo itong naging malinaw.”

Sa puntos na ito dumating na ang mga bata. Sinulyapan ni Laura ang nagkakagulong mga bata at bumaling na muli sa akin. “Sana maibahagi ko rin ito sa aking mga anak.” At naniniwala akong gagawin niya iyon. Isang nabilanggong ina ang nakalaya. Ang katotohanan ng Salita ng Dios ang nagpalaya sa kanya (Juan 8:31,32).

Para sa akin, ang teolohiyang pagpapatawad at paglimot ay nagpapaliwanag ng dahilan sa patuloy na kalamigan ng mga tulad ni Simon, singtuwid ng palaso sa teolohiya, masugid na sumusunod sa lahat ng batas, pero napakalamig sa pakikipag-kapwa. Maaaring napakarami nilang nalalaman patungkol sa Biblia, pero nalimutan nila kung ano ang ipinatawad sa kanila. Hindi ko ito sinasabi para pintasan sila. Ito’y natural na resulta lamang ng kaisipang magpatawad-at-lumimot.

Naniniwala akong alaala ng nakaraang kapatawaran ang gumanyak kay Isaac Watts para sulatin ang kanyang kilalang imno:

“O anong laking utang ko, bawat araw alaala ko ang biyaya.

Hayaan mong ang iyong habag ang bumigkis sa aking pusong lagalag.

Laging lumalayo, Panginoon, aking nadarama, iniwan ang Dios na iniibig ko.

Kunin mo ang aking puso, o, kunin mo’t ingatan. Ingatan mo sa iyong luklukan sa kaitaas-taasan.”

## **MGA ALAALANG NAGBABALIK**

“Sa palagay ko napatawad ko na nga ang aking ama, kaya lang hindi ko alam kung anong gagawin ko sa mga alaala ng nagbabalik.” Kagagawa pa lamang ni Nancy ng isa sa mga unang hakbang na maghahatid ng kagalingan ng kanyang kalooban—kinilala niya ang kaibahan ng pagpapatawad at paglimot.

Tandaan mong ang pagpapatawad at paglimot ay dalawang magkahiwalay na isyu. Ang proseso ng pagpapatawad at pagharap sa mga alaala ay dalawang nagsasangay na gawain. Kung hindi paghihiwalayin ang dalawa, magiging mas mahirap ang pagpapatawad.

Anong gagawin sa mga alaala? Una, titingnan natin ang mga alaala ng ating mga sariling pagkakasala. Pagkatapos, titingnan natin kung anong maaari nating gawin sa mga masasakit na alaala ng kasalanang ginawa ng iba sa atin.

### ALAALA NG ATING MGA SARILING PAGKAKASALA

Minsang ako’y nagmamaneho sa haywey at tumitingin sa magandang tanawin, biglang sumagi sa aking alaala ang isang nakaraang pinatawad na kasalanan. Simbilis ng pagsagi ng alaala, nadama ko rin ang emosiyon ng sumbat ng budhi at kahihyan. Sa isang sandali bumulusok ako buhat sa pagpupuri tungo sa pagdurusa.

Kadalasan pinaglalaruan tayo ng ating emosiyon sa ating isipan. Kapag nag-isip ka ng malungkot, di magtatagal ay madarama mong nalulungkot ka na. May naringgan ka bang nagsabi: “Habang naiisip ko, lalo akong nagagalit”? Ito ang dahilan kung bakit itinatanong ko sa mga nagpapayo kung ano ang kanilang damdamin—binibigyan ako nito ng ideya kung ano ang kanilang iniisip.

Sinuri ko ang aking sarili kung bakit ako labis na nalungkot nang sumagi sa aking isipan ang nakaraang pinatawad na kasalanan. Malinaw na sinusumbatan pa rin akon ng aking budhi at nahihya ako dahil sa kasalanang iyon. Pagkatapos, tinanong ko ang aking sarili, “Dapat ba akong patuloy na sumbatan ng aking budhi at mahiya dahil dito?” Ang sagot ay “hindi.” Ikinumpisal na ito at ako’y pinatawad na.

Pagdaka, simbilis ng pagsagi nito sa aking alaala, ginawa ko ang tatlong bagay:

1) *Tumawag ako sa Dios.* Buong puso kong isinigaw: “Dios ko!” Pangsumandaling pinigilan nito ang anumang di kanais-nais na alaala dahil isinama ko ang Dios sa proseso.

2) *Pinasalamatan ko ang Dios.* Bukal sa aking kaloobang sinabi ko: “Salamat po, Dios ko, na pinayagan mong maalaala ko ang nakaraan, at salamat po dahil pinatawad Mo na ako at binibigyang-katiyakan na hindi ko na dapat sisihin at ikahiya ang aking sarili.”

3) *Pinuri ko ang Dios.* Sa puntong ito lamang ako nakaawit ng papuri at nakapagpahayag ng aking pagmamahal sa Kanya: “Mahal kita, Panginoon, at itinataas ko ang aking tinig upang sambahin Ka. O aking kaluluwa, matuwa ka.”

Ang pagbulusok sa balon ng desperasyon ay nagwakas sa ruok ng pagpupuri—at pareho itong nagmula sa iisang alaala. Ang alaala ay naging oportunidad para purihin ang Dios sa Kanyang pagpapatawad. Hindi ako inihantong nito sa muling pagkukumpisal at mas malalim na pagdududa at desperasyon kundi sa pagpupuri. Isang bagay ang maalaala ang kasalanan, pero ibang-iba rin ang muling mabuhay dito lalo na kung malayo sa kapatawaran.

May dalawang salamin ang aking kotse. Ang isa ay ang *windshield* at ang isa ay ang *rear view mirror*. Ang *rear view mirror* ay kumakatawan sa aking nakaraan. Sumusulyap

ako dito manaka-naka pero hindi ko maaaring baguhin ang dinaanan ko. Ang *windshield* ang aking pangkasalukuyan at malayong hinaharap. Maaari kong iwasto ang mga mali sa kasalukuyan at paghandaan ang maaaring maging problema sa hinaharap. Kung babaligtarin ko ang silbi ng dalawang salaaming ito, magkakaroon ako ng malaking aksidente. Kung magmamaneho ako habang nakatitig sa *rear view mirror*, alam na natin kung anong mangyayari. Pero kung itutuon ko ang aking pansin sa *windshield*, at susulyap sa *rear view mirror* paminsan-minsan, mananatili ako sa tamang daan at makakarating ng maluwalhati.

“Oo nga, pero paano kung ang nagbabalik na alaala ay inilagay doon ni Satanas?” maaari mong maitanong (Pahayag 12:10). “O paano kung ipaisip ito sa aking ng Espiritu ng Dios?” (Hindi ito mangyayari. Hindi kailanman uusigin ng Espiritu ng Dios ang mananampalataya para sa kasalanang naikumpisal na—tingnan ang Roma 8:33). “O paano kung basta lang ito sumagi sa aking isipan?” Simple lang ang kasagutan. Hindi mahalaga kung saan nanggagaling ang alaala. Pareho pa rin ang gawin mong pagproseso dito at ito’y magwawakas sa pagpupuri sa Dios.

### **MGA KASALANAN LABAN SA ATIN**

Kapag naalala natin ang ating mga nakaraang kasalanan, madalas na nadarama natin ang sumbat ng budhi at hiya. Kapag naalala naman natin ang kasalanan ng iba laban sa atin, ang kadalasang tugon natin ay galit. Kung matututunan nating alalahanin ang prinsipyo ng baril ng “pinatawad na kasalanan” at baril ng “pagpapatawad”, magbabalik sa ating alaala ang ginawa natin sa kasalanang iyon. Maaaring pilitin natin ang ating sarili sa simula para gawin ang dobleng pag-alaalang ito pero kung gagawin natin ito, ang ating katugunan ay maaaring maging kapareho ng ginawa ko sa aking sariling kasalanan:

*Tumawag ka sa Dios.* Ang madiing pagbanggit sa pangalan ng Dios ay sapilitang pipigil sa gumugulong pag-iisip bagamat maaaring ito’y panandalian lamang. Ito’y tulad ng primera sa kambiyada ng sasakyan. Ang primera ay dinisenyo para makaabante ka pero hindi ito ang gagamitin mo sa patuloy na pagmamaneho.

*Pasalamatan mo ang Dios.* Ipahayag mo ang iyong pasasalamat sa Dios sa pagpapahintulot niyang maalala mo ang nakaraang kasalanan sa iyo na kinailangan mong patawarin. Hinahayaan ka nitong pagbalikan ang kagamitang biblikal na inilarawan ni Cristo sa oras ng Kanyang sariling paghihirap at pagdurusa (Lucas 23:34). Gayon din, dadalhin nito ang iyong isipan sa kung anong ginawa mo sa nagkasala sa iyo sa pamamagitan ng paglalagay sa kanya sa “bilanguan ni Jesus,” isang konseptong tatalakayin natin sa susunod na kabanata. Maaari kang magpasalamat sa Kanya na makapagbibigay ka sa iba ng parehong regalo na natanggap mo at sa pamamagitan nito’y maipakita mo sa iba ang karakter ng Dios.

*Purihin mo ang Dios.* Buong katapatan kang magpuri sa Dios para sa regalong pagpapatawad. Purihin mo Siya sa pagpapatawad Niya sa iyo gaya ng pagpapatawad mo rin sa iba (Mateo 6:12), at kung anong gagawin Niya sa pamamagitan ng karanasang ito para sa Kanyang kaluwalhatian. Anong resulta ng mga alaalang ito? PAPURI!

### **WALANG PUWANG SA PUSO**

Habang pinag-iisipan ko ang pinagmulan ng pananaw na pagpapatawad-at-paglimot, napagtanto ko ang isang dahilan kung bakit ito nabuo. Bago natin mapatawad ang isang tao,



ang sakit na kanyang naidulot ay bumabalot sa atin—“10” sa pamantayang 1 hanggang 10. Matapos natin itong mapatawad ang sakit ay maaaring bumaba sa “2” o maaaring “1”. Dahil ang pagpapatawad ay nagbibigay ng kalayaang emosiyonal at kahumpayan, bumubuti ang ating pakiramdam at ang alaala ay labis kung hindi man lubusang nababawasan. Kalakip ng malaking bawas sa sakit ng damdamin, kumukupas din ang alaala. Ang pagkupas na ito ng alaala ay kadalasang ipinagkakamaling kalakip at bahagi ng pagpapatawad. Ang pagpapatawad at paglimot ay karanasan na marami at inaakalang ganito ang nangyayari sa magkabilang panig. Pero hindi ito totoo sa lahat. Ang mga alaala ay maaaring kumupas o hindi. Pero ang presensiya ng alaala ay hindi bahagi ng pagpapatawad. Nawa’y magkatotoo sa ating lahat ang sinabi ni Abraham Lincoln: “Ang kanyang puso ay walang puwang para alalahanin ang mali.”

### **PAGLIMOT SA NAKARAAN**

Dahil ang pagkupas ng alaala ay iniuugnay sa pagpapatawad, humahanap tayo ng talatang magpapatunay sa karanasan ng pagpapatawad-at-paglimot. Kung “totoo” ito, nasa Biblia ito. Oo, may talatang nagpapatunay dito. Ipinaalala ito sa akin ni Sally. “Di ba’t sinabi ni apostol Pablo, ‘Ang ginagawa ko ngayo’y nililimot ang nakaraan at sinisikap na makamtan ang nasa hinaharap’ (Fil. 3:13)? Kung kaya niya ‘yon, kaya ko rin.”

Kadalasan ganito ang ginagawa sa mga talatang nagpapatunay ng isang punto—ang talata ay kinukuha labas sa konteksto para patunayan ang karanasan ng isang tao. Paano ipaliliwanag ang Filipos 3:13 kay Sally? Simple. Sa mga talatang 1-16, ipinaliliwanag ni Pablo ang lahat ng kanyang pinagmulan at mga nagawa sa larangan ng relihiyon at akademiko na ngayon ay itinuturing niyang basura kung ihahambing sa pagkakila sa Panginoong Jesu-Cristo at lahat ng kanyang naangkin dahil sa Kanya (Fil. 3:8). Hindi kasalanan ang kanyang kinakalimutan kundi ang kanyang estado, katanyagan at nagawa, at ngayon ay nakatuon sa layunin sa hinaharap.

### **MOTIBO SA PAGLILINGKOD**

May malaking pagtatalo kung ano ang pinakamataas na motibo sa paglilingkod sa Dios. Maaari ba akong magmungkahi ng isa sa mga pinakamataas, kung di man ito ang pinakamataas? Pagmamahal kay Cristo. Ipinahayag ito ni Pablo sa 2 Corinto 5:14: “Sapagkat ang pag-ibig ni Cristo ang nag-uudyok sa akin...” Ang sakripisyo ni Pablo sa paglilingkod ay hindi base sa sumbat ng budhi dahil sa malaking kasalananang nagawa niya bago siya naligtas. Ito’y bumukal buhat sa kanyang pagmamahal kay Cristo dahil sa kapatawarang kanyang tinanggap. Hindi pinagbayaran ni Pablo sa Dios ang kanyang mga nakaraang kasalanan. Sa halip, namuhay siya sa pag-ibig at pagpapasalamat sa kapatawarang ibinigay ni Cristo sa kanya.

May malaking kaibahan sa paglilingkod sa Dios dahil mayroon kang nais na gawin niya para sa iyo, o may nais kang pagbayaran sa kanya, at paglilingkod sa Kanya bilang pasasalamat sa anumang ginawa Niya para sa iyo (Roma 12:1). Hindi gumawa si Pablo ng anuman para siya maging katanggap-tanggap sa Dios. Sa halip, naglingkod siya dahil tinanggap na siya sa pamamagitan ni Cristo at nais niyang ipahayag ang kanyang pagmamahal at pasasalamat para sa reyalidad na iyon.

## KAHUMPAYAN

Nagsimulang magrelaks si Nancy. Ang bigat ng maling paniniwalang pinasan niya sa loob ng maraming taon ay naalis sa kanyang balikat. Nakita na niya ang kaibahan ng pagpapatawad at mga alaala. Isang mapayapang katiyakan ang pumalit sa kanyang agam-agam nang mapagtanto niya kung anong gagawin niya kapag may mga alaalang nagbabalik. Hindi na mahirap ang pagpapatawad sa kanyang ama.

\* \* \* \* \*

Kaiba kay Nancy, si Fred ay wala kahit sa unang man lamang baiting ng pagpapatawad. Nadarama niyang nararapat magbayad ang kanyang ama sa sakit na idinulot nito sa kanya. Tama si Fred. Mayroong dapat managot sa sakit na iyon.

## *Kabanata 4*

### *"May Dapat Managot!"*

Maalam si Fred sa Biblia. Katunayan, walang isyung teolohikal na hindi niya masusing pinag-aralan. Ang kanyang sariling aklatan ay kaiinggitan ng sinumang nagnanais maging pastor. Matatag ang kanyang komitment kay Jesu-Cristo bilang Panginoon at Tagapagligtas. At ang kanyang pagtulong sa simbahan ay kahanga-hanga.

“Alam kong hindi ako dapat nakakadama ng ganito,” simula ni Fred, “pero di ko mapigilan. Nararamdaman kong hindi ako mahal ng Dios.” Ang kalungkutan sa kanyang mukha ay nagpapatunay sa desperasyon ng kanyang boses.

“Bakit may ganitong pakiramdam ang mga Cristiano? Di ba’t lahat ng basurang ito’y nababago kapag naging Cristiano ang isang tao? Sa palagay ko hindi ito talaga uubra sa mga bobo, tabatsoy, at pangit na taong tulad ko,” pagwawakas niya, sabay bagsak ng tingin sa sahi.

Matapos ang kaunting pagganyak, sinimulan ni Fred ang pagbabahagi ng kanyang makabagbag-damdaming kasaysayan sa piling ng amang lasenggo na ayaw sa kanya at inang laging nagagalit at nagpupuyos. Ibinubulalas niya ito sa pamamagitan ng mapanirang kritisismo.

Ang trato ng kanyang ama kay Fred ay parang di gustong nakababatang kapatid, at hind bilang anak. Hindi siya magpapatalo sa anumang laro, lalo na kay Fred. Paborito niya ang nakababatang kapatid na babae ni Fred at hayagan ang kanyang pagiging malupit kay Fred. Galing siya sa pamilyang lulong sa alak at mapang-abuso at ito rin ang “ipinamuhay” niya sa kanyang pagtanda.

#### **DI MAKAPAGPATAWAD**

Matapos isa-isahin ni Fred ang mahabang listahan ng matitinding sakit ng inayawan, iniwang nag-iisa, inabandona, hindi paborito, at laging ipinahihya, malumanay kong tinalakay ang tugon ni Fred sa mga kasalanan ng kanyang ama. “Talagang labis kang nasakta ng iyong ama.”

“Oo, at hindi pa ako nangangalahati sa sinabi ko sa iyo. Sa palagay ko’y may ideya ka na. Ayoko na sanang pag-usapan pa ang tungkol dito.” Tama ang pangangatuwiran ni Fred. “Kung hindi ko ikinukuwento, hindi ko ito kailangang isipin. Kung hindi ko ito kailangang isipin, hindi ko na ito kailangang maramdaman.” Ang potensiyal ng muling pagbabalik ng nakaraang masasakit na emosiyon ang nagpapahirap sa layunin ng pagpapatawad. Pero kailangang tukuyin ang mga kasalanan bago ito mapatawad.

Ang tugon ko sa pahayag ni Fred: “Ang nakaraan na di naproseso ay laging lalabas at lalabas sa anumang paraan.” Ang paboritong paniniwala ng mga tumutulong sa kapwa ay, “Kung hindi aayusin, ibubulalas pa rin.” At kadalasan ang pagbulalas na ito ay mas masakit para sa gumagawa nito at para sa mga nakapaligid sa kanya.

“Anong ginagawa mo sa lahat ng matitinding sakit at sama ng loob?” tanong ko.

“Tinitiiis ko.”

“Naging epektibo ba ang ginagawa mo sa iyong kabuuang kalusugang espirituwal o mental?”

“Umuubra naman noon.”

“Kaya ba narito ka ngayon sa aking opisina?”

“Oo. Ibig kong sabihin ay hindi. Ahh, umubra ito sa ilang panahon pero ngayon palagi ko nang naaalala ang pang-aabuso niya. Gusto kong mawala ito. Ibig kong sabihi, napakatagal nang nangyari iyon at matagal nang patay ang aking ama. Kailangan kong patuloy na mamuhay.”

"Anu-anong maaari mong gawin sa mga alaala kaugnay ng iyong ama?"

"Alam ko kung saan ka patungo sa tanong mong iyan kaya lilinawin ko na kaagad sa iyo na hindi ko mapapatawad ang aking ama—hindi kailanman! Sinubukan ko na at hindi umubra. Hindi ko siya basta mapapawalan pagkatapos ng lahat ng ginawa niya sa akin."

## "LIBRE NA"

Naniwala si Fred sa isang maling ideya kaya mahirap para sa kanyang magpatawad. Sinsero siya sa paniniwalang kapag pinatawad niya ang kanyang ama, “libre na” ito. Ibig sabihin, hindi na ito parurusahan pa. Ang lohika ng ideyang ito ay waring nagsasabi na ang pagbabayad o paghihiganti ay dapat mauna sa pagpatawad. Ang hindi naunawaan ni Fred ay tama siya. May dapat managot o magbayad sa matitindi’t dumudurog na sakit na kanyang natanggap. Maging ang Biblia ay nagdidiin dito: “... walang kapatawaran ng kasalanan kung walang pagbububo ng dugo” (Heb. 9:22b).

Sa mga nakasulat na tala at/o kuwentong bayan ng halos lahat ng kultura, mayroong batas sa paghihiganti. Ako’y naniniwala na ang paghihiganti ay nasa puso ng bawat tao sapul pagkasilang nito. Pinatay ni Cain si Abel para maghihiganti dahil sa selos. Tinanggap ng Dios ang hain ni Abel pero hindi ang kay Cain. Sinabihan pa siya ng Dios kung anong nararapat niyang gawin para itama ito. Tumanggi si Cain at sa halip ay pinatay niya ang kapatid (Gen. 4:1-8).

Ang prinsipyo ng paghihiganti ay maaaring bahagi ng kapahayagan sa lahat ng tao (Roma 1:19). Ito pa nga ang batayan ng batas ni Moses, “mata sa mata” (Ex. 21:24). Makikita rin natin ito sa pinakamatandang rekord ng batas sa buong mundo—ang Batas ni Hamurabi. Ang nakasulat na batas na ito’y buhat pa noong kapanahunan ng matandang Babilonia at halos apat na libong taong gulang na.

Ang lohika ng tao ay nagsasabing karapatdapat parusahan ang nagkasala sa akin at dapat kong ipataw o makitang naipataw ang parusa bago ako magpatawad. Mayroong dalawang maliliit na problema sa paniniwalang ito. Una, totoong karapatdapat—at kailangang—

parusahan ang nagkasala. Pero kailangang ipaubaya natin sa iba ang responsibilidad ng pagpaparusa sa nagkasala, kaya nga kailangan ng isang matuwid na hukom ang magpatupad ng tunay na hustisya. Walang sinumang 100 porsiyentong walang kinikilingan. Nilinaw ni Pedro na tanging ang Dios lamang ang maaaring humatol ng matuwid at walang pinapaboran (1 Pedro 2:23). Ikalawa, kakaunting kasalanan lamang ang “mababayaran” nang tama at bihira sa mga naagrabyado ang may kapangyarihan o pagkakataong maningil ng kabayaran. Kapag hindi uubra ang bayaran, paghihiganti ang susunod na pinakamabuting paraan.

Gayunpaman, kung wala ang batas na kailangang may magbayad sa mga kasalanan at hayaan na lamang ang nagkasala makalibre, ang kamatayan ni Cristo sa krus ay walang kabuluhan. Hindi maaaring ihiwalay ang hustisya sa paghihiganti. Kung walang krus, walang batayang moral ang pagpapatawad. Bakit? Kailangang may managot.

Nagkaroon si Fred ng maling pangangatuwiran na kung hindi niya patawarin ang kanyang ama, nakakapaghiganti siya rito kahit kaunti lamang. Naniwala si Fred na ang kanyang kapaitan ay makakasakit sa kanyang namatay na ama at makapagbibigay kahumpayan sa kanya. May tatlong problema sa ganitong pangangatuwiran: 1) hindi ito umuubra, 2) hindi ito tama, at 3) sinisira o pinarurusahan nito ang maling tao, halimbawa, si Fred. Sinasaktan ni Fred ang kanyang sarili at ang hindi niya alam, pati ang kanyang pamilya.

Ito ang dahilan kaya nagbigay ng mariing babala ang sumulat ng Hebreo, “Tiyakin ninyong ang lahat ay makatanggap ng biyaya ng Dios, upang walang lumitaw na kapaitang pagmumulan ng kaguluhan at magpapasama sa marami” (Heb. 12:15, NPV).

Ang kapaitan ay tulad ng isang batong ipinukol sa isang tahimik na sapa; pagkatapos ng unang tilamsik, magkakaroon ito ng mumunting alon na gagambala sa buong sapa. Magsisimula ito sa ating sarili, palabas sa ating asawa, pagkatapos sa ating mga anak, kaibigan, at kamanggagawa.

Nakita ito ni Pedro na nagsimula kay Simon. Sinubukan niyang bilhin ang Banal na Espiritu: “Sapagkat nakikita kong inggit na inggit ka at bilanggo ng kasalanan” (Gawa 8:23). Ang salitang Ingles na ginamit sa talatang ito ay *gall* na tumutukoy sa isang masakit na bahagi dahil sa paulit-ulit na pagkuskos. Ang “pagkuskos” na mental o patuloy na pag-alaala sa nakaraang kasalanan laban sa iyo ay nagpapalalim ng sugat at sumisira sa kapayapaan ng kalooban.

### **PERO SINONG MAGBABAYAD?**

. Kadalasan may pagkakaiba ang pagtingin ng mga babae’t lalaki patungkol sa paghihiganti. Kadalasan ayaw ng mga babaeng saktan ng pisikal ang nagkasala sa kanila. Sa halip, gusto nilang maunawaan o madama ng nagkasala kung gaano sila nasaktan. Madalas ipinahahayag ng babae ang kanilang galit sa pamamagitan ng pagsasalita. Ang mga lalaki naman ay gusto ng parusang pisikal. Hindi naiba si Fred dito.

Nakita kong hindi mapalagay si Fred dahil sa aming talakayan tungkol sa pagpapatawad. Nakita ko sa gilid ng aking paningin ang aking mesang yari sa nara at may ideyang pumasok sa isip ko.

“Fred, anong dapat maranasan ng iyong ama bago ka maging handing palayain siya?”

Nagkibit-balikat lamang siya.

Tinanong ko siya, “Ano kaya kung narito ngayon ang iyong ama sa aking opisina at pagtanggaling ko siya ng kanyang damit at padapain sa aking mesa. Pagkatapos kukuha ako ng latigong maraming sanga at may mga pira-pirasong yero’t bubog sa dulo ng bawat sanga. Hahagupitin ko ang kanyang likod. Kung latiguhin ko siya ng limang beses, mapapalaya mo na ba siya?”

“Hindi pa!”

“E kung hagupitin ko siya ng sampung ulit?”

Ang matigas na ekspresyon ni Fred ay nagsabi pa ring, “Hindi.”

Pagkatapos ginanyak ko si Fred na detalyadong ilarawan sa kanyang isipan ang kanyang ama habang tumatanggap ito ng 39 na hagupit (Mateo 27:16). Dagdag pa rito, iminungkahi kong hambalusin ang kanyang mukha hanggang sa halos hindi na ito makilala (Mateo 26:67; 27:30), insultuhin, murahin at isumpa ito (Lucas 22:64-65; 23:35-37; Mateo 27:39).

Inihalukip ni Fred ang kanyang mga kamay na may ekspresyon sa kanyang mukhang nagsasabi, “Alam ko kung anong ginagawa mo.” Pero hindi ako tumigil. Inilarawan kong putungan siya ng koronang tinik (Juan 19:2). Pinaikot ni Fred ang kanyang mata para ipakita ang kanyang pagkainis. Patuloy kong inilarawan ang pagdura sa kanyang mukha (Mateo 26:67); paghiya sa kanya sa harap ng kanyang mga kaibiga’t pamilya (Juan 19:25-26); pagpapako sa kanyang mga kamay at paa (Juan 20:27); at paghiwalay sa kanya sa mga kaibigan (Mateo 27:27).

May kamangha-manghang nangyari. Nagsimulang lumambot ang ekspresyon ni Fred. Nasapol ng Espiritu ng Dios ang target. Bakit kinailangan ang detalyadong paglalarawan ng kamatayan ni Cristo? Anong layunin nito? Simple: para ipaalala sa atin ang tatlong pangunahing katotohanang madalas nating malimutan. Ang una ay kailangang may managot o magbayad sa ating mga sakit at kasalanan (at iyon ay si Cristo). Ang espiritu ng paghihiganti sa bawat kultura sa mundo ay nagdidiin dito. Kitang-kita ang katotohanang ito. Ang ikalawang pangunahing katotohanan ay kitang-kita rin, pero madalas ding nalilimutan at ayaw kilalanin dahil kalakip sa pagtanggap dito ay ang mabigat na responsibilidad—ang responsibilidad na magpatawad. Ang katotohanang iyon ay namatay si Jesus para sa kasalanan ng nanakit sa atin at mga kasalanan rin naman natin! Madalas iniwasan ng mga Cristiano ang masakit na katanungang, “Bakit namatay si Jesus sa krus?” “Para sa ating mga kasalanan,” ang paulit-ulit nating sagot. Kung lalaliman pa natin ang pagsusuri, “Kanino pang kasalanan ang naging dahilan ng kamatayan ni Jesus?” Mas bumabagal ang sagot ng ayaw magpatawad sa tanong na ito. Mahirap kilalaning namatay si Cristo para sa kasalanan ng nakasakit sa atin at ganoon din para sa ating sariling kasalanan. Bakit? Dahil nadarama nating kailangang may managot, at iyon ay ang nagkasala sa atin.

Ang ikatlong katotohanan ay nagpapaalala sa atin na ang brutal na kamatayan ni Cristo sa krus ay nagpapaliwanag kung gaano kahirap para sa Dios na tayo ay patawarin. Napakataas ng halagang kailangan para bayaran ang ating mga kasalanan at tanging ang Dios lamang ang may kakayahang magbayad nito.

## **DOBLE BAYAD**

Natatandaan mo ang ating karanasan sa mataas na bil namin sa gas. Pakiramdam ng kahera hindi nararapat na ang manedyer ang nagbayad ng aking kapabayaan. Ang katanungan sa kanyang isipan ay hindi kung nabayaran ang bil kundi sino ang nararapat magbayad nito. Malinaw ang kanyang katuwiran: Kung ako ang gumamit sa gas, ako ang dapat magbayad. Muli nahaharap tayo sa pansariling kaisipan ng hustisya at paghihiganti. Ang nakagawa ng kasalanan ang dapat managot, hindi sino pa man. Hindi ito nararapat o tama.

Ang ganitong kaisipan ay lumilikha ng dalawang problema. Una, ipinalalagay nito na ang bawat bil ay madaling mababayaran. Halimbawa may isang hindi maingat na nagkamping at hindi pinatay ang apoy ng kanilang pinaglutuan. Kumalat ang apoy at naging malaking sunog sa kagubatan na tumupok sa milyong halaga ng ari-arian. Wala siyang kakayahang pagbayaran ang kanyang pagkakautang kahit daan-daang ulit siyang mabuhay! Hindi lahat ng kasalanan ay mababayaran. Kung saan posible ang pagbabayad, tama lang na ito’y bayaran. Pero nananatili pa rin ang katotohanang hindi posible sa sinumang tao na bayaran ang marami sa atin sa labis na sakit ng damdamin na ating tiniis. Ito ang dahilan kung bakit ang kapatawaran ay hindi kailanman magiging resibo ng buong kabayaran. Ito ay pagpapatawad na talagang hindi karapatdapat (Efeso 2:8-9).

Maging ang Dios ay nagpapatibay dito. Isinasaayos ng sumulat ng Hebreo ang rekord, “Sapagkat ang dugo ng mga toro at ng mga kambing ay hindi makapapawi ng mga kasalanan” (Heb. 10:4). Oo pero paano ang lahat ng mga paghahandog noong Lumang Tipan? Hindi ba nabayaran nang mga iyon ang kasalanan ng mga tao? Ang sagot ay hindi. Ang mga handog na iyon ay pansamantalang nagtakip lamang sa kasalanan hanggang dumating ang ultimong handog, ang Kordero ng Dios. Binayaran Niya ang lahat ng kasalanan—pangnagdaan, pangkasalukuyan at panghinaharap (Juan 1:29). Ang reyalidad, walang sinuman ang makapaglalatap ng tindi ng sakit at paghihiganti na karapatdapat sa isang nagkasala.

Ikalawa, ang pagpupumilit ng kahera na pabayaran sa akin ang bil ay nakakatawa. Ang doble bayad ay hindi hustisya. Maging sistema ng hustisya sa ating bansa ay nagdidiin dito sa pamamagitan ng konsepto ng *double jeopardy*. Ayon sa batas ng ating bansa, ang isang tao’y hindi maaaring dalawang ulit na litisin sa iisang krimen. Ang hindi pagpapatawad sa isang tao dahil hindi siya mismo ang nagbayad ng kanyang kasalanan ay waring nagsasabibing si Jesu-Cristo at ang nagkasala ang dapat magbayad. Ang dobleng bayad ba ay makatarungan?

Malinaw na sinasabi ng Kasulatan na si Jesus ay namatay para sa mga kasalanan ng buong mundo (Juan 3:16)—kasama na ang kasalanan ng mga nanakit sa atin! Ang ginawa ng Dios ay kinuha ang kasalanan ng nakasakit sa atin, at inilipat ang parusa (kabayaran) kay Jesus: “Hindi nagkasala si Cristo, ngunit dahil sa atin, siya’y ibinilang na makasalanan upang makipag-isa tayo sa kanya at mapabanal sa harapan ng Dios sa pamamagitan niya” (2 Cor. 5:21). Binayaran ng Dios ang hindi Niya pagkakautang para sa taong may malaking pagkakautang sa Dios na hindi niya kayang bayaran. Sa totoo lang, binayaran ni Jesus ang halaga ng pagpapatawad (1 Pedro 2:24). Ito ang dahilan kung bakit ang pagpapatawad ay ginagawa sa pagitan ng dalawa—ang Dios at ikaw.

Muli, karamihan sa mga nagkasala ay walang kakayahang bayaran ang lalim ng sakit na kanilang ginawa. At kahit kaya pa nila, ito’y katumbas ng dobleng pagbabayad. Kung magagawa nila ito, kailangang magawa nila ang dalawang bagay bago maging katanggap-

tanggap ang kanilang sakripisyo para mabayaran ang kanilang mga kasalanan: kailangan sila’y perpekto at kailangan silang maging Dios. Siyempre, lahat ng nagkasala ay bagsak sa dalawang pamantayan.

Kumikilos ang Espiritu ng Dios kay Fred. Nalalaman niyang si Cristo ay namatay hindi lamang para sa kanyang kasalanan kundi pati na ang sa kanyang ama. Pero may nararapat pang gawin si Fred sa mga kasalanan ng kanyang ama sa kanya. Napakahirap pa ring magpatawad.

### MAHALAGANG PAGLILIPAT

Sa puntong ito mahalagang linawing muli kay Fred kung kaninong responsibilidad ang paghihiganti. Ayon sa Salita ng Dios, ang hustisya ng Dios ay maaaring may kalakip na paghihiganti. Pero ang tanong ay, “Sino ang inatasan ng Dios para ipatupad ito?” Nilinaw ito ni Pablo sa mga Cristiano sa Roma nang sabihin niya, “Mga minamahal, huwag kayong maghihiganti; ipaubaya ninyo iyon sa Dios. Sapagkat nasusulat, ‘Akin ang pahihiganti, ako ang gaganti, sabi ng Panginoon’” (Roma 12:19).

Ipinahayag ng Dios na Siya mismo ang Kolektor ng Bil. Ang hinihingi lamang Niya’y “ipaubaya” ito sa Kanya o “huwag tayong makialam” upang Siya ang direktang humarap sa taong nagkasala. Ipinakita Niya ito kay Lot sa paggunaw sa Sodom at Gomora (Gen. 19). Hinatulan ng Dios ang kambal na siyudad na ito dahil sa kanyang palala nang palalang imoralidad. Pero hindi Niya pauulanin ang Kanyang hatol hangga’t ang matuwid na si Lot at ang kanyang pamilya ay walang lungun-lingong lilikas sa mga lunsod na hinatulan.

Kadalasan hindi marinig ng nagkasala ang Dios dahil panay ang ating “pagsigaw” sa kanilang tainga dahil sa ating bigong pagsisikap na makapaghiganti. Kaya ginugugol nila ang kanilang lakas sa pagharap sa atin samantalang naisasa isang tabi ang Dios. Pero ang Dios ang ultimong tagapaghiganti (1 Tes. 4:6).

Nang masaktan ni Alejandrang panday tanso si Pablo, hindi niya nakalimutan ang kasalanan nito. Pero natandaan niya kung anong ginawa niya sa nagkasala sa kanya—inilipat niya ito sa Dios para sa kabayaran. “Ang Panginoon ang magpaparusa sa kanya ayon sa kanyang ginawa” (2 Tim. 4:14b). Ang madalas di mapansin sa puntos na ito ay kailangang gawin ni Pablo ang isang mahirap na bagay: kailangan niyang magtiwala sa Dios. Nang ilipat ni Pablo si Alejandro sa Dios, kailangang magtiwala ni Pablo sa Dios na Siya na ang bahala dito.

Pero kapag ang isang tao ay nagagalit dahil sa malalim na sakit ng damdamin, ang pagtiwala ang unang nawawala. Halimbawa, tingnan natin ang mga nanggaling sa wasak na tahanan. Ang mga taong nagmula sa wasak o magulong kapaligiran ay nahihirapan sa di bababa sa tatlong isyu:

1) *Hindi sila makaramdam.* Hindi nila pinapayagan ang kanilang sarili na makaramdam ng anuman, lalo na pagkagalit.

2) *Hindi sila makapagbahagi.* Pakiramdam nila magiging taksil o masama sila (mapapahiya) kung ibabahagi nila ang kanilang nararamdaman.

3) *Hindi sila makapagtiwala.* Wala silang mapagkatiwalaan labas sa kanilang sarili para sila pangalagaan o gumawa ng anuman para sa kanila. At ito ang dahilan kung bakit napakahirap magpatawad.



Bawat isa sa atin ay may pagka abnormal. Nagkakaiba lang tayo sa antas. Malinaw na sinasabi ng Kasulatan, “Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinumang karapatdapat sa pangising ng Dios” (Roma 3:23). Ito’y totoo para sa bawat isa sa atin at sa ating mga relasyon. Kung gayon ang kakayahang magtiwala sa Dios, lalo na kung may kinalaman sa paghihiganti, ay isang hamon maging sa pinakamabait sa atin; kaya napakahirap magpatawad.

Ngayong maunawaan natin ang hirap na ipagkatiwala sa Dios ang paghawak sa nagkasala, paano natin ililipat sa Kanya nang buong pagtitiwala ang nagkasala sa atin? Ang unang hakbang ay suriin ang ating motibo sa paggawa nito. May tatlong antas ng motibasyon. Siyempre, ang pinakamataas ay paggawa ng isang bagay para sa Dios dahil sinabi Niyang ito ang dapat gawin. Kailangang malagong-malago ka na sa pananampalataya para gawin ito. Ikalawa ay ang antas ng paggawa ng isang bagay alang-alang sa iba. Mas maraming nagaganyak dito. Gayun pa man, kung ang isang tao ay puspos ng kapaitan, ang damdaming “wala akong pakialam sa iisipin ng iba” ay madaling pumapawi dito. Ang huling antas ng motibasyon ay may kinalaman sa aking personal na pakinabang o kawalan. Sa antas na ito napako si Fred. Alam kong kailangan kong ilarawan kay Fred kung ano ang kahulugan ng paglilipat at kailangan itong maganap sa antas na ito ng motibasyon. Habang tinitingnan ko si Fred, nakita kong kailangan kong iguhit sa kanyang isipan ang konsepto ng paglilipat sa pamamagitan ng mga salitang maglalarawan.

“Fred,” simula ko, “ipagpalagay nating ikaw ang hepe ng pulisya sa isang maliit na bayan.” (Nakita kong interesado siya dahil paborito niya ang mga pelikula ni John Wayne.) Nagpatuloy ako sa pagguhit ng isang larawan sa pamamagitan ng salita patungkol sa hepe ng pulisya. Ang kanyang opisina ay isang maliit na silid at mayroong maliit na kulungan dito. Ginanyak ko siyang ilarawan sa kanyang isipan na kahuhuli lamang niya sa isang criminal na katatapos lamang litisin at hatulan ng isang hukom. Ngayon kailangan pagdusahan ng criminal ang kanyang sentensiya sa maliit na kulungan ni Fred. Walang ibang kasamang pulis si Fred kaya tanging siya lamang ang responsable para sa pagkain, libangan, personal na kalinisan, at seguridad ng bilanggo. Hindi makaalis si Fred. Kailangan niyang tingnan ang kulungan kada ilang oras. Kung aalis siya ng matagal-tagal, kailangan niyang iposas ang sarili sa bilanggo at isama ito saanman siya pupunta. Hindi sana masyadong abala ito kung ang sentensiya ay dalawang linggo lamang. Pero paano kung ito’y habambuhay?

Ipagpalagay nating nakatanggap si Hepe Fred ng sula mula sa panlalawigang piitan na nagsasabing kayayari lamang ng tatlong palapag na piitan sa kapitolyo at may beynte-kuwatro oras na guwardiyang nakatalaga para magbantay at bahala sila sa lahat ng kailangan ng mga bilanggo. Ang tanging kailangang gawin ay personal na dalhin ang bilanggo at isumite ang kopya ng lahat ng papeles sa paglilitis at hatol ng korte.

“Fred,” marahan kong wika, “mayroon kang pagpipilian. Maaari mong panatilihin nakabilanggo ang iyong ama sa iyong puso at maging responsable para sa kanya, o maaari mo siyang ilipat sa malaking piitan at hayaang doon magdusa ng kanyang sentensiya.

Maaaring ito ang pinakamahirap na pagpiling magagawa ng isang tao sa buhay na ito. Pwede niyang panatilihin nakabilanggo sa kanyang puso ang nagkasala at magdusa ng kapaitan o ibigay kay Jesus ang taong karapatdapat tumanggap ng parusa.

Tahimik si Fred. Alam niyang anuman ang kanyang piliin, nakapiit pa rin ang kanyang ama—sa kanyang piitan o sa “piitan ni Jesus.”

Napakahirap kumalas. Kapag ang iyong buong buhay ay uminog sa pag-iisip sa isang tao, hindi madaling pakawalan ito. Pero lumiwanag ang mukha ni Fred. Nakita ko kung ano ang pasiyang nabuo sa kanyang puso.

Kamangha-mangha. Isang oras lamang ang nakaraan ayaw niyang patawarin ang kanyang ama. Ngayon, gustong-gusto na niya. Bakit? Dahil pinahirapan siya ng paniniwala sa kanyang puso na ang pagpapatawad ay nangangahulugang hindi na parurusahan ang nagkasala. Magiging malayang-malaya na ang may kasalanan. Hindi na siya parurusahan at wala nang paghihiganti. Hindi iyon makatarungan. Pero nang mapagtanto niyang mayroong nagbayad, na ang paghihiganti ay nasa Biblia (kung ang Dios ang gagawa nito), na ang dobleng pagbabayad ay hindi hustisya, na ang kanyang puso ay hindi na kailangang maging bilangguan, lumaya siya.

Oras na para sa isang mahalagang paglilipat. Hiniling ko si Fred na manalanging kasama ko. Pinangunahan ko siya sa isang panalangin—isa-isang pangungusap na panalangin. Hiningi ko sa kanyang ilarawan sa kanyang isip na isinakay niya sa kotse ang kanyang ama, nagmaneho siya patungo sa panlalawigang piitan, at pumarada sa tapat ng gusali kung saan gagawin ang paglilipat. Sinalubong sila ng isang taong nakaputing damit, may balbas, nakasandalyas, at may bakas ng pako sa mga kamay. Hiniling ko sa kanyang ilapit ang kanyang ama kay Jesus, at pagkatapos ay huminto akong pansumandali. Sa puntong ito, hiniling ko kay Fred na sabihin kay Jesus sa kanyang sariling pananalita kung gaano siya nasaktan ng kanyang ama at ngayon ay ipinagkakatiwala na niya ito sa Kanya.

Umagos ang luha. Ang itinagong sakit sa loob ng maraming taong nakaraan ay lumutang ngayon. Pero hindi pa kami tapos. Sinabihan ko siyang ipahayag sa Panginoon na malaya na Niyang magagantihan o mapaparusan ang kanyang ama. Iyon ang madaling parte. Pagkatapos kailangang sabihin ni Fred sa Panginoon na bigyan ng biyaya ang kanyang ama (Efeso 2:8-9); habag (Roma 12:1); patawad (Mateo 6:12); at pagpalain ito kung nais Niya (Lucas 6:28), gaya ng ginawa Niya kay Fred.

Ang pagpapatawad ay naghatid ng kalayaan at pagkahulagpos sa kapaitan. Nagkaroon ng bagong kaisipan si Fred. Sa loob ng maraming taon, inakala niyang ang kanyang ama ang bilanggo at siya ang warden. Napagtanto niya ng araw na iyon na siya pala ang bilanggo ng kanyang sariling kapaitan.

Noong ako’y bata pa, may napanood akong pelikula tungkol sa dalawang guwardiya sa bilangguan. Ang huling eksena sa pelikulang iyon ay nanatili sa akin sa loob ng maraming taon hanggang ngayon. Nakatayo ang dalawang guwardiya sa kanilang puwesto habang tinatanaw ang isang bilanggo na sa wakas ay lumaya na matapos ang mahabang taon ng pagkakulong. Bumaling ang isa sa kasama at nagwika: “Ang mga taong ito’y dumarating at umaalis, pero tayo’y nananatili dito. Iniisip ko, sino ba ang talagang bilanggo?” Ang resulta ng pagpapatawad ay pagpapalaya sa bilanggo, at sa wakas ay mapapagtanto mo, ikaw pala mismo ang tunay na bilanggo.

### **KAILANGAN KONG MAGBAYAD**

Nadama ni Fred na dapat magbayad ang kanyang ama. Pero si Darren na isa ring “bilanggo,” naman ay nadamang dapat siyang magbayad. Si Darren ay isang talamak na adik. Anumang nakakaadik, ginamit niya. Ang kanyang pagka-adik ay lumagpas pa sa paghahanap ng aliw o pagpapamanhid sa kanyang kamalayan. Ang gusto niya’y tuluyang wasakin ang sarili. Ang nais ko sana’y masabi kong natulungan ko siya at ngayon siya’y

nabubuhay na may kahulugan at kapakipakinabang. Sa kasamaang palad, hindi ganito ang nangyari.

Kung paanong ibinabaling ng mga tao ang galit sa kanilang sarili, ganoon din ibinabaling nila ang pagpaparusa sa sarili. Hindi mabali ang kanyang lohika. Ayon sa kanya hindi niya mapatawad ang kanyang sarili sa mga pagpatay na ginawa niya sa Vietnam. Subalit ang tunay na isyu ay ang pagtanggap niyang tingnan at tanggapin ang pagpapatawad ng Dios. Patuloy niyang itinuon ang kanyang isipan sa inaakala niyang kasamaan ng kanyang sariling puso at pinipilit niyang parusahan ang sarili para sa nakaraan. Para sa kanya mabuting nadarama niya ang sakit dahil ito ay tugma sa pinaniniwalaan niyang karampatang parusang nararapat sa kanya. Tama siya kung hindi isasaalang-alang ang sakripisyo ni Cristo sa krus bilang kapalit ng taong makasalan.

Subalit ang pananakit sa sarili ay madalas nakaugat sa kasinungalingang, “Dapat kong pagbayaran ang aking kasalanan.” Ito ay isang malaking panloloko. Kahit mabuhay si Darren ng daan-daang ulit at patuloy niyang saktan ang sarili, hindi ito kailanman magiging sapat para bayaran o tubusin ang kanyang kasalanan. Ang mabuting balita ay binayaran na ito at ang nararapat lamang gawin ni Darren ay tanggapin ang kapatawaran, gaya ng pagpapatawad na iginagawad ng mga gobernador. Pero kung tinatanggihan ni Darren ang kapatawaran, mananatili ang parusa. Kung manatili ito, ang panloloko ay maghahatid sa paniniwalang nararapat lang na wasakin ang sarili dahil sa maling pagbabayad (pagsisikap na bayaran ang sariling kasalanan sa pamamagitan ng sariling pamamaraan). Muli, ang kamalian ni Darren ay dahil sa kanyang bulag na pagkaunawa sa kapatawarang mula sa Dios, hindi sa pag-aakalang kailangan niyang patawarin ang kanyang sarili.

May mga taong kakaiba kay Darren ang paraan ng pagpaparusa sa sarili. Unti-unti nilang pinapatay ang sarili sa pamamagitan ng labis na pag-inom ng alak, paninigarilyo, pagkakaroon ng mga mapanirang relasyon, at maging sobrang pagtatrabaho. Maraming pinapatay ang sarili sa trabaho hindi para may maipangtustos sa kanilang mga pangunahing pangangailangan kundi upang parusahan ang kanilang sarili dahil sa di naprosesong kasalanan at kahihiyan. Bakit? Para sa kanila, mahirap na silang mapatawad. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit pinili ng Dios na iligtas si Saulo. Si Saulo ay lumapastangan sa Dios, taga-usig at marahas laban sa mga Cristiano (1 Tim. 1:13). Ipinaliwanag ni Saulo (na matapos maligtas ay binigyan ng pangalang Pablo) kung bakit siya pinili ng Dios: “Subalit ang kasamaan kong ito mismo ang naging dahilan kung bakit niya ako kinahabagan, upang sa pamamagitan ko na isang pusakal na makasalan ay maipakita ni Cristo Jesus ang walang hanggan niyang pagpapasensiya, bilang halimbawa sa mga sasampalataya sa kanya at magkakamit ng buhay na walang hanggan” (1 Tim. 1:16, NPV). Simple lang ang lohika: Kung napatawad ng Dios si Saulo (Pablo), mapapatawad Niya ang sinuman. Bawat isa sa atin ay “pabulusok” para sa Dios.

Pero ayaw tanggapin ni Darren na ang ginawa ni Cristo sa Kanyang kamatayan ay higit kaysa anumang nagawa ni Darren sa kanyang buhay. Bakit hindi niya ito makita? May dalawang dahilan akong nalalaman. Una, bilang resulta ng kanilang kawalan ng pananampalataya, ginawa sa kanila ng Dios ang ginawa Niya sa mga Judio sa kapanahunan ni Isaias: “Binulag niya (ng Dios) ang kanilang mga mata at pinatigas ang kanilang ulo, upang hindi sila makakita ni makaunawa ang kanilang mga isip o manumbalik sa akin upang sila’y pagalingin ko” (Juan 12:40). Ikalawa, ipinaliwanag ni apostol Pablo kung bakit may talukbong ang ebanghelyo para sa mga hindi sumasampalataya: “. . .sapagkat ang kanilang

isip ay binulag ng dios ng daigdig (si Satanas) na ito ... upang hindi nila makita ang liwanag ng Mabuting Balita tungkol sa kaningningan ni Cristo na siyang larawan ng Dios” (2 Cor. 4:3-4). Sinisikwat ni Satanas ang mga salita ng pag-asa at kalayaan sa puso ng mga nahasikan nito kaya lalong nagiging napakahirap ang pagpapatawad (Lucas 8:12).

Sa kabutihang palad, hindi ganito ang nangyari kay Fred. Nakita niya na ang kahindik-hindik na kamatayan ni Cristo ay labis-labis na kabayaran para sa kasalanan ng kanyang ama. Sapat ito para sa kanya. Sapat din ito para kay Pam.

### **ANG DIOS SA LOBBY**

Karamihan ng kawnseling sa Living Foundation Ministries ay nagaganap sa isa sa mga opisina ng mga manggagawa doon. Subalit si Pam ay kinatagpo ng Dios sa *lobby*. Habang kausap ng isa sa aming manggagawa ang tinedyer na anak ni Pam, naisip niyang magbasa-basa. Natuon ang kanyang mata sa kopya ng manuskrito ng *Hard to Forgive*. Umigting ang kanyang sikmura. Heto na naman. Hahayaan kong siya ang magsalaysay ng kanyang kuwento.

Puno ng napakaraming pagpipilian ang lalagyan ng libro. Naakit ako sa kulay asul na pabalat. Pero inakit ako ng Dios sa pamagat. Hinugot ko ito. Nasumpungan ko na lamang ang aking sariling binabasa ito. Hindi ako nakahanda sa nangyari. Nagbalik ang aking isipan nang ako’y 15-taong gulong, mahiyain at “naghahanap ng pagmamahal.”

Maharot ako. Gusto kong mapansin at mahalín. Mabuay na pala ang pagsasama ng aming pastor at ng kanyang asawa. Nalaman ko lamang ito ilang taon pagkatapos ng nangyari. Binigyan niya ako ng atensiyon at natatanging interes. Hindi nagtagal at nagsimula ang kanyang imoral na pag-abuso sa akin.

Pakiramdam ko’y nasukol ako at labis na nalito. Iba ang naririnig ko sa pulpito at iba rin ang nakikita ko kapag nag-iisa akong kasama ang lalaking “ipinilit” ang kanyang tusong pagmamahal sa akin.

Sinisi ko ang aking sarili. Marahil may napakalaking problema sa akin para maging imoral ang isang pastor sa pamamagitan ko. Magkasama naming niloko ang aking pamilya, ang kanyang pamilya, at ang iglesia.

Sa huli ay natuklasan ang lahat. Walang katapusang pagpupulong para pag-usapan kung “ano-na-ang-gagawin-natin-ngayon” ang dumating at lumipas. Gayon din ang mga taon, pero hindi lumipas ang aking galit, kapaitan, sama ng loob at sakit ng damdamin.

Kalaunan, nagkaasawa ako’t nagkaroon ng sariling mga anak. Ang pagtanggap kong patawarin ang pastor ay lalong nagpatindi sa aking poot. Nadama ito ng aking mga anak. Nadama ito ng aking asawa. Pangkaraniwan na para sa akin ang sobrang reaksiyon sa anumang mangyari. Nabaon ako.

Nasumpungan ko ang aking sariling binabasa ang kasaysayan ni Fred sa kabanata patungkol sa kanyang amang lasinggero. Ayaw siyang patawarin ni Fred dahil kailangan muna niyang pagbayaran ang sakit na walang puso niyang idinulot. Oo! Ito nga! Maraming taon kong nadama na dapat magbayad ang pastor na iyon sa pang-aabusong sekswal sa akin. Hindi ko siya mapapawalan hangga’t hindi siya nagbabayad. Pagkatapos nangyari na nga. Walang kidlat o nakasisilaw na liwanag. Mayroon nang nagbayad—si Jesus.

Alam ko na iyon. Lumaki ako sa simbahan. Pero habang nakaupo ako sa tahimik na *lobby*, itinuon ng Dios ang aking puso sa katotohanang ito. Naging napakaliwanag para sa akin, sa kauna-unahang pagkakataon, na hindi ko responsibilidad na pagbayarin ang pastor na iyon. Sa Dios na gawain iyon (Roma 12:19).

Habang naririnig kong kumikiriring ang telepono ng Living Foundation Ministries, nanalangin ako. Ibinigay ko siya sa Dios. Pinakawalan ko siya. Napakabilis ng pagbabago. Nagawa ko pang hingin sa Dios na pagpalain siya kung nais Niya.

May dalawa pang kahanga-hangang nangyari. Una, nakita kong mayroon Siyang layunin kung bakit Niya pinahintulatang mangyari ito sa akin. Biglang naituon ko ang aking pansin dito. Pero mayroon pang nangyari. Nagsimula kong makita kung sino ang Dios at ang Kanyang layunin sa pagparito.

Ang pagpapatawad para sa akin ang pintuan sa puso mismo ng Dios. Ito ang ministryo ni Jesus dito sa lupa. Ang pagpapatawad ang pinakasentro ng pagiging tulad ni Cristo. Ang mga katotohanang ito ay naroon na noon pa subalit binulag ako ng kapaitan. Waring inilagak ako ng kapaitang ito sa kamay ng mga tagapagpahirap sa loob ng maraming taong nakalipas (Mateo 18:33-35).

Salamat, Fred. Dahil sa iyong kasaysayan, napagdugtong-dugtong ko ang pira-piraso kong buhay. Sinalubong ka ng Dios sa opisina. Sinalubong Niya ako sa *lobby*. Pareho tayong umuwing Malaya para mabuhay na muli.

Binibigyang-liwanag ng paghihirap ni Fred ang isang napakahalagang katotohanan patungkol sa pagpapatawad: ang pagpapatawad ay hindi pag-aalis ng parusa. Ito’y paglilipat sa nagkasala sa Dios sa ating puso at pagpapaalam kalakip ng ating pagpapatibay sa ating pagmamahal sa kanila at paglakad na may kalayaan na ang layunin ay mabuhay sa pag-ibig at kalayaan. Ito ang panahon para tigilan na ang pagkamuhi at magsimulang mabuhay.

\* \* \* \* \*

Pero hindi ito umubra kay Nancy, at may mabuting dahilan para dito.

### ***"Hindi Nila Nauunawaan!"***

Naibsan ang agam-agam ni Nancy dahil nalaman niyang siya'y normal. Nakatulong sa kanya ang pagkaalam na maging ang mga matatagal nang Cristiano ay hindi lubusang nakakalimot sa kanilang nagawa o ginawa sa kanila sa nakaraan. Pero nakabaon pa rin siya. Hindi niya mapawalan ang kanyang amang nag-abusong pisikal at emosiyonal sa kanya.

Naisip ko si Fred. Hindi siya naging malayang pakawalan ang kanyang ama hangga't hindi niya nauunawaan sa bandang huli kung gaanong pagdurusa ang ginawa ni Jesus para pagbayaran ang pang-aabuso ng kanyang ama. Marahil ito rin ang kailangan ni Nancy.

Marahan kong tinanong si Nancy: "Kung narito ang iyong ama at padapain ko siya sa aking mesa para hagupitin ng latigong may bakal at bubog sa bawat dulo ng sanga nito, ilang hagupit ang nais mong ibigay ko sa kanya bago ka maging handang patawarin siya ng lubusan.

Hindi ko napaghandaan ang kanyang sagot. Ginamit ng Dios ang reaksiyon ni Nancy at kanyang hirap sa pagpapatawad para ituro sa aking ang isang napakahalagang leksiyon. Buhat noon ito ang naging susi sa pagbubukas sa bilangguan ng kapaitan para sa maraming kababaihan.

#### **ANG KAIBAHAN NG BABAE SA LALAKI**

Kababaihan? Bakit kababaihan lamang? Hindi ba't ang bawat katotohanan sa Biblia ay pantay para sa babae's lalaki? Wala nang pagkakaiba ang lalaki at ang babae (Gal. 3:28)! Oo, ang Salita ng Dios ay ang katotohanan. Gayunpaman, nilikha ng Dios ang lalaki, at nilikha Niya ang babae (Gen. 1:27). Magkaiba sila sa maraming aspeto. Maaaring makaharap mo ang isa sa mga kaibahang ito kapag pinag-uusapan ang pagpapatawad. Gaya ng nakita na natin sa una, kadalasang ipinahahayag ng lalaki ang kanilang galit sa pamamagitan ng pagiging pisikal, samantalang ang babae ay sa salita. Totoong hindi lahat ay ganito. Pero sa maraming taon ng pagpapayo sa mga pamilya, halos wala akong narinig na babaeng nagsabi na sinuntok niya ang dingding o natanggal niya ang pintuan sa kanilang bahay dahil sa galit.

Nang simulan kong ilarawan ang paghagupit sa likod ng kanyang ama, lumaki ang mga mata ni Nancy at bigla siyang umiyak nang malakas: "Ayokong masaktan ang aking ama." Nalilito siyang nagpatuloy, "Gusto ko siyang saktan, pero ayoko."

Ang ganitong tugon ang nakakalito sa isang kawmselor na lalaki, o maging sa asawang lalaki. Pero kung mauunawaan, ito'y napakalohikal na katugunan. Hayaan mong isalin ko ang sinabi ni Nancy. "Ayokong masaktan ang aking ama, pero gusto kong madama niya

kung anong ginawa niya sa akin. Gusto kong madama niya ang sakit, pero ayokong maranasan niya ang pinagdaanan ko.”

Ang pag-unawa sa katotohanang ito ay nagpabago sa aking pagkakawansel sa mga babae. Madalas ang mga lalaki ay walang pangangailangang maunawaan ang kanilang damdamin pero ito ay malaking pangangailangan para sa mga babae. Isa ito sa mga kaibahan nang tayo ay likhain ng Dios.

### **PAGPAPATAWAD KONTRA PAG-UNAWA**

Kapag nagsasalita ako sa mga komperensiya at ibinabahagi ang pananaw na ito sa magkahalong tagapakinig, nakikita ko kung paano nagniningning ang mga mata ng kababaihan at paano rin kumukunot ang noo ng mga kalalakihan (nagpapakita ng kanilang pagkalito). Mabilis kong ibinabahagi sa mga kalalakihan na madaragdagan ang kalidad ng kanilang relasyon sa kanilang mga asawa kung sisikapin nilang unawain ang damdamin ng mga ito. Bakit? Dahil kadalasan hindi naghahanap ang babae ng detalyadong paliwanag kaugnay ng pagkakamali ng asawa. Ang nais niya ay madama, maunawaan, o kahit na bigyang-pansin man lamang ang sakit na kanyang nadama nang saktan siya ng asawa. Ang pangunahing hinahanap niya’y may makaramay sa kanyang sakit na emosiyonal—hindi paliwanag o pangangatuwiran kaugnay ng kanyang sakit na nadarama. Kung hindi mo siya maunawaan, kilalanin mo man lang ang bigat ng kanyang nararamdaman.

Kamakailan lang ay may kinawnselan akong kaibigang abogado dahil gusto niyang mabuong muli ang kanyang buhay mag-asawa makaraan ang isang pagtataksil. Paulit-ulit niyang sinasabihan ang kanyang asawa sa mga positibong hakbang na ginagawa niya para itama ang mga maling nangyari na nagbunga ng kanyang pagtataksil. Pinigil ko siya at mariing iminungkahi na tigilan ang pagpapaliwanag ng kanyang ginagawa bagkus ay simulan niya ang pakikinig sa damdamin ng asawa. Magagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsasabi sa kanyang sariling pananalita kung ano sa pagkaintindi niya ang nadarama ng asawa. Bibigyan nito ng pagkakataon ang asawa para kumpirmahin o itama ang kanyang damdamin. Pagkatapos bumaling ako sa babae at nagtanong, “Gusto mo ba ng mga dahilan at paliwanag kaugnay ng kanyang ginawa, o gusto mong pagsikapan niyang makibahagi at unawain kung ano ang iyong nararamdaman?” “Gusto kong maintindihan niya ang aking nararamdaman!” ang mabilis niyang sagot.

Ito rin ang gusto ni Nancy buhat sa kanyang amang hindi sensitibo sa kanyang damdamin. Alam ni Nancy na marahil hindi na niya malilimutan ang masasakit na pangyayari sa nakaraan. Pero naghuhumiyaw ang kanyang puso na sana’y sikapin ng amang maintindihan kung ano ang kanyang nadama nang ipadanas nito sa kanya ang pisikal at emosiyonal na sakit ng pang-aabuso.

Bumaling si Nancy sa kasamang kaibigan, “Sinabihan ko si Sheila na kapag namatay ang aking ama at nakatayo na ako sa tabi ng kabaong, gusto kong ipaalala niya sa akin na ngayon, sa kauna-unahang pagkakataon, pagharap ng aking ama sa Dios, mauunawaan niya kung anong ginawa niya sa akin at kung ano ang pakiramdam nito.”

Sa pagkakataong iyon, parang binanat ng Dios ang aking sariling pagkaunawa ng isa pang dahilan kung bakit mahirap magpatawad. Ang lohika ay, “Alam kong dapat akong magpatawad, pero hindi ko ito magagawa hanggang malaman kong nadama din niya ang matinding sakit na tiniis ko.” Ang pinagkasalahan ay nagnanais ng pagkaunawa ng kanyang

sakit na emosiyonal bago siya makapagpatawad mula sa puso. Subalit kailangan ding maunawaang may kaibahan ang pagpapatawad sa nagkasala at pagkaunawa ng nagkasala sa pinagkasalahan. Obligado ang pinagkasalahanang magpatawad hangga't maaari sa lalong madaling panahon. Pero ang maunawaan ng nagkasala ay maaaring tumagal ng mahabang panahon, kung mangyayari man ito (Lucas 23:34).

### **ABUSONG EMOSIYONAL KONTRA ABUSONG PISIKAL**

Marahil ang isa sa pangunahing dahilan kung bakit itinuturing na malaking pangangailangan ang pang-unawang emosiyonal ay masusumpungan sa sagot ng mga tinatanong ko sa mga dumadalo sa mga seminar: “Alin ang mas matindi, ang pisikal o emosiyonal na sakit?” Para sa kababaihan, halos laging nagkakaisa ang sagot—sakit na emosiyonal. Subalit hindi laging ganito para sa kalalakihan. Bakit mas mabagal umamin ang kalalakihan sa sakit na emosiyonal? Simple. Dahil inalis ng ating kultura ang karapatan ng mga lalaking makadama ng emosiyon. May mga kasabihang nagbibigay-diin dito: “Hindi umiiyak ang tunay na lalaki. Bakla lamang ang umiiyak. Magpakalalaki ka.”

Isang pastor na gustong magbigay ng kaaliwang emosiyonal sa isang asawang biktima ng pang-aabuso ang nagsabi, “Mabuti na lang hindi ka niya binubugbog!” Anong ipinakakahulugan ng pastor na ito sa kagustuhan niyang makatulong? Isang maling paniniwala ng kalalakihan na ang emosiyonal na sakit ay hindi kasing tindi ng pisikal, at ang abusing emosiyonal, bagamat hindi katanggap-tanggap, ay hindi malaking bagay.

Subalit ang reyalidad ay naghuhumiyaw na ito’y maling konsepto. Hindi pa dumating ang pagkakataon na ang isang lalaki ay pumunta sa aking opisina dahil personal siyang nagugulukihanan dahil lamang binugbog siya ng kanyang ama noon. Ang pinakamatinding sakit ay ayawan, pulaan, abandonahin, hindi mahalina, hindi bigyan ng pagkilala, at hindi kailanman makaabot sa pamantayan ng ama. Ito ay ang kawalan ng malapit na relasyon o pagiging kaibigan ng ama o paggabay mula sa kanya. Kadalasan hindi ito pang-aabusong pisikal kundi emosiyonal.

### **PAGDAMA SA ATING SAKIT**

Ang mga isyung tulad nito ang sinikap ni Dr. David Stoop na talakayin sa kanyang aklat na *The Angry Man*. Ipinaliwanag niya na ang pangunahing pinagmumulan ng matinding pagkagalit sa mga kalalakihan ay ang paunti nang paunting impluwensiya ng mga ama sa kanilang buhay. At ipinaliliwanag din niya na hindi sila makatagpo ng kapayapaan dahil hindi o ayaw nilang ipakita’t harapin ang kanilang mga damdamin.

Dahil sa ginagawa ng kalalakihan na pagkakaila o pag-iwas sa kanilang damdamin, iniisip nilang dapat ganito rin ang kababaihan. Ang pangangatuwiran, “Kung hindi ko ito nararamdaman, hindi mo rin ito dapat maramdaman.” Kaya ang asawa ay nababaon sa umiikot na tila malaking kawa ng sari-saring emosiyon at hindi niya dapat kilalanin o ipahayag ang mga ito. Dahil dito, hindi matamo ng babae ang kalayaang ipinagkakaloob ni Cristo sa pamamagitan ng pagpapatawad. Kung hindi niya madama, hindi niya matutukoy ang kanyang emosiyon. Kung hindi niya matukoy ang emosiyong nadarama, makatuwiran lamang na hindi niya ito mapatawad.



Nang sulyapan ako ni Nancy, tumingin ako sa sahig. Paano ko sasabihin sa kanya na ang pag-asa niyang sa wakas ay mapagtanto ng ama ang sakit na idinulot niya sa anak ay hindi kumakatawan sa tamang teolohiya mula sa Biblia?

Dahil alam ko na kung ano ang mangyayari, maingat kong ipinahayag na maaaring hindi kailanman—dito sa lupa o sa langit man—lubusang mauunawaan ng ama kung ano ang nagawa niya. Nilinaw ko na sa ngayon walang paghatol sa langit na naghihintay sa kanyang ama (Roma 8:1). Walang inihandang tatlumpu't limang pulgadang tilon sa langit para ipalabas ang lahat ng ginawa ng mananampalataya habang narito siya sa lupa. Ang kanyang ama ay naroon sa pamamagitan ng biyaya (Efeso 2:8-9), hindi dahil sa anumang pagsisikap ng tao (Tito 3:5-6). Ang pagpapagal ng kanyang ama para kay Cristo ay hahatulan, at may posibilidad na mawala ang gantimpala sa paghatol sa mananampalataya (1 Cor. 3:13-15). Pero ang kasalanan at kahihyan ay pinagbayaran nang lahat ni Cristo (Heb. 12:2).

Napahagulgol ng iyak si Nancy. Iginuho ko ang kanyang pag-asang lumaya sa hinaharap sa pamamagitan ng pagkaunawa ng ama ng sakit na kanyang nadama. Abut-abot ang pakiusap niyang sana'y mali ako.

### ANG ATING DAKILANG SASERDOTE

Sa kabutihang palad sa puntong ito, naalala ko ang pinakamahalagang angkin ng Cristianong kawmselor: ang Banal na Espiritu. Pagdaka'y ipinaalala niya sa akin ang isang talata. Noon ko napagtanto ang isang paglalapat ng pamilyat na katotohanan na maaaring maging susi sa pagpapalaya kay Nancy.

Sinabi ko kay Nancy ang inaasahan kong sana'y magandang balita para sa kanya. Hiniling kong ilarawan niya ang Mataas na Saserdote ng mga mananampalataya na si Cristo. Dahil sa mahigit na apatnapung taon ng pakikinig sa di mabilang na mga sermon at aralin sa *Sunday School*, sinimulan niya ang tamang paglalarawan sa ating Mataas na Saserdote. Sabay naming binanggit, "Ang dakilang saserdote nating ito ay nakauunawa sa ating mga kahinaan sapagkat sa lahat ng paraa'y tinukso siyang tulad natin, ngunit hindi nagkasala" (Heb. 4:15).

Ang mas pinalawak na salin ng talatang ito ay: "Ang dakilang saserdote nating ito ay nakauunawa at nakikisimpatiya at kasama natin sa pagdama ng ating mga kahinaan." Ang salitang isinalin ng "nakauunawa" (*sympatheo*) sa talatang ito ay binubuo ng dalawang salita na nangangahulugang "kasama" at "pagdurusa." Dito kinuha ang ating salitang simpatiya.

Mahalaga para kay Nancy na maunawaang nalalaman at kasama niya si Jesus sa anumang damdaming nadarama niya (Heb. 4:15). Personal Niyang binibigyang-pansin at tinutugon ang bawat isa.

Tinanong ko siya kung natatandaan niya ang mga salita ng ating Panginoon kay Saulo na biglang pinigil ng isang nakabubulag na liwanag habang siya'y patungo sa Damasco para hulihin at usigin ang mga Cristiano. Binanggit ko ang talata at sumabay sa pagbigkas si Nancy sa akin. "Saulo, Saulo! Bakit mo Ako inuusig?" Pansinin mo, hindi Niya sinabi, "Bakit mo inuusig ang mga Cristiano?"

Ang tugon ni Saulo, "Sino po kayo, Panginoon?" Ang sagot sa katanungan ni Saulo ay tumugon din sa katanungang emosiyonal ni Nancy: "Ako'y si Jesus, ang iyong inuusig" (Gawa 9:4-5). Nang saktan ni Saulo ang mga Cristiano, nadama ito ni Jesus at Siya'y

tumugon. Nang saktan ng ama si Nancy, nadama ito ni Jesus. Sa maikling pangungusap na ito, ipinaliwanag ni Jesus kung gaano Siya kalapit sa atin sa espirituwal o emosiyonal man na aspeto ng ating buhay. Ang direktang sinasaktan ni Saulo ay si Cristo. May kinalaman dito ang sinabi ng Panginoon kay Ananias na bagamat si Saulo ay gagamitin Niyang instrumento sa pagbabahagi ng Kanyang katotohanan sa mga Hentil at mga hari, ipakikita din Niya kung gaano siya magdurusa alang-alang sa Kanyang pangalan. At maaaring nilagyan ng Dios ng natatanging pananabik ang puso ni Pablo para makibahagi sa Kanyang pagdurusa sapagkat ipinahayag niya sa mga taga-Filipos ang hangaring lubusang makilala si Cristo, maranasan ang kapangyarihan ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli at makihati sa Kanyang mga hirap (Fil. 3:10).

Hindi lamang pagka-akyat Niya sa langit nagsimula ang pakikiisa ng ating Panginoon sa atin. Nang ilarawan Niya ang paghatol sa hinaharap, sinabi Niya na sinumang magpakain sa mga nagugutom, magpainom sa mga nauuhaw, magpadamit sa mga walang maisuot, dumalaw sa mga may sakit, alang-alang sa mga pinakahamak na tao, ito ay sa Kanya ginawa (Mateo 25:35-40). Ang ating Dakilang Saserdote ay patuloy bilang taong nagdanas ng sakit at hirap. Nauunawaan Niya ang pagdadalamhating emosiyonal (Isa. 53:3)—ang sa Kanya at sa atin din naman.

Ang tulad nitong pakikibahagi sa damdamin ng iba ay dapat makita sa katawan ni Cristo: “Kung nasasaktan ang isang bahagi, nasasaktan ang lahat; kung pinararangalan ang isang bahagi, nagagalak ang lahat” (1 Cor. 12:26). Malinaw na naunawaan ni Pablo na maging bawat isa sa atin ay nararapat tumulong sa pagdama at pag-unawa sa sakit na nadarama ng iba. Mariin niyang ginanyak ang mga Cristiano sa Roma na “makigalak sa mga nagagalak. Makitangis sa mga tumatangis” (Roma 12:15). Ang pakikibahaging ito sa damdamin ng iba at pagkilala sa pagdurusa ng isa’t isa ay pandalawahang relasyon. Nakilahok ang Dios sa ating dinaramdam. Ngayon mayroon tayong pribilehiyong makibahagi sa Kanyang sakit. Hindi natin alam na nagagawa natin ito kapag malaya sa kasalanan tayong nagdurusa’t matiyagang nagtitiis. Pinagpapala ito ng Dios (1 Pedro 2:20).

Panghuli, ipinaliwanag ko kay Nancy na ang Banal na Espiritu ang tumutulong sa atin sa ating mga kahinaan at lumuluhog para sa atin (matitinding emosiyon) sa paraang di magagawa ng pananalita (Roma 8:26). Binabasa Niya ang ating mga masasakit na emosiyon at ipinaaabot ang mga ito sa Ama sa paraang hindi natin kailanman magagawa.

Kinailangan ang ilang sandali para makuha ni Nancy ang ibig kong sabihin. Mapait sa kanyang gumuho ang kanyang maling paniniwala na darating ang panahon na mauunawaan ng kanyang ama ang kasalanan sa anak. Nagsimula siyang lumago sa kaalamang hindi niya kailangang harapang mag-isa ang pag-unawa sa sakit ng kanyang damdamin. Naaliw siya sa pagkaalam na si Jesus ay nakakaalam, nakakadama, nakikiisa at nakikibahagi sa kanyang sakit, at maging sa kanyang mga kaibigan, tulad ng ginawang pakikiramay ni Sheila sa kanya.

Tinanong ko kung handa siyang sumama sa akin sa isang simpleng panalangin. Itinungo niya ang kanyang ulo. e understanding of his offenses. She then began to grow in the awareness that she did not have to go through life alone in the emotional understanding of her pain. She was comforted when she realized that Jesus knew, felt, absorbed, and shared with her in her pain, and friends, too, like Sheila, would enter into that pain with her.

I asked her if she would be willing to pray a simple prayer with me. She bowed her head. Hinayaan ko siyang mag-usal ng maikling panalangin:

*Mahal na Amang nasa langit, salamat po sa aming Panginoong Jesu-Cristo. Tinatanggap ko pong sa loob ng maraming taon ay itinuon ko ang aking isipan sa aking ama at sa pangangailangang maunawaan niya ako at ang sakit ng kaloobang idinulot niya. Kinikilala ko po ngayon na maaaring hindi niya ako maunawaan kailanman at maaaring hindi niya madama ang pait na dinanas ko. Pinalalaya ko po siya sa obligasiyong ito at pinatatawad ko siya sa lahat ng sakit na idinulot niya sa akin. Tinatanggap ko ngayon ang Inyong mahabaging pang-unawa. Alam Mo po ang lahat ng ito noon pa man. Patawarin Mo po ako sa maling pinagtuunan ko ng pansin. Nilalayon ko ngayong magkaroon ng kaaliwan sa Inyong pag-unawa sa aking kapaitan at magalak sa katotohanang ito. Salamat po. Amen.*

### **BIHAG NG KAPAITAN**

Ang hindi pagpapatawad hangga't hindi nauunawaan o tinatanggap ng nagkasala ang emosiyonal na sakit na kanilang idinulot ay isang paraan ng paghihiganti. Bakit? Dahil ito'y umaasa na makadama din ng sakit ang nagkasala kahit kaunti para maunawan ang kanyang ginawa. Subalit ang ganitong uri ng paghihiganti ay numanakaw sa iyong kalayaan at hinahayaan nitong patuloy na nasa ilalim ng kontrol ng nagkasala.

Noong panahon ng krisis sa Iran, ipinahayag ni Pangulong Carter na mananatili siya sa loob ng White House hangga't hindi napapawalan ang lahat ng mga bihag. Sinamantala ito ng kalaban. Alam nilang magagawang nilang kontrolin ang Pangulo ng Estados Unidos, ang pinakamakapangyarihang tao sa buong mundo, sa pamamagitan ng mga bihag. Hindi sinasadyang binigyan ni Pangulong Carter ng kapangyarihang kontrolin siya ng mga kaaway. Sa ganito ring paraan, nagpapailalim tayo sa kontrol ng mga nakasakit sa atin kapag hindi natin sila pinalaya. Kinokontrol nila ang ating pag-iisip, emosiyon at desisyon. Pero sa pamamagitan ng pagpapatawad ng kanilang nakaraang kasalanan, nagiging malaya tayo sa kanilang kasalukuyang kontrol kahit hindi nila maunawaan o tanggapin ang kanilang nagawa o ang ating sama ng loob (Lucas 23:34).

\* \* \* \* \*

Pero paano kung hindi ako makatagal na makasama nila kung patawarin ko sila? Ibig sabihin ba ng pagpapatawad ay kailangan kong makipagkaibigan sa kanila? Ito ang magulo sa isipan ni Rochelle at isang susing pananaw ang nagbigay sa kanya ng kalayaang gawin ang tinanggihan niyang gawin sa loob ng maraming taon.

## *Kabanata 6*

### *"Hindi Nga Nila Inaamin ang Ginawa Nila!"*

"*Rochelle*," mariing paalala ng tiyahin, "kailangan mong patawarin ang iyong ama tulad ng pagpapatawad ng Dios, at dapat mo rin siyang dalawin."

Ama. Ang salitang ito'y nagbabalik ng mga alaala ng napakainit na gubat sa Afrika. Sa loob ni *Rochelle*, ang tinig ng isang takut na takot at litong-litong batang paslit ay nagmamakaawa sa kanyang huwag lalapit man lang sa taong ito. "Sasaktan niya akong muli," ang desperado niyang pakiusap.

Sa panglabas, ang gawain ng pagmimisyon ay tila pangkaraniwan lamang. May mga taong nakakakilala kay Jesu-Cristo at ang araw-araw na pagtuturo ay nagbubunga ng malalalim na pagbabago sa buhay ng mga netibo. Ganito ang nangyayari sa araw. Pero sa gabi, ibang-iba ang kuwento. Ang ama ni *Rochelle* ay isang *pedophile*, na nagsasamantala at nagpapasasa sa kanyang sariling anak.

"Dalawin ang aking ama?" tanong niya sa kanyang sarili habang nagbabalik sa kanyang isipan na parang pelikula ang mga gawaing imoral na ipinilit sa kanya. Bagamat may asawa't tatlong anak na, ang bawat alaala ay nagdadala ng takot na mangyaring muli iyon sa kasalukuyan. Pero hindi ito ang pinakamatindi niyang kinatatakutan sa ngayon. Natatakot siya para sa kanyang mga anak na paslit na ang edad ay pareho ng sa kanya nang naganap ang mga nasa kanyang alaala. "Kung ang pagpapatawad sa aking ama ay nangangahulugang ilalagay ko sa panganib ng kanyang pang-aabuso ang aking mga anak, kalimutan mo na lang!"

Nang isiwalat ni *Rochelle* ang kanyang kasaysayan sa akin, ang pangunahing tanong na gumugulo sa kanya ay, "Ang pagpapatawad ba ay nangangahulugang kailangan kong kumilos sa harap ng nagkasala sa akin na parang walang nangyari? Ang pagpapatawad ba'y nangangahulugan ng otomatikong pagbabalik ng relasyon?" Hindi ko lubos na naintindihan ang buong kabigatan ng kanyang tanong hangga't ibinahagi niya ang kanyang karanasan.

Pagbalik nila sa Estados Unidos, kumalat ang balita patungkol sa panghahalay na ginawa ng ama. Sampung taon noon si *Rochelle*. Nilitis ang ama at idineklarang walang kasalanan dahil sa kakulangan ng ebidensiya. Nang kapanahunang iyon, hindi legal na magpatotoo laban sa kanilang mga magulang ang mga bata. Mabuti na lang at dahil sa kasong ito napalitan ang batas.

Sa kanyang pagtanda, sinikap ni *Rochelle* na ipamukha sa ama ang kanyang kasalanan. Para sa kanya, hindi ito kaso ng alaalang pilit na inilibing at pagkatapos ay biglang naalaala—hindi siya kailanman tinantanan ng mga alaalang ito. Bagamat ikinaila ng kanyang ina ang panghahalay sa loob ng labinlimang taon, sinabihan niya ang isang kamag-anak habang

ikinakasal si Rochelle na hindi ito karapat-dapat magsuot ng “puting damit” (sa tradisyong ay simbolo ng kadalisan). Sa huli, makaraan ang maraming taon at batbat ng labis na pagsisisi, umiiyak itong nagsabi kay Rochelle, “Anong magagawa ko? Hindi ko pwedeng iwan ang iyong ama. Paano tayo mabubuhay? Impiyerno ang buhay ko sa piling niya!”

Ang mga tanong ni Rochelle patungkol sa kanyang amang hindi nagsisisi ng kanyang kasalanan ay nagpapakita ng pagkalito ng marami kaugnay ng itinuturo ng Biblia tungkol sa dalawang magkahiwalay na isyu—ang pagpapatawad at pagtitiwala.

## **HANAPIN ANG KAPAYAPAAAN**

Tahasan tayong inuutusan sa Kasulatan na makisamang mabuti sa lahat ng tao (Roma 12:18). Ang kapayapaang ito ay dapat pagsikapang makamit (Heb. 12:14). Kailangang gawin natin ang lahat ng ating makakaya para magkaroon ng mapayapang kaugnayan sa lahat ng tao (Roma 12:18). Subalit ang nakagugulat sa marami ay may mga taong hindi kailanman magkakasundo kahit anong pagsisikap na magpatawad. Halimbawa, ginawa ng Dios ang lahat ng nararapat upang ipagkasundo ang sanlibutan sa Kanyang sarili, pero tinatanggihan pa rin ng mga tao ang probisyon ng kapayapaan sa pamamagitan ng sakripisyo ng Kanyang sariling Anak. Kalooban pa nga ng Dios na walang sinumang mapahamak (2 Pedro 3:9). Subalit ang masaklap na reyalidad ay maraming mamamatay na walang personal na relasyon sa Dios sa pamamagitan ng Kanyang Anak at dahil dito mahihiwalay sila sa Kanya sa walang hanggan (Roma 6:23).

Tulad ng tiyahin ni Rochelle, maraming naakay sa paniniwala na ang pagpapatawad ay hindi kumpleto kung hindi mapanunumbalik ang nasirang relasyon. Totoong kaya, at sana nga ay mangyari, na ang pagpapatawad ay magbunga ng panunumbalik ng relasyon. Ang pagpapatawad at pagpapanunumbalik ng relasyon ay dalawang magkaugnay na bagay subalit magkahiwalay pa ring isyu, tulad din ng pagpapatawad at pagtitiwala.

## **WALANG PAGBABAGO**

May mga relasyong hindi na natin mapanunumbalik, anuman ang ating sabihin o gawin. Maaaring maimpluwensiyahan ang nagkasala ng ating pagpapatawad, pero hindi ito makapagpapabago sa kanya. Ang totoo bawat isa sa atin ay maaaring may alam o pansariling kuwento ng nagkasalang ayaw magsisi pero natunaw dahil umuna ang pinagkasalhang magpatawad. Ako mismo’y makapagpapatunay dito sa aking sariling karanasan sa aking ama.

Tandang-tanda kong minsan ay humarap ako sa aking ama at inamin ang isang kasalananang nagawa ko noong ako’y bata pa. Sa kauna-unahang pagkakataon makalipas ang humigit kumulang dalawampung taon, humagulgol ang aking ama at inamin ang mga masasakit na ginawa niya sa amin dahil siya’y lasinggero. Malaon ko na siyang napatawad pero iyon ang unang pagkakataong kapwa namin inamin ang dati rati’y hindi mapag-usapang mga bagay. Sa kasalukuyan ako ang nag-aalaga sa kanya. Ang nanunumbalik na kaugnayan namin ay hindi mangyayari kung wala ang pagpapatawad na naaayon sa Banal na Kasulatan.

Pero hindi ito pangkaraniwan. Halimbawa, tingnan natin ang pagpapatawad ni Jesus sa mga sundalong Romano nang Siya’y ipako nila sa krus. Bagamat sumigaw siya, “Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa” (Lucas 23:34),

hindi napigil nito ang pagpatay sa Kanya o ang pagsisimula ng kaugnayan sa kanyang mga berdugo. Katunayan, pinagsugalan nila ang Kanyang damit habang ipinagmamakaawa Niya sila sa Kanyang Ama (Mateo 27:35).

Ganito rin ang karanasan ni Esteban. Habang binabalibag siya ng kanyang mga taga-usig ng mga batong dumurog sa kanyang ulo't katawan, sumigaw siya sa Dios, "Panginoon, huwag mo na po silang panagutin sa kasalanang ito." Sa kanyang pagkalugmok at pagkamatay (Gawa 7:60), walang pagbabago, walang pagsisisi, at walang pag-uugnay na muli.

Waring sinang-ayunan ni apostol Pablo ang tila walang kalutasang kalagayang ito nang banggitin niya ang mga pag-uugali't gawaing naglalarawan sa mga tao sa nalalapit na wakas ng kasaysayan ng mundo. Ipinaliwanag niya sa kanyang disipulong si Timoteo na magiging napakahirap sa mga huling araw: "Ang mga tao'y magiging makasarili, gahaman sa salapi, palalo, mayabang, mapang-alipusta, suwail sa magulang, walang utang na loob at lapastangan sa Dios ...." Pagkatapos ipinahayag niya ang, "ayaw makipagkasundo" (2 Tim. 3:1-2). Anong ibig sabihin ng "ayaw makipagkasundo" ("lumabag sa usapang pangkapayapaan")? Ang mga salitang ito sa orihinal ay binubuo ng dalawang bahagi. Ang una ay "wala" at ang ikalawa ay "haing inumin." Ang literal na kahulugan sa orihinal ay "walang haing inumin."

Kapag may dalawang magkalaban na nagsasaayos ng usapang pangkapayapaan para matapos na ang paglalaban, ang bawat panig ay magdadala ng haing inumin bilang palatandaan ng pakikipagkasundo. Kung ang isang panig ay hindi iinom ng haing inumin, ituturing siyang lumabag sa usapan o hindi nakikipagkasundo. Nilinaw ni Pablo na ang pag-uugaling humahadlang sa pakikipagkasundo ay tunay na makikita sa mga huling araw. Gayunpaman, ang pag-iisip patungkol sa "mga huling araw" ay hindi bumabali sa dalawang mahahalagang katotohanan: Una, palaging prayoridad ng Dios ang pakikipagkasundo sa atin (Mateo 5:23-24). Ikalawa, responsibilidad nating gawin ang lahat ng ating makakaya para mangyari ito (2 Cor. 5:18).

## HINDI RESPONSABLE

Napakasimple lang ng pangunahing dahilan kung bakit mahirap makipagkasundong muli ang mga tao. Ang lipunan ngayon ay kinakakakitaan ng matigas na determinasiyong huwag tingnan o tanggapin ang responsibilidad para sa ginagawa ng isa't isa. Ang ating lipunan ay laging nag-aangking "wala akong kasalanan." Walang sinumang responsable para sa anuman o walang gustong kumilala sa kanilang pakikibahagi sa maling gawain—kahit na anong linaw ng ebidensiya. Ang kabalintunaan ng lipunang ito na nagsasabing "wala akong kasalanan" ay ang labis nitong paninisi sa iba para matagumpay na makapagdemanda at kumita nang walang puhunan. Ang Estados Unidos ang may pinakamaraming abogado kung ikukumpara sa alinmang bayan sa mundo.

Ang ugali ng lipunang ito na nagsasabing "wala akong kasalanan" ay hindi na bago. Nang nasa ilalim ng pananakop ng Babilonia ang Israel, sinikap ng Dios na ipakita ang kanilang responsibilidad para sa kanilang pag-uugali at pagbabago. Iginiit nila, "Mali ang daan ng Panginoon." Binalikan sila ng Dios sa pamamagitan ng propetang Ezekiel, "Makinig kayo, mga Israelita: Matuwid ang aking tuntunin, ang pamantayan ninyo ang baluktot" (Ezek. 18:25)

Ang pagsisisihan ay maagang nagsimula sa unang pamilya nina Adan at Eva. Hinarap ng Dios si Adan matapos siyang kumain ng ipinagbabawal na bunga. Mabilis sumagot si Adan para protektahan ang sarili: “Kasi, pinakain po ako ng babing ibinigay ninyo sa akin.” Sa ibang salita, “Kasalanan niya. At mawalang galang na pero kasalanan N’yo rin. Kung hindi Ninyo siya ibinigay sa akin, hindi sana mangyayari ang napakahirap na sitwasyong ito” (Gen. 3:12).

## TINAKPANG LIWANAG

Halos lahat tayo ay nakaranas nang mangapa sa madilim na kuwarto at masudsod ang daliri sa paa sa isang di nakitang bagay na nakaharang. Ang pangangapa sa dilim ay hindi lamang nagbubunga ng sakit na pisikal. Ang kadiliman dahil sa pagkakaila ay maaari ding magbigay ng sakit na mental at emosiyonal—kung hindi man sa ating sarili, sa ibang tao rin.

Tinanong ko si Rochelle kung maaari niyang basahin ang unang kabanata ng Unang Juan. Pagdating niya sa talatang lima, pinagdahan-dahan ko siya sa pagbabasa. Malinaw ang kanyang boses, bagamat bakas ang pagdududa: “At ipinahahayag namin sa inyo: ang Dios ay ilaw, at walang anumang kadiliman sa kanya.” Kahit nalilito, nagpatuloy siya: “Kung sinasabi nating tayo’y kaisa niya, ngunit namumuhay naman sa kadiliman, nagsisinungaling tayo at hindi namumuhay sa katotohanan.”

Sa puntong ito, mahalagang maunawaan ni Rochelle ang mapagpalayang katotohanan patungkol sa pakikiisa at pakikisama, lalo na sa mga nagkasala sa atin. Una sa lahat, ang binibigyang-diin ng Unang Juan ay kung paano itatatag ang basehan ng pakikisama sa Dios at sa isa’t isa. Hindi ito tungkol sa kaligtasan.

Sumunod dito, mahalagang maunawaang ang Dios ay tumatahan sa liwanag na binibigyang buhay ng katotohanan at reyalidad. Kaya kung hindi tayo nabubuhay sa katotohanan at reyalidad, namumuhay tayo sa kadiliman. Ang kadilimang ito ay “kasinungalingan” o pagkakaila ng katotohanan.

Ginuhitan gitna ang isang papel mula sa itaas hanggang sa ibaba. Sa isang panig ay isinulat ko ang salitang “liwanag” at sa kabila ay “kadiliman.” Gumuhit ako ng isang babae na kumakatawan sa kanya na nakatayo sa panig ng liwanag—sa reyalidad at katotohanan. Pagkatapos gumuhit ako ng isang lalaki sa panig ng pagkakaila—sa kadiliman.

Tandaan mo, hindi pumunta si Rochelle sa akin para maalaala ang panghahalay na ginawa sa kanya—ang mga alaalang ito ay nanatiling kasama-sama niya. Maging pagkalipas ng maraming taon makaraan ang paglilitis sa korte, ayaw pa ring aminin ng ama ang kasalanan nito. Hanggang sa araw na ito, ayaw pa rin niyang kilalanin ang ginawa niya sa anak.

Pagkatapos ipinabasa ko sa kanya ang talatang pito: “Ngunit kung namumuhay tayo sa liwanag, kung paanong siya’y nasa liwanag, tayo’y nagkakaisa at nililinis ng dugo ni Jesus na kanyang Anak sa lahat ng ating kasalanan.”

“Ano ang basehan ng isang relasyon?” tanong ko sa kanya. Unti-unting napapawi ang bakas ng kabigatan sa kanyang mukha. Ang sagot niya, “Katotohanan. Reyalidad.”

“Kasalanan ba ng Dios kung wala tayong pakikisama sa Kanya dahil namumuhay tayo sa kadiliman, pagkakaila, o kawalang reyalidad?” Dumating kami sa pinupunto ng katanungan: “Obligado ka bang makiisa sa isang taong namumuhay sa kasinungalingan,

lumalakad sa kadiliman, at ayaw umamin o tumanggap ng responsibilidad sa kanyang mga ginagawa?”

Sa buong dalawampu't limang taon ng kanyang buhay, walang sinumang tumulong sa kanya para makita ang mahalagang kaibahan ng basehan ng pagpapatawad at basehan ng pakikisama. Kapag ang isang nagkasala ay tumanggap aminin o kilalanin ang kanyang kasalanan, siya'y naiiwan sa kadiliman. Dahil dito ang kanyang pakikisama at pagiging malapit sa kanyang pinagkasalahan ay labis na mapipigilan, kapamilya man o sa mag-asawa man. Malinaw itong ipinahayagni apostol Pablo sa isang katanungang alam na natin ang kasagutan: “Maaari bang magsama ang katuwiran at ang kalikuan? O kaya'y ang liwanag at kadiliman?” (2 Cor. 6:14).

Tinatakpan ng pagkakaila ang liwanag. Ito ay pandaraya sa sarili at dinesenyo para protektahan ang ating sarili dahil sa kapalaluan o para pangalagaan ang sarili sa higit pang sakit na emosiyonal. Ang sabi ni apostol Juan, “Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, dinadaya natin ang ating sarili, at wala sa atin ang katotohanan” (1 Juan 1:8). Ang layunin ni Juan sa pag-atake sa pagkakaila ay hindi para hiyain o hatulan ang nagkasala kundi para makapagtatag ng basehan ng pakikisama sa ating relasyon sa kapwa. Kasunod nito ang malinaw na proseso ng pagtatama sa mali, “Kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaasahan nating ipatatawad sa atin ng ‘Dios ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya'y matuwid” (1 Juan 1:9).

Tinanong ko si Rochelle kung ano ang mahalagang salita sa talatang iyon. Nangingkit ang kanyang mata, umatras ng kaunti, at umikot ang paningin pataas: “Hindi niya ito gagawin kailanman! Hindi kailanman ipahahayag o kikilalanin ng aking ama ang kanyang kasalanan sa akin!”

## PAGSANG-AYON SA DIOS

Bilang isang masigasig na ebanghelista nang ako'y nag-aaral pa sa paaralan ng Biblia, ginamit ko ang Unang Juan 1:9 para mag-akay ng mga tao sa isang personal na relasyon kay Cristo. Ipinababasa ko sa isang hindi mananampalataya ang talatang ito at sasabihin ko sa kanyang kung kikilalanin niya ang kanyang kasalanan sa Dios, siya ay patatawarin at ililigtas. Naniniwala akong angkop pa ring gamitin ang talatang ito sa personal na ebanghelismo. Gayunpaman, ang talatang ito ay hindi para sa mga hindi mananampalataya itinutuon ng Dios kundi para sa mga Cristiano, gaya ng makikita natin sa talatang tatlo, “... upang makasama namin kayo sa pakikiisa sa Ama” (1 Juan 1:3).

Mahalaga ang pangunahing kahulugan ng salitang *ipinahahayag*. Una, hindi ito nangangahulugang ipinahahayag natin ang ating kasalanan sa Dios para ipaalam sa Kanya ang isang bagay na hindi Niya alam. Omnisiyente Siya. Hindi kailangang turuan o bigyan ng impormasyon ang Dios. Wala Siyang kailangang matutuhan. Nalalaman Niya ang lahat ng bagay magpakailanman. Ang pangunahing layunin ay para aminin natin sa Kanya sa pamamagitan ng berbal na pagsasabi ng ating ginawa o inugaling hindi tama at sumang-ayon tayo sa Kanyang dati nang nalalaman na ito ay kasalanan. Ang susing salita dito ay *sumang-ayon*. Ang pagpapahayag ng kasalanan ay pagkilala at *pagsang-ayon* sa Dios na mali ang ating ginawa—na ito ay kasalanan.



Tinanong ko si Rochelle kung ano ang kanyang sasabihin kung mahuli niya ang isa sa kanyang mga anak na lalaki na kumukupit ng kendi habang nakapila sa bayaran ng isang tindahan.

“Billy, ano ‘yang nasa bulsa mo?”

“Wala po.”

“Anong inilagay mo sa iyong bulsa? Dukutin mo ang laman ng iyong bulsa! Paano napunta ang kendi riyang?”

“Hindi ko po alam.”

“Anak, nakita kong inilagay mo ‘yan diyan ngayon lang.”

Tungo ang kanyang ulo. Nahuli siya.

Maaaring ang isang nakakapanood nito ay magtanong kung bakit masusi pa niyang tinanong ang anak tulad ng ginawa niya. Bakit mo pa ginawa iyon e alam mo na naman kung anong ginawa niya? Ang sagot sa tanong na iyan ang puso ng pagpapahayag ng kasalanan. Gusto ng inang aminin ng anak ang nakita niyang ginawa nito, ipahayag at kilalaning mali ang kanyang ginawa. Ang layunin ng pagpapahayag ng kasalanan ay makita ang kasalanan gaya ng pagtingin ng Dios dito—hindi para makipagtawaran o maliitin ito, kundi kilalaning ito ay nangyari at ito’y mali. Kapag ginawa natin ito, ang Dios ay magpapatawad dahil Siya ay makatarungan at matapat. Mababalik tayong muli sa isang bukas, malaya at lumalagong kaugnayan sa Kanya. Hindi tayo itinatakwil sa pamilya dahil sa kasalanan pero ito ay nagpapababa o humahadlang sa pakikisama at pagiging malapit sa Dios (Efeso 4:30).

Ang mga ito’y rebolusyonaryo para kay Rochelle. Tumanggi siyang patawarin ang ama dahil sa takot na kakailanganin niyang makisama dito at sa gayo’y ilagay sa panganib ang mga batang anak sa kahayukan ng ama. Ang pagpapatawad ay hindi kailanman basehan ng patuloy na pagkunsinte sa kasalanan (1 Juan 3:9).

## MALAYANG PUMILI

Tuwiran ang tanong ni Rochelle. “Sinasabi mo bang puwede kong hindi dalawin ang aking ama?” Dinadala tayo nito sa isang punong lubos na nakapagpapalaya. Dahil sa mga pangyayaring labas na sa iyong kontrol, maaaring masumpungan mo ang iyong sarili sa presensiya ng isang pinatawad mo na subalit nagpapatuloy sa pandaraya sa sarili sa pamamagitan ng pagkakaila ng kanyang kasalanan. Maaaring kailanganin mong makisalamuha sa isang di nagsisising makasalanan, pero hindi ka obligadong makisama sa kanya kung magpapatuloy siyang mamuhay sa kasinungalingan. Malaya kang makisalamuha sa kanya. Maraming gumagawa nito. Subalit mahalagang malaman mo na hindi ka obligadong gawin ito. Bahala kang pumili.

Paano ito ilalapat sa itinuro ni Jesus sa Sermon sa Bundok sa Mateo 5:23-24? “Kaya’t kung naghahandog ka sa Dios, at maalaala mo na may sama ng loob sa iyo ang kapatid mo, iwan mo muna ang iyong handog sa harap ng dambana at *makipagkasundo* ka sa kanya. Saka ka magbalik at maghandog sa Dios.”

Ang susing salita ay “makipagkasundo.” Ito ang natatanging halimbawa ng salitang ito sa Bagong Tipan (ang salitang Griyego ay *diállasso*). Ito ay utos at matinding mungkahi na tayo ang dapat umuna sa pakikipagkasundo. Gayunpaman, ang pandiwang ito ay nagpapakita

ng kagustuhan ng magkabilang panig na wakasan ang problema sa kanilang relasyon (*dia*, “sa pagitan ng dalawang panig”). Ang salitang ito ay hindi kailanman ginagamit kaugnay ng pagkakasundo ng Dios at tao. Walang ideya ng “pasensiyahan na lang” kapag relasyon ng Dios at tao ang pinag-uusapan. Walang anumang itinatago ang Dios. Hindi ito pinahihintulutan ng Kanyang pagiging banal. Pero sa relasyong tao sa tao, ang bawat isa’y maaaring gumawa ng mga kondisyong katanggap-tanggap sa magkabilang panig para mapanumbalik ang relasyon. Bagamat iniutos ng Dios ang pagkakasundo, kailangan pa ring ito’y sang-ayunan ng magkabilang panig, hindi ng iisa lamang. Ito ang dahilan kung bakit sinabi ni apostol Pablo, “*Hangga’t maaari*, makisama kayong mabuti sa lahat ng tao” (Roma 12:18). Ang mga salitang “*hangga’t maaari*” ay nagpapahiwatig na maaaring kahit sa kabila ng iyong pagsisikap na makipagkasundo, ayaw makiisa ng kabilang panig, hindi magaganap ang rekonsilyasyon.

Hindi natin intensiyong talakayin dito ang lahat ng maaaring mangyari kaugnay ng paghihiwalay sa Biblia (basahin ang 1 Cor. 5:9-13 at 2 Cor. 6:14). Gayunpaman, mahalagang maunawaan natin na ang mananampalataya ay may pagpipilian at ang pagpapatawad at pakikisama ay dalawang hiwalay na isyu.

### **PAGPAPATAWAD AT BUNGA NG KASALANAN**

Ang pagbabantulot ni Rochelle na patawarin ang ama ay naipagkakamali din sa isa pang isyu. Ibinahagi ko sa kanya ang kuwento ni Becky.

Nang matuklasan ni Becky na malubhang minimaltrato ng kanyang kapatid at bayaw ang kanilang mga anak, hindi niya malaman kung ano ang nararapat gawin. Paulit-ulit na pinagtatakan ng kapatid ni Becky ang pang-aabuso sa pamamagitan ng pagbibigay ng maraming dahilan kaugnay ng mga pasa ng mga bata. Ipinagtanggol din ng kanilang mga magulang ang nangyayari at sinabihan si Becky na huwag makialam. Nang dumulog si Becky para ibahagi sa akin ang gumugulo sa kanya, nakita kong nalilito siya sa dalawang isyu. Pinatawad niya ang kapatid at bayaw sa kanilang pananakit. Pero paano ang nagpapatuloy na pang-aabuso ng mga ito? Hindi ba ang pagpapatawad ay nangangahulugang pagpapalaya sa nagkasala buhat sa praktikal at legal na kabayaran ng kanilang ginawa? Kung ipatawag siya para magpatotoo sa korte matapos isinumbong ang mga nagkasala sa otoridad, dapatba siyang tumestigo laban sa kanila samantalang napatawad na niya sila? Kung may pumatay sa iyong mahal sa buhay, dapat mo ba siyang patawarin? Oo! Pwede mo bang alisin ang kabayaran ng kanilang ginawa? Hindi! Nilabag nila ang batas ng bayan, at ang sistema ng katarungan ang mga responsibilidad na usigin sila ayon sa batas na nalabag (Roma 13).

Nang aminin ni Haring David ang kanyang mga kasalanan ng pakikiapid at pagpatay, pinatawad siya ng Dios at pinakitaan ng kahabagan sa halip na patayin dahil sa kanyang kasalanan. Tiniyak ni propetang Natan na pinatawad ang kanyang kasalanan (2 Sam. 12:13). Pero sinabi pa rin niya ang magiging kabayaran ng kanyang kasalanan: laging may mamamatay sa patalim sa kanyang sambahayan (12:10) at ang magiging anak niya sa pakikiapid ang mamamatay” (12:14).

Ang kapatawaran at kabayaran ng kasalanan ay magkahiwalay na isyu. Hindi kailanman nararapat ang personal na paghihiganti (Roma 12:18). Gayunpaman, hindi ka rin obligadong pangalagaan ang nagkasala laban sa kabayaran ng kanyang kasalanan. Ilang magulang na ang huli na nang mapagtantong mas mabuting hinayaan ang suwail na anak magpalipas ng ilang

gabi sa bilangguan sa halip na kaagad-agad itong piyansahan para maulit lamang ang maling gawain?

### **PROTEKSIYON AT KAPATAWARAN**

Ang buod ng gumugulo sa kalooban ni Rochelle ay ang pagpapatawad at ang kanyang pusong ina na walang nais kundi protektahan ang kanyang sariling mga anak. Malaki ang kaibahan ng pangkaraniwang pagsama-sama ng pamilya kaysa pagpayag na makasama ng mga bata ang kanilang lolo nang walang ibang nakabantay. Ang pagpapalaya sa nagkasala ay hindi nangangahulugang hindi ka na responsableng pangalagaan ang iyong sarili at ang iyong pamilya sa higit pang kapahamakan. Muli, ang pagpapatawad ay hindi nangangahulugang patuloy kang magpapagamit sa paggawa ng kasalanan ng kapwa.

May matibay na batayan ang kinatatakutan ni Rochelle. Dahil hindi pa nagsisi ang ama sa panghahalay sa sariling anak at hindi nakatanggap ng nararapat na kawnseling, tama ang kanyang konklusiyon na wala pang naganap na pagbabago sa ama. Ang talaan ng aking mga kawnseling ay puno ng mga relihiyosong lolo na nag-abuso sa kanilang mga paslit na apo. Ang pagtanda ay hindi nagpapabanal sa taong makalaman. Sa ibang salita, kung pagsamantalahan ng kapitbahay ang aking anak, dapat ko ba siyang patawarin? Oo! Pero kailangan ko bang papuntahin ang aking anak sa kanilang bahay para patunayang pinatawad ko siya? Siyempre hindi! Bakit? Sapagkat ang kapatawaran at kabayaran ng kasalanan at maging ang pagtitiwala ay magkakahiwalay na isyu. Maaari ba akong tumestigo laban sa kanya? Oo! Para makapaghiganti? Hindi! Para sa katarungan? Oo! (Roma 13:4).

Nagsimula ang problema ni Linda makaraan ang dalawampung taon. Nalaman ng kanyang anak na lalaki ang ginawa ng lolo sa kanyang ina. Hindi nilason ng kapaitan ni Linda ang isipan ng anak laban sa kanyang ama. Nang pumasok sa kolehiyo ang anak, nagsabi itong gusto niyang magkaroon ng pakikipag-ugnay sa lolo. Pakiramdam ni Linda ay ipinagkanulo siya. Hindi kailanman inamin ng ama ang panghahalay sa anak. Pero inamin ito ng kanyang ina. Ngayon gusto ng kanyang anak na makasama ang lolo. Hindi na proteksiyon ang isyu. Kaya nang pangalagaan ng anak ang sarili. Ang kinailangan kong linawin kay Linda ay ang katotohanan na ang panghahalay ay isyu nila ng kanyang ama— hindi ng kanyang anak na ngayon ay malaki na. Kailangang hayaan niyang harapin ng anak ang lolo sa kanyang sariling pamamaraan. Ito ay mas isyu ng responsibilidad kaysa katapatan. Ngayon ang kanyang anak ang may responsibilidad kung paano haharapin ang lolo bilang lalaking nasa edad na. Hindi proteksiyon ang isyu.

Halos ganito bagamat kaiba pa rin naman kapag ang isang bata ay gustong makasama ang hiwalay nang ina o ama. Kadalasan ang mga anak ay pinamimili samantalang hindi naman sila ang tunay na isyu. Ang asawang hindi nagkasala at kadalasan ay siyang may kustodiya sa mga anak ay may mga sama ng loob na hindi nakikita ng mga anak. Hindi nila nauunawaan o natatanggap ang pait ng paghihiwalay sa kanilang ina. Pero ang matalinong magulang ay lilikha ng nararapat na paggalang ng mga anak sa magulang na nahiwalay sa kabila ng mapait na sitwasyon ng paghihiwalay.

### **KAPATAWARAN AT TIWALA**

Ang huling isyu na kailangang maunawaan ni Rochelle, gaya ng nabanggit na, ay ang kapatawaran at pagtitiwala ay dalawang magkahiwalay na isyu. Inuutusan tayo ng Dios na patawarin ang nagkasala bago lumubog ang araw (Efeso 4:26), at magpatawad ng maraming ulit sa isang araw (Lucas 17:4). Gayunpaman, kailangang pagsikapang makamit muli ang pagtitiwala matapos mapatawad ang nagkasala. Ang kapatawaran ay iginagawad kaagad pero ang pagtitiwala ay kailangang itatag na muli sa loob ng ilang panahon. Ang kapatawaran ay ibinibigay, ang pagtitiwala ay pinagsisikapang makamit.

Kadalasan, kung tunay na taimtim ang pagsisisi ng nagkasala, mas mabilis naibabalik ang pagtitiwala ng pinagkasalahan. Siyempre may mga magmumukhang nagsisisi at nalulungkot sa kanilang nagawang kasalanan. Pero sa paglipas ng panahon ang reyalidad ng pagsisisi at bunga nito ay magbubukas na muli sa espiritu na muling magmahal bunga ng kalayaan ng pagpatawad.

Umiling-iling si Rochelle. “Isipin mo,” nagmumuning sabi niya, “hindi kailangan pero dinala ko ang sakit na ito sa mahabang panahon. Akala ko napakahirap magpatawad.” Tinanong ko kung papayag siyang manguna ako sa isang panalangin ng pagpatawad at pagpapalaya sa kanyang ama. Tumango siya. Umagos ang kanyang luha at nagsimula ang kanyang kalayaan. Ayaw aminin ng ama ni Rochelle ang kanyang kasalanan, pero ang lolo ni Amber ay hindi makagawa nito dahil patay na siya.

## **PINATAWAD KAHIT PATAY NA**

Galit si Amber sa mga lalaki. Nakipaghiwalay na siya sa asawa tatlong linggo bago siya nakipagkita sa akin. Napakahirap para sa kanyang magkaroon ng mabuting relasyon, lalo na sa mga lalaki.

Nang siya ay nasa ikatlong taon sa hayskul mayroon siyang hindi mapigilang galit. Nabuntis siya bago matapos ng hayskul at huminto sa pag-aaral. Pagkatapos nawasak ang kanyang mundo—namatay ang kanyang lolo nang siya ay labing-anim na taong gulang. Kinamuhian niya ang Dios dahil dito.

Hindi lumaon at ibinahagi niya sa akin, na tulad ni Rochelle, siya’y pinagsamantalahan din ng kanyang lolo nang siya’y bata pa. Ang lolo niya ang kanyang pinakamalapit na kaibigan. Marami siyang magagandang alaala sa piling nito. Pero naroon ang madilim na bahagi ng kanilang relasyon.

Maingat kong dinala ang usapan sa paksa ng pagpatawad. Ang sabi niya hindi niya magagawa ito dahil patay na ang lolo. Paano mo patatawarin ang patay na? Anong kabutihang magagawa nito?

Una, ipinaliwanag ko tulad ng ginawa ko kay Fred, na ang pangunahing nakikinabang sa pagpatawad ay tayo mismo. Ikalawa, hindi limitado ng oras ang Dios. Walang nakaraan, kasalukuyan o hinaharap sa Kanya. Ang oras ay nilikha para sa mga taong nilikha Niya. Kaya para sa Dios, ang mga pangyayari ay laging pangkasalukuyan. Ang kanyang mga alaala at emosiyon ay kasing sariwa ng ngayon tulad din noong mahigit labing-walong taon na ang nakakalipas. Totoo, hindi na maaamin ng lolo ang kanyang kasalanan, pero maaari natin itong ilagak sa Dios at Siya na ang bahala dito.

Nagawa ni Amber na ilagak ang kanyang lolo sa piitin ni Jesus. Ang listahan ng mga kasalanan nito sa kanya ay sobra sa isang dosena. Pagkatapos hiniling ko sa kanyang

gumawa ng isang espesyal na proyekto. Susulat siya kay lolo at bibigyan niya ito ng regalo ng pagpapatawad. Pumayag siya! Hindi ako nakapaghandang emosiyonal sa narinig ko nang basahin niya sa akin ang sulat para sa kanyang lolo. Kalaghatian pa lang ay nagpapahid na ako ng luha. Isa ito sa pinakamagandang sulat ng pagpapatawad. Humingi ako ng pahintulot kung maaari ko itong ibahagi sa pamilya ng Living Foundation Ministries. Kapaskuhan noon. Kagalakan daw para sa kanyang ibahagi ito. Pinamagatan niya itong “Regalo Para kay Lolo.” Isinama ko ito sa aklat bilang personal na pagganyak para sa lahat ng mga hindi na makaaasang aamin ang mga nagkasala sa kanila. Gayunpaman, hindi ito makapipigil sa inyo para lumaya. Binabalaan ko kayo, maghanda ng dalawang panyolito.

### **“REGALO PARA KAY LOLO”**

Mahal kong Lolo,

Sumusulat ako ngayon sa inyo para ibahagi ang ilang pagbabago na nangyari sa aking buhay. Pero una sa lahat gusto kong magpasalamat sa lahat ng ginawa ninyo para sa akin. Binigyan ninyo ako ng napakaraming espesyal na alaala. Halimbawa, yaong mga panahon na mag-aahit kayo at nilalagyan ng maraming *shaving cream* ang inyong mukha. Manghang-mangha ako sa *cream* na iyon. Tapos may mga pagkakataong hinahayaan ninyong ako ang maglagay ng *cream* sa inyong mukha. Kung minsan nilalagyan ko rin ang aking mukha pero ayaw ninyo akong payagang ahitin ito sa aking mukha. Tapos naroon ang mga panahon ng paglilinis at paglalagay ng waks sa inyong kotse para pakintabin ito hanggang magmukhang bago ulit. Kung minsan magwiwisikan at magsasabuyan tayo ng tubig. Gusto kong magpasalamat sa inyo sa pagmamahal at pagiging kaibigan ko noong panahong wala nang ibang gagawa nito para sa akin.

Gusto ko pong malaman ninyo na ako ngayon ay nasa isang paglalakbay na espirituwal. Pinagsisikapan kong tumungo sa isang panloob na kagalingan kasama ang Panginoong Jesus sa aking puso. Pero nagkakaroon po ako ng problema sa mga ilang bahagi dahil sa ginawa ninyo sa akin noong ako’y maliit pa. Kaya po sa aking pagsusumikap na matulungan ang sariling pagsulong sa aking paggaling, gusto kong bigyan kayo ng regalo—ang pinakaespesyal na regalong maibibigay ko sa inyo. Ang regalong iyon, Lolo, ay kapatawaran. Gusto kong ipaliwanag sa inyo kung anong uri ng pagpapatawad ito. Ang regalong ito ng kapatawaran sa inyo ay para sa lahat ng paglabag ninyo sa aking pagkatao habang ako ay lumalaki. Ipapaliwanag ko.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa inyong paggamit sa aking katawan para sa inyong pansariling kasiyahang sekswal.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa inyong maagang pagpukaw sa aking damdaming sekswal, bagay na hindi ko nauunawaan noon dahil sa aking kabataan.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa pag-aalis sa akin ng tiwala sa kapwa, sa pagtuturo ninyo sa aking huwag magiging malapit kaninuman para hindi ako masaktan.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa kahihiyang ipinadama ninyo sa akin samantalang wala naman akong ginagawang masama.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa mga ginawa ninyong naging dahilan ng mga maling paninisi ko sa aking sarili para sa mga bagay na hindi ko kontrolado o hindi ko mapatigil bilang isang bata.

Gusto ko kayong patawarin at palayain para sa matinding galit na nabuo sa aking kalooban para sa inyo.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa inilagay ninyong poot at takot sa mga lalaki, maging sa aking sariling ama, na ngayon ay minamahal ko ng aking buong puso.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa pagpapadama sa aking nararapat lamang sa akin ang sakit ng ginagawa ninyo sa akin habang ako'y lumalaki.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa pagkawala ng aking tiwala sa sarili bunga ng inyong ginawa at hanggang ngayon ay pinaglalaban ko pa. Pero nagsisimula ko nang mapagtanto na ako'y nilikha ng Dios na espesyal at may layunin akong gagampanan sa mundong ito para sa Panginoong Jesu-Cristo.

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa kaguluhan ng isip dahil hindi ko malaman kung tama ba o mali ang ginagawa ninyo sa akin at sa aking kabiguang unawain ang aking damdamin kaugnay ng ginagawa ninyo. (Tala ng may-akda: ang salitang Hebreo na isinalin sa Ingles na *incest* (pagkakaroon ng relasyong sekswal sa kapamilya) ay “kalituhan.”)

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa inyong panloloko at pagsisinungaling sa akin sa pagsasabing nararapat lang sa akin ang inyong ginagawa; sa inyong pagbabanta para hindi ako magsumbong kaninuman. Kung nararapat iyon sa akin, bakit? Anong nagawa ko? Ako'y inosenteng bata, nalilito at pinaniwalang pwede naman ang ginagawa ninyo sa akin. (Hindi ko alam kung ano ang tama at nararapat.)

Gusto ko kayong patawarin at palayain sa pagwasak ng aking mga panaginip na magkaroon ng maligayang pag-aasawa sa piling ng isang lalaking tunay na magmamahal sa akin. Binago mo ako buhat sa kung ano ako talaga tungo sa isang taong hindi ko kilala. Hindi ko maunawaan kung anong nangyayari sa akin. Pero ako'y nananampalataya na sa lahat ng ito, kasama ang Dios sa aking tabi, may isang taong makakaunawa kung ano ang aking pinagdaanan at magmamahal sa akin sa kabila ng lahat.

Ang pinakamahalagang bagay na gusto kong patawarin at palayain sa inyo ay ang sirang paglalarawan sa Dios na ibinigay ninyo sa akin. Dahil sa inyo, sinisi ko Siya sa kasalanang kayo ang gumagawa. Bilang isang bata, hindi ko maunawaan kung bakit pinahintulutan ng Dios ang nangyari sa akin—Siya na dapat ay nagmamahal, at sa Biblia ay nagsabing lagi Siyang narito para sa akin, magpoprotekta at gagabay. Ngayon alam ko nang hindi Siya ang may kasalanan at totoong lagi Siyang narito para sa akin. Pero para sa isang takut na takot na munting bata, nang sinubukan Niyang makipag-usap sa akin, marahil ay hindi ko ito narinig dahil hindi ko pinaniniwalaan kung ano ang kanyang sinasabi.

Lolo, ngayong natapos ko na ang bahaging ito ng aking paglalakbay at naipaubaya na kita sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapatawad, gusto mong mangako sa aking puso na hindi ko na kailanman iisipin ito laban sa iyo.

Oras na para tapusin ko ang sulat na ito at magpaalam. Bago ko gawin iyon, gusto kong magpasalamat na muli sa lahat ng magagandang alaalang iniwan mo sa akin. Lagi kong pahahalagahan ang mga panahong iyon. Ngayon na mabuti na ang aking pakiramdam sa aking sarili at natanggap ko na ang nangyari sa akin, tunay na masasabi kong natutunan ko na kung anong kahulugan ng magmahal sa iyo ayon sa paningin ng Panginoon.

Amber

Bumaha ang mga sulat sa aming opisina na humihingi ng kopya o permiso para kopyahin ang sulat na ito. Binigyang-diin nito sa akin na napakaraming tao na nakakaalam na *Dapat Akong Magpatawad, Pero...* at hindi madama ang lubos na pagpapalaya sa mga nagkasala sa kanilang namatay na.

\*\*\*\*\*

Para kay Dan naman, hindi isyu ang pag-amin ng ama sa ginawang pang-aabuso sa kanya. Bale wala iyon sa kanya. Sa halip, ang pang-araw-araw na alaalang kailangan niyang dalhin sa buhay ang pumipigil sa kanyang palayain ang ama.

***”Nabubuhay Akong Dala  
ang mga Alaala!”***

“Patawarin? Nagbibiro ka ba? Bawat sandaling ako’y gising, namumuhay ako kasama ng mga pinsalang ginawa sa akin ng aking ama. Nakikita mo ba ang pilat na ito? Binato niya ako ng bote dahil hindi ako kaagad nakasagot sa kanya. Oo, lasing nga siya, pero masakit pa rin. At hindi lamang ang mga pisikal na pilat ang masaklap. Hindi ako makatulog ng mahimbing. Namumuhay akong laging may takot na papasok sa kuwarto ang aking ama sa hatinggabi at bubugbugin ako para sa isang bagay na hindi niya nagustuhan. Sa loob ng maraming taon matapos kong lumayas sa aming bahay, paulit-ulit ko pa rin itong napapanaginipan. Heto naman ang nangyari sa aking emosiyon. Hindi ako makaiyak pero napakadali kong magalit kahit walang kakwenta-kwentang dahilan. Malayo ako sa tao, kahit na sa aking asawa’t mga anak. Patapon na ang buhay ko at gusto mong patawarin ko siya? Gusto ko sana pero hindi ko magawa. Hindi ako makawala sa kanya—kasama ko siya saanman ako pumunta!”

Nakakalungkot pero ang tugon ni Dan ay pangkaraniwan. Para sa marami, mas madaling ilagak ang nagkasala sa piitan ni Jesus at magpatuloy kapag hindi na masyadong masakit ang mga alaala.

Isang gabing nakaupo si Dan sa aking opisina, iniladlad niya ang limang pahinang kinompyuter na listahan ng mga ginawang pang-aabuso sa kanya ng ama. Nagbalik ang aking alaala sa isang artikulong nabasa ko sa peryodiko tungkol kay Charles Rosenberg. Binuhusan niya ng gaas at sinindihan ang anak na labing-isang taong gulang para hindi makuha ng humiwalay na asawa. Matapos ang maraming operasyon, nakakagawa ng ang anak ng mga pang-araw-araw na gawain pero labis na pumangit. Muhing-muhi siya sa ama at ayaw na itong makita kailanman kahit nang makalaya ito sa bilangguan. Para sa anak, ang salamin ang araw-araw na magpapaalaala sa kanya ng mga ginawa ng amang may malaking problemang emosiyonal.

Hindi madama ni Susan ang lubos na kasiyahan sa pakikipagniig sa asawa dahil sa abusing sekswal na nangyari nang siya’y bata pa. Hindi makapagdesisyon at makatagal sa matatag na trabaho si Fred. Nang siya ay bata pa, sinabihan siyang bobo at walang maaabot kailanman.

**ANG LOHIKA**

Ang bawat isa sa mga kaibigang ito ay namumuhay dala ang bunga ng kasalanan. Ang pangangatuwiran ni Dan ang nagsasaad ng damdamin nilang lahat” “Hindi ako makapagpapatawad dahil narito pa rin ang mga bunga ng kasalanan laban sa akin.” Ang lohika nito ay nagsasabing kung wala ang mga bungang ito, hindi ganoon kahirap



magpatawad. Pero narito ang tunay na isyu: Ayokong tanggapin sa aking sarili ang pait na dala ng bunga ng nakaraang kasalanang ginawa laban sa akin; dahil dito, ayokong magpatawad sa kasalukuyan.

## KONTROL

Kung titingnan sa panlabas si Dan, iisipin mong nasa kanya na ang lahat. Nakapagtapos siya sa kolehiyo, pataas ang kanyang estado sa trabaho, at guwapo. Ngunit sa loob, pakiramdam niya'y wala siyang kapangyarihan. Tinanong ko siya kung narinig na ba niya ang panalangin ng serenidad: “Panginoon, bigyan Mo po ako ng kapangyarihang baguhin ang mga bagay na maaari kong baguhin, tanggapin ang mga bagay na hindi ko maaaring baguhin, at katalinuhan upang malaman ang kaibahan.” Isa sa mga susi sa simpleng panalanging ito ay “... at katalinuhan upang malaman ang kaibahan.” Kaibahan? Oo. Kakailanganin ang di kakaunting katalinuhan para mapagtanto ang mga bagay na maaari kong baguhin at kontrolin, at mga bagay na labas sa aking kontrol para baguhin.

Ang unang hakbang sa kagalingang espirituwal ni Dan ay bawiin ang mga bagay na maaari niyang makontrol. Pinagawa ko siya ng dalawang hanay sa kanyang papel. Ipinasulat ko sa kaliwang hanay ang mga naiisip niyang nagpapatuloy na bunga ng kasalanan laban sa kanya. Nang matapos niya ang listahan, iminungkahi kong isa-isahin niya ang bawat isinulat at magpasiya kung alin sa mga ito ang nasa ilalim ng kanyang kontrol para baguhin o iwasto. Pagkatapos pinamarkahan ko sa kanya kung alin ang talagang labas sa kanyang kontrol.

Mahalaga ang hakbang na ito sapagkat kadalasan hindi nakikita ang kaibahan ng dalawang konsepto. Ang mga bungang hindi natin maaaring baguhin ay nagpapalabo sa ating kakayahang baguhin o iwasto ang mga kaya naman nating baguhin o ayusin.

Isa sa mga unang inilista ni Dan sa kaliwang hanay ay ang pang-aabusong pisikal ng ama. Habang nakaturo ang daliri dito, isang matalim na sulyap ang ipinukol niya sa akin at nagsabi, “Gusto kong makita kung paano mo babaguhin iyan!” Simple lang iyan. Ang inihisik ay naihasik na. Hindi natin iyon mababago. Hindi mapapalitan ang reyalidad. Pero hinamon ko siya: “Ano sa palagay mo ang maaari mong baguhin sa kasaysayang ito?” Nagulumihan siya. Anong kahulugan ang inilapat niya sa pang-aabuso ng ama? Ano ang kanyang naging tugon sa lahat ng mga pangyayaring ito? Gaanong kontrol ang ibinigay niya sa lahat ng mga pangyayari? Nilinaw ko kay Dan na bagamat hindi natin mababago ang kasaysayan, mababago naman natin ang kahulugan, kahalagahan, at kontrol ng mga pangyayari sa ating sarili. Ibinahagi ko ang aking kuwento.

Maraming taon na ang nakakaraan, inabandona kami ng aking ama. Iniwan niya ang aking ina at kaming tatlong magkakapatid na lalaki. Pinili ng aking lasenggong ama ang kanyang alak, mga babae, at awit sa halip na aming pamilya. Kasaysayan na iyan. Pero bilang paslit noon binigyang kahulugan ko ang kanyang pag-abandona sa amin at ang aking naging konklusyon ay hindi niya ako mahal. Iyon ay nagbunga ng damdaming hindi ako karapat-dapat mahalina kaya walang sinumang makapagmamahal sa akin. Sa bandang huli, binalikan ko ang paniniwalang ito at sinuri ang ugat nito. Kinailangan kong balikan at baguhin ang *kahulugan* ng mga alaala ng aking kabataan dahil sa pag-abandona sa amin ng aking ama. Sa aking pagtanda naunawaan kong nawalan na siya ng kontrol at naging sugapa sa alak. Ang pag-iwan niya sa amin ay isyu ng pagmamahal kundi isyu ng pagkasugapa. Kinailangan kong baguhin ang maling pag-iisip na may problema sa akin noong ako'y

munting bata pa na naging dahilan ng pagkasugapa ng aking ama na nagtulak sa kanyang iwan kami. Makitid pa talaga ang pananaw ng bata sa mga pangyayari sa kanyang buhay. Hindi lamang ako ang iniwan kundi ang buong pamilya. Sa aking pagtanda nakita ko ito at nabago ko ang maling pananaw ng aking kabataan.

Pagkatapos hinarap ko naman ang damdaming hindi ako minahal. Inilista ko ang aking nadaramang dahilan kung bakit walang nagmamahal sa akin. Pagkatapos inilista ko lahat ng mga talata sa Kasulatan na naghahayag ng katotohanang kasalungat ng aking mga damdamin. Bakit? Sapagkat katotohanan ang unang armas sa ating espirituwal na arsenal (Efeso 6:14) laban sa mga maling paniniwala. Sa puntong ito ko nasimulan ang pagkontrol sa aking nakaraan at nabawasan ang kontrol ng nakaraan sa akin. “Anong kinalaman nito sa pagpapatawad?” hamon ni Dan. Lahat! Ibig sabihin nito nabawi ko ang karamihan sa kapangyarihang akala ko’y nawala sa akin. Pakiramdam ko noon ako ay biktima. Pero sa pagwawasto ng aking pag-iisip, ako’y naging matagumpay; oo, higit pa sa mapagtagumpay (Roma 8:37).

Uulitin ko, hindi mo mababago ang kasaysayan. Marami sa mga bunga ng kasalanan laban sa iyo ay hindi mababago, at kailangan mong patuloy na mamuhay sa kabila ng mga ito. Pero nasa iyo ang kapangyarihang pumili kung paano mo ipamumuhay ang mga ito. Mayroon kang dalawang pagpipilian:

- 1) kapaitan at pagkaalipin (wala kang kontrol)
- 2) kapatawaran at kalayaan (mayroon kang kontrol)

## **KAPAITAN AT PAGKAALIPIN**

Sa loob ng tatlumpu’t limang taon ng pagtulong sa mga tao, hindi mawala ang aking pagkamangha sa baligtad na pag-iisip ng mga taong puno ng kapaitan. Para sa marami, ang matitinding sakit na pinagdaanan ay nagbigay sa kanila ng pakiramdam na wala silang kayang gawin dahil pakiramdam nila ay wala silang nagawa para pangalagaan ang sarili habang sila’y lumalaki. Kaya ipinasiya nila, dahil sa kapaitan, na dapat laging sila ang may kontrol. Sa ganoong paraan mawawakasan o mababawasan ang anumang personal na makakasakit sa kanila buhat sa ibang tao. Maling-mali ang lohikang ito. Ganito ang pangangatuwiran: “Hindi ako magpapatawad dahil gusto ko ako ang may kontrol para hindi ko na madaramang wala akong kayang gawin.” Anong biro ito! Akala nila ang pag-aalaga sa kanilang kapaitan ay pagkakaroon ng kontrol, samantalang ang reyalidad, kontrolado sila ng kanilang kapaitan! Wala pa akong nakilalang tao na gustong laging nasa kanya ang kontrol sa lahat ng bagay na hindi batbat ng kapaitan at labis na takot. Dahil sa kanilang takot na mawala sa kanila ang kontrol, nagkakaroon sila ng maling paniniwala na magkakaroon sila ng kontrol sa sarili sa pamamagitan ng pagkontrol sa mga tao, lugar, at pangyayari sa paligid. Ilan sa mga klasikong halimbawa ay ang mga taong perpektionista.

Pakiramdam ni Betty wala nang pag-ibig na namamagitan sa kanilang 32 taon ng pagsasama. Ang pangunahin niyang reklamo ay ang asawang nais na kontrolado niya ang lahat ng bagay at kung hindi, nagagalit ito. Nagtanong ako patungkol sa kanyang nakaraan, lalo na ang kanyang relasyon sa ama. Isinalaysay ni Betty na ang relasyon ng asawa sa ama ay galit/bati, mahal/hindi mahal. Tama ako! Kapaitan! Mahal niya ang kanyang ama dahil siya ang kanyang ama pero namumuhi siya dito dahil sa mga ginawa nito sa kanya.

Para kay Dan dapat ding siya lagi ang may kontrol. Natataranta siya kapag may kailangang pagbabago; baka hindi niya iyon makontrol. Ang ugali niyang ito ay isa lamang sa mga palatandaan ng kanyang pagiging perpektionista. Dapat perpekto ang kanyang kapaligiran—kotse, bahay, at opisina. Okupado ng kanyang pagiging perpektionista ang kanyang isipan kaya hindi niya muling nadarama ang galit at matinding kapaitan na siyang kumokontrol sa kanya. Natuklasan ito ni apostol Pedro kay Simon.

Sinaway ni Pedro si Simon. Gusto niyang bilhin ang Banal na Espiritu para magkaroon din siya ng otoridad na magpatong ng kamay sa mga taong nais makatanggap sa Banal na Espiritu. Ang higit na otoridad ay nangangahulugan ng higit ding kapangyarihan at kontrol. Tinugon ni Pedro ang kanyang kahilingan sa pagsasabing, "... nakikita kong inggit na inggit ka at bilanggo ng kasalanan (kapaitan)" (Gawa 8:23). Walang kamalay-malay si Simon kaugnay ng kanyang sariling kalagayang espirituwal at mental. Akala niya, malaya niyang maiaangat ang sarili sa larangan ng pagpapagaling sa pamamagitan ng pagbili sa Banal na espiritu. Hindi niya alam na may malalim na sugat sa kanyang sariling espiritu na nagbubunga ng kapaitan. Ang kapaitang ito ang nagbukas sa kanyang pagkaalipin (tanikala) sa isang uri ng kasalananang hindi mapigilan. Maaaring ito'y isang pagkasugapa.

Karamihan sa pagkasugapa ay nag-uugat sa kapaitan, kasama ng takot—lalo na ang takot na iwanan. Ang pusong hindi makapagpatawad ay buhay na walang kontrol at nasa pagkaalipin. Bukas pa rin ito sa manipulasiyon ng maraming mga bagay at mga pangyayaring pinagsisikapang iwasan ng nasa ilalim ng pagkaalipin.

## **KAPATAWARAN AT KALAYAAN**

Ang mga nasa ilalim ng pagkaalipin ng kapaitan ay madalas namumuhay sa isang huwad na sistemang ipinapalit sa tunay na kalayaan. Kaiba ang kalayaan. Ang kalayaan ay pinipili. Hindi maiiwasang masaktan pero ang kapaitan ay hindi sapilitan. Ang kapaitan ay pinipili rin. Ang kalayaan ay resulta ng pagkakaroon ng kontrol sa iyong sariling buhay. Sa kalayaan hindi ako biktima ng kawalan ng kontrol kundi isang kontroladong mananagumpay.

"Hindi ko iyan magagawa," tutol ni Dan. "Hindi ako ganyan."

"Mabuti!"

"Mabuti?" nagtataakang tanong niya.

"Oo! Bago natin alamin kung magagawa ba natin ito o hindi, alamin muna natin kung anong gusto ng Dios."

Bakit? Sapagkat ikaw at ako ay makakagawa ng anumang inaasahan ng Dios na gawin natin sa pamamagitan ni Cristo na nagbibigay ng kalakasan sa atin (Fil. 4:13). Tunay na kapangyarihan! Tunay na kontrol! Tunay na kalayaan! Iginagawad sa iyo ni Jesus ang kapangyarihan at pagnanais na iproseso ang malalalim na sakit para ibalik na muli sa iyo ang kontrol sa iyong buhay. Bakit? Dahil ang ika-siyam na bunga ng Espiritu ay pagpipigil sa sarili (Gal. 5:23). Kapag tayo ay malinis sa kapaitan, pupunuin tayo ng Espiritu ng Dios at sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu bibigyan tayo ng tunay na kontrol sa sarili na ating ninanais. Iyon ang tunay na kalayaan!

## **PARAAN KO, PARAAN NIYA**

Nabubuhay tayo sa panahon ng pagsasarili at paggawa ng mga bagay “sa aking sariling paraan.” Ang kaisipang ito ay gumapang na rin sa praktikal na teyolohiya. Madalas kong naririnig, “Alam ko kung anong sinasabi ng Dios, pero ...,” at magpapatuloy sila sa pagsasabi kung paano nila gagawin ang sinasabi ng Dios pero sa kanilang sariling paraan. Ang pagsasariling ito na sa totoo lang ay paglihis sa paraan ng Dios ay maaaring makasira sa atin. Natutunan ito ni Haring Saul sa mahirap na leksiyon. Inutusan ng Dios si Saul na puksain ang mga Amalekita. Pinuksa niya ang karamihan pero isinubi niya ang mga pinakamagandang tupa at baka para kunwari ay ihandog sa Dios (1 Sam. 15:15). Mariing sinaway ni propetang Samuel si Saul para sa kanyang hindi kumpletong pagsunod. Ipinahayag pa niya na mas mabuting sumunod sa Dios sa pamamagitan ng pagsasagawa ng lahat ng Kanyang mga utos kaysa gumawa ng malikhaing paraan ng paghahain sa Kanya (1 Sam. 15:22). Ang pagkabisigong gawin ito ay katumbas ng pagsuway. At, para matala nang malinaw, “ang kanyang paraan” ang sa huli ay kumitil sa kanyang buhay. Namatay si Saul sa tabak ng Amalekita (2 Sam. 1:1-10).

Sinabihan ako ni Dan sa kanyang tiyakang pananalita: “Hinarap ko ang aking ama sa aking sariling paraan.” Naisip ko, anumang pagkakahalintulad sa mga pamamaraan ni Dan at pamamaraan ng Dios ay pawang nagkataon lamang.

### **PAGTANGGAP SA MGA BUNGA NG KASALANAN**

Walang kaalam-alam si Dan tungkol sa paraan ng Dios ng pagpapatawad. Binigyan tayo ni apostol Pablo ng isang sulyap kung anong kalakip sa tunay na pagpapatawad: “...maging mabait kayo at maawain sa isa’t isa, at magpatawaran, tulad ng pagpapatawad sa inyo ng Dios sa pamamagitan ni Cristo” (Efeso 4:32). Paano tayo pinatawad ni Cristo? Kinuha Niya ang kasalanan ng iba at ipinataw sa Kanyang sarili. Tinutulungan tayo ni Pedrong buuin ang larawan: “... Kayo’y gumaling sa pamamagitan ng kanyang mga sugat” (1 Pedro 2:24). Buong pusong tinanggap ni Jesus mula sa Kanyang mga tagapagparusa ang lahat ng pang-aabusong berbal at pisikal. Kung magpapatawad tayo sa pamamaraan ng Dios, dapat din nating buong pusong tanggapin ang sakit at kawalan dahil sa kasalanan ng iba, at tanggapin ang bunga ng kasalanan para sa kanila. Ngayon alam mo na kung bakit sumigaw si Jesus nang napakalakas, “Dios ko! Dios ko! Bakit mo ako pinabayaan?” (Marcos 15:34). Tinatanggap Niya sa Kanyang sarili ang pagtatakwil at kawalang kasama ng ating mga kasalanan nang kunin Niya ito. Muli ito ay nagpapaliwanag sa atin kung gaano kahirap para sa Dios ang magpatawad. Napakalaki ng halagang Kanyang pinagbayaran.

Ang paraan ng pagpapatawad ni Dan ay parang bali-balintong na paraan ng pag-iisip. Sa isang banda sumasang-ayon siya sa pangkaalaman sa isip lamang na dapat siyang magpatawad pero sa kabilang dako ayaw niyang tanggapin ang mga naging bunga ng kasalanan ng ama laban sa kanya para makapamuhay ng malaya sa mga bungang iyon. Hindi naintindihan ni Dan na ang pagpapatawad ay hindi lamang pagpapalaya sa nagkasala. Madali ang parteng iyon. Kasama sa pagpapatawad ang pagtanggap sa ating sarili ang buong bunga ng mga ginawa ng nagkasala sa atin. Iyon ang mahirap na parte. May mga bungang mababago. Pero mayroon din namang sa biyaya ng Dios maipamumuhay natin. Sa ayaw at sa gusto natin, kailangan nating patuloy na mamuhay. Ang pagpipilian natin ay paano tayo mamumuhay. At kailangan nating mamuhay na tinatanggap kahit ang hindi gaanong magagandang bagay sa halip na magkaroon tayo ng kapaitan dahil sa mga ito. Tinatanggihan ng sistema ni Dan ang mga bunga ng kasalanan ng ama at bilang resulta, kinokontrol siya ng

mga ito. Sa buong panahong nakalipas, ang kalidad ng kanyang buhay ay pababa nang pababa. Kung umuubra ang kanyang sistema, bakit handa na siyang iwan ng kanyang asawa? Bakit nagrebelde ang kanyang anak na lalaki? At bakit malapit na siyang masiraan ng bait?

### “GANITO ANG AKING KINALAKHAN”

Madalas kong naririnig ang mga magulang ng mga kabataan ngayon kung gaano sila nababalisa sa nakikita nilang maling pagpili ng mga anak—droga, seks, paglalakwatsa, masasamang kabarkada, paghinto sa pag-aaral, pagtalikod sa responsibilidad, atbp.

Daan-daang oras na ang ginugol ko sa pakikinig sa mga magulang na nagbubukas ng kanilang puso sa akin kaugnay ng kanilang mga anak. Napakinggan ko na rin naman ang mga kabataang maglarawan ng sitwasyon sa kanilang tahanan. Walang paltos na ang paglalarawan ay halos ganito: may mga pag-aaway at sigawan, may paborito, pagpapabaya, sobrang subsob sa trabaho, masasakit at palagiang kritisismo, pagwawalang halaga sa damdamin ng bata, sobrang proteksiyon, walang pagmamahal o pagsasabi ng “Mahal kita,” walang pagpuri, perpektionismo, pagpapakitang-tao, kawalan ng iisa’t nagpapatuloy na panuntunan, sobrang paglalapat ng otoridad, at pahaba nang pahaba ang listahan. Karaniwan kapag binibigyang diin ng mga magulang na mali ang mga desisyon ng kanilang anak, ipinakikita nila ang piling paglimot, pagkakaila sa katotohanan, o tahasang kawalang kaalaman. Kapag kumakausap ng mga ganitong uri ng kabataan, madali nating matutunton sa pagpapalaki sa kanila ang dahilan kung bakit sila pumipili ng mali.

Si Brenda, labing-anim na taong gulang, ay ibinabahay ng isang lalaking halos doble ng kanyang edad ang tanda sa kanya. Ang kanyang ama ay malamig, madistansiya, palapintas, nanghihiya at napakarelihiyoso. Dahil sa kakulangan sa pagmamahal ng ama, humanap siya ng mas nakatatandang lalaki para punuan ang hungkag sa pag-ibig na sisidlan. Mali ang kanyang pinili. Kasalanan ito. Hindi ito nakakalugod sa Dios. Nagagalit ang kanyang mga magulang dahil sa kanyang kamalian at dahil sa katotohanang lumayo siya sa Dios. Pero kung kinunsulta nila ang Dios, lilinawin Niya sa kanila ang Kanyang paraan ng pagpapanauli ng relasyon ng mga magulang at mga anak. Ipinaliwanag Niya ito sa pagtatapos ng Lumang Tipan. Isusugo Niya si Propeta Elias para tiyaking “Muling magkabalapit ang loob ng mga ama’t mga anak.” Binigyang diin Niya kung gaano kaseryoso ang mangyayari kung mabibigong sundin ang Kanyang paraan: “Kung hindi’y mapipilitan akong pumariyan at was akin ang inyong bayan” (Malakias 4:6).

Matapos kong makipagkita kay Brenda, natunton namin ang problema sa kanilang tahanan. Naging nagpakatotoo siya sa paglilista ng kanyang mga sama ng loob. Pagkatapos sinamahan namin siya sa isang panalangin ng pagpapatawad para sa kanyang mga magulang. Pero paano ngayon ang kanyang pagpili ng susunod na gagawin?

Isa sa mga mahahalagang bagay na dapat gawin ni Brenda ay unawain na mayroon siyang kapangyarihan sa nakalipas. Hindi na niya kailangang pagsikapang matugunan ang kanyang pangangailangang hindi naibigay nang siya’y bata pa sa pamamagitan ng pakikipagrelasyon sa mga mas matandang lalaki. Nang patawarin niya ang mga nagtulak sa kanyang gumawa ng mga maling desisyon, nakuha niyang pabalik ang kapangyarihan at hindi na siya kontrolado ng mga kasalanang naganap sa kanilang tahanan noon. Ang susing elemento sa pagpapatawad ni Brenda ay ang *pagtanggap*. Kinailangan niyang tanggapin ang

maraming nawala sa kanya bilang bata, iyakan ang mga ito, at tanggapin ang katotohanang kailangan niyang pag-aralang gawin ang ilang mga bagay sa ibang paraan. Ito ang tinanggihan ni Dan na gawin. Bakit? Sapagkat mangangahulugan ito ng pag-amin na hindi umuubra ang kanyang sistema at kailangan niya itong talikuran. Kailangan din niyang tanggapin ang pamamaraan ng Dios, at kasama dito ang pagtanggap sa mga hindi na mababagong bunga ng kasalanan laban sa kanya at pagtanggap ng responsibilidad na baguhin ang mga maaari pang baguhin.

Ang pagpapatawad ay hindi lamang nangangahulugang pagpapalaya sa nagkasala, kundi ang pagtanggap na maaari itong magresulta sa pag-aaral ng paggawa ng ilang bagay sa ibang paraan. Dapat nating maintindihan na maraming maling larawan ang nabuo sa isipan. Kailangang iwaksi natin ang mga kasinungalingan buhat sa mga maling paniniwala buhat sa pagkabata (1 Cor. 13:11) at halinhan ang mga kamaliang ito ng katotohanan at pagtanggap. Pagkatapos dapat maging layunin sa buhay ang pagpipigil sa sarili sa tulong ng Banal na Espiritu. Responsibilidad nating “baguhin ang ating pag-iisip” (Roma 12:2); ibig sabihin, baguhin ang paraan ng ating pag-iisip at pagtugon sa damdamin kahit ito pa ang ating nakalakhan. Bahagi ng bunga ng kasalanan laban sa atin ay ang pagkasira ng ating sariling paraan ng pag-iisip. Maaari nating bawiin ang kapangyarihang iyon at hindi na pakontrol sa pag-iisip na ito ang ating nakalakhan. Wala na tayo sa ilalim ng kaisipang “Hindi ko mapipigilan ang aking sarili.” Maaari nating piliing mabuhay sa pag-iisip na matutulungan ko ang aking sarili sa pamamagitan ng mga kagamitang bigay ng Dios buhat sa Kanyang Salita. Ang ganitong kaisipan ay magreresulta sa tunay na paglaya.

## YAMAN SA BASURA

Oras na para itanong ang mahirap na katanungan: “Dan, may nakikita ka bang pakinabang sa iyo ngayon mula sa ginawa ng iyong ama maraming taon na ang nakalilipas?”

“Pakinabang? Nagbibiro ka ba? Ibinasura ng aking ama ang aking kabataan—ang aking buong buhay—at sa palagay mo’y makikita akong pakinabang doon?” Pailing-iling siya at ang kanyang mga mata ay nakatuon sa sahig. “O sige, ikaw ang matino. Mayroon kang katugunan para sa lahat. Paano kong makikita ang anumang maganda o mabuti? Ang gulo ng buhay ko!”

Hindi naiiba si Dan sa mga dumulog para sa kawnseling na tila naniniwalang may espesyal na orang nakapaligid sa kawnselor. Paniwala nila’y nasa kawnselor na ang lahat, sa kanyang buong buhay, at may kakayahang mamigay ng katalinuhan buhat sa isang walang hangganang bukal ng buhay na walang anumang sakit ng damdamin. Malayo ito sa katotohanan. Mas madalas kaysa inaamin natin, karamihan sa atin ay may nakaraang nagbigay sa atin ng malubhang dalahin o wasak na pamilya. Katunayan, ito ang madalas na nagtulak sa aming piliin ang bokasyon o ministryo ng kawnseling.

Sa bahaging ito nakaabot na ako puntong tanggap na ako ni Dan at mas bukas na siyang maturuan. Tinanong ko siya kung naalala niya ang kuwento ng aking amang lasenggo. Dahil sa kanyang pagkasugapa sa alak at naging epekto nito sa aming pamilya, napakaraming nawala sa akin. Pero inani ko rin naman ang mga pakinabang. Matibay ang aking paniniwala na ang aking kakayahang damhin ang damdamin ng iba, kalakip na ang pagkaunawa sa kahabagan at biyaya ng Dios, ay maiuugnay sa mga negatibong karanasan na pinagdaanan ko noong ako’y bata pa hanggang sa ako’y nagbinata.

Ang personal na kalayaan ko buhat sa nakasisirang kontrol ng nakaraan sa isang banda ay kaugnay din ng aking bagong pananaw sa kasaysayang iyon. Hindi ko ito inulit para lumabas ng maayos ang lahat. Subalit may mga nakita akong pakinabang na nakatutulong sa akin ngayon. Basura lang ang nakita ni Dan. Hindi niya nakita ang yaman o kahalagahan na naroon. Hindi pa niya na *recycle* ang kanyang nakaraan at hindi pa niya nagawang yaman ang basura.

Nagulat ako sa isang balitang nabasa ko sa pambansang magasin kung paanong ang mga negosyante sa California ay gumawa ng mga hikaw buhat sa mga tab ng lata ng *soft drinks*. Mayroon ding mga babaeng gumagamit ng mga bag galing sa mga *nirecycle* na gulong. Parang mahirap sa aking isipin na may mga gagastos ng kanilang pera para sa mga bagay na ito, pero ito ang nangyayari! Ibinahagi ko ang balitang ito kalakip ang aking personal na kuwento patungkol sa aking ama. Nanatiling duda si Dan. Tinanong ko siya: “Nakapagpasalamat ka na ba sa Dios para sa nangyari sa iyo?” Sa palagay ko inakala ni Dan na talagang wala ako sa tamang pag-iisip. Pero patuloy kong idiniin ang isyu sa pamamagitan ng isang talatang napakahirap isagawa: “Ipagpasalamat ninyo sa pangalan ni Cristo Jesus ang lahat ng pangyayari, sapagkat yaon ang ibig ng Dios” (1 Tes. 5:18). Pansining hindi sinabi ditong magpasalamat kapag “pakiramdam” mo’y gusto mong gawin ito—ang sabi “ipagpasalamat ninyo.” Ibig sabihin ng “ipagpasalamat ninyo” ay magpasalamat tayo sa Dios nang bukal sa ating kalooban para sa lahat ng mga bagay.

Ipinahayag nang lahat ng kanyang mga mata ang nasasaloob. “Bakit? Bakit ko gagawin iyon?”

Lehitimong katanungan iyan. Ang sagot ang susi sa pagiging yaman ng basura. Matapos kong patawarin ang aking ama at nagawa kong pasalamatan ang Dios sa aking lahi, nagsimula ang pagkakita ko ng mga pakinabang at layunin ng lahat ng aking pagdurusa. Ang pagpapasalamat sa Dios ay nagbubukas ng pintuan ng ating espiritu para matanggap natin ang Kanyang layunin para sa aking mga dinaramdam na sakit (2 Cor. 1:6). Kahit hanggang ngayon patuloy ang Dios sa pagpapakita sa akin ng mga bagong pananaw at pakinabang ng aking nakaraan na nakatutulong ngayon sa daan-daang tao sa pamamagitan ng ministryo ng LFM. Kung makakapili ako, pipiliin ko ba ang nakaraang iyon? Hinding-hindi! Gusto ko ba iyon? Hindi rin! Bagamat ang mga pangyayaring iyon sa labas sa aking kontrol, ang pag-unawa sa kahulugan at pakinabang ng mga iyon ay nasa aking kontrol. Walang dudang masasabi ko na mas mabuti akong pastor, titser, tagatulong ng mga tao, asawa, at ama dahil sa nakaraan kong naproseso ng husto—sa kabila ng lahat. Mayaman ako sa mga biyaya ngayon dahil sa karukhaan ng aking nakaraan. Ni sa panaginip hindi ko inakalang may mga pintuang mabubuksan para sa akin. May mga bagay na labis kong pinasasalamat ngayon na marahil ay hindi ko man lamang mapapansin kung hindi ko pinagdaanan ang aking mga karanasan.

Ibinahagi ko kay Dan na hindi lamang ako nabubuhay kasama ng bunga ng kasalanan ng iba laban sa akin. *Kinuha ko ang kontrol at pinili kong magpatawad*. Pinili kong tanggapin ang mga bagay na hindi ko kayang baguhin at baguhin ang mga bagay na kaya kong baguhin. Ang mga biktima ay magiging mananagumpay kung makikita nila ang kahalagahan ng mga nawala sa kanila. Tumatanggi si Dan na tingnan man lamang ang anumang pakinabang ng nakaraan. Ang gusto lamang niya ay tapalan ito sa kasalukuyan.

## PUNUAN ANG KAWALAN

Patuloy na nalilito si Dan sa dalawa pang isyu ng pagpapatawad—ang pagtanggap sa mga bunga ng kasalanan ng iba laban sa pagpuno sa mga nawala sa kanya. Ang taway ng iba dito ay personal na pagbabayad sa mga nawala dahil sa nakaraang karanasan. Titingnan natin ito sa dalawang pananaw: una, bigyang-daan ang mga sariling naisin bilang kabayaran sa mga nawala dahil sa nakaraang karanasan, at ikalawa, pagsisikap na pagbayaran ang anumang nawala sa kapwa dahil sa ating kagagawan.

### **“UTANG KO ITO SA AKING SARILI”**

Isa sa mga natatanging katangian ng isang taong tumatangging tanggapin ang mga nawala sa kanya bilang bahagi ng pagpapatawad ay sobrang paniningil o pagkakaroon ng kaisipang “utang-ko-ito-sa-aking-sarili.” Ito ay isang paraan ng restitusiyon (pagbabayad o pagbabalik ng mga maling pinagtiisan) at pagpapaliban sa pagtanggap sa mga nawala. Totoong moral para sa nagkasalang pagbayaran ang kanyang kasalanan, kung ito ay posible. Kung may nagnakaw sa iyo ng isang daang piso, kailangan mo siyang patawarin maibalik man sa iyo ang ninakaw o hindi. Ang restitusiyon ay mahalagang bahagi ng pagpapanauli ng relasyon at kasing halaga ng pagpapatawad. Tama lamang na pagbayaran o ibalik ang karapat-dapat sa ating pinagkasalahan. Gayunpaman, kung ang nagkasala ay hindi makagawa nito sa pisikal o emosiyonal man, ang pinagkasalahan ay natutuksong siya mismo ang magbayad o magbalik sa sarili upang matakpan ang sakit na dinanas. O di kaya, matutukso siyang hanapan ng panimbang ang nawala para hindi siya mapilitang madama o harapin ang reyalidad ng mga nawala sa kanya. Ito ang pinagmumulan ng kaisipang “utang-ko-ito-sa-aking-sarili dahil sa lahat ng pinagtiisan ko! Karapatan ko naman ngayong mabuhay. Pagbibigyan ko naman ang luho ng aking sarili.” Ang trahedyang ganitong pag-iisip ay hindi ito nagmumula sa pagpapatawad at kapayapaan kundi sa galit, kapaitan at nagpapatuloy na kaguluhan ng kalooban. Lalo lamang pinalalalim nito ang sakit at ipinagpapaliban ang tunay na kalayaan sa pamamagitan ng pagtanggap sa nakaraan ayon sa sinasabi ng Biblia.

May malaking kaibahan ang magkaroon ng bagong buhay na malaya kay Cristo dahil sa pagpapatawad at buhay na makasarili dahil sa galit, pagkamuhi at pagbibigay sa luho ng laman. Maaaring noong bata ka pa ay hindi ka nakapaglaro at nagkaroon ng kasiyahan. Pero ngayon, kay Cristo, malaya ka na sa pagka-aliping emosiyonal dahil sa pagpapatawad at magagawa mo nang tumawa at maglaro sa maraming mainam na paraan. Samantala, ang buhay na kalakip ng kaisipang “utang-ko-ito-sa-aking-sarili” ay kadalasang pinagdurusahan ng iba. Ang pakikiapid ng mga lalaki’t babae ay isa sa mga popular na paraan ng pagkakaroon ng panandaliang kasiyahan dahil sa mga nawala sa nakaraan. Ang pagkahumaling sa mga bagay (bangka, kotse, bahay, damit, atbp.) ay kadalasang hungkag na pagsisikap na punuan ang butas sa kaluluwa at pagpapamanhid sa ating sarili upang hindi maramdaman ang sakit ng kawalan. Ito mismo ang ginawa ni Dan. Bumibili siya ng bagong kotse simbilis ng paglabas ng bagong modelo.

### **BAYAD KASALANAN**

Pero paano kung tayo ang nakapagdulot ng sakit sa iba? Isang paraan ng pagbabayad ng ilan sa kanilang kasalanan sa nakaraan ay pagsisikap na punuan ang ipinagkait sa kanilang sarili.



Nawalan ng isang anak na lalaki si Haring David dahil sa pagsisikap niyang punuan sa kanyang pamilya ang kahihyang idinulot ng kanyang pakikiapid kay Batseba. Ginahasa ni Amnon ang kanyang kapatid sa amang si Tamar at si Absalom na kapatid din niya sa ama ay naghiganti. Inimbita ni Absalom ang ama sa isang piging. Tumangging pumunta si David dahil ayaw niyang makaabala (2 Sam. 13:25)/ Pagkatapos kinumbinsi ni Absalom ang amang payagan si Amnon na dumalo. Tuwirang tinanong ni David: “Bakit mo siya ipagsasama?” (2 Sam. 13:26) Pero dahil sa patuloy na pagpupumilit ni Absalom, pinayagan ni David si Amnon at ang iba pa niyang mga anak na lalaki. Ipinapatay ni Absalom sa kanyang mga alipin si Amnon sa gitna ng kasiyahan sa piging.

Waring alam na o naramdaman na ni David na may masamang mangyayari. Pero binaliwala niya ang pahiwatig na iyon, dahil marahil nadama niyang kailangan niyang punuan ang nakaraang sakit na idinulot niya sa kanyang pamilya. Maaaring hindi nakagawa ng responsableng pagpapasiya si David dahil sa kanyang maling pakiramdam ng pagiging makasalanan. Maling pakiramdam ng pagiging makasalanan? Oo. Ipinahayag ni David ang kanyang kasalanan matapos itong ipinamukha ni propetang Natan at siya’y pinatawad. Hindi na siya karapatdapat sisihin o magkaroon ng masamang pakiramdam dahil sa kanyang nagawa.

Bago natin ikumpisal ang ating kasalanan sa Dios, tama lang na tayo’y nararapat sisihin o magkaroon ng masamang pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan. Pero kung tayo’y nakapagkumpisal na sa Dios, napatawad ay nilinis na sa lahat ng ating mga kasamaan (1 Juan 1:9). Kung patuloy tayong magkakaroon ng masamang pakiramdam, ito ay hindi na nararapat. Pareho lang ang tama at maling pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan. Pero hindi hindi naipahayag at napatawad ang kasalanan, ang patuloy na hindi magandang pakiramdam ay lehitimo. Tama lamang ikalungkot ang ating mga nakaraang nagawang kasalanan. Isa ito sa mahahalagang hakbang sa pagharap sa pagdadalamhati. Gayunpamabn ang kalungkutan at masamang pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan ay magkaibang emosiyon at dapat tugunin sa magkaiba ring paraan.

Ang maling pakiramdam ay maaaring maging dahilan na ang isang magulang o asawa ay makagawa ng iresponsableng desisyon para pagtakpan o punuan ang pagdurusa ng anak o asawa dahil sa mga problema sa pamilya tulad halimbawa sa paghihiwalay ng mag-asawa. Maaaring maging mahirap para sa magulang na magsabi ng “hindi!” sa anak kahit ito ang nararapat. Maaaring magkaroon ng pakiramdam na dapat nilang labis na pangalagaan o pagbigyan ang anak sa pag-aakalang mapupunuan nito ang hindi magandang naranasan ng bata dahil sa paghihiwalay. Naniniwala ang magulang na maraming nawala sa anak dahil sa pinagdaanang karanasan. Maaaring madama nilang mapupunuan ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng maraming pera o pagiging maluwa sa disiplina. Subalit ang mga nawalang ito ay dapat ipagdalamhati ng kapwa magulang at anak—hindi takpan ng mga “bagay” o pagiging maluwa. Ang labis na pagbabayad sa nakaraang kasalanan para punuan ito, sa atin mang sarili o sa ibang tao, ay kadalasang pumipigil sa proseso ng buong pagpapatawad at pamumuhay na tanggap ang mga nawala na may kalayaan at kapahingahan.

## **SOBRANG PAGBABAYAD**

Ang mga alaala ng *Great Depression* sa Estados Unidos ay halos nalilimutan na sa kasaysayan. Noong ako’y maliit na bata pa madalas kong marinig ang mga naranasang biglaang pagkawala ng lahat ng tinatangkilik at kakulangan ng pagkain. Kailangan ding

pumila para makabili ng tinapay. Napakalaking kawalan ang naranasan sa pagbagsak ng 1929. Dahil dito at bunga ng kapaitan sa ilan, nilayon nila sa kanilang isipan na hindi kailanman mararanasan ng kanilang mga anak ang pagdurusa at kahihyan ng ganitong pangyayari. Pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, isang grupo ng mga tao ang isinilang—ang mga *Baby Boomers*. Tinuruan ang mga *Baby Boomers* na pangalagaan ang kanilang sarili—sa anumang paraan—at gawin ang lahat para lumikha ng isang buhay na malaya sa anumang kawalan. Sa aking palagay, ito ang “regalo” ng mga magulang na nagsisikap punuan ang naging kawalan dahil sa *Great Depression*. Nagkaroon ng maraming salapi at kasiguruhan, pagsulong at paglago subalit relasyon ang naging kapalit. Ang mga magulang na dumanas ng *Depression* ay nagsabi sa kanilang puso, “Hindi dapat maranasan kailanman ng aking mga anak ang aking pinagdaanan. Ibibigay ko sa kanila ang lahat ng hindi ko natamasa. Hindi sila daranas ng kawalan kailanman.” Resulta? Ang pagrerebelde sa kapanahunan ng ‘60s. Tinalikuran ng mga anak ng bulaklak ang pinaghirapang maangkin na kasiguruhan, materyalismo, at pinahahalagahan hanggang ang ating mga kabataan ay nasadlak sa hedonismo.

Pastor ako ng mga kabataan sa Hilagang California noong ‘60s. Wala akong nakilalang *hippie* noon na hindi nagkaproblema sa isa o parehong magulang. Pakiramdam ng mga kabataang lalaki ay ipinagkanulo sila ng kanilang amang nagbigay sa kanila ng lahat ng bagay maliban sa kanilang sarili. Ang mga kabataang babae naman ay hungkag sa pagmamahal ng ama kaya hinanap nila ito sa pamamagitan ng seks. Nagbigay ng seks ang mga kababaihan bilang kapalit ng pagmamahal; ginamit naman ng kalalakihan ang seks para madamang tunay nga silang lalaki. Dahil kakaunti o walang kapayapaan sa tahanan, sinikap ng mga anak ng bulaklak na ayusin ang kanilang mundo kaya inako nila ang pagsasaayos ng kanilang tahanan. Karamihan dito ay mula sa sobrang pagbabayad ng mga nawala sa kanila dahil sa *Great Depression*. Mapait ang bunga ng sobrang pagbabayad.

Si Anthony, 37 taong gulang, ay isang matagumpay na nars pero magulo ang kanyang buhay may-asawa. Higit sa lahat, masyadong siyang nakadepende sa iba. Nang suriin namin ang kanyang pinagmulang pamilya, paulit-ulit niyang ipinaalala sa akin na mula siya sa napakabuting tahanan. Nang tanungin ko siya tungkol sa kanyang ama, ang sagot niya ay “Dakila siya. Ibinigay niya ang lahat kong pangangailangan.” Pagkatapos biglang nagbago ang kanyang hitsura. Nakita ko ang magkasamang galit at luha sa kanyang mga mata. “Tuwing meron akong problema, bibigyan niya lang ako ng pera. Hindi niya ako kinakausap. Basta binibigyan niya lang ako ng pera.” Nagulat siya sa sarili, umiling-iling, at nagsabi, “Saan ba nanggaling iyon?” Galing iyon sa kinalalagyan nito sa simula’t simula pa—nasa kanyang kalooban. Ang pera ang nagbibigay kasiguruhan at lulutas sa lahat ng problema. Ang kanyang amang matanda na ay tinedyer noong *Great Depression*. Tulad ng marami, sinikap niyang tugunan ang kanyang mga sakit ng damdamin sa pamamagitan ng sobrang pagpapalayaw sa kanyang mga anak para hindi nila maranasan ang mga paghihirap na kanyang pinagdaanan. Iniwasan niya ang masasakit na alaala sa pamamagitan ng pagtiyak na hindi mangangailangan ng anuman ang kanyang anak dahil ito’y magbabalik ng sarili niyang masasaklap na alaala.

Ang pagpapamanhid ng sakit sa pamamagitan ng mga bagay, droga, relasyon, trabaho, libangan, mga laruang pangmatanda ay hindi pagtanggap sa katotohanan. Ito’y pansamantalang pampamanhid na lilipas din sa maikling panahon. Pagkatapos mag-uumpisa tayong muli kung saan tayo nagsimula—matutong magpatawad at tanggapin ang “pilat ng kapatawaran.”

\*\*\*\*\*

Sinikap ni Shirley na pagtakpan ang mga nawala sa kanyang buhay sa pamamagitan ng mga imoral na pakikipagrelasyon. Pero mayroon pa daw siyang karagdagang problema. Hindi niya mapatawad ang kanyang sarili.

### ***"Hindi Ko Mapatawad ang Aking Sarili!"***

Mababakas ang kalungkutan at kahihyan sa kanyang malamlam na mga mata. Hindi magandang damdamin dahil sa kasalanan, pagsisisi, at hiya dahil sa imoral na nakaraan ang ngayo'y nananaig sa kanya. Mayroon na siyang tatlong anak sa iba't ibang lalaki, at ngayon ay dinadala niya ang ikaapat. Tinanong ko si Shirley kung naikumpisal na niya sa Dios ang kanyang mga imoral na pagkakamali at nadama ba niya ang Kanyang kapatawaran. Tumango siya, "oo," pero bakas pa rin sa kanyang mukha ang matinding pagsisisi at kahihyan. "Pero," marahan niyang paglalahad, "hindi iyon ang isyu. Hindi ko ... hindi ko mapatawad ang aking sarili." "Pakiusap ko sa iyo. Huwag mong sayangin ang oras mo sa pagsisikap na gawin iyan," malumanay kong tugon. Nagulat siya, napakurap, at nalilitong tumingin sa akin na hindi makapaniwala.

Ang pagpapatawad sa sarili ay isa sa mga pinakanakakalitong aspeto ng isyu ng pagpapatawad. Sa reyalidad, ang mga nakakadamang kailangan nilang "patawarin ang kanilang sarili" ay nagpapahirap sa pagpapatawad ng higit sa nararapat. Dahil sa kalituhan sa pagitan ng pagpapatawad sa sarili at pagpapatawad ng Dios, mahirap kung hindi man imposibleng maangkin ang inaasam na kalayaan kasama ng pagdanas sa tunay na kapatawaran mula sa Dios.

Ang mga teyologo at kawmselor ay kapwa nakikipagbuno sa pangangailangan, katungkulan o pagiging nararapat ng pagpapatawad sa sarili. Hindi ito itinuturo, inirerekomenda o inilalarawan sa Kasulatan. Hindi naman ito mali dahil sa katotohanang ito. Nakagugulat pero ang proseso ng "paghingi ng tawad" ay hindi rin makikita sa Kasulatan. Totoong ipinahayag ni Jesus na kung may sama ng loob sa atin ang ating kapatad, dapat tayong huminto, iwan ang handog at makipagkasundo muna (Mateo 5:23-24). Subalit ang pinagtutuunan Niya ng pansin, gaya ng sa iba pang mga bahagi ng Kasulatan, ay ang pagtatapos (pagkakasundo) at hindi ang proseso (paghingi ng tawad). Personal akong naniniwala na ang paghingi ng tawad ay isang lehitimong disiplina, bagamat hindi ito tuwirang itinuturo o inilalarawan sa Kasulatan.

Maaaring masabi natin, "Hindi ba't hiniling ng aliping may malaking pagkakautang na patawarin ng hari ang kanyang nakakalulang pagkakautang?" Pinatawad ng hari ang kanyang utang! Ito ay bahagi ng ilustrasyon ng pagpapatawad nang itanong ni Pedro kung makailang ulit siyang dapat magpatawad (Mateo 18:21-35). Subalit ang lalong masusing pagsusuri sa mga talata ay nagpapahayag na, oo, nagpakumbaba ang alipin, nagmakaawa ng ilang panahon pa, at nangako ng buong kabayaran, pero hindi niya hiniling na patawarin ang kanyang utang. Ang restitusiyon o pagbabayad ay hindi kapatawaran, bagamat kapwa ginawa ang mga ito sa Biblia.

Hindi ang mga pinong puntos ng pananampalatayang teolohikal ang ugat ng pangangailangan ni Shirley. Ang mga nakakalitong isyu para sa kanya ang nagbunsod sa kanyang inaakalang pangangailangan ng kapatawaran. Maraming ulit ko nang nakita ang ganitong pangyayari. Gayunpaman, matapos ang paglilinaw ng mga isyu mula sa Biblia, maraming mga tao ang nakakasumpong na napapawi ang pangangailangan nilang mapatawad ang sarili.

### **SINONG DUMUDURO SA IYO?**

“Shirley, kung naniniwala kang pinatawad ka na ng Dios, sino pang dumuduro’t humahatol sa iyo?”

“Wala! Ako, sa sarili ko. Maliwanag iyon.”

“Sandali lang. Hindi mo nadaramang hinahatulan ka ng Dios, pero nadarama mong hinahatulan mo ang iyong sarili?”

“Ganoon na nga.”

“Nadarama mong kailangan mo pa ng kapatawaran higit pa sa ibinibigay ng Dios?”

“Eh ...”

Iniabot ko sa kanya ang isang Biblia na kapareho ng hawak ko. Ipinabasa ko sa kanya nang malakas ang Roma 8:31-39. Marahan siyang nagsimulang magbasa.

“Ano pa ang masasabi natin tungkol dito? Kung ang Dios ay panig sa atin, sino ang laban sa atin? Hindi niya ipinagkait ang sarili niyang Anak kundi ibinigay para sa ating lahat. Kung naipagkaloob niya sa atin ang kanyang Anak, hindi ba niya ipagkaloob sa atin ang lahat ng bagay, kasama ng kanyang Anak?”

Ngumiti siya ng pagsang-ayon.

“Pakituloy mo ang pagbasa.”

“Sino ang maghaharap ng sakdal laban sa mga hinirang ng Dios, gayong ang Dios ang nagpapawalang-sala sa kanila?”

“Sino ang nagpapawalang-sala?” tanong ko.

“Ang Dios.”

“Kung ang Dios ang nagpapawalang-sala, ‘Sino ang maghaharap ng sakdal laban sa mga hinirang ng Dios?’ Sino pang maaaring dumuro sa iyo, Shirley? Pakituloy mo ang pagbasa.”

Bantulot ang tinig na nagpatuloy sa pagbasa si Shirley, “Sino nga ang hahatol ng kaparusahan?”

“Sige, ituloy mo! Basahin mo pa!” tulak ko. “Sino ang hahatol sa iyo?”

Tumahimik siya.

“Bakit?” tanong ko.

Dahil, “Si Cristo Jesus na namatay at muling binuhay, na nasa kanang kamay ng Dios ang Siya ngayong namamagitan para sa atin.”

“Shirley, kasama ba tayo sa “mga hinirang” na binabanggit sa mga talatang ito?”

Nag-aalanganin siyang sumagot, “Oo.”

Nagpatuloy ako: “Nadinig ko ang iyong sinabi pero hindi ko tiyak na iyon ay nagmumula sa iyong puso. Naiintindihan mo ba na para mapatawad mo ang iyong sarili, kailangan mo ring pawalang-sala ang iyong sarili ayon sa batas? Imposible iyon,. Dios lamang ang makapapagpapawalang-sala. Para mapatawad natin ang ating sarili, kailangan muna nating hatulan ang ating sarili (ibig sabihin, duruin ang ating sarili), at ito’y nagbubunga ng maling pakiramdam kaugnay ng ating nagawang kasalanan.

### **MALING PAKIRAMDAM DAHIL SA NAGAWANG KASALANAN**

Nagkaroon ng ningning ng kaunting pag-asa sa mga mata ni Shirley. Bakit? Sapagkat ang pananampalataya ay nagmumula sa pagkadinig ng Salita ng Dios na ipinaliwanag (Roma 10:17). Para kay Shirley, hindi lamang paghatol sa sarili at pagpapawalang-sala ng Dios ang problema. May mas malalim pa kaysa rito. Ito ay maling pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan. Patuloy siyang nakokonsensiya sa maling paraan. Ginagawa nitong napakahirap ng pagpapatawad. Pinalalabo nito ang ating pag-iisip at inaakay tayo sa paniniwalang kailangan nating patawarin ang ating sarili dahil sa pagsisikap na magkaroon ng kahumpayan ang masamang pakiramdam.

Natatandaan ni Shirley ang araw na tunay siyang nagsisi at humiling ng kapatawaran sa Dios para sa kanyang mga pagkakamaling moral. Pero *pakiramdam* niya’y hindi pa rin siya pinatawad. Pakiramdam niya’y siya pa rin ang hahatulan kaya kailangan niyang patawarin ang sarili.

“Shirley, alam mo ba kung anong kahulugan na ikaw ay nakokonsensiya dahil sa kasalananag nagawa?”

“Oo. Ibig sabihin karapat-dapat at nararapat akong sisihin sa aking kasalanan.”

“Muli, talaga bang sa buong katotohanan ay humingi ka sa Dios ng kapatawaran para sa iyong mga pagkakamaling moral?”

“Oo.”

“Pinatawad ka ba Niya?”

“Oo.”

“Kung gayon, karapat-dapat ka pa bang sisihin?”

“Hindi na ... ibig kong sabihin, oo ... Ahh, alam kong pinatawad Niya ako pero hindi binabago nito ang katotohanang ginawa ko ang mga bagay na iyon.”

“Oo, pero ‘kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, maaaasahan nating ipatatawad sa atin ng Dios ang mga ito at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasamaan sapagkat siya’y matuwid’ (1 Juan 1:9). Pinatawad ba Niyang lahat ang iyong kasalanan?”

“Oo.”

“Kung gayon, karapat-dapat ka pa bang sisihin?”

Napatigil siya. Lahat ng emosiyon sa kanyang dibdib ay naghuhumiyaw “oo,” pero nanaig pa rin ang kanyang isipan at nagsabi, “Hindi na nga siguro.”

May mga pagkakataong ang maling pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan ay hindi ganito kadalang nakikita. Halimbawa, maraming kababaihang inabuso habang bata pa na nakadaramang dapat nilang patawarin ang kanilang sarili pero hindi nila magawa dahil pakiramdam nila’y kabahagi sila kung bakit nangyari ang pang-aabuso. Iniisip nila na mayroong isang bagay sa kanila na naging dahilan ng mga masasamang nangyari sa kanila. Ang lehitimong konklusyon ay karapat-dapat lamang para sa kanila ang mga moral at pisikal na sugat na kanilang naranasan. Ito’y nagbubunga sa ilang kababaihan na kamuhian ang kanilang katawan, na sa kanilang paniniwala ay umakit sa humalay sa kanila. Ang resulta ay pakiramdam na sila ay masama, marumi, hindi mapapatawad, hindi maaaring mahalina, hindi karapat-dapat, at siyempre hindi karapat-dapat igalang (1 Pedro 3:7).

At maaaring mayroon pang higit na nakakagulo sa kanilang isipan sapagkat maaaring may naramdaman silang masarap na sensasyon habang nagaganap ang panghahalay ng kaanak o ninuman. Garantisadong isa ito sa mga pinagmumulan ng paninisi, kahihiyan, at paghatol sa sarili. Ang magandang sensasyon dahil sa seks ay nilikha ng Dios na normal at ito’y maaaring maagang mapukaw ng ibang tao kahit ayaw ng may katawan sa isang sitwasyong hindi niya kontrolado at walang pahintulot sa kanya. Ang pakiramdam na ito bagamat napukaw ng hindi niya kagustuhan ay masarap sa may katawan. Kaya nagiging konklusyon ng biktima ng pang-aabuso na may kasalanan din siya dahil nakaramdam siya ng sarap.

Sa kasamaang palad, magagawa ng mga nakatatandang pukawin ng maaga ang sensasyong sekswal ng bata. Kung may masarap na pakiramdam, maniniwala ang batang ginusto niya ito at makukumbinsi niya ang sarili na ginagawa ito ng humahalay sa kanya dahil nagustuhan niya ito. Batid ng mga kawnselor ng inabusong sekswal ang ginagawang paglalagay ng ganitong pangangatuwiran sa isipan ng mga batang kanilang inaabuso. Gayunpaman, walang sinumang tao at maging ang Dios ay hindi magpapataw ng responsibilidad sa bata dahil sa maagang pagpukaw na ito. Subalit ang batang ito ay lalaking naguguluhan at nagkakaroon ng masamang pakiramdam dahil sa isang natural, bagamat maagang napukaw na sensasyong sekswal. Ang baluktot na pananaw na ito ang mag-aakay sa bata na kailangan niyang palawigin ang kaparatawan ng Dios sa pamamagitan ng pagpapatawad din sa kanyang sarili. Bakit? Dahil ang Kanyang kapatawaran ay hindi nag-aalis ng patuloy na paghatol sa sarili at masamang pakiramdam kasama na ang malalim na pakiramdam ng pagiging hindi karapat-dapat.

## **PAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN SA PAMAMAGITAN NG POLIGRAPIYA**

Mahalagang tandaan na dahil may pagkakarapareho ang tama at maling pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan, dapat kapwa ito tingnan sa katotohanan ng Salita ng Dios. Tinatawag ko itong “pagpapatunay sa katotohanan sa pamamagitan ng poligrapiya.” Sa madaling salita, kapag nakokonsensiya ka pa matapos ikumpisal sa Dios ang kasalanan, itanong mo sa iyong sarili, “Karapat-dapat pa ba akong sisihin bagamat pinatawad na ako ng Dios?” Ang sagot ay, “Hindi, hindi na ito nararapat.” Kailangan mo itong tanggapin sa pamamagitan ng pananampalataya sa katotohanan ng Salita ng Dios. Susunod na lamang dito ang damdamin.

May mga kababaihang nakokonsensiya sa nangyaring panghahalay sa kanila dahil gusto nilang mapalapit sa kanilang ama. Ang tanging panahon na nadarama niya ang pagmamahal ng ama ay habang inaabuso siya. Napakagulo nito sa isipan ng bata. Nabubuo sa kanyang

isipan na ang seks ay pagmamahal, at kung gusto mong mahal ka, kailangan ang seks. Ito ang dahilan kung bakit maraming biktima ng pang-aabuso nang bata pa sila ay nagiging mahilig sa seks sa kanilang kabataan at maging sa kanilang pagtanda.

Ang pagnanais na mahal ng ama ang nasa puso ng halos lahat ng kababaihan nahilig sa seks. Tinanong ko si Shirley tungkol sa kanyang ama. Hindi natagalan bago ko maunawaan kung bakit siya naghanap ng atensiyon sa mga lalaki. Isang amang palapintas, subsob sa trabaho at maraming ulit ng pakikiapid ang masaklap na buhay na kinalakihan ni Shirley at nagbigay-daan sa kanyang imoral na pamumuhay. Ang buhay niya'y nakaugat sa kapaitan, hindi magandang pakiramdam.

Maraming kalalakihan ang nagkakamaling ang mga babaeng imoral ay itinutulak ng kanilang pagiging makalaman. Mali! Kadalasan ito ay masidhing pagnanais na mahal ka at mapalapit sa ama. Ipagpapalit ng kababaihan ang seks para sa “pagmamahal” at ang lalaki’y “magmamahal” para sa seks. Kadalasan nakaugat sa kapaitan ang gumaganyak sa kanyang relasyon sa kalalakihan at hindi pagmamahal. Ang tunay na masamang damdamin dahil sa ginagawang imoralidad sa pagtanda ay naipagkakamali sa masamang pakiramdam noong bata pa. Ito ang nagiging perpektong eksena para sa tunay na kabiguan. Hindi nililinaw ang pagkakaiba ng mga isyu at hindi ito nahaharap ayon sa Biblia. Dahil dito, pakiramdam ng tao’y kailangan niyang patawarin ang kanyang sarili at hindi nagkakaroon ng tunay na resolusiyon ang kanyang masamang pakiramdam dahil sa kasalanan. Subalit kapag malinaw na naunawaan ng kababaihan ang kaibahan sa kung anong ginawa sa kanila nang sila’y bata pa, at kung anong kanilang nararamdaman sa kanilang pagtanda, marami ang naiibsan ng pasanin. Natitigil ang pagpapasan nila sa responsibilidad na hindi naman kanila dahil sa ginawa sa kanila habang sila’y bata pa. Nagsisimula nilang tanggapin ang responsibilidad sa kanilang mga ginagawa ngayong sila’y matanda na. Ito ang karapat-dapat nilang harapin.

Pagkatapos papasok ang pinakamabigat na tanong, “Paano kung ako ang nagpasimula ng relasyong sekswal sa aming ama noong ako’y bata pa?” Maaaring nagawa mo nga ito. Pero ang tunay na isyu ay: *Sinong naglagay sa iyo sa ganitong sitwasyon noong ikaw ay bata pa?* Nilinaw ni Jesus kung sino ang may *pangunahing* responsibilidad sa ganitong pangyayari. Kinilala Niyang may mga katitising ilalagay ng iba na magiging dahilan ng pagbagal o paghinto ng paglago ng kapwa. Nagtapos Siya sa konklusyon na para doon sa mga nagiging katitising, “Mabuti pa sa kanya ang bitinan ng isang malaking gilingang-bato sa leeg at itapon sa dagat, kaysa maging sanhi ng pagkakasala ng isa sa maliliit na ito” (Lucas 17:1-2).

Ang baluktot na pananaw at hindi paniniwala ay madaling makapigil sa isang taong ilagak ang responsibilidad kung saan ito nararapat, at malayo rin sa paggagawad ng tunay na kapatawaran sa nagkasala. Magiging mahirap din para sa kanyang magkaroon ng layuning mamuhay na may kalayaan sa pamamagitan ng pagbitiw sa may kasalanan. Ang maling pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan kung titingnan nating mabuti ay nagiging punlaan ng maling pananaw tungkol sa pangangailangang patawarin ang sarili.

## **KALUNGKUTAN AT PAGSISISI**

Isa pang pangunahing nakakagulo kaugnay ng damdaming kailangang patawarin ang sarili ay may kinalaman sa konsepto ng pagsisisi. May pamilyar na antig ito sa puso ni Shirley.



Natatandaan ng kalalakihan ang mga pangkabuuang pangyayari sa kasaysay—kakaunti lamang ang detalye. Subalit natatandaan ng kababaihan ang detalye at may sari-saring kulay pa. Ang balanseng ito ay makatutulong sa mag-asawa kung nauunawaan at nakikita nila ang kabutihan ng kaibahang ito. Kung hindi, maaari itong maging dahilan ng banal na giera at masaklap na problema.

Malinaw na natatandaan ni Shirley ang kanyang mga kasawiang moral. Nauunawaan niya sa kanyang pag-iisip na pinatawad siya ng Dios, pero ang kanyang pagsisisi ay nakalito sa isyu ng kapatawaran. Ang masamang pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan at pagsisisi ay dalawang magkaibang isyu at hindi dapat ipagkamali sa isa't isa. Ang tunay na damdamin ng nakokonsensiya ay parang sistema ng alarma sa ating kalooban para ipahiwatig ang presensiya ng kasalanan. Sa oras na ikumpisal natin ang ating kasalanan, ito ay patatawarin at ang nararapat na masamang damdamin ay mawawala na. Pero, gaya ng nasabi ko na, ang maling damdamin ay papasok at magbubunga ng masamang pakiramdam. Tandaan mo na ang tama at maling pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan ay magkapareho. Dahil dito, dapat itong suriin sa pamamagitan ng katotohanan.

Nagsimula kong makita na hindi lamang nakokonsensiya si Shirley kundi mayroon din siyang pinagsisisihan. Ito ay isang uri ng kalungkutan. Ang kalungkutan ay isang normal na emosiyon. Hindi ito kapareho ng depresiyon, bagamat maaari itong humantong dito kung magpapatuloy sa mahabang panahon. May nadarama si Shirley na pagsisisi at normal na kalungkutan dahil sa kanyang mga maling pagpiling moral. Ipinaliwanag kong ang kalungkutan at pagsisisi ay normal na mga emosiyon sa pagdadalamhati dahil sa anumang kawalang emosiyonal. Ang maayos na pagdadalamhati ay nagsisimula sa pamamagitan ng pagtanggap na may nawala sa iyo. Mahalagang hakbang ito sa pagtatagumpay laban sa pagkakaila sa mga nangyari. Pagkatapos, naroon ang katugunang emosiyonal ng *pagkagalit*. Pagkatapos, darating ang pakikipagtawaran sa Dios, o “*kaisipang mahika*,” kung saan ipinalalagay na hindi nangyari ang naranasan, o mayroon sanang gumawa ng paraan para hindi natuloy ang pangyayari. Normal lamang na kasunod nito ay kalungkutan, at sa huli ay *pagtanggap* sa nawala sa kanya.

Nawala ang pagkainosente ni Shirley pero pinatawad siya ng Dios. Hindi siya hinahatulan ng Dios sa anumang paraan (Roma 8:1). Gayunpaman, hinahatulan ni Shirley ang kanyang sarili dahil nadarama niya ang mga normal na damdamin ng kalungkutan at pagsisisi. Mabuting palatandaan ng malusog na pag-iisip kung nagagawa nating iproseso ang nawala sa atin at pagdaanan ang lahat ng antas nito. Subalit nang huminto si Shirley sa pagsisisi (ang pakikipagtawaran o pagnanais na “sana” hindi nangyari) sa proseso ng pagdadalamhati, ang naging katugunan niya’y ipinagkamali niya ang normal na pagdadalamhati sa pananaw niyang kailangan niyang patawarin ang kanyang sarili. Dahil dito, hindi niya naituon ang kanyang isipan sa pagproseso sa mga bagay na nawala sa kanya.

Maaaring ang kalungkutan ay nagmumula sa Dios. Kung galing nga ito sa Kanya, nagbubunga ito ng *pagsisisi*. Kung makumpleto ang pagsisisi, ang nalalabing kalungkutan ay hindi na isyung moral kundi normal na kalungkutan dahil sa naranasang kawalan. Kabaligtaran nito, ang kalungkutang bunga ng sistema ng mundo ay naghahatid sa kamatayan o pag-iisip ng pagpapakamatay. Ang kalungkutang nagmumula sa Dios ay nag-aakay sa atin sa pagsisisi (pagbabago ng direksiyon at pag-uugali) at kaligtasan (2 Cor. 7:10).

## HUWAD NA PAGSISISI

May tatlong salita sa Ingles na madalas ipinagkakamali sa tunay na pagsisisi: *sorrow*, *regret*, at *remorse*. Sa Tagalog, ang mga ito’y kalungkutan, panghihinayang at bahagyang pagsisisi. Ang *pagsisisi* (*repentance*) ay nangangahulugang 180 digring pagtalikod o pagbabago ng gawain sa pamamagitan ng pagtahak sa kabaligtarang direksiyon. Ipagpalagay nating tayo ay nakatayo sa gitna ng isang malaking relo. Nasa harapan natin ang alas doseng posisyon ng relo. Nasa likuran natin ang alas seis na posisyon. Ang *kalungkutan* ay pagdurusa ng pag-iisip dahil sa may nawala sa atin o dahil sa kasalanan. Maaaring ikalungkot ko ang isang bagay na ginawa ko at magkaroon ng kaunting pagbabago sa aking direksiyon. Ibig sabihin, buhat sa alas doseng posisyon, susulong ako sa ala unang posisyon. Nalulungkot ako at gumawa ako ng bahagyang pagbabago sa aking direksiyon. Hindi ito pagsisisi.

Ang mas malalim na kalungkutan ay maaaring magdala sa panghihinayang (*regret*). Nanghinayang ako sa aking nagawa kaya magkakaroon ako ng pagbabago sa aking gawain. Ngayon ay nakaharap na ako sa alas tres na posisyon. Mula sa alas dose hanggang alas tres na posisyon ay 90 digring pagbabago sa aking gawain. Pero hindi pa rin ito ang kabaligtarang posisyon. Hindi ito ang tunay na pagsisisi (*repentance*).

Ang mas malalim na panghihinayang ay maaaring magbunga ng bahagyang pagsisisi (*remorse*). Malapit na tayo. Pero ang bahagyang pagsisisi ay nasa alas singkong posisyon lamang. Malapit na sa alas seis (ang kabaligtarang posisyon). Tingnan mo kung gaanong pagbabago na ang nagawa ko. Oo, malapit na ang bahagyang pagsisisi pero hindi pa rin ito ang tunay na pagsisisi (*repentance*). Kalakip ng kalungkutan, panghihinayang at bahagyang pagsisisi, ang tunay na pagsisisi ay 180 digring pagbabago ng direksiyon, hindi basta paglihis lamang.

Nang ipagtanggol ni apostol Pablo ang kanyang sarili sa harapan ni Haring Agripa, ipinaliwanag niya ang kasama sa tunay na pagsisisi: “... dapat silang (mga Hentil) magsisi at lumapit sa Dios, at ipakilala ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa” (Gawa 26:20). Gayon din naman, inilarawan niya ang pagbabago at pagsisisi ng mga taga-Tesalonica sa pamamagitan ng pagsasabing “tinalikdan nila ang pagsamba sa mga dius-diosan upang maglingkod sa tunay at buhay na Dios” (1 Tes. 1:9). Ibig sabihin, nagkaroon ng buong pagbabago sa kanilang mga gawain at pamumuhay.

Balde-baldeng luha ang dumaloy na sa aking opisina bilang resulta ng matinding kalungkutan, panghihinayang at maging bahagyang pagsisisi. Dahil naibsan ang kanilang emosiyon, nagaangan ang kanilang pakiramdam. Pero nakakalungkot na naipagkakamali nila ang bahagyang pagbabago sa kanilang pag-uugali sa buong pagbabago ng direksiyon. Oo, nakaranas sila ng paglayang emosiyonal, pero hindi ito tunay na pagsisisi. Si Shirley ay isang magandang halimbawa nito. Sa tuwing makakaraos sa delikadong panganganak, magpapahayag siya ng matinding panghihinayang pero muling bumalik at inulit ang kasalanan akala’y pinagsisihan na. Ang puso ng mga isyu: ang pagpapatawad sa ama at pagtanggap ng kapatawaran ng kanyang Amang nasa Langit, ay hindi lubusang hinarap at nakapagpabago sa kanya. Kaya ang kanyang gawain ay pansamantala lamang nabago.

Muli, ang tunay na pagsisisi ay lubusang pagtalikod sa kasalanan. Sa kasamaang palad, napakabihira lamang itong mangyari kaya pinaniniwalaan na nating ang bahagyang pagbabago ng pag-uugali (dahil sa kalungkutan, panghihinayang o bahagyang pagsisisi) ay tunay na ngang pagsisisi. Pero ito’y mali, mababaw, hindi kumpletong pagsisisi at nag-iiwan

ng nagpapatuloy na pag-ukilkil ng konsensiya. Dahil sa maling paniniwala na tunay na siyang nakapagsisipi ngunit mayroon pa ring nalalabing masamang pakiramdam dahil sa nagawang kasalanan, ang nagiging konklusyon ay mayroon pa siyang dapat gawin at iyon ay patawarin ang sarili. Muli, sa halip na suriing mabuti ang puso kung tunay ba o hindi ang pagsisising naganap, naibabaling ang pagsisikap sa mabibigo din namang pagpapatawad sa sarili.

Gaano kaseryoso ang pagtingin ni Jesus sa pagsisipi? Napakaseryoso! Pakinggan mo ito: “Ngunit sinasabi ko sa inyo: kapag hindi ninyo pinagsisihan at tinalikdan ang inyong mga kasalanan, mapapahamak din kayong lahat” (Lucas 13:5). Ang makadios na kalungkutan dahil sa sakit ng damdamin ay nagbubunga ng tunay na pagsisipi. Naranasan ito ni Pedro. Itinatwa niya ng tatlong ulit si Jesus. Matapos tumilaok ang manok, bagbag na bagbag ang damdamin ni Pedro dahil nakokonsensiya siya sa katuparan ng sinabi ni Jesus patungkol sa kanyang pagkakaila sa Kanya. Napuspos si Pedro ng masamang pakiramdam dahil sa nagawa at labis na nalungkot. Ang tugon niya’y tunay na pagsisipi at mapait na pagluha (Lucas 22:62). Buhat doon ay tapat na siyang naglingkod sa Panginoon. Natupad sa kanya ang inihula ni Jesus: “At kapag nagbalik-loob ka na, patatagin mo ang iyong mga kapatid” (Lucas 22:32). Kabaligtaran nito, kinilala ni Judas na nagkanulo sa Panginoon na siya’y nagkasala sa pagkakanulo sa inosenteng dugo at nakadama siya ng bahagyang pagsisipi. Gayunpaman, sa halip na magbalik-loob sa Dios, nagbigti siya (Mateo 27:3-5).

Sa pagkakataong ito tunay na nadurog ang puso ni Shirley. Oo, may mga luha tulad noong una. Pero sa oras na ito alam kong iyon ay mga luha ng tunay na pagsisipi at nasilayan ko ang tunay na pagtalikod sa kasalanan. Nang maunawaan ni Shirley na ang kanyang makadios na kalungkutan ay dinisenyo para akayin siya sa pagsisipi at pagpapatawad ayon sa Biblia, at ang nalalabing panghihinayang at kalungkutan ay normal, mababakas sa kanyang mukha ang paggaan ng kanyang pinapasan. Ipinaalala ko sa kanyang muli na kailangang hayaan niyang ang alaala ng mga nakaraang pinatawad na kasalanan ay maging bukal ng pagpupuri at pasasalamat sa biyaya ng Dios (1 Cor. 15:10).

### **AKLATANG MENTAL**

Ang pakiramdam ay kadalasang tumutugon sa pag-iisip. Kapag iniisip ni Shirley ang mga nawala sa kanya, sumusunod ang emosiyon ng kalungkutan at panghihinayang. Ang damdamin ay mabilis tumutugon sa katotohanan gaya rin ng pagtugon nito sa mga kasinungalingan o maling paniniwalang pinanghahawakan natin sa buhay. Ito ang nagpahirap kay Shirley para lubusang tanggapin ang pagpapatawad ng Dios bilang kumpletong probisyon sa kanyang mga kabiguang moral. Marami siyang pinanghahawakang maling paniniwala sa kaibuturan ng kanyang pag-iisip. Inilarawan ni Solomon ang kaugnayan ng pag-iisip sa paggawa nang sabihin niyang kung ano ang nasa isip na tao, yaon nga siya (Kawikaan 23:7). Sa ibang salita, kung ano ang pinaniniwalaan ng tao tungkol sa kanyang sarili (o sa Dios) sa kaibuturan ng kanyang puso, iyon ang tunay na siya, at ito ang katotohanang basehan ng kanyang mga kilos.

Gumuhit ako ng isang larawan sa pamamagitan ng mga salita para matulungan si Shirley na makita ang konsepto ng paniniwala sa kaibuturan ng puso. Hiniling kong isipin niya ang isang napakalaking aklatan sa isang unibersidad; ang bawat paniniwala ng puso ay tulad ng isang aklat.

### ***Unang Aklat: “Hindi Ako Karapat-dapat”***

Ipagpalagay nating naatasan kang gumawa ng isang pagsasaliksik tungkol sa pagiging karapat-dapat. Pumunta ka sa aklatan at pahapyaw na tiningnan ang mga aklat sa ilalim ng titulong “Karapat-dapat.” Humugot ka ng isang aklat sa lalagyan at nabasa mo, “Ako’y isang taong hindi karapat-dapat.” Hindi ikaw ang naglagay ng aklat na ito sa aklatan—ibang tao ang naglagay nito. Pero ito lang ang aklat patungkol dito, kaya maaaring ito ay totoo. Dahil dito ang magiging buod ng aking pagsasaliksik ay, “Ako’y isang taong hindi karapat-dapat.”

Marahil ang pinakamadalas na kasinungalingang naririnig ko kaugnay nito ay: “Hindi ako karapat-dapat patawarin kaya hindi ko mapapatawad ang aking sarili.” Ang kaguluhan dito ay sa pagitan ng isyu ng pagiging karapat-dapat at kapatawaran. Una, mahalagang mapagtanto natin na walang sinumang karapat-dapat sa ating sarili. Totoong tayo’y nilikha sa larawan ng Dios at tayo’y minamahal niya (Gen. 1:26; Juan 3:16). Pero lahat tayo’y nagkasala (Roma 3:23), at ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Roma 6:23). Ito ang katotohanan sa kabila ng labis na pagmamahal ng Dios sa atin (Roma 5:8). Hindi tayo iniligtas sa pamamagitan ng gawa ng tao kundi sa pamamagitan ng Kanyang biyaya’t habag (Efeso 2:8-9). Tayo ay tinanggap ng buong-buo kay Cristo (Roma 15:7), sapagkat ang ating pagiging karapat-dapat ay dahil kay Cristo.

Ang taong may problema sa pagiging karapat-dapat ay maaaring nagkaroon ng saklap na karanasan sa nakaraan at ito ang naglagay ng aklat ng “pagiging hindi karapat-dapat” sa kanyang aklatang mental. Hindi lamang sinisira ng mga masasaklap na karanasang ito ang ating pananaw patungkol sa ating sarili, iniiba rin nito ang ating pagtingin sa Dios at sa Kanyang Salita. Dahil dito, hindi nating mapaniwalaan ang ating pagiging karapat-dapat dahil kay Cristo. At kung iniisip nating hindi tayo karapat-dapat kay Cristo, tatanggihan natin ang Kanyang pagpapatawad at sa halip ay babaling tayo sa pagpapatawad sa ating sarili para magkaroon ng kahumpayan ang ating kalooban.

### ***Ikalawang Aklat: “Ako ang Dapat Sisihin”***

Marahil ang ikalawang pinakamadalas na kasinungalingang mahuhugot natin sa aklatan ng ating isipan ay: “Ako ang may kasalanan ng lahat. Ako ang dapat sisihin.” Kadalasan ito ay nagpapakita ng pananaw sa buhay na pambata at malapitan lamang ang nakikita bagamat ang nakakaranas nito ay matanda na. Kung ako ay lumaki sa isang magulong tahanan kung saan ako ang laging sinisipi sa lahat ng mga bagay, madadala ko ang malapitang pagtinging ito sa aking pagtanda at patuloy na paniniwalaan ang kasinungalingang ako ang responsable at karapat-dapat sisihin sa lahat ng bagay. Ngayong ako’y matanda na, dapat alam ko nang hindi ito totoo. Subalit ang nagpapatuloy na pambatang pananaw ay humihigop sa akin sa isang paikut-ikot na sistema ng pag-iisip: “Ako ang responsable kaya dapat kong patawarin ang aking sarili. Pero hindi ko ito magawa dahil hindi ako karapat-dapat patawarin dahil ako ang may kasalanan sa lahat ng ito.”

Ang paninisi sa sarili ang pinakaperpektong dahilan para madamang kailangang patawarin ang sarili. Ang solusyon sa maling pananaw na ito ay nakaugat sa pagbabago ng isip (Roma 12:2), o pagpapalit ng paraan ng oag-iisip. Kailangang iwaksi ang pambatang malapitang pagtingin na naniniwalang ikaw ang dapat sisihin sa lahat ng bagay (1 Cor.

13:11). Kailangan mong tanggapin ang katotohanan na may iba ring responsable, na ang mundo ay hindi umiikot sa iyo lamang, at hindi ikaw ang tanging nararapat sisihin para sa lahat ng bagay. Totoong responsable ka para sa iyong mga sariling ginawa at pag-uugali, pero hindi sa iyo ang ginagawa ng buong mundo. Ang mga bagay na lehitimong atin, dapat nating ikumpisal, pagsisihan, at pagkatapos ay ipagdiwang ang kasiya-siyang dalisay na bunga ng kapatawaran ng Dios (1 Juan 1:9).

### ***Ikatlong Aklat: “Hindi Ako Karapat-dapat Mahalin”***

Inaakay tayo nito sa isa pang problema na nagpapatibay sa pangangailangang patawarin ang sarili. Kadalasan ang ating pinakamalalim na sakit ng damdamin ay idinulot ng ating mga magulang. Isa sa mga pinakamalaking dahilan na hindi natin mailagay ang nararapat na responsibilidad sa ating mga magulang dahil sa kanilang pagkukulang sa atin ay ito: Kung kikilanin natin ang kanilang pagkukulang, magkakaroon tayo ng maling konklusyon na “hindi nila tayo mahal” kaya “hindi tayo karapat-dapat mahalin.” Maraming hindi kayang tanggapin ang ganoong pakiramdam. Karamihan sa mga magulang ay nakakasakit sa mga anak subalit sa kabila noon ay tunay naman silang nagmamahal sa mga anak. Bilang magulang at lolo, makapagpapatunay ako dito. Subalit ang maling pambatang paniniwala ay hindi nakakaunawa sa katotohanang ito bagamat sa reyalidad, ito’y nangyayari araw-araw.

Ang kasinungalingang hindi tayo karapat-dapat mahalin at walang sinumang makapagmamahal sa atin ay magbubunga ng damdaming hindi tayo mahal ng Dios. Kaya hindi natin madamang tayo’y pinatawad—o karapat-dapat patawarin—ng Dios. Ang resulta ay ganito: Kung hindi ako mahal ng Dios, hindi Niya ako patatawarin. Kaya ako na lang ang magpapatawad sa aking sarili.

Ang kasinungalingang hindi ako karapat-dapat mahalin ay isang daang porsiyentong salungat sa Salita ng Dios! Tayo’y nilikha para mahalin. Labis ang pagmamahal ng Dios sa atin sa kabila ng ating mga kasalanan (Roma 5:8). Sa pamamagitan ng pananampalataya, nararapat nating palayain ang ating sarili sa pambatang kasinungalingan (“Ikatlong Aklat” sa aklatang mental) at palitan ito ng katotohanan: Minamahal ako ng walang kondisyon at lubusan kong tinatanggap ang kapatawaran ng Dios. Higit na mainam ito kaysa pagsisikap na patawarin ang sarili na naglilihis lamang sa tunay na isyu ng paniniwala at sa ilang pagkakataon ay nagpapatibay sa maling damdamin ng pagkamuhi sa sarili.

### ***Ikaapat na Aklat: “Kinamumuhian Ko Ang Aking Sarili”***

Ang pagkamuhi sa sarili ay hindi nag-iisang aklat. Ito’y tulad ng isang buong set ng ensayklopidya. May humigit-kumulang sa tatlong pinagmumulan ang pagkamuhi sa sarili. Una, maling pagbabaling ng pagkamuhi sa ibang tao. Ang isang tao ay maaaring magkaroon ng matinding galit sa kanyang magulang pero dahil hindi niya ito maibulalas, ibinabaling niya ito sa kanyang sarili. Ito’y tulad ng pagtututok ng baril sa kanyang magulang pero binaluktot ang dulo ng baril kaya sa sarili ito nakatuon. Kapag kinalabit niya ang gatilyo, puputok ito sa kanyang sarili sa halip na sa kanyang magulang.

Tila isang katotohanan ng buhay na ang namumuhi sa magulang ay namumuhi rin sa sarili. Simple ang dahilan nito. Kung nakukuha natin sa ating mga magulang ang ating pananaw sa kung sino tayo noong tayo’y bata pa, ang ating pagtingin sa kanila ay may

malaking bahagi sa ating pagtingin sa ating sarili. Ang kabaligtaran nito ay totoo din naman. Kung may wasto tayong pagmamahal sa ating magulang, waring ito’y nagbibigay sa atin ng mas mainam na damdamin patungkol sa ating sarili (Efeso 6:2-3). Gayunpaman, kapag ang ating kinagagalitan ay ang ating magulang, ibinabaling natin ang galit sa ating sarili at ito’y kadalasang nagbubunga ng depresiyon.

Ang ikalawang pinagmumulan ng pagkamuhi sa sarili ay ang maling paniniwala na napakasama ng aking nagawa kaya hindi ako mapapatawad ng Dios. Kinamumuhian ko ang aking sarili dahil dito, at hindi ako mapapatawad ng Dios. Kaya wala akong ibang magagawa kundi sikaping patawarin ang aking sarili. Ang solusyon ay hindi pagpapatawad sa sarili kundi pag-aralan ang Biblikal na pananaw ukol sa Dios. Naniniwala akong ito ang tinutukoy ni A. W. Tozer nang sabihin niyang “ang ating mga problema, at mga solusyon ng mga ito ay teyolohikal” (*The Knowledge of the Holy*, p. 27). Bakit ito tugma sa pagkakataong ito? Dahil ang problema ay ang maling pagkaunawa sa biyaya at habag ng Dios. Ang biyaya ay pagbibigay ng Dios sa atin ng pabor na hindi karapat-dapat sa atin. Ang habag ay hindi paggagawad sa atin ng Dios ng negatibong karapat-dapat sa atin (halimbawa ay paghatol). Nararapat sa atin ang poot ng Dios subalit ito’y pinigilan dahil ibinaling ito ay Cristo doon sa krus.

Ang ikatlong pinagmumulan ng pagkamuhi sa sarili ay ang pagtugon natin sa mga trahedyang. Naranasan ito ni Job. Matapos mawala ang kanyang mga tupa, kamelyo, baka, asno, alipin, lahat ng kanyang mga anak at sa bandang huli ay sariling kalusugan, pinayuhan siya ng asawang sumpain ang Dios (maghiganti) at mamatay (pagtakas) (Job 2:9). Hindi magawa ng pusong matuwid ni Job na sumpain ang Dios. Pero mayroon siyang ibang ginawa—isinumpa niya ang kanyang sarili. Isinumpa niya ang araw na siya’y isinilang at lahat ng mga nangyari kaugnay nito (Job 3:1-20). Narito ang magandang ilustrasyon ng galit na ibinaling sa sarili. Simple ang lohika. Kung hindi ako ipinanganak hindi ko mararanasan ang mga pagkawala ng lahat at ang ibinungang sakit nito. Ang kaisipang tulad nito ay nagpapakita ng maling paniniwala na ang buhay ay dapat walang sakit. Ang aktibong pagtupad sa ganitong layunin sa buhay ay magsisilbing pintuan sa pagkasira ng ulo. Ang malalim na paninisi o pagkamuhi sa iyong pagkasilang ay naghahatid ng hiya, naghihiwalay sa atin sa Dios, at maiiwan tayong naroon pa rin ang pangangailangan ng kapahingahang nagmumula sa kapatawaran. Konklusyon? Ipinuwera ang Dios ... akong mag-isa ang naiwan ... sa palagay ko kailangan ko lamang talagang patawarin ang aking sarili. Mali! Ibalik mong muli ang Dios at harapin mo ang mga nawala sa iyo ayon sa sinasabi ng Biblia.

### **ANG UGAT NG PAGPAPATAWAD SA SARILI: ISANG PAGBUO NG KASAYSAYAN**

Di na bago ang konsepto ng pagpapatawad sa sarili. Halos lahat ng teyoriya sa sikolohiya ay kumikilala sa pangangailangan ng isang uri ng kapatawaran o pagpapalaya. Iba’t ibang salita o proseso ang ginagamit pero lahat ang mga ito’y may kinalaman sa pagpapalaya. Dahil karamihan sa mga sekyular na teyoriya ng personalidad ay dinisenyo ng mga taong hindi naniniwala sa mas nakatataas na kapangyarihan—lalo na sa isang personal na Dios—naipit sila sa isang problema. Balido ang pangangailangan ng kalayaan pero kung hindi ako naniniwala sa isang personal na Dios, kanino o saan ako babaling para matamo ang kapatawaran? Siyempre sa sarili ko! Bakit ako hihingi ng kapatawaran sa isang Dios na

hindi ko pinaniniwalaan samantalang pwede naman akong humingi at makatanggap ng kapatawaran sa aking sarili. Ang gawain ito ng pagpapatawad sa sarili ay di sinasadyang nagluluklok sa sarili sa lugar ng Dios bilang tagagawad ng kapatawaran. Ang gawaing ito ay gumapang na sa mga Cristianong panulat at pangangaral at ngayon ay itinuturong parang normal na katuruan ng Biblia na dapat sundin sa buhay Cristiano.

Gaya ng sinabi ko kanina, hindi itinuturo o inilalarawan sa Biblia ang konsepto ng pagpapatawad sa sarili. Ginaganyak ko kayong harapin muna ang ibang mga isyu bago dagliang bumaling sa pagpapatawad sa sarili. Ang pagharap sa mga isyung ito ay maaaring maging susi sa kalayaan para sa iyo, kalayaang papawi sa iyong pangangailangang patawarin ang iyong sarili.

### **PAGMAMAHAL SA SARILI**

Isa pang ugat ng pagpapatawad sa sarili ay matatagpuan sa konsepto ng pag-ibig sa sarili. Ginagamit ng mga nagpapayo na dapat nating patawarin ang ating sarili ang talatang nagpapahayag, “Ibigin mo ang iyong kapwa, gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili” (Mateo 19:19). Ikinakatuwiran nilang kung tunay mong minamahal ang iyong sarili, patatawarin mo ito. Ang pag-ibig sa sarili ay hindi nangangahulugan ng buong pagkahumaling sa sarili (tulad ng nararansan sa narsisismo), o buong pagluwalhati sa sarili, o pagmamataas na nangmamaliit sa iba. Sa halip, ang kanilang pangunahing pinagtutuunan ang ang halaga at dignidad ng tao, base sa pagkalikha sa kanya ayon sa wangis ng Dios. Pero may dalawang paniniwala sa teyolohiya na mahirap pagsamahin sa isang maayos na balanse kung pupunta tayo sa magkabilang dulo—ang pagkamakasalanang at dignidad ng tao. Pareho itong itinuturo sa Biblia. Ang dignidad ng tao ay nakaugat sa pagkalikha sa atin ayon sa wangis ng Dios (Gen. 1:27). Mayroon tayong halaga (Mateo 6:26). Gayunpaman, tayo ay isinilang sa kasalanan (Roma 3:10-18).

Ito ang basehan ng lohika ng pagpapatawad sa sarili dahil iniibig natin ang ating sarili. Iniuutos sa atin sa Biblia na mahal ang kapwa gaya ng pagmamahal natin sa ating sarili. Dahil obligado tayong magpatawad sa ating kapwa dala ng ating pagmamahal sa kanya, gayon din naman di ba nararapat lamang na patawarin natin ang ating sarili dala ng ating pagmamahal sa ating sarili? Maaaring makatulong kung lilinawin natin ang ilang mahahalagang isyu. Una, hindi iniuutos sa Mateo 19:19 na ibigin natin ang ating sarili. Ang salitang “gaya” (*hos* sa wikang Griyego) ay salitang nagkukumpara. Hindi ito utos. Totoong ipinahihiwatig dito ang pagmamahal sa sarili gaya ng sa ibang mga talata. Halimbawa, ang mga asawang lalaki ay dapat magmamahal sa kanilang mga asawang babae gaya ng sarili nilang katawan. Sa paggawa nito, minamahal nila ang kanilang sarili sapagkat “walang taong namumuhi sa sarili niyang katawan, bagkus ito’y pinakakain at inaalagaan” (Efeso 5:28-29). Ang utos sa Mateo 19:19 ay hindi ibigin ang ating sarili, kundi ibigin ang iba (ang ating kapwa).

Wala tayong makikita sa Kasulatan na ang pag-ibig sa sarili ay batayan ng pagsunod sa Dios. Sinupil ni apostol Pablo ang moralidad ng kanyang katawan upang hindi siya itakwil (ibig sabihing literal ay “hindi makapasa”). Iningatan niyang hindi mapaikli ang kanyang ministryo dahil sa pagdisiplina dahil hindi siya aprubado sa Dios (1 Cor. 9:27). Sa halip inasahan niyang makipaglabang mainam, tapusin ang kanyang sinimulan, at itaguyod ang pananampalataya. Bakit? Dahil buong pananabik niyang inasahan ang pagtanggap ng korona ng katuwiran na personal na ipagkakaloob ng Panginoon kay Pablo at sa lahat ng

nagmamahal sa Kanyang muling pagbabalik (2 Tim. 4:7). Pero ang pinakamaganda ay ang sinabi ni Jesus: “Kung iniibig ninyo ako (hindi ang “iyong sarili”), tutuparin ninyo ang aking mga utos” (Juan 14:15). Ang ating pag-ibig sa Dios ay bilang katugunan sa Kanyang pagmamahal sa atin: “Ito ang pag-ibig: hindi sa inibig natin ang Dios kundi tayo ang inibig niya at sinugo ang kanyang Anak upang maging handog sa ikapagpapatawad ng ating mga kasalanan” (1 Juan 4:10). Hindi kailanman nakasama sa pagsunod ang pag-ibig sa sarili.

## KAWALAN NG MATUTULARAN

Higit pa rito, sa lahat ng aking pagbabasa ng Kasulatan, hindi ako nakasumpong kailanman ng ilustrasyon o matutularan na maaaring sundan, o direktang utos na patawarin natin ang ating sarili. Tuwing iisipin ko kung paano ko ito ipapayo o kung paano ako mangunguna sa panalangin kaugnay nito, nabablangko ako. Sinubukan kong sumulat ng isang panalanging gumagawa nito: “Mahal kong Dios, pinatatawad ko ngayon ang aking sarili sa pananakit sa aking kapatid. Alam kong pinatawad Mo na ako pero pinatatawad ko ngayon ang aking sarili.” Maaaring sabihin ng iba, “Anong mali doon?” Simple lang. Ang pinatatawad mo ay ang tao ring gumawa ng kasalanan. “Pinatatawad ko ang aking sarili.” Dapat mayroon kang dalawang personalidad para gawin ito. Ito ay kumakatig sa pagbabaha-bahagi ng sarili. Inilalarawan ni Santiago ang taong palaging nagdududa bilang taong “pabagu-bago ang isip” (*dipsuchos* sa wikang Griyego), isang taong walang katatagan sa kanyang mga ginagawa (Santiago 1:8). Hindi dalawang tao ang pabagu-bago ng isip. Nag-iisa siya at papalit-palit ng ibig. Hindi siya dalawang personalidad o *split personality*.

Malinaw tayong inuutusan para ipahayag ang ating mga kasalanan )1 Juan 1:9; Santiago 5:16). Kapag ginawa natin ito, “Maaasahan nating ipatatawad sa atin ng Dios ang mga ito Kung tayo ay nilinis na, ano pa ang dapat ipatawad sa atin? Ang kapatawaran ba ay may iba’t ibang antas, una sa Dios at pagkatapos ay sa atin? Hindi. Kumpleto ang kapatawaran ng Dios. Hindi na natin kailangang patawarin ang ating sarili.

## PANANALITA MULA SA BIBLIA

Panghuli, naniniwala akong ang ugat ng kahulugan ng salitang “magpatawad” (*aphiemi*) ay makapagbibigay linaw sa isyu. Ang pangunahing kahulugan ng *aphiemi* “magpatawad” ay “palayain” (*apo*, “mula sa”; *hiemi* “pakawalan”). Ibig sabihin ito’y lubusang pag-aalis ng dahilan ng pagkakasala. Ito’y base sa paghalili ni Cristo sa atin para Siya ang magdusa sa ating mga kasalanan (2 Cor. 5:21). Kinuha Niya ang ating mga kasalanan at inilipat sa Kanyang sarili. Kaya buong diing ipinahahayag ng Dios: “Sino pa ang mag-aakusa sa kanila?” Tinatapos nito ang isyu: Walang sinuman, maging ang ating sarili man!

## KALAYAAN SA WAKAS

Binigyang kahulugan ni Jesus ang ating kalayaan. Ito’y nakasalalay sa ating pananatili sa Kanyang Salita (pagkakaroon ng pamumuhay na nagpapakita ng Kanyang mga ipinahayag sa Kanyang Salita) at personal na halimbawa. Ang Kanyang buhay na Salitang malinaw na ipinamumuhay ay magreresulta sa kalayaan (Juan 8:31-32).

Dito nakasumpong si Shirley ng tunay na kalayaan. Matapos palitan ng sistema ng paniniwalang ayon sa Biblia ang mga nakagugulong isyu at opinyon ng tao, malaya niyang



tinahak ang daan ng tunay na kapatawaran at naging responsableng tao sa kanyang moralidad gaya ng ninanais ng Dios para sa kanya.

\*\*\*\*\*

Mayroon pang isang hadlang sa lubusang pagkilala sa kapatawaran. Ito'y basesa nakalilitong "katotohanang" malawakang ipinangangaral at itinuturo, subalit hindi nagpapakita ng malinaw na teolohiya. Nakipagbuno si Carol dito bago siya nagkaroon ng kapayapaan matapos ang isang malaking kawalan sa kanyang buhay.

### *Hindi Ko Mapatawad Ang Dios!”*

“Malupit ang Dios,” biglang wika ni Carol. “Kung hindi Niya kayang bantayan ang kaisa-isahan kong anak na lalaki, paano Niya mapapangalagaan ang buong mundo? Kung mayroon akong sampung anak, siguro hindi ganito kasakit. Pero nag-iisa ang anak ko. Sa buong dalawampu’t tatlong taon ng pagsasama namin, naging taksil ang aking asawa. Bukod pa rito, alam mo ba kung ilang operasyon dahil sa kanser ang pinagdaanan ko para makarating dito ngayon? Alam kong hindi ako dapat magsalita ng ganito. Oo, Cristiano ako pero ako’y puno ng kapaitan sa buhay.”

Galit sa Dios. Hindi rin ito bago. Ang Kasulatan ay maraming tala ng mga tao at bansang nagalit sa Dios. Maging ang mga taong makadios ay dumating sa pagkakataong nagalit din sila sa Dios. Habang ibinabalik ni Haring David ang kaban ng Dios mula sa Lunsod ni David, isang trahedyang naganap. Sa halip na buhatin ang kaban sa pamamagitan ng dalawang mahabang kahoy na isinuot sa dalawang argolya sa magkabilang tabi, inilipat ang kaban gamit ang isang kariton. Si Uza na humawak sa kaban upang hindi ito mahulog nang muntik ng madapa ang mga baka ay pinatay ng Dios. “Dinamdang ni David ang sinapit ni Uza” (2 Sam. 6:8). Bagamat dalisay ang intensiyon ni David na ilipat ang kaban sa Jerusalem, di niya sinasadyang nalabag ang malinaw na utos kaugnay sa paglilipat sa kaban ng Dios (Ex. 25:10-15).

Gaya ng tinalakay natin sa kabanata 2, ang galit ay isang otomatikong tugon ng emosiyon sa anumang inaakala o aktuwal na kasalanan laban sa atin. Inakala ni David na sobra ang naging reaksiyon ng Dios sa pagpatay kay Uza. Hindi nakita ni David sa umpisa na ang paghawak sa kaban ay paglapastangan at tahasang paglabag sa kabanalan ng Dios. Hinihingi ng Kanyang kabanalan na ang mga gawaing banal ay dapat gawin sa banal na paraan. Marahil ay may nagpayo kay David na patawarin ang Dios. Pero kailangan bang patawarin ni David ang Dios o maunawaan ang Kanyang karakter? Totoong ang normal na tugong Biblikal sa kasalanganang nagbubunga ng pagkagalit ay pagpapatawad. Pero paano kung ang galit na ito ay laban sa Dios?

Sa kapanahunang ito, maraming mga pastor, guro, at Cristianong sikolohista ang nagbibigay kahalagahan sa galit at nagmumungkahi na dapat patawarin ng nasaktan ang Dios. Matama akong nakikinig sa isang Cristianong sikolohistang nagbigay ng napakahusay na mensahe patungkol sa pagpapatawad ayon sa Biblia at kahalagahan nito mula sa pananaw ng kalusugang mental. Ipinahayag niyang bukod sa pagpapatawad sa iba, kailangan ding patawarin ang sarili. Pagkatapos, walang kagatul-gatol na sinabi niya, “Maaaring kailangan n’yo ring patawarin ang Dios.” Sa mas mahinang tinig, inamin niya, “...Sa totoo lang, hindi kailangan ng Dios ang ating kapatawaran, pero baka kailangan ninyong gawin ito.” Ang mga ganitong uri ng hunyangong pagpapayong espirituwal ang nakakalito sa maraming sinserong mananampalatayang nahihirapan na nga sa pagharap sa kanilang mga personal na pakikipagbuno sa pagpapatawad.

Ang matutuklasan natin sa kabanatang ito ay ang isyung may kaugnayan sa Dios ay hindi ang pagpapatawad kundi pagtitiwala at pagtanggap at kung posible ay pag-unawa. Bakit mahalaga ang pagbubukud-bukod na ito? Dahil kapag nalihis ang ating atensiyon at pagod sa ligaw na pangangailangang patawarin ang Dios, hindi na natin mababalikan kailanman ang mas mahalagang isyu ng pagtitiwala at pagtanggap. Kung wala ang dalawang ito, ang galit ay magpapatuloy sa kapaitan, at hindi maaabot kailanman ang tunay na pagtatapos ng problema na magbubunga sana ng pagtitiwala at pagtanggap.

May di kukulangin sa tatlong problema sa inaalalang pangangailangang patawarin ang Dios: ito’y nagpapahiwatig na 1) may kasalanang nagawa, 2) may nararapat na pananagutan, at 3) may kabayaranang kinakailangan. Titingnan nating isa-isa ang mga ito.

### **“ANG PAGPATAWAD AY NAGPAPAHIWATIG NA MAY KASALANANG NAGAWA”**

Bago lehitimong magamit ang biblikal na gamit ng kapatawaran, kailangang may matukoy na kasalanang nagawa. Bilang tao, posibleng makasakit tayo ng iba sinadya man o hindi, sa pamamagitan ng ating ginawa o hindi ginawa.

Maraming ulit na akong humingi ng tawad para sa mga sinadya kong gawin dahil sa aking pagiging makasarili o pag-uugaling makalaman. Ang matapat na kumbiksiyon ng Dios ay nagpapaalala sa akin ng aking kasalanan. Nasaktan ko ang aking pamilya, mga kaibigan, kamanggagawa, miyembro sa iglesia—kasama na rin ang aking mga pinagkasalahan sa industriya ng paglilingkod dahil sa aking maikling pasensiya, kakulangan ng pang-unawa o kawalang kaalaman. Dagdag pa rito, may mga pagkakataong nasaktan ko ang mga nabanggit nang hindi ko sinasadya o hindi ko namalayan. May mga pagkakataong nagawa ko ito dahil sa mga bagay na sinsero kong inakala na tama sa panahong iyon subalit sa bandang huli ay napatunayan kong mali. May mga pagkakataon ding hindi ako naging sensitibo sa iba. Oo, “ako’y tao lamang,” subalit kailangan ko pa ring ikumpisal ang aking kasalanan sa aking mga nasaktan at umasang kalakip ang panalanging sana’y mapatawad nila ako.

Sa kabilang dako, may mga pagkakataong kinailangan kong gumawa ng mga desisyong administratibo bilang administrador ng isang kolehiyo. Hindi lahat ng aking desisyon ay nagustuhan ng mga manggagawa at estudyante. Matapos ang masusing pagsusuri, panalangin, at pagpapayo, ginawa ko ang desisyon. Responsibilidad kong gawin iyon. Hindi ako nagkasala bagamat nakasakit sa iba ang aking desisyon. Sa pangyayaring ito, ang pangangailangan ng mga manggagawa at estudyante ay hindi pagpapatawad sa administrador kundi pagtanggap sa desisyon o polisiya. Hindi ito nangangahulugang hindi nila maaaring iapela ang desisyon. Ang matalinong gumagawa ng desisyon ay dapat magkaroon ng kahandaang maging risonable (Santiago 1:17), at maging handang pahintulutan ang ganitong posibilidad.

Kung minsan, maging ang mga namumuno sa iglesia ay kailangang gumawa ng desisyon para sa kabuuan na maaaring hindi magustuhan ng lahat bagamat ito’y moral at tama. Ang desisyong moral at tama ay maaaring pa ring makasakit ng damdamin. Ngunit muli, ang pangangailangan dito ay hindi pagpapatawad kundi pagtitiwala, pagtanggap, at pag-unawa.

Mahalagang pansinin na kung titingnan natin ang pakikitungo ng Dios sa tao, hindi at kailanma’y hindig-hindi Siya magkakasala laban sa atin sinasadya man o hindi (Santiago

1:13). Walang anumang kasalanan sa Kanya (Heb. 4:15). Lahat tayo sa isang pagkakataon ay nagkaroon ng problema sa Dios tulad ng naranasan ng mga manggagawa't estudyante sa kolehiyo laban sa akin. Maaaring tulad din ito ng pinagdaanan ng mga miyembro ng iglesia sa kanilang pamunuan. O maaaring ganito rin ang nangyayari sa mga anak at kanilang mga magulang. Tayong mga tao ay maaaring sinsero sa ating ginagawa pero magkamali pa rin sa ating desisyon. Subalit ang Dios ay hindi kailanman makakagawa ng maling desisyon o makakasakit sa ating moral. Kung gayon, hindi kailanman kailangan ng Dios ang kapatawaran. Sa halip, dapat nating matutunang magtiwala sa Kanya at tanggapin ang mga pangyayari. Oo, maaaring masaktan tayo dahil hindi natin nagustuhan ang desisyon ng Dios. Pero hindi ito kasalanan moral na nangangailangan ng kapatawaran—ito'y desisyong moral na kailangang tanggapin.

Gayunpaman, hindi ganoon kadalang makakawala ang Dios sa pananaw ni Carol. Nang matanggap niya ang tawag ng pulis na nasa ospital ang kanyang anak at nasa malubhang kalagayan, hindi niya napigilan ang kanyang emosiyon. Ang buong buhay at dahilan ng kanyang pagpapatuloy ngayon ay may banta at di magtatagal ay guguhon. Ang pangunahing reklamo ni Carol sa Dios ay maraming ulit ko nang narinig. Katunayan, tila ito ang numero unong ibinibintang na kasalanan sa Dios—nabigo Siyang ingatan ang mahal sa buhay. Nakapagpalala pa sa kaso ni Carol, ito ang kanyang nag-iisang anak na lalaki.

Buong pusong pinaniniwalaan ni Carol na ang mabuting Dios ay hindi magpapahintulot na may mangyaring masama sa Kanyang mga anak. Ang masasamang bagay ay nangyayari lamang sa masasamang tao. Ito rin ang maling kaisipan ng mga alagad nang hilingin nila kay Jesus na linawin kung ano ang dahilan ng sinapit ng lalaking ipinanganak na bulag: “Rabi, sino po ang nagkasala at ipinanganak na bulag ang lalaking ito, siya o ang kanyang mga magulang?” Pinalawak ni Jesus ang kanilang pag-iisip nang sumagot Siya, “Ipinanganak na bulag ang lalaking ito, hindi dahil sa nagkasala siya o ang kanyang mga magulang, kundi upang mahayag ang kapangyarihan ng Dios” (Juan 9:2-3). Kapag may pangyayari sa ating buhay na hindi naaayon sa ating pagkaunawa sa karakter ng Dios, itinuturing natin itong pagkakamali ng Dios. Kapag hindi ginawa ng Dios ang pinaniniwalaan kong dapat Niyang gawin, nasaktan Niya ako. Gayunpaman ang tunay na kabiguan ay hindi sa ginawa ng Dios kundi sa ating maling pananaw o hindi perpektong kaalaman ng Kabanal-banalan.

Tingnan natin ang halimbawa ni apostol Pablo. Kung ang masasamang bagay ay nangyayari sa masasamang tao lamang, si Pablo ay maituturing na pinakamasamang taong nabuhay! Sinasabi sa atin ng Kasulatan na madalas siyang dumanas ng pagpalo, pagkabilanggo, pagbato, at pagkawasak ng barkong sinasakyan—at marami pang mga kalamidad (2 Cor. 11:22-33). Subalit ang mga personal na nawala sa kanya ay hindi nagpapakita ng kakulangan sa kanyang moral na karakter. Ni hindi natin ito maaaring imungkahi. Sa kabila nito, naunawaan ni Pablo na siya'y tinawag upang magdusa at sa pamamagitan ng mga ito ay matutunan niya ang kahulugan ng maranasan ang pakikipag-isa sa pagdurusa ng Panginoong Jesus (Fil. 3:10; Gawa 9:16).

Habang ibinabahagi ni Carol ang kanyang galit at poot, alam kong hindi makakabuti kung ipaliliwanag ko ito sa kanya kaagad. May oras para makinig at oras para magsalita (Mangangaral 3:7; Santiago 1:19). Makalipas ang ilang panahon, hiniling kong ipaliwanag niya kung anong itinuro sa kanya patungkol sa Dios at sa Kanyang pag-iingat. Gayon din ang bahagi ng pagdurusa sa karanasan ng Cristiano. Sa mga matitinong sandali, nagbabalik si Carol sa kanyang mainam na kaalaman sa Biblia subalit ang pagkabigla, pagkawala ng mahal

sa buhay at pagdadalamhati ay nagbubulusok sa kanya sa isang krisis na nagiging dahilan para mabigong lahat ang kanyang kakayahang humarap sa buhay.

Hindi nag-iisa si Carol. Ang mga taong inabuso nang bata pa ay nakikipagbuno rin sa pananaw na nabigo ang Dios sa pag-iingat sa kanila. Nasaan ang Dios nang nangyari iyon at bakit hindi Niya ito pinigilan? Napakahirap itong maunawaan nang lubos, kahit anong pagpipilit natin. Alam ba Niyang mangyayari ito? Oo, omnisiyente Siya. Naroon ba Siya nang ito'y nangyari? Oo, omnipresente Siya. Mayroon ba Siyang sapat na kapangyarihan para pigilan ito? Oo, omnipotente Siya. Kung gayon, bakit hindi Siya kumilos para pigilan ito? Hindi ba Niya tayo minamahal?

Salungat sa lahat ng nakatalang kasaysayan ng kabutihan ng Dios sa tao, hinahatulan pa rin natin Siya base sa kung anong ginawa o hindi Niya ginawang personal para sa atin. Ang mahalagang isyu dito ay ang kabiguan nating unawain na hindi sinususpinde ng Dios ang bunga ng kasalanan para sa mga mananampalataya. Isa sa bawat apat na kababaihan ay inabusong sekswal nang sila'y bata pa. Sa mga batang lalaki, ito ay isa sa bawat anim. Ang mga hayok sa laman ng mga bata ay patuloy sa kanilang kasalanan laban sa mga inosenteng bata. May mga nagmamaneho ng lasing at libu-libong inosenteng tao ang napatay dahil sa mga kinasangkutan nilang aksidente. Kung hindi nauunawaan at tinatanggap ng isang tao ang reyalidad ng kasalanan at bunga nito, magkakaroon siya ng kapaitan laban sa Dios at gagawa ng maling konklusyon na kailangan niyang patawarin ang Dios sa Kanyang kabiguang mamagitan para sa kanya. Tandaan mo na ang mahalagang isyu dito ay pagtitiwala—hindi pagpapatawad. Nagagalit ang Dios sa mga gumagawa ng kasalanan laban sa atin o nang-aabuso nang higit kaysa ating galit. “Kung totoo ito,” maaaring mong itanong, “bakit hindi na lang Niya pagpapatayin ang masasamang mga tao?” Magandang katanungan. Sinagot ito ni Pedro: “Ang Panginoon ay hindi nagpapabaya sa kanyang pangako tulad ng inaakala ng ilan. Hindi pa niya tinutupad ang pangakong iyon alang-alang sa inyo. Binibigyan niya ng pagkakataon ang lahat na makapagsisi at magbalik-loob sa Dios, sapagkat hindi niya nais na kayo'y mapahamak.” Tinapos niya ito sa pagsasabi, “...Ngunit ang Araw ng Panginoon ay darating na tulad ng isang magnanakaw. Sa araw na yaon, ang kalangitan ay biglang mapaparam na may nakapangingilabot na ugong. Matutupok ang araw, buwan, at mga bituin, at ang lahat sa lupa ay malalantad” (2 Pedro 3:9-10). Ang banal na takot at pagwasak sa dakilang kapighatian at ang kasunod na paghatol ay walang kabuluhan kung ihihiwalay sa pagkagalit ng Dios sa lahat ng kasamaan sa mundo. Mapagbiyayang pasensiyoso Siya sa ngayon, subalit darating din ang katumbas na poot Niya sa kasalanan.

Dagdag pa sa ipinagkakamaling pagkukulang ng Dios sa pag-iingat, mayroong mga kalamidad tulad ng lindol, buhawi, bagyo, baha, sunog, tagtuyot, ganoon din ang mga depekto pagkapanganak at mga sakit na inaakala ng maraming ginawa ng Dios laban sa tao. Ganito rin ang nangyari sa kaso ni Carol. Hindi lamang namatay ang kanyang anak, maraming taon na rin niyang matapang na nilalabanan ang kanser. Halos buwan-buwan ang taning sa kanyang buhay. Ang tanggapin ang kanser ay tunay na napakahirap.

### **LIBRE SA PAGSUBOK**

Maraming mga tao ang nag-aakala na nakakontrata ang Dios sa kanila para gawing ligtas sa sakit at kawalan ang kanilang buhay lalo na kung matapat sila sa kanilang relasyon sa Kanya. Bilang iglesia, maaaring tayo'y libre sa pagbabayad ng buwis, pero hindi tayo libre sa mga “pagsubok.” Kaugnay nito ay mga taong may dinadalang kapaitan laban sa Dios

dahil mayroon silang kilala o mahal sa buhay na matapat na lumakad kasama ng Dios pero biglang namatay o nakaranas ng mahaba't mabigat na karamdaman na naging sanhi ng kamatayan. Nabigo silang alalahanin ang dalawang mahahalagang bagay: Una, hindi sinususpendi ng Dios ang batas ng kalikasan para sa mga mananampalataya. May mga mananampalatayang magkakaroon ng kanser at mamamatay. Ako mismo'y personal na nagdalamhati sa pagkawala ng mga makadios na kaibigan dahil sa iginupo sila ng malupit na kanser. Subalit totoo rin ang kabaligtaran nito. Sa pagbibigay sulyap sa karakter ng Dios, sinabi ni Jesus, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang mga umuusig sa inyo, upang kayo'y maging tunay na anak ng inyong Amang nasa langit." Pagkatapos ibinahagi Niya ang isang mahalagang pananaw kaugnay sa karakter ng Dios: "Sapagkat pinasisikat niya ang araw sa masamama at sa mabubuti, at pinapapatak niya ang ulan sa mga banal at sa mga makasalanang" (Mateo 5:44-45). Kung paanong kapwa nakikinabang ang mga mabubuti't masasama sa kalikasan, gayon din naman nadarama kapwa ng mga makadios at hindi makadios ang bunga ng mga kalamidad ng kalikasan. Kapag sinususpendi ng Dios ang batas ng kalikasan, tinatawag natin itong "himala." Manaka-naka'y may mga nangyayaring himala pero hindi ito palagian. Ikalawa, bagamat may pangako sa atin na ang lahat ng sakit at luha ay papahirin sa langit, narito pa rin tayo sa lupa. Malinaw na ipinakita ito ni Jesus ang pagkaunawa nito nang hinarap Niya ang kamatayan sa Krus: "Dahil sa kagalakang naghihintay sa kanya (sa langit), hindi niya ikinahiya ang mamatay sa krus (sa lupa)" (Heb. 12:2).

Isa pang ibinibintang na kasalanan ng Dios laban sa tao ay kapag nagkakaroon ng pagbaligtad ng kasaganaan (personal o kaugnay sa negosyo). May mga kinawnselan na akong nawala ang lahat ng tinatangkilik at nagkaroon ng kapaitan sa Dios. Mga pagbaligtad sa estado ng pamilya, kamatayan, paghihiwalay ng mag-asawa, pagrerebelde ng mga anak, pagtataksil ng asawa, pagtalikod ng magulang, pag-aaway sa iglesia, at pagkawala ng init sa paglilingkod Cristiano—lahat ng mga ito'y nagbibigay-daan sa galit at kapaitan laban sa Dios. Hindi kakaunting aklat ang inililimbag ng magagaling na mga manunulat sa pagsisikap na ipaliwanag kung anong ginagawa ng Dios sa gitna ng kanilang pagkabigo sa Kanya. Marami sa mga ito ay nakakatulong. Subalit marami rin ang nabigong bigyan ng kaibahan ang pagpapatawad at pagtitiwala sa Dios sa pamamagitan ng pagtanggap sa mga kasawi mula sa Kanya.

Maging ang mga pinakamakadios na tao sa Kasulatan ay nagdusa dahil sa pagbaligtad ng ekonomiya at pagkawala ng mga tinatangkilik na materyal na bagay. Si Job ay isang mabuting halimbawa. Pagkatapos pinayuhan ng asawa si Job na "sumpain mo na ang Dios nang mamatay ka na," nagtanong siya ng mapanuring tanong: "Kaginhawahan lang bang tatanggapin mo sa Dios at hindi pati kahirapan?" (Job 2:9-10). Tulad ng asawa ni Job, kadalasa'y hindi tayo handang tanggapin ang kahirapan sa buhay. Pero mahalagang malaman natin ang isang bagay dito. Karamihan sa mga iskolar ng Biblia ang naniniwalang ang aklat ni Job ang unang-unang naisulat. Kung totoo ito, ang problema ng sakit at pagdurusa ng tao ang unang hinarap ng Dios sa Kanyang Salita! Kakambal ng buhay ang paghihirap, mananampalataya ka man o hindi.

Nakakatuwang pansinin na ang Santiago ay pinaniniwalaang una ring aklat na naisulat sa Bagong Tipan. At ano ang unang isyung tinalakay ng Dios sa Santiago? Pagsubok! Ang sulat ay para sa Labindalawang Tribo (ng Israel) na nakakalat sa iba't ibang dako. Sila'y "pinalibutan" (*peripese* sa wikang Griyego) ng mga pagsubok. Sinisikap ni Santiago na iayos ang kanilang mga damdamin kaugnay sa mga pagsubok. Hindi paghihirap ang mga ito

kundi pagsubok lamang. Dinisenyo ang mga ito upang lumikha ng makadios na pag-uugali: ang pagtitiis. Ang mga pagsubok ay dapat tanggapin at hindi ikainis. Ang nararapat na katugunan ay kagalakan, hindi dahil makakatakas tayo kundi dahil alam natin kung ano ang layunin ng Dios—ang makadios na kalidad ng pagtitiis. Nalalaman ng Dios na daranas ng sakit at kawalan ang Kanyang mga anak dahil hindi tayo ipinwera sa mga ito.

### **“ANG PAGPAPATAWAD AY NAGPAPAHIWATIG NA MAY NARARAPAT NA PANANAGUTAN”**

Ang ikalawang ipinahihwatig ng pagpapatawad ay may nararapat na pananagutan. Isa sa mga madalas na katanungan ng tao sa Dios ay “Bakit?” “Bakit nawala sa akin ang aking bukirin? Bakit kailangang mamatay ang aking asawa at maiwan ang tatlong maliliit pang anak namin? Bakit binangga ng isang lasing na tsuper ang kotseng sinasakyan ng limang Christianong kabataan?” Minsan ay tinanong din ni Jesus ang Dios Ama ng “bakit” nang dinanas Niya ang matinding pisikal at emosiyonal na sakit habang nagdurusa sa krus: “Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan?” (Mateo 27:46).

Mahalagang maunawaan natin na isang bagay ang magtanong. Subalit iba rin naman ang pilitin ang Dios na tumugon ayon sa ating kagustuhan. Ang tanong na “bakit” ay nagpapahiwatig na may pananagutan ang tinatanong. Ang nagkasala ay may pananagutan sa pinagkasalahang aminin niya ang kamalian. Buhat doon maaaring maging pananagutan niyang ipaliwanag kung bakit niya ginawa iyon o marahil bakit hindi niya pinagbayaran ang kasalanan kung mayroon naman siyang kakayahang gawin ito. Hinihingi nito sa nagkasalang magpakumbaba at kilalanin ang kanyang pagkakamali.

Mapipilitan tayong magpakababa kung aaminin natin ang ating pagkakamali at hihingi ng tawad. Subalit kung Dios ang dapat patawarin, kailangan ba Niyang magpakababa para hingin ang ating kapatawaran? Puputulin ba natin ang ating pakikisama sa Kanya hangga’t hindi Niya ginagawa ito? Maraming gumawa nito. Gaya ng ipinaliwanag natin sa Kabanata 5, napipigilan ang pakikisama kung hindi aaminin ang kasalananang nagawa. Aaminin ba ng Dios na Siya’y nagkamali o magpapaliwanag ba Siya kung bakit Niya ginawa ang ginawa Niya para mabalik ang patuloy na kaugnayan natin sa Kanya? Kalakip sa pagpapatawad sa Dios ang Kanyang pagpakumbaba at pag-amin sa Kanyang pagkakamali bago maibalik ang relasyon at sa pamamagitan nito ginagawa natin Siyang may pananagutan sa atin. Kung titingnan natin ito sa ganitong paraan, ang buong konsepto ng pagpapatawad sa Dios ay napakakatawa-tawa. Subalit ito’y itinuturo ng mga pastor at Cristianong manggagawa alang-alang sa kalusugang mental. Hindi ito inisip ayon sa lohikal na konklusyon at dahil dito, labis na enerhiya ang naitutuon sa pagpapatawad sa halip na ibaling ito sa pagtanggap at pagtitiwala.

Ang buong konsepto ng pananagutan ay tila nagbabaligtad sa bahaging ginagampanan ng Dios at ng tao. Ipinahayag ni Pablo kung sinong nararapat magtanong ng ano kanino nang sabihin niya, “Ngunit ikaw na tao lang—sino ka upang sumagot nang gawon sa Dios? Masasabi ba ng tao sa lumikha sa kanya, ‘Bakit mo ako ginawang ganito?’ Wala bang karapatan ang magpapalayok na gumawa ng isang kasangkapang mumurahin mula sa isang limpak ng luwad?” (Roma 9:20-21). Si Jesus ay naglarawan din ng tamang paraan ng pagtatanong sa Dios at kasabay nito’y pagtanggap sa Kanyang kalooban: “Ama ko, kung maaari’y ilayo mo sa akin ang saro ng paghihirap na ito. Gayunman, huwag ang kalooban ko kundi ang kalooban mo ang mangyari” (Mateo 26:39). At kung sakaling matukso kang

sabihin na hindi nahirapan ang Anak ng Dios, alalahanin mong tatlong ulit Niyang hiniling sa Kanyang Amang palagpasin Siya sa pagdurusang ito subalit tinapos Niya ang Kanyang kahilingan sa kaparehong paraan: "...gayunman, huwag ang kalooban ko kundi ang kalooban mo ang mangyari." Para hingin nating magpakababa ang Dios sa tao sa ganitong paraan ay paglapastangan. Ito ang pinakamababaw na salitang maaari nating gamitin dito. Ang totoo'y nagpakababa na si Jesus sa pinakamababang lugar na maaari Niyang babaan—ang kamatayan—at ginawa Niya ito upang bilhin ang ating kaligtasan sapagkat nagkasala tayo laban sa Kanya—hindi Siya laban sa atin! (Fil. 2:5-11). Ngayon Siya'y nasa mataas na kalagayan sa Langit kung saan Siya mananatili hanggang sa Kanyang muling pagbabalik (1 Tes. 4:13-18). Purihin ang Dios!

### **“ANG PAGPAPATAWAD AY NAGPAPAHIWATIG NA MAY KABAYARANG KINAKAILANGAN”**

Panghuli, ang pagpapatawad ay nagpapahiwatig na may kabayaranang kinakailangan. Tinalakay natin sa kabanata 3 na may dapat magbayad sa ating kasalanan at mga pagkukulang bago mapatawad ang mga ito. Subalit kung ang Dios ang nagkasala sa atin sa anumang inaakala nating dahilan, sino ang magbabayad sa mga pagkukulang na iyon? Iisa lamang ang perpektong sakripisyo para sa kasalanan (2 Cor. 5:21). Iisa lamang ang tunay na Dios na makagagawa ng ganitong sakripisyo. Kinailangan ang kamatayan ni Cristo, ang Dios-Tao, para mabayaran ang lahat ng ating kasalanan. Sino kung gayon ang mamamatay para bayaran ang Kanyang kasalanan?

Ang katawa-tawang konsepto ng pagpapatawad sa Dios ay nadaragdagan kapag sinuri natin ang itinuturo ng Biblia tungkol sa kapatawaran. Walang tala sa Kasulatan na kinilala ng Dios ang pangangailangang patawarin ninuman.

### **PAGTANGGAP AT PAGTITIWALA**

Bakit hindi ko ipinagtanggol ang Dios kay Carol habang ibinubulalas niya ang galit sa Kanya at sa ibang responsable sa kamatayan ng kanyang anak na lalaki? Simple. Nagagalit siya, nangingibabaw ang kanyang emosiyon, at hindi gumagana ang kanyang tamang pag-iisip sa oras na iyon. Subalit habang naitatanong niya ang kanyang mga katanungan at naipapahayag niya ang kanyang damdamin, lalo kong nakikitang sinisimulan na ng Dios ang pag-alo sa kanya. Sa totoo lang, napako siya sa ikalawang antas ng pagdadalamhati. Ang aktuwal na hakbang sa pagdadalamhati ay pinagdeditihan pero gaya ng binanggit natin noon, kadalasa'y mayroong elementong kalakip dito: pagkakaila, galit, pakikipagtawaran (“kung sana”), kalungkutan, at panghuli, pagtanggap. Karamihan sa may mga dinadalang kapaitan sa loob ng ilang panahon ay napapako sa ikalawang bahagi ng pagdadalamhati: ang galit.

May mga nagmumungkahi na kailangan mong patawarin ang Dios para makaalis sa antas ng pagkagalit. Totoong may lugar ang pagpapatawad ng kasalanan sa antas ng pagkagalit at nararapat na gamitin ito laban sa lehitimong nagkasala. Subalit mahigpit kong tinututulan ang hindi naaayon sa Bibliang proseso ng pagtalikod sa antas na ito ng pagdadalamhati dahil ang tao'y nasa rurok ng emosiyon at bahagya lamang nakapag-iisip ng maayos. Ang galit ay laging naghahanap ng masisisi. Ang galit at paninisi ay magkasiping. Ang natural na reaksiyon natin kapag may krisis ay dagliang pag-atake at paninisi para



magkaroon ng mapagbubuntunan ng galit. Pero nararapat na ang nagkasala ay talagang karapat-dapat sisihin. Ang Dios ba'y karapat-dapat sisihin? Susi ang isyung ito para maproseso ang iyong galit sa pamamagitan ng pagpapatawad at pagtanggap. Kailangan mong harapin ang sakit at galit, totoo. Subalit kasabay nito dapat mo ring kilalanin na ang iyong kinakailangan higit kaysa patawarin ang Dios ay tanggapin ang nawala sa iyo at ipagkatiwala ito sa Kanya.

Nagsalita ako sa isang kamping na pampamilya sa Wisconsin isang tag-init. Sa isa sa mga panghapon na pahinga, nagkikipagkasayahan kami ng aking pamilya sa tabing lawa nang lumapit ang isa sa mga dumadalo at nagpakilala sa akin. Nabigla ako sa susunod niyang sinabi sa akin: “Ayokong-ayoko ang Roma 8:28!” Matapos kong makabawi sa pagkagulat, sinagot ko siya, “O?” habang pilit na itinatago ang labis na pagkagulat. Ang sumunod ay dalawang oras ng pakikinig sa detalye ng kahindik-hindik na aksidenteng ikinamatay ng kanyang asawa at maraming operasyon para sa kanya.

Ayon sa kanyang salaysay, ang magiliw na pagdamay ng maraming kaibigang Cristiano ay kamangha-mangha. Subalit bawat isa sa mga nakiramay ay bumanggit sa Roma 8:28 sa kanilang mga kard. “Alam nating sa lahat ng bagay, ang Dios ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa kanya...” Sa kabilang kanilang sinserong pagnanais na aliwin at aluin siya, patuloy pa rin ang paghuhumiyaw ng kanyang emosiyon: “Hindi ko matatanggap ang kanyang kamatayan, at hindi ako naniniwalang ang lahat ng sakit na ito ay para sa pakinabang ninuman!” Kasagsagan ng ikalawang antas ng kanyang pagdadalamhati—ang pagkagalit.

Sinubaybayan siya ng aming pamilya sa mga dumating na taon. Oo, napagdaanan niya ang lahat ng antas ng pagdadalamhati. Nakapag-asawa pa nga siyang muli. Dumalo pa kami sa kanyang kasal. Lumipat siya buhat sa “Kailangan magpaumanhin ng Dios sa akin” sa “Masakit pero kaya ko nang tanggapin ang aksidente at mamuhay nang may kapayapaan sa kabila ng nawala sa akin.” Kinailangan bang patawarin ang Dios? Hindi. Kinailangan ba niyang lumago sa pagtitiwala at pagtanggap? Oo.

Maraming tao ang mas madaling makakaalis sa antas ng pagkagalit kung mayroon lamang magbibigay ng panahong bigyan sila ng walang paghatol na pang-unawa at marahang akayin sila sa mas mahalagang isyu ng pagtanggap. Ang pagtanggap ay hindi lamang kaugnay ng pag-unawa (gawain ng isip) kundi ng pagtitiwala (gawain ng espiritu sa pamamagitan ng pananampalataya) (Heb. 11:6).

May mga tao akong naririnig na nagsasabing sabik na sabik na silang pumunta sa langit para tanungin ang Dios kung bakit Niya ginawa ang ginawa Niya. Sigurado akong kung ganito ang manyayari, hindi nasasabik ang Dios sa ating pagdating at sa paggisang tatanggapin Niya. Naniniwala akong dagliang lalawak ang ating kaalaman at pang-unawa at mawawala din agad ang ating pangangailangang hingin ang paliwanag ng Dios kaugnay ng Kanyang mga ginawa. Ganito ang pahayag ni Pablo: “Sa kasalukuyan tila malabong larawan ang nakikita natin sa salamin, ngunit darating ang araw na makikita natin siyha nang mukhaan. Bahagya lamang ang nalalalaman ko ngayon; ngunit darating ang araw na malulubos ang kaalamang ito, tulad ng pagkakilala sa akin ng Dios” (1 Cor. 13:12). May magandang ilustrasyong ginagamit si Corrie ten Boom noon sa kanyang mga pagsasalita. Ipakikita niya ang likod ng isang burdadong tela kung saan makikita ang salasalagbat na hibla ng mga sinulid na may iba't ibang haba. Ang gulong tingnan nito sa kabaligtaran. Pero kapag iniharap na niya ang tela, makikita ang magandang disenyo ng burda. Kapag nakita na

natin ang kabuuang ganda ng burda, kukupas din ang ating mga katanungan patungkol sa pangit na mga hibla ng sinulid. Naniniwala akong ito ang mangyayari kapag tayo'y naglakbay na buhat dito patungo sa kaluwalhatian. Dito sa lupa, tinitingnan natin ang natin ang kabaligtaran ng burdadong tela at ito ang tinatawag nating buhay. Subalit pagdating natin sa langit makikita natin ang magandang disenyo ng karayagan, at lahat ng ating pag-aalinlangan at magulong pag-iisip ay maglalaho.

### **SAKIT AT PAGTANGGAP**

Hindi naging madali ang pagtanggap para kay Carol. Maraming nawala sa kanyang buhay at ang pinakamalaki ay ang pagkawala ng anak. Umabot ba siya sa pagpapakawala sa lahat ng sakit upang hindi na kailanman madama ang pait na pinagdaanan? Hindi. Ang pagtanggap ay hindi nangangahulugang lubusang mawawala ang lahat ng sakit. Karamihan sa mga sakit na naranasan natin sa buhay ay huhupa subalit hindi lubusang maglalaho sa bahaging ito ng Langit. Lagi ba siyang magkakaroon ng damdaming siya'y nawalan at bahagyang nalalabing sakit? Oo. May mga nagsasabing kung lubusan na niyang matanggap ang kamatayan ng anak, hindi na niya mararamdaman ang sakit nito. Sa kasamaang palad, ang mga sinserong taong ito ay nalilito sa kaibahan ng pagtanggap sa pagkawala ng sakit. Ang reyalidad, maaaring mayroon o wala nang sakit na madarama. Kung mayroon, iba't iba ang tindi nito. Subalit ang tahimik na pagtanggap ay hindi nangangahulugang hindi niya patuloy na madaramang may nawala sa kanya kung dadalo siya sa kasalan, makakakita siya ng mga apo ng ibang tao na hindi niya mararanasan kailanman, o mangangailang ng mag-aayos sa bahay subalit wala siyang kasamang lalaki para gawin ito. Nauunawaan ng Dios ang damdaming ito at nananawagan Siya sa iglesia para ibsan ang sakit ng mawalan ng mga balo atbp. (Santiago 1:27).

Ibinahagi ko sa kanya ang dalawang konseptong nakatulong sa kanyang pag-unawa sa kanyang hinaharap. Una, maaaring niyang pagbalikan ang mga naranasan niyang kawalan, subalit ang sakit ay hindi na kasing tindi noon. Ikalawa, may mga magpapaalaala sa kanya ng nakaraang sakit pero hindi ito magtatagal. Habang nagpapatuloy ang paglago kay Cristo, ang lalim at tagal ng sakit ay mababawasan. Laging may kaunting sakit dahil sa nawala sa iyo. Subalit kung pahihintulutan natin, ito ang magpapalalim sa ating paglakad kasama ng ating Panginoong Jesus at magdaragdag sa ating pagnanais na makasama Siya (Fil. 1:21).

\*\*\*\*\*

Ang sakit na nadarama ni Joy ay hindi bago sa kanyang buhay. Para sa kanya, naroon na ang mga ito sa simula't simula pa. Nagkaroon na siya ng kapaitan sa batang gulang pa lamang at ito na ang pagkakakilanlan sa kanya.

## *Kabanata 10*

### *"Hindi ako Madaling Magpatawad!"*

Ibinaluktot ni Joy ang kanyang mga paa habang nakaupo sa kanyang bulaklaki't napakalaking upuan. Nakapangalumbaba siya't nakatukod ang kanang siko sa patungan ng kamay ng upuan. Hanggang sa puntong ito, nagamit ko na lahat ng naiisip kong pananaw, paraan o apela para matulungan siyang kumawala sa kapaitang nadarama.

"Hindi kaya nadarama mong kailangan mong makalimot para makapagpatawad?" Ikinibit niya ang mga balikat.

"Natatakot ka bang hayaan ang sarili mong madama ang galit?" Ang mabilis at matalim na sulyap niya sa atin ay nagsasabing hindi iyon ang kanyang nadarama. Nangangapa ako.

"Makatutulong ba sa iyo kung maski paano'y pagbayarin natin sila ng mahal sa ginawa nila sa iyo?"

Tumingin siya sa kisame. Nagbuntong-hininga at umiling.

Mali na naman.

Pagkatapos, tila biglang nahulog sa langit ang kanyang pahayag, "Ahh ... sa palagay ko hindi ako ang tipo ng taong marunong magpatawad." Muli siyang tumitig sa kulay balat na karpit at tila umaasang sa pagsasabi nito magtatapos ang aming pag-uusap.

Maraming ulit ko nang narinig ang desperadong pangungusap na ito sa nagdaang mga taon. Sa bahaging ito gusto kong bigyang pansin ni Joy ang kanyang iningatang kapaitan sa kanyang puso at ipipilit kong harapin niya ito sa lalong madaling panahon at ayon sa paraan ng Biblia. Gusto kong gawin niya ito ngayon. Maging si apostol Pablo ay nagpayo sa kanyang anak sa pananampalataya na maging handa kahit maikli ang abiso para hikayatin, pagsabihan, at patatagin ang mga pinaglilingkuran niya. Pero may maikling pariralang dapat manaig sa lahat ng ito: Gagawin ito "sa pamamagitan ng matiyagang pagtuturo" (2 Tim. 4:2). Sa mga taga-Tesalonica, sinabi niya, "...inyong paalalahanan ang mga tamad, pasiglahin ang mahihinang-loob, at kalingain ang mga walang kaya. Pagtiyagaan ninyo silang lahat" (1 Tes. 5:14). Totoong darating ang oras na kailangang harapin ang pagpatawad. Pero ginamit ng Dios si Joy para turuan ako ng mas malalim na dahilan kung bakit para sa iba, napakahirap ang magpatawad.

Maraming nasabi si Joy sa maikling tagong pangungusap na binitawan, "Hindi ako ang tipong nagpatawad." Ipinakikita niya sa akin kung sino siyang talaga.

#### **KAPAITAN ANG PAGKAKAKILANLAN**

Habang nasa seminaryo, nagising ako sa masakit na katotohanan patungkol sa aking sarili. Matagumpay ko itong naitago sa kolehiyo pero hindi ko na nakayanan sa

pagkakataong ito. Kumukuha ako ng kurso sa wikang Griyego, o marahil ang dapat kong sabihin ay nakuha ako ng wikang Griyego.

Itinuro ng aming propesor ang iba't ibang bahagi ng bararilang Griyego. Hirap na hirap ako. Sa huli, hindi ko na maikaila pa. Hindi rin ako marunong ng bararilang Ingles. Bigla kong napagtanto, dalawang lenguaheng hindi ko alam ang aking pinag-aaralan, Griyego at Ingles, bagamat Ingles ang wikang aking kinagisnan at ginagamit araw-araw.

Sa isa sa mga mahihirap na aralin sa bararila ko natututunan ang isang katangian ng pandiwang “ay o ang” (sa Ingles ay “to be”). Sinabi ng propesor na ang pandiwang *eimi* na sa Ingles ay “to be” ay tulad ng tandang katumbas (=). Anumang sinabi bago’t pagkatapos ng pandiwang ito ay magkatumbas. Maaari kong sabihin, “Ang kotse ay pula.” May kahulugan ang pangungusap. Maaari ko ring sabihin, “Pula ang kotse.” Ito rin ay may kahulugan. Sinimulan kong pakinggan sa mga pag-uusap ang paggamit sa pandiwang ito. Kamanghamanga ang aking natututunan.

Isang araw, ipinagyayabang ni Helen sa isang pananghalian kasama ng mga kamanggagawa ang husay ng kanyang anak sa paglalaro ng *soccer*. Talagang magaling ang kanyang anak. Inisip ko ang kanyang sinabi: “Ang aking anak ay magaling na manlalaro ng *soccer*.” Maaari itong baligtarin at sabihin ng ganito: “Magaling na manlalaro ng *soccer* ang aking anak!” Ang *ay o ang* ay nangangahulugang “magkatumbas.” Pagkatapos naisip ko, “Kung ang pagkakakilanlan sa kanyang anak ay katumbas ng *soccer*, magigin sino siya kung mabali ang kanyang paa at hindi na makapaglaro ng *soccer*?”

Ang pagkakakilanlan ay katumbas ng iyong halaga. Karamihan sa atin ay humuhugot ng pagkakakilanlan sa atin buhat sa ating ginagawa (halimbawa: maglaro ng *soccer*) o sa posisyong ating hinahawakan (halimbawa: presidente, ina, doctor, o manlalaro ng *soccer*).

Mas maganda sana kung sasabihin ni Helen, “Si John ay (katumbas ng) aking anak *na naglalaro ng soccer*.” Bakit? Dahil kahit huminto si John sa paglalaro ng *soccer*, anak pa rin siya ni Helen! Ang kanyang paglalaro ay hindi makapagbabago sa kanyang posisyon o relasyon. Gayundin ang ating ginagawa ay hindi makapagpapabago sa ating posisyon kay Cristo kahit magkamali pa tayo (2 Tim. 2:13).

May nagsabi sa akin na isa sa mga susing dahilan ng paglalasing ng maraming retiradong propesiyonal na atleta ay krisis sa pagkakakilanlan (identity crisis) sa kanila. Ang pagkakakilanlan sa kanilang buhay ay ang pagiging propesiyonal na atleta. Sa pagreretirong hindi napaghandaang mabuti, nagkakaroon ng krisis. Hindi nila makayanang tanggapin ang katotohanang hindi na sila ang hinahangaang propesiyonal na atleta.

Hindi lang mga atleta ang nakakaranas nito kundi mga taong ang pagkakakilanlan ay ang kanilang trabaho. Maraming tao ang namamatay matapos magretiro dahil ang kanilang trabaho ang layunin nila sa buhay. Ang trabaho nila ay katumbas ng kung sino sila.

Ang ating halaga ay katumbas ng kung kanino o ano ang pinagkakakilanlan sa atin. Hindi naman kadalasang problema ang paglalapat ng ating ginagawa o trabaho sa ating pagkakakilanlan. Subalit anong mangyayari kung ang pagkakakilanlan sa atin ay sakit o kapaitan? Ganito ang kaso ni Joy. Nang sabihin niyang hindi siya taong madaling magpatawad, madali rin sana niyang masasabi, “taong madaling magpatawad ay hindi ako ganyan.” Ito ang pinagmumulan ng labis na hirap sa pagpapatawad dahil ginawa nang pagkakakilanlan sa sarili ang galit at kapaitan bilang tugon sa pisikal o emosiyonal na sakit ng loob.

Sa puntong ito ay ibinalik ako ng Dios sa madilim na panahon sa Lumang Tipan noong kapanahunan ng mga hukom, lalo na sa Betlehem.

### **“TAWAGIN N’YO AKONG MARA”**

Pagud na pagod sa malayong paglalakbay, dalawang babae ang bumabagtas sa maalikabok na landas sa labas ng Betlehem. Mahinang pagbubuntong-hininga ang maririnig sa paligid. Iniwan ng kababaihan ang kanilang pinagmamasahan ng harina, inihinto ang pagbabayo ng trigo, at pinabayaan ang kanilang mga pugon. Nagsimulang mabagal subalit unti-unting bumilis ang kanilang paglapit para salubungin ang dalawang babaeng walang kasamang lalaki. Nanlaki ang mga mata dahil sa pagkamangha at pagkaawa sa mas nakatatandang babae. Pabulong at halos hindi marinig na nagtatanungan sila sa isa’t isa, “Hindi ba si Noemi ito?”

Sampung taon na ang nakakalipas sa panahon ng matinding taggutom nang umalis sa Betlehem ang isang babaeng kahawig niya kasama ang asawang si Elimelec at dalawang anak na sina Mahalon at Quelion. Ang mukha’t lakad niya’y pamilyar pero .... Biglang huminto ang bulung-bulungan. Tumayo ng tuwid si Noemi, bakas sa mukha ang matinding pagdadalamhati, at nagsalita sa mga nagtataakang kababaihan, “Huwag na ninyo akong tawaging Noemi, ang Babaing Mapalad.” Halos sabay-sabay napahindik ang kababaihan, sapo ng kamay ang mga bibig. “Tawagin ninyo akong Mara, ang Babaing Sawimpalad, sapagkat ako’y pinagmalupitan ng Makapangyarihang Dios.” Tuloy sa pagtitinginan sa isa’t isa ang mga kausap.

Sa dalawang maiikling pangungusap, isinalaysay ni Noemi ang lahat: “Nakaririwasa kami (may asawa’t dalawang anak na lalaki) ni Elimelec nang lumisan dito (mula sa Betlehem). Ngunit ibinalik ako ni Yahweh na walang taglay na anuman.” (Namatay sila sa lupain ng Moab.) Puspos ng kapaitan ng espiritu sinumbatan niya ang mga nanonood: “Huwag na ninyo ako tawaging Mapalad (Noemi na sa wikang Hebreo ay nangangahulugang matamis o mainam) pagkat ako’y binigyan ni Yahweh (Shaddai) ng matinding kasawian sa buhay!” (Ruth 1:19-21).

Masyadong dinamdam ni Noemi ang kanyang galit at kapaitan dahil sa pagkawala ng pamilya at ng kanyang kasiguruhan sa buhay kaya pinalitan niya maging ang kanyang pangalan upang ipakita ang sakit na nadarama. “Tawagin ninyo akong Mara, ang Babaing Sawimpalad, sapagkat ako’y pinagmalupitan ng Makapangyarihang Dios.” Ang gusto ni Noemi ay gamitin ang kanyang bagong pangalan sa lahat ng okasyon upang maging paalaala sa sarili at sa ibang tao na siya ay batbat ng kapaitan. Subalit wala tayong mababasang tinanggap ng kanyang mga kaibigan, o ng Dios man, ang pagpapalit niya ng pangalan. Nakita niya ang kanyang sarili bilang kapaitan samantalang sa totoo lang ipinaghanda siya ng Dios ng pagpapala.

Dahil sa kapaitan at galit nagiging malapitan lamang ang ating nakikita. Kasama niyang nakatayo sa gitna ng maalikabok na daang iyon ang isa pang batang biyuda—ang kanyang manugang na si Ruth. Hindi kalaunan, ang di pansing si Ruth ay gaganap ng isang susing bahagi sa pagpapanumbalik ng pag-asa, kasiguruhan, at pagpapala para sa kanilang dalawa. Oo, nakakabulag ang kapaitan. Subalit ang paniniwala ay nakapagpapaliwanag. At sa paggawa ng Dios sa kanyang makapangyarihang plano, maging si Noemi ay nakapagsabi, “... si Yahweh na hindi nakalimot sa kanyang pangako maging sa buhay at maging sa patay”

(Ruth 2:20). Ngunit sa ngayon, naisapuso ni Noemi ang kanyang kapaitan tulad din ni Joy. Bagamat si Joy ay biniyayaan ng tatlong magagandang anak at katangi-tanging asawang Cristiano, nakabaon pa rin siya sa kapaitan. Ang kumpisal niya, “Hindi ako ang tipong madaling magpatawad.” Nagpapahayag ito ng di kukulangin sa limang bagay tungkol sa kanya at sa kanyang nakaraan na siyang dahilan kung bakit para sa kanya at sa iba pang tulad niya, napakahirap ang magpatawad.

## ANG TAGAL NG KANYANG SAMA NG LOOB

Lumaki si Joy sa isang tahanang Cristiano. Kapwa nagkaroon ng personal na kaugnayan ang kanyang mga magulang kay Jesu-Cristo noong sila’y kabataan pa. Lumaki ang kanyang ina sa isang tahanang puno ng awayan at pintasan. Natutunan niyang labanan ang kanyang emosiyon at harapin ito sa pamamagitan ng pagsupil sa damdamin, pagiging perpeksiyonista, kritiko ng sarili, at labis mamintas sa iba. Kasama rito ang kanyang anak ng si Joy. Ito ang kinalakhang kapaligiran ni Joy buhat sa unang araw ng kanyang buhay. Maagang natutunan ni Joy na hindi niya kailanman mabibigyang kasiyahan ang ina at hindi niya maaabot ang pamantayan nito.

Ipinahihiya si Joy sa anumang negatibong emosiyon at dinidisciplina para sa mga “makasalanang pag-uugali.” Ang galit ay isa sa mga ito. Tulad ng ina ni Sally sa Kabanata 2, dinidisciplina si Joy kung nagpapahayag siya ng galit. Hindi naisip ng ina na maaaring may lehitimong nakasakit sa kanya o may kasalanang dapat harapin. Malinaw ang mensahe para kay Joy: “Hindi mahalaga ang iyong galit at mga sama ng loob, at kailangan mong matutunang harapin ang mga ito sa iyong buhay.”

Ipmuhay ito? Oo. Ang malungkot na bahagi sa pagsasanay na ito ay ganoon nga ang kanyang ginawa. Natuto siyang mamuhay kasama ang galit at kapaitan hanggang sa ang mga ito’y naging bahagi na niya, siyang pagkakakilanlan sa kanya. Siya ay puno ng galit at kapaitan. Kung pipiliin mong mamuhay kasama ng negatibong damdamin, hindi mo sila maiwawaksi (makapagpatawad). Isinasapuso mo ang mga ito, at nagiging bahagi sila ng buhay mo. Sa paglipas ng panahon, magiging normal na ang galit sa iyo, at maaaring maging komportable ka pa dito. Hindi na kailangang harapin. Hindi lamang ito naging bahagi mo, ikaw na ito. Bakit kailangan pa ng pagbabago ngayon?

Kung ang ina ni Joy ay batas, ang kanyang ama naman ay biyaya. Pero naging bahagi rin ang ama sa pakiramdam ni Joy na siya’y tinalikuran ng mga magulang. Nang siya’y bata pa, pastor ng kabataan sa isang napakalaking iglesia ang ama. Sobra ang oras na hiningi ng ministeryo. Pagkatapos naging bahagi ito ng isang pambansang ministeryo. Oras ng nagtatrabaho sa bangko. Iyon ay kung hindi ito naglalakbay para magsaayos ng mga seminar. Tuwing mag-iikot ang sasakyan ng ministeryo para sunduin ang mga ihahatid na manggagawa sa paliparan, hihinto ito sa harap mismo ng kanilang bahay para kunin ang ama. Halalican nito si Joy para magpaalam at humahagulgol at nagmamakaawa naman si Joy na huwag siyang iwan ng ama. Mawawala siya ng hindi bababa sa isang linggo.

Masayang kasama ang ama. Naglalaro sila. Magkasama silang gumagawa ng mga bagay-bagay. Pero umaalis siyang palagi. Ang pakiramdam na lagi siyang iniwan ay tumimo nang malalim, hindi lamang noong siya’y bata pa kundi ito’y nagpatuloy hanggang sa mga taong siya’y tinedyer na. Hindi ligtas na kilalanin ang galit sa kanyang pintaserang ina o sama ng loob sa kanyang nang-iiwang ama. Kailangan niyang mabuhay kasama nito.

Itago at supilin ito. At ito ang kanyang ginawa. Naging bahagi niya ito. Naging siya na nga ito. Ito ang naging pagkakakilanlan sa kanya. Siya ang taong kumakatawan sa kasabihang, “Kung hindi mo kayang harapin ang pagdurusa’t sakit, hindi mo ito mapagtatagumpayan.” Sa halip, nasa puso mo ito! Kalaunan, ang galit at kapaitan ay magiging malaking bahagi mo tulad din ng kulay ng iyong mata o hugis ng iyong ilong. Ang galit ay ikaw na mismo. Sa pagpapatawad, kailanang baguhin ni Joy kung sino siya. Hindi iyon mangyayari, hindi pa.

## ANG LALIM NG SAKIT

Ang pahayag ni Joy ay hindi lamang nagpapakita kung gaano katagal na ang kanyang sakit ng damdamin, nagsasabi rin ito ng lalim ng sakit. At ang lalim nito’y nagpalala lamang sa hirap niya kaugnay ng pagpapatawad.

Hindi sinasadyang naiukit ng kritikal na ina kay Joy na, “May depekto ka ay wala kang magagawang tama. Kabiguan ang iyong kapalaran at ang takot na mabigo ang magiging kamalasan mo sa buhay.” Lalo nitong pinalalim ang galit ni Joy at sinamahan pa ng takot.

Kakaunti lang pagpapahirap na mental ang katumbas ng pagpapahirap na nagdudulot ng takot. Para kay Joy, namuhay siyang tila nasa isang mataas at umuugoy na tutulayang lubid. Namuhay siyang laging may takot na anumang oras siya’y maaaring madulas (mabigo) at bumulusok sa isang mabilis at masakit na kamatayan (talikuran ng iba). Ang sakit ng talikuran ng iba dahil sa pagkabigo ang gumanyak sa kanyang gumawa ng dalawang bagay. Una, lagi siyang nangangatuwiran, “Huwag kang magsasapalaran. Pigilan mo ang iyong sarili. Magtago ka. Huwag kang lalabas. Iwasan mo ang anumang maaaring makahadlang sa iyo.” Ang kanyang pagpapatuloy ay nakasalalay dito. Ikalawa, sinabi niya sa sarili, “Dahil mahuhulog ka (mabibigo) at mamamatay (tatalikuran) ka rin naman, tapusin mo na lang iyan. Ikaw na mismo ang gumawa nito sa iyong sarili.” At ito nga ang kanyang ginawa. Madalas niya sinasabotahe ang sarili. Ipinagpapaliban niya ang paggawa ng kanyang mga gawain sa paaralan at hindi niya ginagawa ang mga ito ng mabuti. Kapag hindi maayos ang kanyang ginawa, sinasabi niya sa kanyang sarili na hindi ito dahil hindi niya ito kayang gawin kundi hindi niya nabigyan ng sapat na oras ang sarili para gawin ito ng mahusay. Para sa kanya ito ay isyu ng oras at hindi isyu ng maling pag-uugali o kakulangan ng kakayahan.

Ang pagiging perpeksiyonista ang naging paraan ng kanyang pamumuhay. Maaaring magtaka ka, “Paanong ang pagiging perpeksiyonista ay nagpapakita ng sakit ng damdamin at galit?” Simple lang. Sa malaki o maliit na paraan, ang perpeksiyonista ay nabubuhay sa takot—takot na matuklasan at kasunod nito ay matalikuran ng iba. Ito’y nagsisimula sa pag-abandona nang bata pa. Ang mamuhay na may takot na baka kakitaan ng pagkakamali at pagkatapos ay talikuran ng iba ay nagpapatibay sa buhay na tila tumutulay sa lubid. Ang kawalan ng pangsalong net at sementadong sahig na isandaang piye sa ibaba ay pawang nagpapatindi sa nakakaparalisang takot. Anong kinalaman nito sa galit? Nagagalit si Joy sa kanyang pagkatao at nagtanim siya ng kapaitan sa mga nagpalaki sa kanyang ganito. Ang galit at takot ay nasa ilalim ng manipis na takip ng emosiyon kaya hindi mahirap para ditong biglang lumitaw sa kaunting bagay lamang. Lumalakad siyang nakasubaybay ang ayon sa kasabihan ay ulap ng galit at takot, laging nilulukuban ang lahat ng kanyang ginagawa at gagawin.

Ang pangungusap ng pagsuko ni Joy na, “Hindi ako ang tipong madaling magpatawad,” ay nagpapahayag ng mas malalim na kawalang pag-asa.

### **ANG SAKIT NG KAWALANG PAG-ASA**

“Ang Cristiano’y dapat mamuhay na matagumpay at hindi kailanman dapat dumanas ng kawalang pag-asa.” Ito ang laging sinasabi ng kanyang ina. Tama sa pandinig. Tama sa pakiramdam, pero maling-mali ito. Mali? Hindi ba’t sinabi ni apostol Juan sa kanyang unang liham, “Sapagkat napagtatagumpayan ng bawat anak ng Dios ang sanlibutan; at nagtatagumpay tayo sa pamamagitan ng pananampalataya” (1 Juan 5:4).

Kung totoo ang pagkakaroon ng buong pagtatagumpay at posibleng hindi kailanman mawalan ng pag-asa, at kung si apostol Pablo ay isang huwaran sa buhay Cristiano, mayroon tayong problema. Bakit? Sa isa sa maraming pagkakataong naging matapat siya bilang tao, ipinahayag niya sa iglesia sa Corinto, “Mga kapatid, ibinabalita namin sa inyo ang mga kapighatian na dinanas namin sa Asia. Napakabigat ng aming dinanas, anupat nawalan na kami ng pag-asang mabuhay pa” (2 Cor. 1:8).

Walang pag-asa. Hindi natin ito malalagpasan. Tapos na ang lahat. Walang magiging pagbabago. Kawalan ng pag-asa. Habang nakatayo si Noemi sa maalikabok na daan ng Betlehem, ito rin ang kanyang damdamin. Narito si Joy. Tila walang maaaring magbago. Kahit anong pagsisikap niya, walang pagbabago. At mas malala pa rito, kahit anong pagsisikap niyang kaluguran ng iba, wala ring nagbabago sa kanila. “Permanente na ito. Ito ako. Ito ang totoo. Ako’y taong galit at oo, sa palagay ko, ito ang dahilan kung bakit hindi ko kayang magpatawad.”

Ang kawalan ng pag-asa ay parang pandikit. Habang natutuyo, lalo itong nagiging permanente. Mananatili siya sa napakatibay na pandikit ng kawalang pag-asa hanggang sa may isang pumasok sa kanyang madilim at masalimuot na mundo. Isang buong pasensiyang mag-aakay sa kanya sa katotohanan ng Dios sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Hindi lamang ipinahayag ng kanyang pangungusap ang tagal ng nadaramang sakit, ang lalim ng kanyang galit at ang lubos na kawalang pag-asa ng kanyang puso. Ipinahahayag din nito ang paraan niya para iwasan ang pagpatawad: kapaitan ang kanyang naging depensa.

### **ANG DEPENSA SA SAKIT**

Ano ang layunin ng langib? Ang pagbuo ng dugo na mabilis na tumatakip sa sugat ay may layunin. Una, ito’y lumilikha ng kapaligiran para sa paggaling, at ikalawa, ito’y nagpoprotekta sa sugat habang ito’y gumagaling.

Ganito rin ang ginagawa ng emosiyonal na langib. Binibigyan ka nito ng panahon para gumaling. Tinatakpan ka nito sa higit pang mikrobyo (pananakit ng iba) para hindi ka na lalong masaktan. Isa sa mga palatandaan ng emosiyonal na langib ay pagiging laging nakadepensa. Nang sabihin ni Joy, “Hindi ako tipong madaling magpatawad,” ito’y depensang pansanggalang bukod pa sa kanyang karakter. “Iwanan mo ako. Ganito talata ako. Tigilan mo ako.”

Ang pagdepensa ni Joy ay nagpakita rin sa ibang paraan. Pakiramdam niya’y kailangan niyang idepensa ang sarili sa anumang munting bagay. Anumang pangungusap na



tila pagpintas sa kanya ay sinasalubong niya ng sobra-sobrang pagtatanggol sa sarili. Ang pagdepensa niya ang naging pinakamabuti niyang opensa. Itinuturing na iba ang kanyang pabigla-biglang pagkagalit bilang “sobrang reaksiyon.” Subalit ang totoo, hindi sobrang reaksiyon ang mga ito kundi naipong reaksiyon sa loob ng maraming taon.

Ang labis na pagdepensa ay nagpalala sa hirap ni Joy sa pagpapatawad. Paano? Una, hindi niya matanggap kailanman na siya’y nagkakamali, kaya hindi rin niya mararanasan kailanman kung paano tumanggap ng personal na kapatawaran. At ikalawa, dahil dito hindi rin siya nagaganyak na maggawad nito. Napakahirap magbigay ng anumang hindi mo nadamang iyong natanggap. Hindi ba’t Cristiano si Joy? Oo. Inakay siya kay Cristo ng kanyang ina noong siya’y bata pa. Mahalagang tandaan na maaaring tunay kang ipinanganak na muli sa iyong espiritu subalit patuloy kang nakikipagbuno sa iba’t ibang isyu ng buhay sa iyong isipan (Juan 3:6; Roma 12:2). Mahalaga ding isaisip na kadalasan nababaon tayong emosiyonal at ganoon din sa espirituwal sa mga punto ng ating mga pinakamasaklap na sakit ng kalooban. Mukhang ito ang dahilan kung bakit tapatang inamin ni apostol Pablo, “...hindi ko kayo makausap tulad ng ginagawa ko sa mga taong nagtataglay ng Espiritu. Kailangang kausapin ko kayo bilang mga taong namumuhay ayon sa laman, mga sanggol pa sa pananampalataya kay Cristo.” Bakit? Sapagkat “mayroon pa kayong inggitan at alitan” (1 Cor. 3:1,3). Matatanda na kayo sa pisikal ngunit kumikilos kayong parang mga bata, nag-aaway dahil sa pag-aari, o sa kasong ito, dahil sa posisyon at pagtatanggol sa inyong pinapanigan (tal. 4): “Ako’y kay Pablo,” “Ako’y kay Apolos.”

Ang labis na pagdepensa ay naghahatid sa atin sa ikaapat na katangian ng dahilan ni Joy sa hindi pagpapatawad—ang pangangailangang dumistansiya.

### **ANG PAGLAYO SA SAKIT**

Tandang-tanda ko pa nang mahulog ako sa isang tuntungan at pagbagsak ko’y nadurog ang aking siko. Napakasakit. Pinangalagaan ko ang sikong iyon sa loob ng maraming linggo matapos ang aking operasyon. “Ni huwag mong iisiping lumapit,” ang lagi kong sabi. Hindi ko lamang ito pinangalagaan, iniwasan ko rin ang mapalapit kaninuman upang maiwasan ang anumang hindi sinasadyang pagsagi sa aking nasaktang siko.

Ayos lang ito kung siko ang pinag-uusapan. Karapat-dapat lamang ang tamang proteksiyon. Pero kung ang buong buhay mo’y nasa ganitong kinaugaliang pagdepensa sa lahat ng oras, ito’y maglalayo sa iyo sa kapwa at magiging napakalungkot ng iyong buhay.

Ganito ang ginawa ni Joy bagamat hindi ito biglaang nangyari. Maaari mo siyang saktan o gawan ng mali pero minsan lang. Pagkatapos, hindi na maaari. Hindi ka makakatatlo, lagot ka na. Isang pagkakamali lang at tapos ka na. Magagawa niya ito sa taong minsan lang niya makakasama. Pero paano ang kanyang asawa’t mga anak? Sa kasamaang palad, lahat sila’y nagbayad ng mahal. Ang malungkot sa permanenteng pagdepensa sa sarili, bagamat kakaunti lamang ang makakapanakit sa iyo, sa huli ay talo ka pa rin. Bakit? Dahil sa anumang laro, hindi ka makakapuntos kung hindi ka oopensa. Kung aalis ka lamang sa pagdepensa ka makakaopensa. Diyan pa lamang gaganda ang buhay para sa iyo. Ipinahayag ito ni apostol Pablo sa ganitong paraan: “Huwag kang padaig sa masama, (depensa) kundi daigin mo ng mabuti ang masama (opensa)” (Roma 12:21). Hindi ito nangangahulugang hayaan mong matalo ka ng masama. Bagkus, ibig sabihin nito’y sa halip na ipagtanggol mo ang iyong sarili sa iyong kalaban, gumawa ka ng opensa sa pamamagitan

ng paggawa sa kanya ng mabuti. Anong mas mabuti mong magagawa sa nagkasala sa iyong buhay kaysa patawarin siya, bawiin mo ang kontrol sa iyong buhay, at ipagdiwang ang iyong kalayaan?

Ang mga taong naniniwala na minsan lang maaaring magkamali ang kapwa at pagkatapos ay wala na silang pakialam sa taong iyon ay mahihirapang magpatawad dahil sila ang nagiging biktima sa ganitong kaisipan.

### **ITINALAGA UPANG MASAKTAN**

Laging nakataas ang radar ni Joy—hindi para umiwas sa mga pulis, kundi para matukoy at iwasan ang mga bago o paulit-ulit nang nagkakasala sa kanya. Bawat salita, kilos o ugaling nakikita niya sa iba ay sinusuri para sa posibleng pagkakamali. Kung hindi hayagan ang pagkakamali, ito’y tago. Maging ang mga inosenteng bagay ay itinuturing na pagkakamali sa kanyang isipan.

Normal sa buhay ang masaktan. Sinabi ni Jesus na sa buhay na ito magkakaroon tayo ng kapighatian (Juan 16:33). Higit pa rito, hinahamon tayo ni apostol Santiago na ituring na kagalakan ang mga sakit na dumarating sa ating buhay at huwag nating ituring ang mga ito bilang abala sa atin sanang mapayapa nang pamumuhay (Santiago 1:2).

Subalit ang pagsasapuso ni Joy na siya’y taong hindi makapagpatawad ay nagbubulid sa kanya para maging biktima. Bakit? Simple lang ang lohika. “Buong buhay ko ako’y nasasaktan. Walang nagbabago. Masasaktan lang akong muli. Hindi magtatagal mangyayari na naman iyon. Balik tayong muli sa pagtulay sa lubid ng takot. Baka ngayon maihulog na nila ako. Itong huling pangyayari ay nagpapatunay na tama ako.”

Ang hindi napagtanto ni Joy sa halip na makita niya ang kanyang sarili bilang matagumpay kay Cristo, nakita niya ang kanyang sarili bilang biktima ng buhay. Bawat normal na kabigatan sa buhay ay parang tampal sa mapulang-mapula na niyang balat dahil sa labis na pagkabilad sa araw. Sa normal na tao ang tapik sa likod ay isang pagbabatian ng magkaibigan. Pero sa tulad niyang ginawang karera sa buhay ang pagiging biktima, ito’y itinuturing na sinasadyang pananakit.

Talagang imposible para sa mga prospeksiyonal na biktima ang magpatawad. Bakit? Anumang pagkakamali laban sa kanila ay nagpapatibay lamang sa kanilang pinaniniwalaan sa buhay. Sasaktan silang lahat ng tao. Ang pagkakamaling ito’y nagpapatunay na tama sila. Ang pag-iipon ng ebidensiya ang binibigyang-pansin at hindi ang pagpatawad sa mga pagkakamali ng iba. Ang pagpatawad ay “pagpapalaya sa nagkasala.” Ang biktima ay nagkokolekta, nagtatala at nagtatago ng mga pagkakamali. Ang pagpatawad ay pagharap sa kasalananang nagawa at sa nagkasala at pagkatapos ay pagpapaubaya sa nagkasala sa kulungan ni Jesus. Ang pagpatawad sa kapwa ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng maliit na sisidlan o baul. Ang biktima ay humihila ng apatnapung piyeng treyler. Ang una ay madaling nakapagmamaniobra sa buhay, ang isa nama’y nangangailangan ng malaking daungan para makaikot. May mga taong hindi kasing tapat ni Joy sa pag-aming hindi sila basta nakapagpatawad. Isa si Al sa mga taong ganito.

### **HETO AKO**

Nang bantulot na dumulog si Al kasama ng kanyang asawa para sa kawnseling, hindi natagalan bago ko nalaman ang isa sa mga dahilan ng kanilang masalimuot na pagsasama. Mainitin ang ulo ni Al. Kung tatanungin siya ng harapan, sasabihin ni Al na sa pangkalahatan siya ay taong nakapagpatawad. Bakit? Dahil malaking kasalanan kung hindi ka magpapatawad. Ang pag-amin na hindi ka makapagpatawad ay magdadala ng damdaming ng paghatol at kahihayan. Sa maraming taon, nakita kong ang mga primera klase magagaliting mga tao na maaaring umamin pa nga na paminsan-minsan ay nag-iinit ang kanilang ulo, sa katotohanan ay hindi marunong magpatawad. Inihihwalay nila ang sarili sa kanilang galit subalit sa totoo lang sila’y galit at hindi makapagpatawad. Paano ko nalaman? Ang pag-iinit ng kanilang ulo ay naipong galit na kinolekta nila sa loob ng maraming taon. Kaya sila’y tagapag-ingat ng mga kasalanan laban sa kanila (puno ng kapaitan), hindi tagapagpalaya ng mga nagkakasala (pagpapatawad).

Ayaw aminin ni Al ang kanyang mapait na pagkakakilanlan. Lagi niyang sinasabing iyon ay nagawa niya pero hindi siya iyon—puno ng kapaitan at hindi makapagpatawad.

Mahirap para sa ibang taong makita o aminin ang lalim ng kanilang sariling galit. Itatago nila ito sa pamamagitan ng pagsisikap magkaroon ng ari-arian o posisyon. Sinaway ni Pedro si Simon sa pag-aalok nitong bilhin ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Tinukoy niya ang ugat ng problema nito: “... Sapagkat nakikita kong inggit na inggit ka at bilanggo ng kasalanan” (Gawa 8:18,23).

Subalit gaya rin ni Joy, gusto ni Al na tanggapin ng lahat, maging ng kanyang asawa na nag-iinit lang paminsan-minsan ang kanyang ulo. Ganyan talaga si Al. Tanggapin ninyo iyan. Ganyan lang talaga ako. Pagtiisan ninyo!

Balik tayo ngayon sa aking leksiyon sa Ingles. Ang salitang *ay* o *ang* ay nangangahulugang “katumbas.” “Ako *ay* taong nagagalit at ganito na ako sa loob ng maraming taon. Hindi ito bahagi lamang ng buhay ko, ang reyalidad, *ako* ito.” Ang pangunahing araling ito sa bararila ay nakatulong sa akin upang matukoy kung anong ginagawa ng ilang mga tao sa kanilang sarili na nagiging dahilan kung bakit nananangan sila sa sakit ng kanilang damdamin, na siya ring dahilan kung bakit halos imposible para sa kanila ang magpatawad.

## IGLESIANG NAGAGALIT

Dumalaw ako sa tahanan ng isang mahal na kaibigan. Mayroon ding retiradong mag-asawang misyonero na dumadalaw sa kanya. Inanyayahan niya kami ni Linda sa isang gabi ng pagsasama-sama na naroon din ang mag-asawa. Pagkatapos ng apatnapung taong ministeryo ng matapat na pagtatanim ng mga iglesia, ang mag-asawa ay pansamantalang tumutulong sa mga iglesiang naghahanap ng pastor.

Habang nagbabahagi siya ng kanyang kasalukuyang karanasan, huminto siya sa gitna ng isang pangungusap, “Alam mo ang ikinagugulat ko, Chuck? Lahat ng mga tao’y titingin ng harapan sa iyong mukha at magsasabing sila’y mapagpatawad. Pagkatapos, makalipas ang ilang minuto lamang, kukulo ang dugo sa galit dahil sa isang away sa iglesia na nangyari dalawampung taon na ang nakakaraan. Paano mo ipaliliwanag iyon?”

Marahil mas magaling si Al sa pagpapaliwanag nito. Mas ligtas at mas katanggap-tanggap na makitang nag-iinit ang iyong ulo paminsan-minsan kaysa amining ikaw ay isang

taong hindi makapagpatawad. Totoong hindi makapagpatawad kaninuman si Joy. Isang pagkakamali at lagot ka. Para kay Al, pwede ang dalawang pagkakamali at pagkatapos ay wala ka na. Ang ibang beterano sa ganitong uri ng relasyon ay maaaring pumayag ng tatlo o apat na pagkakamali. Pareho pa rin ang resulta. Iba-iba sila ng pagpapalagpas ng kamalian pero lahat sila’y may limitasyon. Hanggang dito ka lang at pagkatapos ay wala na.

Iba ang laro ni Jesus. Ang bawat manlalaro ay may 490 pagkakataong magkamali (70 x 7). Ang makakatagal sa ganitong laro ay nangangailangan gumawa ng mga pagbabago. Malalim at maraming pagbabago ang kinakailangan. Kailangan nilang harapin ang pinakaubod ng kanilang kalooban—kung sino talaga sila. Kailangang baguhin nila ang kanilang pagkakakilanlan.

### **SINO KAYA?**

Kinausap ko ang aking matagal nang kaibigan at kilalang manunulat na si Norma Wright patungkol sa kabanatang ito. Nang banggitin ko ang pamagat ng kabanatang ito, “Hindi Ako Madaling Magpatawad!” pinaikot ni Norm ang kanyang mga mata at sumabat, “Sino kaya?” Ang maikli niyang sinabi ay labis na nangusap sa akin. Si Norm ay kilalang manunulat ng mga aklat na dinisenyo para tulungan ang mga mananampalatayang harapin ang mga problema sa buhay ayon sa Biblia. Sobra sa 65 aklat na ang kanyang nailimbag. Lisensiyado rin siyang kawnselor para sa mga pamilya. Anong naituro sa kanya ng halos 40 taon ng pagkakawnsel, pagpapastor, pagtuturo, pagsusulat, at pagsasaliksik? Sino ang mapagpatawad? Hindi ito nagpapahiwatig na walang sinumang lubos na nakapagpatawad kailanman. Ang ibig sabihin nito ay simple. Bawat isa sa atin ay may pagkakataong hindi makapagpatawad, o nagkaroon ng potensiyal na hindi magpatawad. Mahirap ito para sa lahat—maging doon sa nasa talaan ng mga dakila sa Kasulatan.

### **HARING DAVID**

Isa sa aking paboritong tauhan sa Biblia ay si Haring David. Ang ibig sabihin ng kanyang pangalan ay “pinakamamahal.” Siya ang pinakadakilang hari ng Israel. Personal kong nadalaw ang diumano’y libingan niya sa Jerusalem. Ito ang pinakabanal na dako sa Israel, ikalawa sa pinagtayuan ng templo. Siya ang ikalawa sa pinakamadalas nabanggit sa buong Kasulatan, sunod sa ating Panginoong Jesu-Cristo.

Ilan sa mga pinakamahahalagang nagawa ni David ay sa larangan ng panitik. Sa 150 kanokikal na mga awit, 73 ang sinasabing sa kanya. Datapwat naging imoral si David. Sinikap niyang takpan ang kanyang pakikiapid sa pamamagitan ng pagpapapatay sa isa sa mga pinakamalapit niyang mandirigmang si Urias. Asawa ni Urias ang kanyang pinagsamantalahan. Subalit natanggap ni David ang kapatawaran ng Dios. Ito’y bunga ng tunay na biyaya at habag sa parte ng Dios (2 Sam. 10-11).

Oo, dahil sa kanyang pakikiapid nawalan siya ng kontrol sa kanyang mga anak. Sumunod sa kanyang mga yapak si Amnon at hinalay ang kanyang kapatid sa amang si Tamar (2 Sam. 13:1-14). Ipinaghiganti ni Absalom si Tamar sa pamamagitan ng pagpatay kay Amnon (2 Sam. 13:23-29). Nagrebelde si Absalom at itinaboy ang ama palabas ng Jerusalem. Umakyat si David sa Bundok ng Olivo humahagulgol, nakatalukbong ang ulo at walang sapin sa paa (2 Sam. 15:30).

Habang papalapit si Haring David sa lunsod ng Bahurim, malalakas na sigaw at pagtutungyaw ang narinig mula sa bulubundukin. Si Simei na kamag-anak ni Saul at nakatira sa Bahurim ang nagsisisigaw ng mga pagmumura't panunudyo kay Haring David at sa kanyang tumatakas na mga alalay. "Lumayas ka! Lumayas ka! Ikaw na tampalasa't uhaw sa dugo! Naghiganti na sa iyo si Yahweh dahil sa pagpatay sa sambahayan ni Saul at pag-agaw sa kanyang trono. Ibinigay na kay Absalom ang kanyang kaharian. Ikaw na mamamatay-tao! Sa wakas, siningil ka rin sa iyong pagkakautang!" (2 Sam. 16:7-8). Gustong pugutan ng ulo ni Abisai ang "asong patay" na sumusumpa sa hari. Pero isinaalang-alang ni David ang Dios sa ginagawa ni Simei. "Bayaan ninyo siyang magtungyaw at sumpain ako. Ano'ng malay natin baka ito'y utos ni Yahweh sa kanya! Baka naman kahabagan ako ni Yahweh sa kalagayang ito, at pagpalain ako sa halip na sumpain." Ipinagkatiwala ni David si Simei sa Dios. Pabilisin natin ang kuwento. Bago namatay si David, ibinigay niya sa anak na si Solomon ang kanyang mga huling habilin. Malinaw na naalaala ng dakilang lalaking pinatawad ng Dios ang araw na siya'y isinumpa ni Simei at inutusan ang anak, "Huwag mo ring kalilimutan si Simei ... Sinumpa niya ako ng katakut-takot noong ako'y umalis patungo sa Mahanaim. Nang masalubong ko siya sa Jordan, aking naipangako sa ngalan ni Yahweh na hindi ko siya papatayin." Pagkatapos nalantad ang isang bahagi ng puso ng Mang-aawit ng Israel na hindi nakapagpatawad: "Ngunit ikaw ay walang pangakong masisira kung parusahan mo siya. Ikaw ay matalino, at alam mo na kung paano ipararanas sa kanya ang lupit ng kamatayan." Tiniyak niyang naunawaan ang kanyang ibig sabihin kaya malinaw niyang tinapos ang habilin. Kamatayan para kay Simei.

Paano natin malalaman na hindi ikinalugod ng Panginoon ang hiniling na paghihiganti ni David? Simple. Pag-akyat na pag-akyat ni Solomon sa trono, buong pagpapakumbabang hiniling niya sa Dios na "Bigyan mo ako ng isang pusong maunawain at marunong kumilala ng masama at magaling" (1 Hari 3:9). Ang tugon ng Dios? "Ikinalugod ni Yahweh ang hiling ni Solomon" (tal. 10). Pagkatapos, ipinahayag ng Dios ang ninanais ng Kanyang puso para sa isang haring makadios: "Yamang hindi ka humiling para sa iyong sarili ng mahabang buhay, o kayamanan, o kamatayan ng iyong mga kaaway ... ipinagkakaloob ko sa iyo ang hiniling mo" (tal. 11,12).

Paghihiganti ang isa sa pinakahuling actor sa entablado ng buhay ni Haring David. Ipinakita ni David ang pangkaraniwang pananaw ng tao: gusto ng hustisya para sa iba pero habag para sa ating sarili. Hindi maipagkatiwala ni David sa Dios ang hustisya at paggagawad ng kapatawaran.

Nanakaw ba ng bugso ng paghihiganting ito ang titulo ni Haring David bilang lalaking naaayon sa puso ng Dios? Hindi. Bilang lalaki ng pananampalataya? Hindi. Subalit pinatingkad at nilinaw nito para sa ating lahat kung gaano kahirap magpatawad, maging ang pinakadakila sa lahat ng mga dakila ay nabigo sa napakahirap na disiplinang ito ng pananampalataya. Kaya ang sinabi ni Norm Wright ay tunay na nagpapaalaala ng reyalidad. "Sinong mapagpatawad?" Sinong may katangiang lubos na mapagpatawad sa lahat ng pagkakataon?

Ang maikling sandali ng pagnanais ni Haring David na maghiganti—ang kahinaan ng kanyang laman—ay nagsilbing tulong para magbalik sa aking isipan ang isang katotohanan. Maaari itong mangyari kaninuman. Binalaan ni apostol Pablo ang mga iglesia sa Galacia, "Mga kapatid, kung may mahulog sa pagkakasala, kayong pinapatnubayan ng Espritu ang magtuwid sa kanya. Gawin ninyo ito nang buong hinahon, at mag-ingat kayo, baka kayo

naman ang matukso” (Gal. 6:1). Sa ibang salin, ito ay mas idiniin sa pamamagitan ng pagsasabing panatilihin nagmamasid ang mga mata dahil baka kayo ay matukso rin. Matuksong gumawa ng ano? Isa sa mga ito ay matuksong humimok sa ibang magpatawad habang may iniingatan ka sa puso mong lihim na hindi pagpatawad.

## **BUHAT SA SIMULA**

Saan nagsimula ang paglalakbay ni Joy patungo sa kalayaan? Pansamantala kong isinaiyang tabi ang “nararapat” sa pagpatawad. Ang kapatawaran ang patutunguhan ni Joy, hindi pagsisimulan. Tinanong ko siya ng isang simpleng katanungan: “Papayag ka bang ibahagi sa akin ang iyong personal na masakit na paglalakbay buhat sa simula ng iyong buhay na iyong maaalala?” Ang nanunuyang sulyap niya nagsasabi, “Akala mo naman may pakialam siya?” Binalewala ko ang kanyang tingin. Nagtanong akong muli, “Papayag ka bang ibahagi ito sa akin?”

Mahalagang tandaan na ang isang taong matagal nang may kapaitan sa puso ay hindi nagtitiwala kaninuman maliban sa kanilang sarili. Ang pagtitiwala ay pinagsisikapang makamit, hindi hinihingi. Maraming ulit sinikap ni Joy na sumuko ako sa pagtulong sa kanya. Sa totoo lang, pinaglabanan ko ito. Napagtanto ko sa maraming taon na hindi lahat ng tao ay handang magpatulong at magkaroon ng kagalingan. Inisip ko kung isa siya sa mga ito.

Subalit may ilang mahahalagang katotohanang umuukilkil sa isip ko araw-araw: “hindi ako responsable sa kanilang pagbabago. Kanilang responsibilidad iyon.” Hindi ako ang mag-aayos sa kanila; sila lamang ang makagagawa nito sa biyaya ng Dios. Hindi ako omnisiyente at hindi ko alam kung sinong tutugon—ganoon din naman, hindi ko alam kung sinong maliligtas bilang bunga ng aking pagpapatotoo tungkol kay Cristo. Kung paanong ako’y dapat maghasik ng Salita ng Dios at manalanging tumugon ang mga taong hindi pa ligtas, ganoon din naman ako’y maghasik at magdidilig ng Kasulatan kasama ang panalanging tumugon ng pagsunod at maayos ang mga tao sa kanilang mga nakaraang sakit ng damdamin.

“Handa akong makinig ... handa ka bang magbahagi?” Inulit-ulit ko ang aking alok sa iba’t ibang paraan. Bakit ito kailangan? Simple. Itinala ng Dios ang katotohanan, “Tiyak na ipagtaanggol ka ng matulunging kaibigan. Ngunit kapag inaway mo, ikaw ay tatalikdan” (Kawikaan 18:19). Para akong umaatake sa isang napakatibay na kastilyo. Nakakita na ako ng mga kastilyong ginamit ng mga krusada sa Gitnang Silangan at ilan sa mga matitibay na moog sa Europa. Ang bawat isa’y may kamangha-manghang pananggalang upang pigilan ang mga kalaban sa pagpasok sa kanilang matalinong pagkakaayos ng depensa. Subalit isang katangian ang namumukod sa lahat. Bawat isa sa kanila’y nabigo sa isang panahon. Sa aking puso, ito ang aking naging pag-asa para kay Joy.

Nagsimula siya. Sinusukat ako sa bawat bahagi ng salaysay. Halos hindi ko inaalisi ang mga mata ko sa kanya. Tahimik na nananalangin ang babaeng kamanggagawa na kasama namin sa silid. Hindi ito pisikal na pakikipaglaban. Ito’y Banal na Jihad—isang pakikipagbakang espirituwal (Efeso 6:12).

Bakit ko siya pinagsimula sa umpisa? Hindi na sana kailangan pero karamihan sa mga tao’y otomatikong dito nagsisimula sapagkat dito nag-umpisa ang paghabi ng kanyang kasaysayan. May mga pagkakataong putul-putol, oo. Gayunpaman, responsibilidad na ng Dios kung anong ipaaalala Niya at kung kailan. Pero mayroon akong ibang dahilan kung bakit ako dito nagsimula. Gusto kong tukuyin niya ang bawat sakit at kasalananang maaalala niya. Habang nagsasalita siya, isinusulat ko ang bawat kasalanan at sinong gumawa nito sa kanya. Bakit? Dahil pagdating ng tamang panahon, kapag dinal na siya ng Dios sa isang lugar kung saan makapagsisimula siya sa proseso ng pagpapatawad, nakalista nang lahat ang makapagsisimula kaming isa-isahin ang bawat kasalanan at patawarin ang nagkasala.

Magbabahagi siya ng isa at kikilalanin ko ang sakit ng kanyang damdamin. Pagkatapos sasabihin ko, “Sabihin mo sa akin ang iba pa.” Nang madama niyang siya’y ligtas dito at hindi siya hahatulan o hihiyain, isasalaysay niya ang kasunod.

Maaaring maitanong ninyo, “Bakit kailangang ipalabas sa kanya ang kanyang galit at kapaitan? Anong mabuting ibubunga nito? Mahahalukay lang ang nakaraan at lalong lalalim ang galit. Anong layunin nito?”

Una, ang salitang *ipalabas* ay nagamit at naabuso. Maaaring isipin ni Joy na “ipinalalabas” lamang niya ang mga bagay-bagay sa kanyang dibdib, pinasisingaw sa publiko ang kanyang damdamin. Napatunayan ko sa maraming taon na kadalasan ito’y nagbibigay ng panandaliang ginhawa subalit hindi pangmatagalang pagsasara ng mga isyu. Huwag ninyong tingnan ang proseso ng “pagsasalaysay ng kanyang kuwento” bilang katapusan ng lahat. Ang ultimong layunin ay dalhin ang mga isyung ito sa trono ng biyaya, ilagak ang nagkasala sa Panginoong Jesu-Cristo, at mapalaya sa gapos ng galit at kapaitan. May malaking problema kung babalewalain o lalagpasan ang mahalagang hakbang na ito. Kung hindi mo alam kung anong patatawarin, paano ka magpapatawad? Kung paanong ang isang doktor ay kumukuha ng x-ray bago siya mag-opera, gayundin naman kailangan nating malaman kung gaano kalalim ang sugat at nasaan ito bago natin simulan ang proseso ng pag-tistis.

Kadalasan, ang tinatawag na *exploratory surgery* (bubuksan ang bahagi ng katawan para hanapin ang problema) ay higit na mahirap para sa pasyente kaysa kung tukoy na kung saan ang dapat operahin. Maging ang Dios ay nagbabala tungkol sa pagsagot bago makinig: “Ang taong sumasabad sa usapan na hindi nauunawaan ay taong walang isip, walang bait, walang muwang” (Kawikaan 18:13). Dagdag pa rito, kung tukoy kung nasaan ang sakit, maraming hindi kailangang hirap ang maiiwasan. Tingnan ninyo ang pagsasalaysay bilang x-ray, isang bahaging kailangan sa paghahanda sa isang maselang operasyon.

## LINAWIN KUNG ANONG KASALANAN

Habang isinisiwalat ni Joy ang kanyang kuwento, hindi siya humihinto para sabihin, “Ganito ako nasaktan.” Basta nagkuwento siya. “Sa tuwing papaboran ng aking mga magulang ang nakababata kong kapatid na babae,” paliwanag ni Joy, “iniisip ko ‘ano kayang problema sa akin?’”

“Nasaktan ka dahil lagi nilang pinapaboran ang nakababata mong kapatid na babae?” tanong ko.

“Oo, sa lahat ng panahon.”

Ang tawag doo’y pagkakaroon ng paborito o kinikilingan. Gusto ng Dios na kilalanin natin ang pagkakaiba ng kapwa (mahina, malakas) pero dapat tayong magmahal ng pantay-pantay (Santiago 2:9).

Maaaring sabihin ng ilan, “Pero iyon ay pananaw n’ya lamang; hindi naman nila intensiyong saktan siya.” Mahalagang maunawaan na sa pagtulong sa mga tao pareho ng pakiramdam ang sinadya at di sinasadyang tama ng bala. Hindi magiging mas mabuti ang pakiramdam ng isang may malubhang tama sa emergency room ng ospital kung iisipin niya, “Hindi naman talagang masakit dahil aksidente lang ang lahat.” Higit pa rito, ang kasalananang iniisip lamang ay pareho din ang pakiramdam sa aktuwal na kasalanan. Ang layunin ko’y hindi ipagtanggol, ipaliwanag, bigyang-katuwiran, o maliitin ang ginawa sa kanya—ito’y para matukoy ni Joy kung anu-ano ang mga ito para pagdating ng tamang panahon ay mailapat ang mahal na dugo ni Cristo sa sugat, mapatawad ang nagkasala, at luwalhatiin ang Ama sa kabila ng lahat.

Sa kabilang dako, ang pagmamaliit sa sakit na nadarama ay magtutulak sa taong sugatan para umatras, supilin ang damdamin, at balewalain ang kasalanan. Ito ay magbubunga sa pagbalewala sa labis na kinakailangang pagpapatawad na ayon sa Biblia. Mahirap magpatawad ng isang bagay na sinabi sa iyong hindi dapat ikinasakit ng iyong damdamin. Kaya ginanyak ko si Joy na “sabiing lahat.” Muli, hindi mo mapapagaling ang hindi mo inaamin. Balik tayong muli sa kahulugan ng pagtanggap ng Cristiano: “pagtanggap bigyan ng karapatan ang Dios sa sakit na gusto Niyang pagalingin para sa ating pakinabang at Kanyang kaluwalhatian.”

Dalawa sa pinakamabuting bagay na magagawa mo para matulungan ang isang nahihirapang magpatawad ay hayaan siyang isalaysay ang kanyang kuwento at tulungan siyang tukuyin ang kasalanan. Ang lahat ay handang magsalaysay ng kanilang kuwento para makakuha ng simpatiya. Maaaring sila’y bihasang reklamador na naghahanap ng sinumang makikinig. Subalit kapag naakay mo sila sa pagtukoy sa kasalanan laban sa kanila, handa ka na para sa ikalawang hakbang!

### **ANONG PAGPIPILIAN?**

Sa pananaw ni Joy, mayroon siyang tatlong pagpipilian: maging puno ng kapaitan, maging puno ng kapaitan, o maging puno ng kapaitan. Maaaring isipin mo, pare-pareho lang ‘yon ah! Tama ka. Sa isip ni Joy, wala siyang pagpipilian. Ganito rin ang pakiramdam ni Nancy. “Hindi ako makalimot kaya hindi ako makapagpatawad.” Inisip ni Sally, “Hindi ako maaaring magalit kaya hindi ko matukoy kung anong kasalanan sa akin, kaya hindi ako makapagpatawad.” Nilinaw ni Fred, “Hindi ako makapagpatawad dahil makakawalang ganun-ganoon na lang ang aking ama. Kailangang pagbayaran niya ang kanyang kasalanan.”

Ilan lamang ito sa mga dahilan kung bakit mahirap magpatawad. Subalit bawat isa’y binigyan ng pagpipilian kung paano nila haharapin ang sakit ng kanilang damdamin. Anong pagpipilian ni Joy? Ang susi ay nasa tagal at lalim ng sakit.

“Joy, gaano katagal nang nakasakit sa iyo ang mga ito?”

"Gaano katagal ang magpakailanman?" paangil niyang sagot.

"Gaano katagal mo pa gustong masaktan?"

"Para namang mayroon akong pagpipilian!" nanunuya niyang buwelta sa akin.



"Magugulat ka ba kung sabihin ko sa iyong mayroon kang mapagpipilian?"

"Sesermonan mo ba ako?" angil niyang muli.

"Dalawampu't siyam na taon ka na. Sa palagay ko'y napakatagal mo nang nagdurusa!"

Mabilis niyang ibinaling ang kanyang ulo sa dingding at tumitig doon. Sinisikap niyang iwasan ang kaguluhang namumuo sa kanyang isipan. Kaguluhan? Madalas na sinasabi ng mga taong naguguluhan sila kapag nahaharap sa ganitong sitwasyon at may kailangang pagpilian. Ang kaguluhan ng isipan ay banggaan ng dalawang elemento: damdamin at katotohanan.

"Alam ko kung anong tama ... alam ko ... alam ko sa isipan ko ... pero sa palagay ko'y hindi ito uubra."

"Joy, panahon na. Panahon na para piliin mo kung anong tama at makabubuti sa iyo. Makabubuti ang pagsunod para sa iyo. Ito ang pintuan para sa pagpapala. Saan ka man sumuling ngayon, lagi kang talo. Naniniwala akong panahon na para manalo ka naman. Naparito si Jesus para pagkalooban ka ng buhay na ganap at kasiya-siya. Pero ang unang bahagi ng talata ang tila naglalarawan sa iyo ngayon: "Kaya lamang pumupunta rito ang magnanakaw ay upang magnakaw, pumatay, at magwasak" (Juan 10:10).

### **MAGIGING SINO AKO?**

Pakiramdam ko'y malapit na malapit na kami. Halos nadarama ko nang nabubuo ang isang panalangin sa kanyang mga labi. Subalit para niya akong binagsakan ng bomba: "Kung gagawin ko ito, hindi ko na makikilala ang aking sarili. Buong buhay ko ako'y isang taong hindi makapagpatawad." Aaminin kong hindi ko nahulaan man lang hanggang sa puntong ito na ang krisis sa pagkakakilanlan ng isang tao ay maaaring maging dahilan na mahirapan siyang magpatawad. Kakailanganin ni Joy gumawa ng isang malaking pagbabago ng pagkakakilanlan bilang resulta ng kanyang pagpapatawad.

### **PARA SA AKIN ANG MABUHAY AY SI CRISTO**

Sa maraming taon inuusal ko sa aking sarili at sa iba ang deklarasyon ni apostol Pablo kaugnay ng pagkakakilanlan natin kay Cristo: "Sapagkat para sa akin si Cristo ang buhay at dahil dito'y pakinabang ang kamatayan" (Fil. 1:21). Siyempre makahulugan ito para sa akin. Hindi ko lubos na naunawaan ang bigat ng talatang ito hanggat hindi ko ito naisalin sa wikang Griyego para sa aking sarili. Natuklasan kong sa tekstong Griyego, wala ang salitang "ang" at ito'y idinagdag lang ng nagsalin sa Ingles para maging mas malinaw. Para ipakita ang bigat nito, wala sa talata ang pandiwang *emi* (verb "to be"). Binibigyang-diin ni Pablo ang kanyang napakalapit na kaugnayan kay Cristo sa pamamagitan ng pagsasabi, "... para sa akin si Cristo—buhay." Napakalapit ni Pablo kay Cristo kaya nasabi niya sa kanyang mga kasamahan, "Dapat ninyong tularan ang aming ginawa" gaya ng pagsunod namin kay Cristo (2 Tes. 3:7).

Bakit napakahalaga ng konseptong ito sa paglaban sa hirap magpatawad? Simple. Ang ating Panginoong Jesus lamang ang tanging lubos na nagpapatawad. Kung gayon, ang ating kakayahang magpatawad ay may direktang kinalaman sa ating tunay na kaugnayan sa

Kanya. O kung sasabihin natin ito sa negatibong paraan, ang ating pag-aalangang magpatawad ay nagpapakita ng ating malayong relasyon kay Cristo. Nilinaw ni apostol Juan ang matinig na isyung ito ng relasyon: “Ang nagsasabing ‘Iniibig ko ang Dios,’ at napopoot naman sa kanyang kapatid ay sinungaling. Kung yaong kapatid na kanyang nakikita ay hindi niya maibig, paano niya maiibig ang Dios na hindi nakikita?” (1 Juan 4:20).

Kung magpapatawad si Joy, magiging sino siya? Nasapol niya ang pako sa ulo. Natukoy niyang naisapuso niya ang isang pag-uugali (galit) sa halip na isang persona (si Jesus). Oras na para magsimulang gumawa ng isang pagbabago. At nangyari ang dapat mangyari, pero hindi sa harapan ko.

Nakakalas siya sa gapos ng galit, kapaitan at krisis sa pagkakakilanlan sa isang retrit na tumagal ng tatlong araw. Dalawang kamangha-manghang pagbabago ang naganap. Una, pinatawad niya ang asawa sa hindi nito pag-abot sa kanyang pamantayan ng perpeksiyon at para sa mga normal na pagkakamali ng isang bagong kasal na lalaki. Ikalawa, binibigyan na niya ng mas malaking tsansa ang sarili at ang ibang tao para magkamali—noon man o ngayon. Napakalaki ng itinaas ng pahihintulutan niyang maaaring magawang pagkakamali ng kapwa. Buhat sa isang pagkakamali at pagkatapos ay lagot ka na, naging wala na itong limitasyon. Ibinahagi niyang ang madalas na gera sa bahay ay unti-unting naglaho at ngayo’y halos wala na. Mayroon pa ba silang mga normal na hamon sa buhay? Oo. Pero ngayon, malaya na sa kuko ng galit at kapaitan, nailipat na niya ang pagkakakilanlan kay Cristo. Nakikita na ngayon sa kanya ang karakter ni Cristo at nagugustuhan niya ang naging kaibahan.

Paano ang kanyang mga magulang? Matapos niyang patawarin ang ina sa labis na kontrol, pamimintas, at pagiging malayong emosiyonal, isang mapagpalayang pananaw ang dumating sa kanya. Ginagawa ang mga ito ng ina dahil mayroon din siyang mga isyung hindi pa naresolba. Ang panibagong pananaw na ito ay nagpakawala ng saganang habag at pang-unawa sa ina. Binuksan ng pagpapatawad ang pintuan at pumasok ang awa.

Paano ang ama? Siya rin ay kandidato para palayain. Napakasakit ng kanyang madalas na pagbibiyaha. Ngayon, siya ay malaya na rin. Subalit kakaharapin ni Joy ang isa sa pinakamahirap na reyalidad kaugnay ng pagpapatawad sa kanyang asawa’t mga magulang. Ngayong nabago na ang kanyang paniniwala patungkol sa kung sino siya, paano siya kikilos sa paligid nila? Paano siya tutugon sa kanila? Paano naman sila tutugon sa kanya?

\*\*\*\*\*

Pareho ni Joy ang problema ni John at Tammy. Pero mayroon silang isang kinatatakutang ayaw nilang harapin at paghandaan na naging hadlang sa kanilang pagpapatawad.

## *"Hindi Ko Ito Mapapalagpas!"*

"Chuck, Linda," galing ang pamilyar na boses sa kabilang mesa.

"Anne. Mike. Kumusta na kayo?"

"Mabuti naman. Alam mo bang pupuntahan ka bukas ng aming anak na si John? Payag na siyang magdiskarga ng kanyang mga bagahe."

"Ganoon ba. Sige aasahan ko siya. Natutuwa akong makita kayo. Sige, dito na kami."

Kamangha-mangha! Milagro ito. Milagro? Bihira kong maranasan ang ganitong pangyayari. Narito ang isang ama't inang humarap sa maraming seryosong isyung pampamilya at pangmag-asawa. Tinatamasa na nila ang bunga ng kanilang pagsisikap. Subalit mayroon pang ibang nangyari. Iyon ang kamangha-mangha. Ang kanilang dalawampu't tatlong taong gulang na anak na lalaking nag-aaral ng medisina ay handa nang magsimula sa kanyang paglalakbay upang hayaang pagalingin ng Dios ang kanyang sugatang kaluluwa.

Hinahangaan ko sina Anne at Mike. Matapang nilang hinarap ang nakaraan at kasalukuyan. Binantayan sila ng kanilang mga anak. Nakita nila ang pagbabago. Sila'y nasugatan at nasaktan. Dahil pinayagan nina Mike at Anne ang Dios na magdala ng kagalingan sa kanila, binigyan din nila ng permiso sa pamamagitan ng halimbawa ang kanilang mga anak na ilagak ang kanilang mga sakit ng damdamin sa Dios.

### **PERMISO?**

Natalakay na natin ang mga isyung nagpapahirap sa iba'ibang tao ang pagpapatawad. Mga pangkaraniwang isyu ang mga iyon. Subalit ang isa sa mga hadlang na madalas nagpapahirap sa pagpapatawad ay ang pakiramdam na wala tayong permiso kahit na tingnan man lamang ang mga nakaraang pangyayari. Ang magulong Cristianong pamilya na hindi namumuhay ayon sa Biblia ay may tatlong panuntunan: Huwag kang gagamit ng damdamin. Huwag kang magtitiwala. At, por Dios por santo, huwag kang magsasabi kaninuman! Ito'y isang pagsubok sa katapatang itago ang lihim ng pamilya anuman ang mangyari. Napakaselan na ng kalagayan ng puri ng kanilang pamilya. Hindi na nila kakayanin ang karagdagang mawawala sa kanila. Subalit binasag ni Mike at Anne ang kanilang panata sa pananahimik at nagmartsa patungo sa kalayaan.

Matatandaan ninyo na ang hindi naprosesong nakaraan ay patuloy pa ring magiging dahilan ng problema at kaguluhan sa kasalukuyan. Hindi nalibre si Mike at Anne sa panuntunang ito. Kapwa sila lumaki sa mga tahanang nagtataguyod sa “3 Panuntunan.” Subalit may nangyari. Ang sakit na dulot ng kanilang relasyon ay tumindi ng tumindi hanggang sa hindi na nila ito makayanan. Isang sigaw ang bumukal sa kanilang mga kaluluwa, “Ayaw na namin!!!” Nang ipahayag nina Mike at Anne, “Ayaw na namin! Tama na,” naghanap sila ng makatutulong.

Karangalan kong sila’y aking napaglingkuran. Subalit maaaring ang hindi nila naunawaan ng panahon na iyon ay nakamasid ang kanilang apat na anak. Nakita nila kung paanong binasag ng kanilang ama’t ina ang marami sa kanilang mga nakasisirang gawain. Nakita nila kung paanong lumago ang mga magulang sa pagiging tulad ni Cristo, at lahat sila’y nakinabang sa resulta nito.

Si John ang panganay. Minamahal at iginagalang niya ang kanyang mga magulang. “Kung nagawa nila iyon at patuloy pa ring nabuhay, magagawa ko rin,” katuwiran niya. Sa pamamagitan ng halimbawa ng ama’t ina, binigyan nila si John ng permisong tumingin, makaramdam, magtiwala, at higit sa lahat, makibahagi. Pero hindi ito normal. Pangkaraniwan sa ama’t ina ang itago, bale-walain, harangan, at ipagkaila ang sakit na kanilang nararanasan. Sa paggawa nito, itinatago, binabale-wala, hinaharangan, at ipinagkakait din nila sa Dios ang pagtulong sa kanilang kapaitan. Nananatili silang bilanggo ng kanilang kapaitan.

Malinaw na isinaad ni apostol Pablo sa pangunguna ng Banal na Espiritu ang layunin ng pagparito sa mundo ng ating Panginoo’t Tagapagligtas. “Dahil sa kalayaan ay pinalaya tayo ni Cristo” (Gal. 5:1a). Malaya sa ano? Una, mula sa ating kasalanan upang makapag-umpisa tayo ng isang bagong relasyon sa Kanya. Ikawala, mula sa ating dating paraan ng pamumuhay upang magkaroon tayo ng lubos na naiibang pamumuhay *ngayon*—hindi para sa panghinaharap lamang. Kung ang nag-iisang layunin ng Dios ay iligtas tayo sa bunga ng ating kasalanan (impiyerno), dapat sana’y kinuha Niya tayong lahat para makasama Niya sa Kanyang tahanan pagkatapos na pagkatapos ng ating kaligtasan. Pero hindi! Hindi ito ang dahilan ng ating kaligtasan. Ang buong intensiyon Niya’y lumago at makita sa ating pamumuhay si Cristo, dito at ngayon, at hindi sa langit lamang. Tingnan mo ang dalawampu’t pitong aklat sa Bagong Tipan. Ilan ang nakalaan sa pagpapaliwanag kung paano maliligtas? Hindi hihigit sa 10 porsiyento. Anong nilalaman ng nalalabing 90 porsiyento? Paano mamuhay dito ngayon, bago tayo tawaging pauwi sa tahan ng ating Tagapagligtas.

Ligtas sina Mike, Anne, at John. Walang makahihigit sa kanilang pagiging ligtas. Pero ngayon panahon na para pangatawanan nila ang pagkatawag sa kanila. Ipinaliwanag ito ni apostol Pablo sa ganitong mga salita: “Pagkat sa mula pa’y alam na ng Dios kung sino ang sa kanya, at ang mga ito ay itinalaga niyang matulad sa Kanyang Anak” (Roma 8:29). Mahalagang bigyang kahalagahan ang salitang “itinalaga” ay wala sa tekstong Griyego kundi isiningit ng nagsalin. Ang “matulad” dito ay isang salitang naglalarawan at hindi pandiwa. Ito’y naglalarawan sa “tinawag.” Sa isipan ng Dios, tayo’y tinawag upang “matulad” sa Kanyang Anak.

Subalit ito’y lumilikha ng problema. Maaari akong tawagin “katulad,” pero maaaring hindi ako kumikilos o mukhang katulad. Dito pumapasok ang nalalabing 90 porsiyento ng Kasulatan—upang gawing praktikal ang katotohanang posisyonal. Nang gawin nina Mike at

Anne ang nakakatakot na hakbang ng pagharap sa kanilang nakaraan, at nang gamitin nila ito sa isang praktikal na paraan upang matulad sa wangis ni Cristo, binigyan din nila ng permiso si John na gawin din ito. At ngayon ay handa na siya.

### **WALANG NANGYAYARI SA BUHAY KO**

Nakilala ko si John bago siya naging tinedyer. Namasdan ko ang iba't ibang istilo ng kanyang buhok buhat sa mahaba, nakatayo, at iba't ibang kulay nito. Isang karangalang nakisaya kami sa kanila sa kanyang pagtatapos sa kolehiyo. Nadaluhan namin ang kanyang sagradong pagpapakasal kung saan si Cristo ang nasa sentro. Subalit ngayon malungkot siyang nakaupo sa aking opisina. Walang nangyayari sa buhay niya.

“Matagal ko nang binubuno ang kalungkutang ito,” marahang umpisa ni John. “Tila lalo lang itong lumalala.”

“Kailan ito nagsimula o kailan mo napansin ito?”

“Pagkatapos yata ng nakaraang semestre. Hindi ako masyadong abala noon at nagsimula akong mag-isip-isip.”

Normal ito. Ang pagiging abala ay nagsisilbing pampamansid ng emosiyon. Kung palaging okupado ang ating isipan, hindi tayo makapag-iisip. Kung hindi tayo mag-iisip, hindi tayo makaramdam. Kadalasan ang sakit ng damdamin ay pintuan para sa kalungkutan. Lalo ko pa siyang piniga.

“John, para sa ano ang anestisya?” Kibit balik at siyang tumugon, “pampamanhid kapag may operahan.”

“Pwede mo bang ibahagi sa akin kung anong ginagamitan mo ng anestisya sa pamamagitan ng iyong kalungkutan?” Huminga siya ng malalim at mariing inihinga itong palabas sa nakapanuntok na kamao.

Naalala ni John ang paglipat ng kanilang pamilya buhat sa Hilagang Dakota patungo sa gitnang kanluran. Waring maayos ang lahat bago sila lumipat. Pero ang layunin ng kanilang paglipat ang nagguho sa kanyang mundo. Magsisimula ang kanyang amang nagsasanay noon para maging doktor sa kanyang pagiging residente. Alam ng mga pamilyar sa pagdodoktor kung paanong aagawin nito ang buong panahon ng nagdodoktor. Hinto ang tunay na buhay. Pero ang pangangailangan ni John sa kanyang ama ay hindi huminto.

“Palaging wala si Dad. Ang masama pa nito, iniwan niya ako sa piling ng aking inang may sira sa ulo. Inabuso niya akong emosiyonal at pisikal. Ako ang pinagbuntunan niya ng kanyang kabulukan. Wala si Dad doon para protektahan ako. Maging ang kanilang relasyong dalawa ay nasisira na.”

Waring rapidong isiniwalat ang mga sakit na kanyang naramdaman. “Wala siya roon bilang ama. (Buntong-hininga) Hindi niya ako sinuportahan sa mga palaro. Kinailangan kong maging responsable para sa ating sarili sa napakabatang edad. Katunayan, wala akong maalala sa aking pagkabata. Nawalan ako ng tiwala at pagpapahalagay sa aking sarili dahil walang ayuda sa tahanan o sa eskwelahan man.” Nabaling ang kanyang pag-iisip sa ina. “Wala akong nadamang pagmamahal mula sa aking ina. Malaking bagay para sa akin na ang sarili kong tahanan ay hindi naging isang ligtas na lugar para sa akin. Parang lubusang nawala ang kapayapaan.”

Masagang dumaloy ang luha sa kanyang pisngi habang nakatanaw ng malayo sa labas ng bintana. Nagpatuloy siya.

“Nahihiya akong aminin ito. Estupidong pakinggan pero nasasaktan ako kapag nakikita kong nakikipaglaro ang aking ama sa aking mga kapatid ngayon. Ibig kong sabihin, gusto kong gawin niya iyon pero sabik na sabik din ako sa kanya.” Lumutang ang mapait na katotohanan. “Sinikap niyang punuan ito pero huli na ang lahat—huling-huli na ang lahat.”

Makaraan ang maraming taon, wala pa ring nangyayari sa buhay ni John.

## ESTUPIDO ITO

Matapos maghinga ng niloloob si John, tinanong ko siya, “John, anong ibig mong sabihin sa salitang *estupido*? Mahalaga ang katanungang ito. Bakit? Minasdan ni John ang kanyang mga kapatid sa kanilang pakikipaglaro sa kanilang ama. Nasiyahan sila. Dahil malaki na siya dapat sana’y maging maligaya siya sa kanyang nakita. Dapat lang. Pero may kakaibang nangyayari kay John. Ang pagsasaya ng kanyang mga kapatid sa piling ng ama ay nagsilbing gatiyo sa mga alaala ng mga bagay na hindi niya nakamit.

Naranasan ko rin ang ganitong katugunan mula sa tiyahin ng aking maybahay. Nakatayo kaming tatlo sa katimugang bahagi ng tulay ng Golden Bridge. Makapigil hininga ang ganda ng tanawin doon. Hinawakan ko ang kamay ng aking maybahay. Pagdaka’y sinabi ni Tiya Grace, “Huwag kayong maghawakan ng kamay sa publiko. Nakakasakit iyan sa mga tulad naming wala kahawak-kamay.” Kalilibing pa lang ni Tiyo Milt ilang buwan pa lang ang nakalilipas. Ang pagmamahalan namin ni Linda ay nagpa-alaala kay Tiya Grace ng nawala sa kanya.

Oo, sa isang banda tama ang katugunan ni John bilang isang taong nasa tamang edad na. Nararapat lamang magsaya ang kanyang mga kapatid sa piling ng ama. Pero sa kabilang dako may malalim na pagkukulang sa buhay niya. Isinalaysay niyang ang pagitan ng lima hanggang labing-isang taon ang pinakamasakit na bahagi ng kanyang buhay. Ang pagseselos niya’y hindi sana dapat naririnig mula sa isang dalawampu’t tatlong gulang na lalaki; para itong nagmumula sa isang limang taong gulang na bata. “Ang alaala ba ng isang limang taong gulang na bata ang nagtutulak sa iyong mainis sa tinatamasang kasiyahan ng iyong mga kapatid?” tanong ko. Ipinikit niya ang kanyang mga mata. Nagtiim-bagang siya’t mariing ikinagat ang kanyang mga ngipin. Unti-unti niyang itinango ang ulo. Nahihiya siya, hiyang-hiya. Ipinaalala ko kay John na mahalagang maunawaan niyang hindi estupido para sa isang limang taong gulang na bata ang makadama ng ganito. Ito ang katotohanan. Ang pananaw ng matanda sa sakit na kanyang nadarama ang nagsasabing ito’y “estupido” pero hindi ayon sa pananaw ng isang bata.

Mayroon akong dahilan sa pagtukoy sa malalim na sakit na kanyang nadarama. Ipinaliwanag ng Dios na may posibleng seryosong ibubunga ang hindi pagpapatawad mula sa ating puso, ang kaibuturan ng ating pagkatao (Mt. 18:35). Kapag handa na si John, gusto kong tingnan niya ang kaibuturan ng kanyang pagkatao at palayain ang kanyang ama—nang buong puso—palayain sa pagkakabilanggo sa galit at kapaitan na kanyang nadarama.

Subalit bago ito mangyari, may isa pang napakahalagang hakbang na nararapat mangyari.

## PAGLILINAW SA PAGPAPATAWAD

“John, handa ka bang sandaling isa-isang tabi ang lahat ng ito para linawin sa akin ang isang bagay?” Sa mga nakaraang taon hihimukin ko lamang si John na patawarin ang kanyang ama. Hindi ito mali. Pero ang talagang nangyayari makalipas ang ilang linggo o buwan, matutuklasan kong hindi naman tunay na naganap ang pagpapatawad. Bakit? Dahil maaaring ang inaakala niyang pagpapatawad at sinasabi ng Dios na nararapat na pagpapatawad ay dalawang magkaibang bagay. Kung minsan ang anumang pagkakapareho ng dalawa ay nagkataon lamang. Hindi naiba si John dito.

“John, sa iyong palagay at sa iyong nalalaman, pakisabi mo nga sa akin kung anong pagkaunawa mo sa pagpapatawad?”

Maraming ulit ko nang narinig ang kanyang isinagot. “Gaya na alam ng lahat, ang pagpapatawad ay kinakailangan.” “Subukan mo ulit,” pagpupumilit ko. Narinig ko na ito noon. Pinagdaanan ko na ito. Hindi alam ni John, ipinaliwanag niya kung bakit napakahirap para sa ilan ang magpatawad. Nalilito sila sa resulta ng pagpapatawad at sa pagpapatawad mismo.

“Sa palagay ko gagaang ang iyong pakiramdam matapos mong magpatawad.”

“Meron pa ba?”

“Nakapagpatawad ka na kapag hindi mo na ito naiisip. Hindi na ito sumasagi sa iyong alaala.”

“Iyon lang ba?”

“Aaah, umiigi ang iyong pakiramdam at nagpapatuloy ang buhay para sa iyo. Ibig sabihin nito, nagkakaroon ka ng mas mabuting relasyon sa iba.”

May mga nagsabi, “Nakapagpatawad na ako kapag nakita ko ang nagkasala sa akin at hindi ko na siya gustong patayin. Waring wala na ang galit. Nakikita kong mayroon silang problema kaya nila nagawa iyon. Nakikita ko na kung bakit nila ginawa ang ginawa nila. Tanggap ko na ang nangyari at napagtatanto kong hindi na sila magbabago. Napagod na ako sa gulo kaya hahayaan ko na lang sila.”

Ang mga mas espirituwal na pagbibigay kahulugan dito ay halos ganito rin: “Kapag kaya ko na silang mahaling muli, o ipanalangin sila.” O ang tunay na pagsubok ay, “Kung kaya ko nang makipagtrabahong muli sa kanila.” O, “Mas mabuti na ang aming pagsasama.” Ang bawat isa sa mga kaisipang ito kaugnay ng pagpapatawad ay pawang *resulta*, hindi kahulugan ng tunay na pagpapatawad.

Ito ang paliwanag kung bakit napakaraming mga tao ang nagsasabing napatawad na nila ang isang tao pero hindi pa rin ito umuubra. Kapag narinig ko ito, itinatanong ko lamang, “Anong hindi umubra para sa iyo?” Sagot nila, “Ang magpatawad.”

“Anong ba talaga ang kahulugan ng pagpapatawad?” Bingo! Naisasaysay kung anong epekto o resulta pero nananatiling walang lubos na pagkaunawa sa proseso ng Dios.

Para linawin ang kahangalan ng mga pangungusap na ito, ipagpalagay nating ang pagpapatawad ng Dios ay batay sa mga ito. Kapag tayo’y pinatawad ng Dios (ayon sa I Juan 1:9):

Umiigi ang ating pakiramdam.

Hindi na Niya ito naiisip.

Nagpapatuloy na siya sa Kanyang pamumuhay.

Natitiis na Niya ang ating presensiya at hindi na Niya tayo gustong patayin.

Nakikita Niyang mayroon tayong mga problema.

Nauunawaan na Niya kung bakit tayo nagkakasala.

Maaari na Niya tayong pakisamahan ng mahusay.

Napagtatanto Niyang hindi na talaga tayo magbabago. Maaari na Siyang makipanalangin at makitrabahong kasama natin.

Kahangalan! Kapag tayo’y nagpatawad, nararapat nating gawin kung anong ginawa niya. Hindi magkaibang salita sa wikang Griyego ang ginamit para sa pagpatawad ng Dios at pagpatawad natin. Kung anong ginawa Niya, siya ring nararapat nating gawin. Anumang ginagawa natin ay dapat naaayon sa Kanyang mga pamamaraan.

Maraming taon nang mananampalataya si John. Siya rin ay nabantad na sa maraming sermon at katuruan mula sa Biblia. Pero nagdurusa pa rin siya sa isang pangkaraniwang kakulangan sa karanasang Cristiano—ang kawalang pagkaunawa sa mga pamamaraan ng Dios.

“John, naalala mo ba ang kuwento sa Lumang Tipan patungkol sa kambing na pakakawalan?”

“Oo, naaalala ko pa yata,” sagot niya na tila nag-aalangan.

Pag-aalangan? Palagi itong nangyayari. Narinig na ng mga tao ang mga salitang kambing na pakakawalan at tila alam nila ang tungkol dito. Pero kadalasan, negatibo ang kanilang nalalaman. May umaako ng kasalanan o sising nakalaan sa iba. Malapit ito sa orihinal na kahulugan.

Ibinalik ko sa alaala ni John kung paanong ang pari sa Lumang Tipan ay magsasapalaran sa dalawang kambing. Ang kambing na “panalo” ay papatayin bilang hain sa kasalanan. Ang kambing na “matalo” ay dadalhing buhay sa harap ng Panginoon bilang katubusan at pagkatapos ay pakakawalan sa ilang (Lev. 16).

Ang teknikal na tawag sa kambing na ito ay kambing na tagaalis.” Ito ay larawan ng ating Panginoong Jesu-Cristo na umako ng ating kasalanan. Dinala Niya sa Kanyang sarili ang ating mga kasalanan at Siya’y pinatay (2 Cor. 5:21).

Ang pagpatawad ay nangangahulugang “pagpapakawala” tulad ng kambing na pinakawalan dala ang mga kasalanan ng Israel. Ang sigaw ni Juan Bautista habang papalapit sa kanya si Jesus ng Nazaret, “Narito ang Kordero ng Dios na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan!” (Juan 1:29).

“John, noong nanliligaw ka kay Angela, sinusulatan mo ba siya?”

“Oo. Maraming beses kasi magkaiba ang eskwelahang pinapasukan namin.”

“Paano mo iyon ginawa?” Alalahanin ninyong ito’y itinatanong ko sa isang napakatalinong iskolar na nag-aral para maging doktor. Pero ipaaalala ko ring siya at hindi ako ang nalilito sa kahulugan ng pagpatawad. May pangunahing prinsipyo sa pagtuturo na nagsasabing ang pagkatuto ay nangyayari kapag nagsimula ka sa dati nang nalalaman patungo



sa hindi pa nalalaman. May alam si John tungkol sa pagsulat, pero hindi nauunawaan ni John ang tungkol sa pagpapatawad.

“Hmm, sumulat ako at inihulog ko sa koreo.”

“Hindi yata iyon makakarating sa patutunguhan. Anong kulang?”

“Ahh, ilalagay ko ito sa sobre, sasarhan ito, at ipadadala sa koreo.” “Hindi pa rin iyon makakarating,” pagpupumilit ko.

May pagkainis na sinabi niya, “Ahh, lalagyan ko ng selyo at isusulat ang aking adres sa sobre. Tapos ipadadala ko na!”

“John, kung ganoon ang iyong gagawin, babalik sa iyo ang sulat nang hindi nabasa ng iyong sinulatan. Anong nalimutan mo?”

“Anong ibig mong sabihin? Ahh, lalagyan ko siyempre ng adres ng sinusulatan ko,” may pagkainis at pagkabagot niyang sagot.

“Ayun, nakuha mo rin,” pahayag ko.

Ito mismo ang dahilan kung bakit hindi pwede ang kahalili sa pagpapatawad. Inaamin ng mga tao ang sakit ng damdamin (pagsulat ng liham), at gustong mawala ito (paglalagay nito sa sobre at paghuhulog nito sa koreo), pero bumabalik ito sa kanila. Bakit? Walang adres! Ang tanging lehitimong nararapat tumanggap ng ating kasalanan o kasalanan ng iba ay ang ating Panginoong Jesu-Cristo. Nang Siya ipinako sa krus ng kamatayan ng mga Romano, ipinako rin sa Kanyang mga kamay at paa ang lahat ng ating mga kasalanan. Itinuwid ni apostol Pablo ang kaisipan ng mga mananampalataya sa Colosas: “Kayong ... dating patay dahil sa kasalanan ay muling binuhay ng Dios na kasama ni Cristo. (Paano) Pinatawad niya tayo sa ating mga kasalanan at pinawalang-bisa ang lahat ng kasulatan laban sa atin, pati mga pananagutang kaugnay nito. (Paano) Pinawi niya ang lahat ng ito nang ipako siya sa krus” (Col. 2:13,14).

“Naging makabuluhan ba ito sa iyo, John? Ito’y may kinalaman sa paglilista ng mga kasalanan ng iyong ama laban sa ito at pagpapadala nito kay Jesus, o gaya ng pinag-usapan natin, pagdadala sa kanya sa Panginoong Jesus at paglalagak sa kanya sa “bilanguan ni Jesus.”

Handa na siya. Gagawin niya ito. Nararamdaman kong pawawalan na niya ang ama at patungo na sa kalayaan. Pagkatapos bigla siyang nagpasabog ng bomba.

### **PERO HINDI KO SIYA BASTA MAPAPAWALAN**

Kaming mga naglilingkod sa mga tao ay hindi na naninibago sa pagkasira ng loob. Napaka-angkop ng paglalarawan dito ni Pablo: “Minamahal kong mga anak, dahil sa inyo’y minsan pang nagdaranas ako ng hirap tulad ng babaing manganganak, hanggang sa ganap kayong mahubog kay Cristo” (Gal. 4:19). Hirap tulad ng babaing manganganak? Ang pagtulong sa mga tao para lumago sa pagiging tulad ni Cristo ay madalas itinutumbas sa panganganak. Nasaksihan ko ang pagsilang ng aming dalawang anak na babae at ng aming mga apo. Para sa aking asawang si Linda at sa aking anak na si Dee Dee, hindi piknik ang panganganak. Hindi rin naman ito madali para sa labanang espirituwal.

Tuwiran kong tinanong si John kung handa siyang pawalan at patawarin ang ama. Buong katapatan at paggalang ng sinabi niya, “Ayoko kong palagpasin ito.” Palagpasin?

Ano pang hindi malinaw? Gumugol na ako ng limang sesyon para tulungan si John. Saan ako nagkamali o nagkulang?

Marami na akong natutunan sa loob ng apatnapung taon ng pagsama sa pakikipaglabang espirituwal ng mga tao. Isa sa mga leksiyong ito ay nakaupo ngayon sa aking harapan.

Sa paglipas ng mga taon nahasa na rin ako sa wikang Ingles. Mabagal ang aking pagkatuto pero gayonpaman, natuto na rin ako. Alam ko ang kahulugan ng bawat salitang binigkas ni John. Pero naunawaan ko nga kaya? Matapos huminga nang malalim, inulit ko ang isang bagay na madalas ko nang ginagawa. Hiniling kong linawin niya para sa akin ang isang bagay na kanyang nakikita. Bakit? Dahil kadalasan ang madaling makita ay hindi siyang totoo. Nang ibahagi ni John ang mga dahilan kung bakit siya nag-aatubiling magpatawad, mahahati sa dalawa ang buod nito: 1) “Kung patatawarin ko ang aking ama, at manumbalik ang aming relasyon, paano ako makikitungo sa kanya?” at 2) “Paano kung saktan na naman niya ako ulit??

### **PAANO AKO NGAYON MAMUMUHAY?**

“Pupusta akong iniisip mong ayoko lang magpatawad at maibsan sa basurang dinadala ko,” ipinunto niya. “Ayoko nito! Habang ibinabaon ko, simbilib din itong lumulutang. Mayroon akong problema pero hindi ito pagpapatawad. Natatakot ako. Sa loob ng dalawampu’t tatlong taon, ang relasyon ko sa aking ama ay puno ng galit at kapaitan. Sige! Pinatatawad ko siya. Pero paano ako makikitungo sa kanya ngayon? Hindi ko alam kung nakukuha mo ang sinasabi ko pero wala talaga akong ideya kung paano kikilos bilang anak, kaibigan o anupaman. Naiintindihan mo ba? Magsisimula na naman ako sa umpisa, uulit na naman, para matutuhan ko kung paano makikitungo sa kanya. Magiging mas madali pa aking madurog ang dalawang paa’t kamay ko, gamutin ito’y mag-aral muling lumakad at igalaw ang aking mga kamay. Sa palagay ko’y hindi mo ako naiintindihan!” Bawat himaymay ng kanyang katawan ay nais tumalilis palabas sa aking opisina. “Ngayon alam mo na. Takut na takot ako sa maaaring mangyari!”

Ipinahihiwatig ng hitsura ng kanyang mukha at ng pagkakabagsak ng kanyang balikat ang lahat. “Barilin mo na lang ako para matapos na ito.” Walang dudang napakaraming mga babae’t lalaking tulad ni John ay “nabari!” ng mga salitang mapanghatol tulad ng, “Bakit ka ba isip-bata hanggang ngayon? Tigilan mo na ang pagkahabag mo sa sarili. Sarili mo lang ang iyong iniisip. Huwag mong sisihin ang iba sa masama mong ugali.”

Marahil si apostol Pablo ang may pinakamagandang sagot para dito: “Huwag kayong gumamit ng masamang pananalita; sikaping lagi na ang pangungusap ninyo’y yaong makabubuti at angkop sa pagkakataon upang pakinabangan ng makaririnig” (Efeso 4:29). Pansinin mo ang mga salitang “angkop sa pagkakataon.” Hindi pagsaway ang kailangan ni John. Nasaktan na siya’t gusto niya itong harapin. Ang kailangan niyang marinig ay kung paano ito gagawin. Hindi niya kailangang marinig kung gaano siya kasama dahil hindi pa niya ito ginawa.

Mas madaling matuto ang mga tao sa pamamagitan ng kuwento. Tinanong ko kay John kung di niya mamasamain kung ikuwento ko ang tungkol kay Tammy na may kaparehong karanasan sa kanya. Ang laki ng pagkakapareho ng kanilang kuwento pwede na

silang maging kambal. Ang pagtango niya’y tila mas dahil sa kyuryusidad kaysa pagnanais na magpatuloy.

### **DEPEKTIBONG PAG-UULIT**

Ang pamilya ni Tammy ay tulad ng kay John na may depektibong pagtanaw sa papel na ginagampanan ng bawat isa bagamat may ilang kapansin-pansing kaibahan. Ang ama ni Tammy ay napatunayang may naging kabit habang nagbibiyaha siya para sa kanyang kumpanya at ito rin ay lasinggero pero tago nga lamang. Ito ang sikreto ng pamilya.

Nang dumating ang pagkakataon na kailangan na ni Tammy magpatawad, kitang-kita ang takot sa kanyang mukha. Tulad kay John, tinanong ko siya kung anong humahadlang sa kanyang pagpapalaya sa kanyang mga magulang.

Alam niyang “dapat” siyang magpatawad. Hindi ito ang isyu. Sa huli at dahil sa desperado na ako, tinanong ko siya ng diretsahan: “Bakit hindi ka makapagpatawad?” Ang itinuro ng Dios sa akin sa pamamagitan ni Tammy ay nagbukas ng maraming saradong puso upang sumunod sa Dios, at naghatid ng inaasam ng kalayaan.

Ang takot ay madaling nahalinhan ng pagkasira ng loob. “Hindi mo naiintindihan,” nanginginig niyang tugon. “Anong mangyayari sa akin, o anong magiging hitsura ko, o paano ako kikilos kung hindi na ako puno ng kapaitan at galit? Ipinanganak at pinalaki ako sa tuluy-tuloy na dyeta ng galit. Iyon lang ang alam kong paraan ng pamumuhay. Hindi ko alam kung paano ko pakikitunguhan ang aking mga magulang. Sa palagay ko, hindi rin nila alam kung paano tutugon sa akin.”

Dito nalilito ang maraming tumutulong sa kapwa. Nalilito sila sa “paano magpatawad” at “narapat magpatawad.” Masyadong nakatuon ang kanilang pansin sa pangangailangang magpatawad, hindi nila naririnig ang mga hadlang sa pagpapatawad. Pero may lumutang sa pagkasira ng loob ni Tammy na nagpahayag ng isang mahalagang susi sa pagpapatawad. Hindi niya mailarawan sa kanyang isipan kung anong kalalabasan ng pagbabago. Bakit siya naiinis sa akin? Simple. Hindi ko siya natulungang mailarawan ang buhay na walang kapaitan.

### **ANG BUHAY NA WALANG KAPAITAN**

Naguluhan din ang aking isipang nasanay sa teolohiya. Dapat mauna ang pagsunod kaysa pagkaunawa. Totoo ito. Sumasang-ayon ako. Pero ang mga nabuhay sa kapaitan sa buong panahon ng kanilang pagkatao ay hindi sasang-ayon. Tapat ang Espiritu ng Dios na ipaaalaala sa atin ang mga talata sa Kasulatan sa panahon ng ating pangangailangan. Nasumpungan ko ang aking sariling kinikilala ang kanyang pangangailangan. Pagkatapos kapwa kami nagulat nang aminin kong ang kanyang pangangailangan ay nagbigay ng kaliwanagan sa isang mahalagang bahagi ng Kasulatan. Naniniwala akong nasa isip ng Dios ang kahinaang ito ng tao nang kasihan Niya si apostol Pablo sa pagsulat ng malalim na liham ng doktrina para sa iglesia sa Roma.

Ang kabanata labindalawa ay nagsisimula sa isang pangkalahatang apela. Mahal ito. Nakapagbabago ng buhay. Waring isang rebolusyon. Kung susundin, magkakaroon ng kabuuang pagbabago sa pamamaraan ng pamumuhay. Ang umpisa ni Pablo, “Kaya nga, mga kapatid, alang-alang sa masaganang habag ng Dios sa atin, ako’y namamanhik sa inyo: ialay

ninyo ang inyong sarili bilang handog na buhay, banal at kalugud-lugod sa kanya. Ito ang karapatdapat na pagsamba ninyo sa Dios” (Roma 12:1).

Tinanong ko si Tammy kung alam niya kung bakit ang mga salitang “kaya nga” ay nasa unang talata. Ang sagot niya, “Dahil may mga nauna na siyang sinabi.”

“Magaling! Ginugol ng Dios ang labing-isang kabanata para idetalye ang Kanyang mayamang kahabagan para sa mga Judio at mga Hentil man. May dahilan kung bakit hindi iniligay ng Dios ang buong pagtatalagang ito sa kabanata isa, bagkus ay naghintay Siya hanggang sa kabanata labindalawa. Naniniwala akong isa sa mga dahilan ay lantad sa atin. Ito ang dahilan ni Tammy. Ito rin ang dahilan ni John. “Bakit ko ito dapat gawin at anong magiging hitsura nito.”

Maaaring itanong ninyo, paano mo nalaman? Nakikita kong inilatag ng Dios ang pundasyon sa apelang ito sa pamamagitan ng mga impormasyong sumasagot sa “bakit”. Pagkatapos idinitalye Niya ang impormasyong sumasagot sa “ano” sa kabanata labindalawa. Hindi iniwan ng Dios ang mga mananampalataya sa Roma na walang katugunan. Inilagay niya ang apela sa isang talata at ang nalalabing dalawampung talata ay inilaan sa paglalahad kung anong hitsura ng isang buhay na nakaalay sa altar. “Huwag ninyong pahalagahan nang higit sa narapat ang inyong sarili” (tal. 3). Ito ang damdaming nais ng Dios para kay Tammy kaugnay ng kanyang pamilya. Gamitin mo ang iyong mga kaloob na espirituwal sa halip na pagsikapang makamit ang kanilang pag-apruba sa iyo (tal. 4-7). Bakit ito mahalaga? Ito ay lohikal. Buong buhay ni Tammy, para siyang hunyangong gumagawa kung anong gusto ng iba, kalugud-lugod man kay Cristo o hindi.

Ang nais ng Dios ay kunin natin ang ating buong pagkakakilanlan kay Cristo. Pagkatapos gusto Niyang tukuyin at ituon natin ang ating pansin sa paggamit ng ating mga kaloob na espirituwal, sa loob man ng ating tahanan o sa pamilya ng Dios sa iglesia. “Maging tunay ang inyong pag-ibig.” Kasama rito ang pagsasabi sa ating mga magulang ng katotohanan nang may pagmamahal. “Kasuklaman ninyo ang masama.” Hindi mo kailangang gustuhin o tanggapin ang kanilang pag-uugaling hindi naaayon sa Biblia at hindi mabuti sa pangkalahatan. “Pakaibigin ang mabuti” (tal. 9). Sikapin mong ituon ang pansin maging sa maliliit at karapatdapat na mga ginagawa nila. Ang kabanatang ito ay higit pa sa gabay para manatiling buhay. Ito’y estratehiya para magtagumpay. At kung hindi pa sapat ang kabanata labindalawa, ang nalalabing tatlong kabanata ay mas detalyadong paliwanag ng nakabuod sa kabanata labindalawa.

Tulad ni John, si Tammy ay mananampalataya rin. Para sa ilan, ang pagbabago kasunod ng kaligtasan ay bigla at daglian. Parang gabi’t araw. Pero para sa marami sa atin, ang pagbabago ay unti-unti at nagpapatuloy na proseso. Kailangang may maganap na pagpapalipit ng isipan buhat sa isang hindi makapagpatawad na puno ng kapaitan tungo sa pagiging masunurin at inakay ng Espiritu sa pagpapatawad. Mananampalataya si Tammy pero kinailangan niya ngayong matuto kung paano mabuhay matapos magpatawad. Oo, para sa karamihan, isang bagay ang ipanganak na muli subalit ibang bagay din ang matuto kung paanong mamuhay muli. Ang mahalaga, may buhay pagkalipas ng kapaitan.

Habang isinasalaysay ko ang karanasan ni Tammy, marahang iniiling-iling ni John and kanyang ulo. Hindi siya makapaniwala. Kitang-kita ito sa kanyang mukha, “Ibig mong sabihin, hindi ako nag-iisa sa ganitong pag-iisip?” Wala akong alam na regalong mabibili ng salapi na tutumbas sa kagaanang gumuguhit sa mukha ni John. Dahil ayaw kong

masobrahan, tinapos ko ang aming sesyon sa isang paglalarawan na magiging makahulugan sa kanya bilang isang estudyante ng medisina.

## PAPAGALING NA

Ang alaala ng aking nabaling siko ay hindi napapawi sa aking isipan. Malinaw kong naaalala ang pagpipilian kong ibinigay ng aking siruhano. Huwag mong papaboran ang iyong nasaktang siko. Igalaw-galaw at ibaluktot mo siya agad. Ipatong mo ang iyong braso sa mesa. Ilagay mo ang iyong pagkain sa iyong kamay at ibaluktot mo ang iyong siko para maisubo ito. Sabi ko sa isip ko, “Madaling sabihin ‘yan para sa ‘yo!’”

Pagkatapos ibinigay niya ang ultimong babala sa akin: “Kung hindi mo ito gagawin sa iyong sarili, magpapadala ako ng pisikal therapist at siya ang magkikilos nito.” Ang pagpipilian ay hindi sakit laban sa sakit. Dapat ko itong gawin sa aking sarili o gagawin ito ng iba para sa akin.

May diin sa kanyang boses na binalaan ako ng doktor, “Palagay ko’y mas mabuting gawin mo ito sa iyong sarili. Naiintindihan mo ba ako?”

Pero paano kung wala akong piliin sa dalawa? Alam ko na ang kasagutan dito. Gagaling ang aking siko pero hindi sa natural na posisyon at hindi ko na ito lubos na pakikinabangan.

Malungkot pero ito ang larawan ng maraming wasak at sugatang tao. Nakabaon sila sa isang hindi natural na pamamaraan ng pamumuhay at hindi kapakipakinabang sa kanilang sarili at sa kapwa.

“John, nabalian ka ng iyong emosiyonal na braso. Ako ang nakasemento dito (Gal. 6:1). Hindi ito mapapagaling ng semento. Binibigyan ka lamang nito ng pansumandaling kanlungan para magpagaling sa iyong sarili. Panahon na para magpatawad at magsimula ng pisikal terapi. Nakakaalangan sa simula pero ipinangangako kong iigi ang lahat at di magtatagal pwede nang alisin ang semento. Muli kang gagaling.” Bingo.

Nanalangin kami. Inisa-isa namin ang mga nakalistang kasalanang ginawa laban sa kanya. Inilipat niya ang kanyang ama sa bilangguan ni Jesus. Papagaling na si John.

Nang matugunan ang pangunahing isyu ng pagpapatawad para sa kanya, ang ikalawa’y hindi na naging mahalaga pa.

\*\*\*\*\*

Pero hindi ganito ang nangyari kay Vicky. Halos nabaon siya sa kanyang landas. “Paano kung patawarin ko ang aking mga magulang at saktan nila akong muli?”